فتاوى أركان الإسلام - فلبيني

# Mga Fatwa Kaugnay

## *sa Limang Sandigan*


جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٦٦ - فاكس: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٧٧


246

# Mga Fatwá
# Kaugnay sa Limang Sandigan ng Islam
## ni Shaykh ‘Abdul‘azíz Ibnu Báz

**تحفة الأخوان بأجوبة تتعلق بأركان الإسلام**

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

# تحفة الأخوان بأجوبة مهمة تتعلق بأركان الإسلام

**ترجمه إلى اللغة الفلبينية**
**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**
**الطبعة الأولى: ٤/١٤٢٩ هـ.**


**ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤٢٩ هـ**

**فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر**

تحفة الإخوان / شعبة توعية الجاليات بالزلفي - الزلفي ، ١٤٢٩هـ

١٣٥ ص؛ ١٧ × ٢٤ سم

ردمك: ٤-٠٧-٩٩٥٣-٦٠٣-٩٧٨

(النص باللغة الفلبينية)

١- الفتاوى الشرعية ٢- الفقه الحنبلي أ. العنوان

ديوي ٢٥٨,٤ ١٤٢٩/١٣٧٨

**رقم الإيداع: ١٤٢٩/١٣٧٨**
**ردمك: ٤-٠٧-٩٩٥٣-٦٠٣-٩٧٨**

# Mga Nilalaman


Talasalitaan ..............................................................................8
‘Aqídah ..............................................................................10
1. Paglaganap ng sarisaring mga paglabag sa lipunang Muslim ........................10
2. Pagkalito sa pagkakaiba sa pagitan ng iba’t ibang Pagsusumamo ................16
3. Kamangmangan hinggil sa kahulugan ng Lá Iláha Illalláh............................18
4. Kahalagahan ng kaalaman sa Kaisahan sa Pagkadiyos ni Allah ....................22
5. Pagpapabiyaya sa mga maalam at sa Propeta (SAS) ....................................26
6. Mga lumabag sa Tawhíd at ang pakikitungo sa kanila ..................................27
7. Panunuya sa panlabas na kaugalian ng Islam ...............................................29
8. Mga aklat na ipinapayong basahin.................................................................29
9. Pagbibirong may halong kawalang-pananampalataya ..................................31
10. Pagsagi sa isip ng tao ng mga makademonyong pahiwatig ...........................32
11. Pagsalungat sa Islam dahil sa pansariling Ijtihád .........................................32
12. Panlalait kay Allah o sa Sugo Niya at pagtuturing na halál ang harám .........33
13. Pagpunta sa manggaway at lunas laban doon ................................................34
14. Panganib ng nifáq, mga uri nito, at mga katangian........................................37
Saláh.................................................................................................39
1. Saláh sa mga pook na hindi normal ang haba ng araw o gabi ........................39
2. Saláh ng walang nakatakip sa balikat sa sandali ng ihrám ............................39
3. Pagpapahuli ng saláh sa fajr hanggang sa magliwanag ................................39
4. Pagpapaikli ng damit at pagpapahaba ng pantalon ........................................40
5. Saláh na naisagawa na hindi pala nakaharap sa Qiblah ................................40
6. Pagbigkas ng níyah sa pagpapasisimula sa saláh..........................................40
7. Pagsasagawa ng saláh sa loob ng Hijr Ismá‘íl ..............................................41
8. Hindi pagkakikilala sa pagkakaiba ng regla at istihádah ...............................41
9. Nalaktawang saláh na naalaala sa iqámah ng kasunod na saláh .....................42
10. Paglitaw ng braso ng mga babae sa pagsasagawa ng saláh ...........................43
11. Kapag huminto ang regla ng babae sa oras ng ‘asr o ‘ishá’...........................43
12. Saláh sa masjid na sa loob ay may isang puntod ..........................................44
13. Pagpapaliban sa saláh sa dhuhr at ‘asr sa gabi..............................................44
14. Pagkakita ng najásah sa kasuutan pagkatapos ng taslím ...............................45
15. Pagpapabaya sa saláh at pagtalikod nang tuluyan dito .................................45
16. Qadá’ sa saláh kapag nagkamalay na sila ....................................................48
17. Pagpapabaya ng maysakit sa saláh at pagsagawa ng qadá’ paggaling ...........48
18. Qadá’ sa saláh ng sadyaang tumigil sa pag-sasagawa nito ............................49
19. Hindi pagsasagawa ng adhán sa umpisa ng oras ..........................................50
20. Pagsasagawa ng mga babae ng adhán at iqámah ..........................................50

21. Kapag nakalimutan ang iqámah at isinagawa ang saláh ................................50
22. Opinyon hinggil sa nagsasabi ng *hayya ‘alá khayril ‘amal* sa adhán.............51
23. Salátulkasúf at panawagang *assalátu jámi‘ah* ...............................................51
24. Pagpapakahigpit sa usapin ng sutrah ............................................................52
25. Paglalagay ng mga kamay sa ilalim ng pusod ...............................................52
26. Pagpapahalaga sa jalsatul istiráhah ...............................................................53
27. Pagsasagawa ng saláh sa loob ng eroplano ....................................................53
28. Paggawa ng maraming galaw na walang kabuluhan .....................................54
29. Paglapag muna ng mga tuhod bago ng mga kamay ........................................54
30. Pag-ehem samantalang isinasagawa ang saláh ..............................................55
31. Pagdaan sa harap ng nagdarasal .....................................................................55
32. Pag-aangat ng mga kamay para sa panalangin pagkatapos ng saláh ..............56
33. Pagpunas ng noong may alikabok pagkatapos ng saláh ................................57
34. Pakikipagkamay pagkatapos ng saláh ............................................................58
35. Pagpapalit ng lugar para magsagawa ng saláh na sunnah ..............................58
36. Pagsabi ng *lá iláha illalláh, wahdahu lá sharíka lah* ...................................59
37. Pagwawalang-bahala sa ngayon ang saláh sa jamá‘ah ..................................60
38. Pagbigkas ng ma’múm sa Súrah alFátihah ....................................................61
39. Pagbabawal sa paglapit sa masjid para sa kumain ng sibuyas ........................63
40. Hanay ng saláh ay mula ba sa kanan ng imám o sa likuran niya ....................63
41. Saláh ng muftarid sa likod ng isang mutanaffil .............................................64
42. Saláh ng mag-isang nagdarasal sa likod ng hanay ..........................................64
43. Níyah bilang kundisyon sa pamumuno sa saláh .............................................65
44. Unang bahagi ba o huli ang maaabutan ng masbúq kasama ng imám ...........66
45. Punong masjid na pinagdarausan ng Jumu‘ah ...............................................66
46. Pagkaabot ng masbúq sa imám na nakayukod ................................................67
47. Paghihintay ng imám upang maabutan ng iba ang rak‘ah .............................67
48. Pamumuno ng isang lalaki sa dalawang paslit o higit pa ..............................67
49. Pagsasagawa ng isang jamá‘ah matapos naisagawa ang una ..........................68
50. Pagpapahalili kapag nasira ang wudú’ ng imám ............................................68
51. Pagkaabot sa saláh sa jamá‘ah kung nakaabot sa taslím ng imám ..................69
52. Pagsasagwa ng Sunnah na saláh matapos isagawa ang iqámah sa fajr ...........69
53. Pagsasagawa ng iisang taslím sa saláh ...........................................................70
54. Labis ng rak‘ah ng imám at ang gagawin ng masbúq doon ............................70
55. Pagdarasal ng imám nang walang wudú’ dahil nakalimutan ..........................70
56. Pamumuno sa saláh ng gumagawa ng mga pagsuway ....................................71
57. Pag-urong nang kaunti ng ma’múm sa tabi ng imám ....................................72
58. Pag-alinlangan kung nagsagawa ba ng tatlo o apat na rak‘ah .........................72

59. Pagsasagawa ng imám ng sujúdussahw matapos ang taslím ....................72
60. Pagsasagawa ng masbúq ng sujúdussahw....................72
61. Sujúdussahw sa ilang pangyayari ....................73
62. Jam‘ at ang qasr ....................74
63. Qasr at ang jam‘ bago o kapag naglalakbay ....................74
64. Takdang layo ng paglalakbay para sa qasr at jam‘ ....................75
65. Jam‘ dahil sa ulan sa maghrib at ‘ishá’ sa mga lungsod ....................75
66. Níyah bilang kundisyon sa pagpapahintulot sa jam‘ ....................76
67. Pagkakasunod-sunod ng dalawang saláh ....................76
68. Pagsabay sa jamá‘ah kapag naglalakbay ....................77
69. Saláh ng di-musáfir sa pamumuno ng musáfir o ang kabaliktaran ....................77
70. Pagsasama ng saláh dahil sa ulan....................77
71. Kalamangan ng saláh na sunnah kalakip ng pagpapaikli....................78
72. Wudú’ bilang kundisyon sa sujúdut tiláwah ....................78
73. Saláh para sa eklilpse sa oras ng bawal magsagawa ng saláh....................79
74. Ipinakakahulugan ng “katapusan ng saláh” ....................80
75. Sama-samang sabay-sabay na pagbigkas sa dhikr ....................81
76. Pagsasalita ng isang tao sa saláh dala ng pagkalimot ....................82
Ang Zakáh....................83
1. Hatol sa tumitigil sa pagbibigay ng zakáh ....................83
2. Zakáh ng ilang uri ng mga hayupan na hindi umabot sa nisáb ....................84
3. Pagsasama sa mga hayupan ng dalawa o tatlong tao para sa zakáh ....................84
4. Mga kamelyong kinukumpayan sa higit na maraming bahagi ng taon ....................85
5. Pagkakaiba ng pagtataya kung sino ang bibigyan ng zakáh ....................86
6. Pagbibigay ng zakáh sa ninakawan kahit madali nang magpadala ng pera....86
7. Pagdududa sa pagbibigay ng zakáh para sa Bosnia-Hercegovina ....................86
8. Pagkakaiba ng pananaw sa zakáh para sa alahas ....................87
9. Pagtanggin sa tungkuling patawan ng zakáh ang alahas na ginagamit....................88
10. Zakáh ng sarisaring kalakal gaya ng damit, *kitchen ware* at iba pa....................89
11. Zakáh ng mga sapi sa kompanya (shares)....................89
12. Zakáh sa buwanang suweldo ....................89
13. Zakáh sa mga ari-arian ng namatay ....................90
14. Zakáh sa mga diyamante, platinum at iba pa ....................90
15. Zakáh sa sakahan na umaasa sa ulan o sa patubig ....................91
16. Zakáh sa prutas, gulay, at iba pang produktong pansakahan ....................91
17. Sukatan pangtakal para sa nisáb ....................92
18. Paano ang zakáh ng perang nahaluan ng ribá ....................92
19. Zakátulfitr....................93

20. Zakátulfitr para sa Bosnia-Hercegovina ..... 93

Ang Pag-aayuno ..... 94

1. Pag-ayuno sa Ramadán ..... 94
2. Pag-aayuno ng batang may-isip ..... 95
3. Pagtigil ng naglalakabay sa pag-aayuno o pagpapatuloy sa pag-aayuno ..... 95
4. Papagtitibay sa pagsapit at ang paglisan ng buwan ng Ramadan ..... 96
5. Pag-aayuno kapag nagkaiba ang oras ng paglitaw ng bagong buwan ..... 96
6. Pag-aayuno sa mga lugar na abnormal ang haba ng maghapon ..... 97
7. Paghinto sa sahúr kapag nagsimula ang adhán ng madaling-araw ..... 101
8. Paghinto sa pag-ayuno ng babaeng buntis o nagpapasuso ..... 102
9. Fidyah ng mga pinahihintulutang huminto sa pag-aayuno ..... 102
10. Patakaran sa pag-aayuno ng babaing nagreregla o may nifás ..... 103
11. Boluntaryong pag-aayuno ng may nakaligtaang ayuno sa Ramadan ..... 103
12. Pag-aayuno sa Ramadan ng maysakit at namatay pagkatapos nito ..... 104
13. Pagpapainiksiyon sa ugat o sa laman para sa nag-aayuno ..... 104
14. *Toothpaste* at pagpapapatak ng gamot sa tainga, ilong at mata ..... 105
15. Pagsadya sa Doktor ng nag-aayuno ..... 105
16. Nakakain o nakainom sa araw ng Ramadan dahil naklimot ..... 106
17. Hindi nagsagawa ng qadá’ hanggang sa kasunod na Ramadan ..... 106
18. Nag-aayuno ngunit hindi nagsasagawa ng saláh ..... 106
19. Hindi nag-ayuno ngunit hindi nagkakaila sa pagkaisinatungkulin nito ..... 107
20. Paghinto ng regla sa maghapon ng Ramadán ..... 108
21. Paglabas ng dugo, pag-abuloy nito, at pagpapasuri nito ..... 108
22. Pagkain, pag-inom, at pakikipagtalik sa pag-aakalang maaari na ..... 108
23. Pakikipagtalik sa araw o hindi pag-aayuno ng naglalakbay ..... 109
24. Paggamit ng *asthma atomizer* o *asthma inhaler* ..... 109
25. Kinakailangang paglalabatiba (*enema*) ..... 109
26. Hindi sinasadyang pagsusuka ..... 109
27. Pagpapasalin ng dugo ng isang maysakit sa bato ..... 110
28. Pagsasagawa ng i‘tikáf ng lalaki at babae ..... 110

Ang Hajj ..... 111

1. Tatlong pamamaraan sa hajj ..... 111
2. Uri ng hajj ng nagsagawa ng ‘umrah at lumabas sa Makkah ..... 116
3. Kailangang gawin kapag lumampas sa Míqát at may nangyari ..... 116
4. Kapag nakalimutan bumigkas ng níyah ng mutamatti‘ ..... 117
5. Nakalimutang bigkasin ang níyah para sa pinagsasagawaan ng hajj ..... 117
6. Ihrám ng babae na nakasuot ng medyas at guwantes ..... 118
7. Níyah ng pagsasagawa ng ihrám ay nasa pagbigkas ba nito ..... 118

8. Hajj ng pumunta sa Makkah na dating walang layong magsagawa ng hajj..119
9. Dalawang rak‘ah bilang kundisyon sa pagsasagawa ng ihrám ....................120
10. Paglabas ng madhy o mga patak ng ihi habang nasa sandali ng ihrám ........121
11. Pagpapalit ng kasuutan para sa ihrám para labhan ....................................121
12. Paglalagay ng pabango sa kasuutan ng ihrám bago ipahayag ang níyah......121
13. Taong nasa Miná bago ang Tarwiyah, sa Makkah o Miná ba ang ihrám .....122
14. Oras ng pagsasagawa ng hajj na tamattu‘ ...................................................122
15. Pagkalampas sa Míqát nang walang ihrám para sa hajj o ‘umrah ...............123
16. Pangamba ng Muhrim na hindi magampanan ang hajj o ang ‘umrah .........124
17. Pahintulot sa babae na magsuot ng anuman nais para sa ihrám ..................124
18. Kailan ang ihrám ng isang sakay ng eroplano ............................................124
19. Pagsasagawaan ng ihrám ng nakatira sa pagitan ng Míqát at Makkah.........124
20. Pagsasagawaan ng ihrám ng nagsasagawa ng hajj sa araw ng Tarwiyah .....125
21. Pagsasagawa ng ihrám sa Jeddah.................................................................125
22. Pagpapalit ng ifrád upang maging tamattu‘ pagdating sa Makkah...............125
23. Naglayon ng tamattu‘ at pagdating sa Míqát ay pinalitan ng ifrád..............126
24. Pagpalit sa hajj na tamattu‘ o qirán dahil walang pambili ng fidyah...........126
25. Matapos ang tahallul sa ‘umrah ng Qárin ay magiging Mutamatti‘ ba ........127
26. Hajj ng hindi nagsasagawa ng saláh ...........................................................127
27. Paggamit ng gamot na pampigil sa regla sa hajj.........................................128
28. Magsasagwa ba ng tawáf ang may regla o nifás.........................................128
29. Kinakailangan ba ang dalawang rak‘ah sa likod ng Maqám Ibráhím...........128
30. Pagpapaliban sa Tawáf al’Ifádah hanggang sa oras ng Tawáf alWadá‘.......128
31. Iqámah habang hindi pa natapos sa pagsasagawa ng tawáf o sa‘y..............129
32. Kailangan ba ang tahárah kapag magsasagawa ng tawaf at sa‘y..................129
33. Tawáf alWadá‘ sa ‘umrah at pagbili matapos ang Tawáf alWadá‘ .............129
34. Ipinahihintulot ba ang pag-una sa sa‘y kaysa sa tawáf...............................129
35. Pamamaran ng pagsasagawa ng sa‘y ..........................................................130
36. Pagpapaahit ba o pagpapagupit ng buhok matapos ang ‘umrah o ang hajj ..130
37. Kailan pupunta sa ‘Arafah at kailan lilisan doon........................................130
38. Pananatili at pagpapagabi sa Muzdalifah at ang haba niyon .......................131
39. Pagpapagabi sa labas ng Miná sa mga araw ng tashríq ..............................131
40. Pinakamainam na mga gawain sa Yawm anNahr........................................132
41. Pagpapahalili para sa ramy para sa may-sakit, babae, at bata......................132
42. Ramy sa Tatlong Jamarah sa gabi ng mga araw ng tashríq at iba pa...........133
43. Kailan ang ramy, papaano, at sa aling Jamarah magsisimula.......................133
44. Pagdududa na ang ilan sa mga bato ay hindi bumagsak sa sahuran ............134
45. Ramy sa pamamagitan ng mga batong nasa palibot ng Jamarah.................134

## Talasalitaan

***da'íf***: *Hadíth* na hindi mapananaligan kaya naman hindi dapat gamitin na patunay

***dhikr***: Pangungusap o katagang Arabe na ginamit ng Sugo ni Allah (SAS) sa pag-alaala kay Allah

***du'á'***: Panalangin sa wikang Arabe na itinuro ng Propeta (SAS) o hinango sa Qur'an; personal na panalangin sa anumang wika

***fard***: Tungkulin o pagsambang kailangang gawin

***Hadíth***: Ulat tungkol sa kung ano ang sinabi, ang ginawa, at ang sinang-ayunan ng Propeta (SAS)

***imám***: Ang namumuno sa pagsasagawa ng *saláh*

***jamá'ah***: Pangkat ng mga taong sama-samang nagdadasal sa pamumuno ng isang imám. Ang jamá'ah ay binubuo ng dalawang tao o higit pa.

***ma'múm***: Taong pinamumunuan ng imám sa saláh

***masbúq***: Nahuli sa paglahok sa saláh sa jamá'ah

***makrúh***: Hindi kanais-kanais ngunit hindi ipinagbabawal

***muftarid***: Nagsasagawa ng saláh na fard

***mukallaf***: Isang Muslim na kailangang magsagawa ng mga gawain at mga pag-sambang ipinag-utos ng Islam. Siya ay isang ***mukallaf*** na kung siya ay 'áqil (may sapat na pag-iisip) at báligh (nasa wastong gulang). Báligh na ang isang Muslim kapag naganap na ang alinman sa sumusunod: (1) Kapag naging 15 taong gulang na, (2) Kapag tinubuan na ng mga buhok sa maselang bahagi ng katawan, (3) Kapag nilabasan ng punlay sa panaginip (wet dream) o sa ano pa mang paraan, (4) Kapag ang isang babae ay may regla na.

***munfarid***: Taong mag-isang nagsasagawa ng saláh

***musáfir***: Manlalakbay. Magiging musáfir ang tao kapag lumabas siya sa bayan niya at pumunta sa isang lugar na ang layo mula sa sariling bayan niya ay hindi bababa sa 80 Kilometro.

***mustahabb***: Kanais-nais ngunit hindi fard

***mutanaffil***: Nagsasagawa ng saláh na hindi fard

***náfilah***: Anumang gawain o pagsamba o na kusang-loob na isinagsagawa

***níyah***: Layunin o hangaring gawin ang isang gawain

***rak'ah***: Isang yunit ng saláh

***qadá'*:** Pagsasagawa ng mga nakaligtaang pagsamba, gaya ng *saláh* o pag-aayuno, sa ibang oras o ibang araw bilang kabayaran

***Sahabí*:** Kasamahan ng Propeta. Siya ay ang sinumang taong nakakita at naniwala kay Propeta Muhammad (SAS) at namatay na Muslim. Ang sinabi o ginawa niya ay magagamit na batayan sa *Sharí'ah*. Ang pangmaramihan nito ay *Saháבah*.

***sahíh*:** *Hadíth* na napatunayang totoo kaya ginagamit na patunay upang katigan ang isang hatol o isang alituntunin

***Sahíhán*:** Dalawang bantog na aklat ng *Hadíth*: Ang Sahíh alBukhárí at ang Sahíh Muslim

***Sharí'ah*:** Kabuuan ng mga patakaran ng Islam na batay sa Qur'an at Sunnah na kinapalooban ng mga alituntunin sa pagsamba, kaasalan at batas

***sunnah*:** Gawain o pagsamba na hindi kailangang gawin ngunit kanais-nais gawin dahil laging ginagawa ng Sugo (SAS) noon o ayon sa ginagawa niya noon

***taslím*:** Ang pagsasabi ng **assalámu 'alaykum wa rahmatulláh** habang lumilingon sa kanan at ang pagsabi uli nito habang lumilingon naman sa kaliwa

***tahárah*:** Itinakdang paunang paglilinis para sa *saláh*

***tawáf*:** Pag-ikot nang pitong ulit sa palibot ng Ka'bah. Ito ay isa sa mga gawain ng hajj at 'umrah.

**SAS: S**allalláhu **'A**layhi wa **S**allam: Basbasan at batiin siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

**RA: R**adiyalláhu **'A**nhu para sa lalaki, **R**adiya -lláhu **'A**nhá para sa babae at **R**adiya -lláhu **'A**nhum para sa maramihan: Kasiyahan siya (o sila) ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ng Sahábí o asawa ni Propeta (SAS).

# تحفة الإخوان بأجوبة مهمة تتعلق بأركان الإسلام
## للشيخ عبد العزيز بن عبد الله بن باز

# Mga Fatwá Kaugnay sa Limang Sandigan ng Islam[1]
## ni Shaykh ‘Abdul‘azíz Ibnu Báz

## ‘Aqídah

**1.** Lumaganap sa ilan sa mga lipunang Muslim ang sarisaring mga paglabag sa Islam. Ang ilan sa mga ito ay ang nagaganap sa ilan sa mga libingan at ang iba pa sa mga ito ay ang nauugnay sa mga panunumpa, mga pangako at mga panata. Maaaring nagkakaiba ang mga hatol sa mga paglabag na ito: mayroon sa mga ito na kabilang sa uri ng Shirk na nagtitiwalag sa tao sa Islam at mayroon namang mababa roon. Kaya mabuti po sana kung magpapaunlak kayong magbigay ng pananalita at paglilinaw sa kanila hinggil sa mga hatol sa mga usaping iyon, at iba pang payo para sa madlang Muslim, bilang pagbibigay-takot sa kanila laban sa pagpapawalang-bahala sa mga pagsuway na iyon at pagmamaliit sa mga iyon.

**Sagot:** Ang papuri ay ukol kay Allah.[2] Basbasan at pangalagaan ni Allah ang Sugo Niya, ang mga Sáhábí nito at ang sinumang ipinampatnubay ang patnubay Niya. Tunay na marami sa mga tao ay nag-aakalang mga bagay na itinatagubilin ang mga gawaing maka-Shirk at maka-bid‘ah sa paligid ng mga libingan. Marami rin sa kanila ang nasasadlak sa Malaking Shirk dahil sa kawalang-kaalaman at bulag na pagsunod. Kaya ang itinatagubilin sa mga maalam sa Islam sa bawat lugar ay na ipaliwanag nila sa mga tao ang Relihiyon ng mga ito at liwanagin sa mga ito ang katotohanan ng Tawhíd at ang katotohanan ng Shirk.

Itinatagubilin din sa mga maalam sa Islam na ipaliwanag nila sa mga tao ang mga gawaing nauuwi sa Shirk at ang mga uri ng bid‘ah na nagaganap sa gitna nila upang makapag-ingat laban dito dahil ang sabi ni Allah (3:187):[3] ***Banggitin* noong tinang-**

---

[1] Madalas isalin, pati na ng tagapagsaling ito noon, ang salitang Arabe na *rukn* bilang haligi, bunsod marahil ng pagkakasalin nito sa Ingles bilang *pillar*. Ngunit ang talagang kahulugan ng *rukn* ay **sandigan**, at ang haligi naman sa Arabe ay *‘amúd*. Tingnan ang *alMu‘jam alWasít*, ang *Hans Wehr Dictionary of Modern Written Arabic*, at ang *A Dictionary of Islamic Words and Expressions* ni Dr. Mahmoud Isma‘il Saleh. Ang Tagapapagsalin.

[2] Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at **hindi** ANG, NG at SA. Samakatuwid ang tama ay sabihing: SI Allah, NI Allah at KAY Allah. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino at ng Ministry of Islamic Affairs sa Saudi Arabia.

[3] Ang mga talata ng Qur’an o mga Hadíth na sinipi rito ay tuwirang salin mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS).

**gap ni Allah ang tipan ng mga binigyan ng kasulatan,** ***na nagsasaad*****: Talagang lilinawin nga ninyo ito sa mga tao at hindi ninyo ikukubli ito.** Sinabi rin Niya (2:159-160): **Tunay na ang mga nagtatago ng anumang ibinaba Namin na malinaw na mga patunay at patnubay matapos na nilinaw Namin ito sa Kasulatan, ang mga iyon ay isinusumpa sila ni Allah at isinusumpa sila ng mga tagasumpa; maliban sa mga nagsisi, nagpakatuwid at naglinaw sapagkat ang mga iyon ay tatanggapan Ko ng pagsisisi nila. Tunay na Ako ay ang Palatanggap ng pagsisi, ang Maaawain.**

Nagsabi naman ang Propeta (SAS)[4]: ***Ang sinumang gumabay sa mabuti ay magtatamo siya ng tulad ng kabayaran ng gumagawa nito.*** Itinala ito ni Imám Muslim. Sinabi pa niya (SAS): ***Ang sinumang nag-anyaya sa patnubay, magtatamo siya ng kabayarang tulad ng mga kabayaran ng sinumang sumunod sa kanya, nang hindi nakababawas iyon ng anuman mula sa mga kabayaran nila. Ang sinumang nag-anyaya sa pagkaligaw, maaatangan siya ng kasalanang tulad ng mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya, nang hindi nakababawas iyon ng anuman mula sa mga kasalanan nila.*** Itinala rin ito ni Imám Muslim. Nasaad sa Sahíhán buhat kay Mu‘áwiyah (RA), na buhat naman sa Propeta (SAS), na siya ay nagsabi: ***Ang sinumang nagnais si Allah sa kanya ng mabuti, ipauunawa Niya sa kanya ang Relihiyon.*** Ang mga Áyah at mga Hadíth hinggil sa pag-anyaya sa pagpapalaganap sa kaalaman, paghikayat sa mga tao doon, at pagbabala laban sa pagtalikod at pagtatago sa kaalaman ay marami.

Tungkol naman sa mga nagaganap sa mga libingan na sarisaring mga uri ng Shirk at Bid‘ah sa maraming bayan, ito ay isang pangyayaring nalalaman na at nararapat na pag-ukulan ng pagbibigay-pansin, paglilinaw at pagbabala laban doon. Kabilang sa mga iyon ay ang pagdalangin sa mga nakahimlay sa mga libingan, ang pagpapasaklolo sa kanila, ang paghingi ng kagalingan sa mga maysakit, ang pagkampi sa mga kaaway at ang mga tulad niyon. Ang lahat ng ito ay kabilang sa Malaking Shirk na ginagawa noon ng mga nasa panahon ng Jáhilíyah. Nagsabi nga si Allah (2:21): **O mga tao, sambahin ninyo ang Panginoon ninyo na lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo nang harinawa kayo ay mangilag magkasala.** Sinabi pa Niya (51:56): **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kundi upang sambahin nila Ako.** Sinabi pa Niya (17:23): **Itinadhana ng Panginoon mo na wala kayong sasambahin kundi Siya.** Ang kahulugan ng itinadhana ay ipinag-utos Niya at itinagubilin. Sinabi pa Niya (98:5): **Walang ipinag-utos sa kanila kundi na sambahin nila si Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima,[5] bilang mga makatotoo;**

[4] (SAS): **S**alla -lláhu **‘A**layhi wa **S**allam: Basbasan at pangalagaan siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

[5] *O* relihiyon o pagsamba.

Ang mga áyah sa ganitong kahulugan ay marami. Ang pagsamba na nilikha ang tao at ang jinní dahil doon ay ang pagkilala sa Kaisahan ni Allah at ang pag-uukol sa Kanya ng lahat ng pagtalimang ipinag-utos Niya gaya ng saláh, pag-aayuno, zakáh, hajj, pag-aalay, pamamanata, at iba pang mga uri ng pagsamba gaya ng sinabi Niya (6:163): **Sabihin mo: "Tunay na ang dasal ko, ang handog ko, ang buhay ko, at ang kamatayan ko ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang, wala Siyang katambal. Iyon ay ipinag-utos sa akin, at ako ay una sa mga Muslim."** *Isang uri ng* pagsamba ang paghahandog at kabilang dito ang pag-aalay ng hayop, gaya ng sinabi Niya (108:1-2): **Tunay na Kami ay nagbigay sa iyo ng Kawthar. Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay,** Sinabi naman ang Propeta (SAS): ***Isusumpa ni Allah ang sinumang mag-aalay sa iba pa sa Kanya.*** Itinala ito ni Imám Muslim mula sa Hadíth na isanalaysay ng Prinsipe ng mga mananampalataya, si 'Alí ibn Abí Tálib (RA).

Sinabi pa ni Allah (72:18): **Na ang mga masjid ay ukol kay Allah, kaya huwag kayong manalangin sa isa pa kasama kay Allah.** Nagsabi pa Siya (23:117): **Ang sinumang manalangin kasama kay Allah sa iba pang diyos na wala naman siyang patunay rito ay tunay na ang pagtutuos sa kanya ay nasa Panginoon niya lamang. Tunay na hindi magtatagumpay ang mga tumatangging sumampalataya.** Nagsabi pa Siya (35:13-14): **Iyon ay si Allah, ang Panginoon ninyo. Ukol sa Kanya ang paghahari, samantalang ang mga dinadalanginan ninyo bukod pa sa Kanya ay hindi nga nagmamay-ari ng isang lamad[6] ng buto ng datiles. Kung dadalanginan ninyo sila, hindi sila makaririnig sa panalangin ninyo. Kung nakarinig man sila, hindi sila tutugon sa inyo, at sa araw na Pagkabuhay ay itatatwa nila ang pagtatambal ninyo sa kanila *kay Allah*. Walang makapagbabalita sa iyo ng tulad ng Nakababatid.**

Nilinaw ni Allah sa mga áyah na ito na ang pagdarasal sa iba sa Kanya, ang pag-aalay sa iba sa Kanya, ang pagdalangin sa mga patay, mga idolo, mga kahoy at mga bato ay lahat Shirk kay Allah at Kawalang-pananampalataya; na ang lahat ng mga dinadalanginan bukod pa sa Kanya gaya ng mga propeta o mga anghel o mga matuwid na tao o mga jinn o mga idolo o maging ano pa man iyon ay walang magagawang mabuti o masama sa mga dumadalangin sa kanila; na ang pananalangin sa kanila bukod pa sa Kanya ay Shirk at Kawalang-pananampalataya, gaya ng paglilinaw Niya na sila ay hindi nakaririnig sa panalangin ng mga dumadalangin sa kanila at kung nakarinig man sila, hindi sila tutugon sa mga ito.

Kaya ang isinasatungkulin sa lahat ng mukallaf na jinn at tao ay ang mag-ingat laban doon, ang magbabala laban doon, at ang linawin ang kabulaanan niyon at na iyon ay sumasalungat sa katuruan inihatid ng mga propeta, ang basbas at ang pagbati ni Allah ay sumakanila, gaya ng pag-anyaya sa paniniwala sa Kaisahan ni Allah, pag-

[6] Manipis na balot.

uukol ng kawagasan sa pagsamba sa Kanya. Sinabi Niya (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo *na nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang diyus-diyusan."** Sinabi pa Niya (21:25): **Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng anumang sugo malibang nagsisiwalat Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako kaya sambahin ninyo Ako.**

Nanatili ang Propeta (SAS) sa Makkah sa loob ng 13 taon na nag-aanyaya roon *sa pagsamba* kay Allah at nagbibigay-babala sa mga tao laban sa Pagtatambal sa Kanya. Nililinaw niya sa kanila ang kahulugan ng *paniniwalang* 'Walang Diyos kundi si Allah.' Tinugon siya ng kakaunti ngunit nagmamalaking tumanggi sa pagtalima sa kanya at sa pagsunod sa kanya ang karamihan. Pagkatapos ay lumikas siya sa Madínah at ipinalaganap ang paanyaya *sa pagsamba* kay Allah doon ng mga Muhájir at mga Ansári.[7]

Nakibaka siya sa landas ni Allah. Nagpasulat siya ng mga liham para sa mga hari at mga pinuno at nilinaw sa kanila ang paanyaya niya at ang inihatid niya na patnubay. Nagtiis siya at nagtiyaga sampu ng mga Sahábí niya (RA) dahil doon hanggang sa nangibabaw ang Relihiyon mula kay Allah at pulu-pulutong na pumasok ang mga tao sa Islam. Lumaganap ang Tawhíd at naalis ang Shirk sa Makkah, Madínah at sa nalalabing bahagi ng Arabia sa pama-magitan niya at ng mga Sahábí niya noong wala na siya.

Pagkatapos ay nagsagawa ang mga Sahábí niya ng pag-aanyaya *sa pagsamba* kay Allah at pakikibaka sa landas Niya sa silangan at kanluran hanggang sa pinanaig sila ni Allah laban sa mga kaaway Niya at binigyan Niya sila ng kapamahalaan sa mundo. Nangibabaw ang Relihiyon mula kay Allah sa lahat ng relihiyon, gaya na rin ng ipinangako Niya sa Aklat Niya kung saan ay nagsabi Siya (9:33): **Siya ang nagsugo sa Sugo Niya na dala ang Patnubay at Relihiyon ng Katotohan upang pangibabawin Niya ito sa lahat ng relihiyon, kahit pa man nasuklam ang mga Nagtatambal *sa Kanya*.**

Kabilang sa mga Bid'ah at mga gawaing nauuwi sa Shirk ay ang ginagawa sa mga puntod na gaya ng pagsasagawa ng saláh sa tabi ng mga ito, pagbabasa [ng Qur'an] sa tabi ng mga ito, at pagpapatayo ng mga masjid at mga kupola sa ibabaw ng mga ito. Ang lahat ng ito ay bid'ah, nakasasama, at mga gawaing nauuwi sa Malaking Shirk. Dahil dito naisalaysay buhat sa Sugo ni Allah (SAS) na siya ay nagsabi: ***Isinumpa ni Allah ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano; ginawa nila ang mga libingan ng mga propeta nila bilang mga sambahan.*** Nakatala sa Sáhíhán buhat sa Hadíth ayon kay 'Á'ishah (RA). Nasasaad naman sa Sahíh Muslim ayon kay Jundub ibn 'Abdulláh (RA) buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***Kaingat at tunay na ang mga nauna sa inyo ay gumagawa noon sa mga puntod ng mga***

[7] Ang mga Muhájir ay ang mga nandayuhan sa Madínah mula sa Makakh at ang mga Ansárí ay ang mga taga-Madínah na tumulong sa Propeta (SAS).

***propeta nila bilang mga sambahan. Kaingat, kaya huwag ninyong gawing ang mga puntod bilang masjid sapagkat tunay na ako ay nagbabawal sa inyo niyon.***

Nilinaw niya (SAS) sa dalawang Hadíth na ito at sa nasasaad sa *iba pang mga Hadíth na* kasingkahulugan ng mga ito: na ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano ay gumagawa noon sa mga libingan ng mga propeta nila bilang mga sambahan. Kaya nagbabala siya sa mga alagad niya laban sa paggaya sa kanila sa paggawa sa mga libingan bilang mga sambahan, sa pagdarasal sa tabi ng mga ito, sa pagtigil sa mga ito upang sumamba at sa pagbabasa *ng Qur'an* sa tabi ng mga ito dahil ang lahat ng ito ay kabilang sa mga gawaing nauuwi sa Shirk.

Kabilang din doon ang pagtatayo ng estruktura sa ibabaw ng mga ito at ang paglalagay ng mga kupola at mga tabing sa ibabaw ng mga ito. Ang lahat ng iyon ay kabilang sa mga gawaing nauuwi sa Shirk at sa pagpapalabis sa ukol sa mga nakalibing sa mga ito, gaya nga ng nangyaring ganoon sa mga Hudyo, mga Kristiyano at mga mangmang sa Kalipunang Islam: sinamba na nila ang mga nakahimlay sa mga puntod, pinag-alayan na ang mga ito, nagpasaklolo sa mga ito, namanata sa mga iyon, at humiling sa mga iyon ng kagalingan sa mga maysakit at pananaig laban sa mga kaaway. Nalalaman iyon ng sinumang nakabatid sa ginagawang sarisaring Malaking Shirk sa puntod nina Husayn, alBadawí, ‘Abdulqádir alJíláni, Ibnu ‘Arabí at iba pa. Si Allah ang hinihingan ng tulong at walang kapangyarihan ni lakas kundi kay Allah.

Naisalaysay buhat sa Sugo ni Allah (SAS) na siya ay nagbawal sa pagpapalitada sa mga puntod, pag-upo sa mga ito, sa pagtatayo ng estruktura sa ibabaw ng mga ito at sa pagsusulat sa mga ito. Walang *ibang dahilan* iyon kundi dahil ang pagpapalitada at ang pagtatayo ng estruktura sa ibabaw ng mga ito ay kabilang sa mga gawaing nauuwi sa Malaking Shirk sa pamamagitan ng mga nakahimlay sa mga ito.

Samakatuwid ang isinasatungkulin sa lahat ng Muslim, sa mga pamahalaan at sa mga madla, ay ang pag-iingat laban sa Shirk na ito at sa mga bid‘ah na ito, ang pangtatanong sa mga may kaalaman na kilalang may tamang paniniwala, at ang pagtahak sa landas ng mga ninuno ng Kalipunang Muslim hinggil anumang nahirapan maunawaan sa mga usapin sa Relihiyon nila upang masamba si Allah ayon sa kabatiran, bilang paggawa sa sinabi ni Allah (21:7): **Kaya magtanong kayo sa mga may maipaaalaala kung hindi kayo nakaaalam.** Sinabi naman ng Propeta (SAS): ***Ang sinumang tumahak sa landas upang maghanap dahil doon ng kaalaman, padadaliin ni Allah para sa kanya sa pamamagitan niyon ang isang daan patungo sa Paraiso.*** Sinabi rin niya: ***Ang sinumang nagnais si Allah sa kanya ng mabuti, ipauunawa Niya sa kanya ang Relihiyon.*** Alam natin na ang mga nilikha ay hindi nilikha na walang dahilan; nilikha sila dahil sa dakilang layunin at marangal na hangarin lamang at ito ay ang pagsamba kay Allah lamang hindi sa anumang iba pa sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (51:56): **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kundi upang sambahin nila Ako.**

Walang paraan sa pag-alam sa pagsambang ito kundi sa pamamagitan ng pag-mumuni-muni sa Qur'an at Dinalisay na Sunnah, pag-alam sa ipinag-utos ni Allah at ng Sugo Niya na sarisaring uri ng pagsamba, at pagtatanong sa mga maalam tungkol sa anumang nahirapan na maunawaan hinggil doon. Sa pamamagitan nito ay malalaman ang pagsamba kay Allah, na nilikha ni Allah ang mga nilalang alang-alang dito, at maisasagawa ito sa paraang isina-batas ni Allah. Ito ay ang nag-iisang landas tungo sa pagkalugod ni Allah, sa pagkamit ng kagandahang-loob Niya, at kaligtasan sa galit Niya at parusa Niya. Pagtagumpayin ni Allah ang mga Muslim sa pagkamit ng lahat ng ikinalulugod Niya, pagkalooban nawa Niya sila ng pagka-unawa sa Relihiyon Niya, pamunuin nawa Niya sa kanila ang mga pinakamainam sa kanila at ang pinakamatuwid sa mga pinuno nila, at pagtagumpayin nawa Niya ang mga Maalam sa Islam sa mga Muslim sa pagganap sa isinatungkulin sa kanila na pag-aanyaya *sa Islam*, pagtuturo, pagpapayo at paggabay. Tunay na Siya ay Mapagbigay, Mapagmagandang-loob.

Kabilang din sa mga uri ng Shirk ang panunumpa sa iba pa kay Allah, gaya ng panunumpa sa mga propeta, sa isang tao, sa buhay ng isang tao, at panunumpa sa katapatan at karangalan. Naisalaysay buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***Ang sinumang manunumpa ay  manumpa kay Allah o manahimik.*** Itinala ito sa Sahíhán. Ang sabi pa niya (SAS): ***Ang sinumang nanumpa sa isang bagay na iba pa kay Allah ay nakagawa na ng Shirk.*** Isinalaysay ito ni Imám Ahmad ibn Hanbal buhat sa Prinsipe ng mga mananampalataya na si 'Umar ibn alKhattáb (RA). Ang sabi pa niya (SAS): ***Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allah ay nagtatwa na sa pananampalataya o nakagawa na ng Shirk.*** Itinala ito nina Imám Abú Dáwud at Imám atTirmidhí mula sa Hadíth na isinalaysay ni Ibnu 'Umar (RA). Nagsabi pa siya (SAS): ***Ang sinumang manumpa sa katapatan ay hindi kabilang sa atin.*** Nag-sabi pa siya: ***Huwag kayong manumpa sa mga ama ninyo, ni sa mga ina ninyo, ni sa mga itinatambal kay Allah. Huwag kayong manumpa kay Allah maliban na kayo ay nagsasabi ng totoo.*** Ang mga Hadíth sa ganitong kahulugan ay marami.

Ang panunumpa sa iba pa kay Allah ay kabilang sa Maliit na Shirk, ngunit maaari ring mauwi sa Malaking Shirk kapag naniwala sa pagdakila sa sinumpaang ito gaya ng pagdakila kay Allah, o na ito ay nakapagdudulot ng pakinabang at nakapagdu-dulot ng pinsala bukod pa kay Allah, o na ito ay naaangkop na panalanginan o hingan ng saklolo. Kabilang sa uri na ito ang pagsabi na: "Ang niloob ni Allah **AT** niloob ni Polano," "Kung hindi dahil kay Allah **AT** kay Polano," at "Ito ay mula kay Allah **AT** kay Polano." Ang lahat ng ito ay kabilang sa Maliit na Shirk dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Huwag ninyong sabihin: "Ang niloob ni Allah at niloob ni Polano" bagkus ay sabihin ninyo: "Ang niloob ni Allah at pagkatapos ay niloob ni Polano."*** Sa pamamagitan nito ay nalalaman na walang masama na magsabi na: "Kung hindi dahil kay Allah at pagkatapos ay kay Polano," o "Ito ay mula kay Allah at pagka-tapos ay kay Polano" kapag ang taong ito ay nagsilbing dahilan doon.

Napagtibay buhat sa kanya (SAS) na may isang lalaking nagsabi sa kanya: “Ang niloob ni Allah at niloob mo.” Kaya nagsabi siya (SAS) rito: ***Ginawa mo ba akong isang kaagaw kay Allah? Sabihin mo: Ang niloob ni Allah lamang.*** Kaya nagpapatunay ang Hadíth na ito na kapag sinabi niya: “Ang niloob ni Allah lamang” ay ito ang pinakaganap. Kung sinabi naman niya: “Ang niloob ni Allah, pagkatapos ay ang niloob ni Polano,” wala ring masama, alinsunod sa pag-uugma ng lahat ng Hadíth at patunay. Si Allah ang Tagapag-akay.

**2.** Nalilito ang ilan sa mga tao sa pagkakaiba sa pagitan ng Pagsusumamo sa pamamagitan ng pananampalataya sa Propeta, pagmamahal sa kanya at pagtalima sa kanya; at Pagsusumamo sa pamamagitan ng pagkatao niya at kalagayan niya, gaya ng nangyayaring pagkalito sa pagkakaiba sa pagitan ng Pagsusumamo sa panalangin niya noong nabubuhay pa siya at ng paghiling sa kanya ng panalangin matapos na mamatay siya. Ibinunga ng pagkalito sa pagkakaiba na ito ay na ang ipinagbabawal sa mga pagsusumamo ay napagkakamalan na isinasabatas sa mga iyon. Kaya maaari po bang magbigay kayo ng detalyeng makapag-aalis sa kalituhan sa bagay na ito at maipapantutugon sa mga sumusunod sa mga haka-haka na lumilito sa mga Muslim sa mga usaping ito.

**Sagot:** Walang duda na marami sa mga tao ang hindi nakaaalam sa pagkakaiba ng pagsusumamo na isinasabatas at ng pagsusumamo na ipinagbabawal dahil sa kamangmangan at kakauntian ng nagpapaalaala sa kanila at nagpapatnubay sa kanila sa katotohanan. Alam na may malaking pagkakaiba sa dalawang ito. Ang pagsusumamo na isinasabatas ay siyang dahilan kung bakit isinugo ni Allah ang mga propeta, kung bakit ibinaba Niya ang mga banal na kasulatan at kung bakit nilikha Niya ang jinní at tao. Ang pagsusumamo na ito ay ang pagsamba sa Kanya, ang pag-ibig sa Kanya, ang pag-ibig sa Sugo Niya, ang pag-ibig sa lahat ng sugo at mananampalataya, at ang pagsampalataya sa Kanya at sa lahat ng ipinabatid Niya at ng Sugo Niya gaya ng pagkabuhay at paghuhukom, Paraiso at Impiyerno, at iba pang ipinabatid ni Allah at ng Sugo Niya. Ang lahat ng ito ay kabilang sa isinasabatas na paraan ng pagsusumamo para sa pagpasok sa Paraiso, pagkaligtas sa Impiyerno, at kaligayahan sa Mundo at sa Kabilang-buhay.

Kabilang pa roon ang pagdalangin kay Allah at ang pagsusumamo sa Kanya sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya, pag-ibig sa Kanya, pananampalataya sa Kanya, at sa pamamagitan ng lahat ng matuwid na gawa na isinasabatas Niya sa mga lingkod Niya at na ginawa Niyang paraan tungo sa ikalulugod Niya, pagtatamo sa Paraiso Niya at kagandahang-loob Niya, at pagtatamo rin ng pampawi sa mga dalamhati at pampaginhawa sa kalagayan sa Mundo at Kabilang-buhay. Nagsabi nga si Allah (65:2-3): **Ang sinumang nangingilag na magkasala kay Allah, gagawa Siya para sa kanya ng isang malalabasan *sa kagipitan*, at tutustusan Niya siya mula sa hindi niya inaasahan.** Sinabi pa Niya (65:2-3):

**Ang sinumang mangingilag na magkasala kay Allah, gagawa Siya para sa kanya mula sa anumang kalagayan niya ng isang kaluwagan.** Sinabi pa Niya (65:5): **Ang sinumang mangingilag na magkasala kay Allah, pagtatakpan Niya para sa kanya ang mga masasamang nagawa niya at magpaparami Siya para sa kanya ng gantimpala.** Sinabi pa Niya (51:15): **Tunay na ang mga nangingilag magkasala ay *mananahan* sa mga hardin na *may* mga bukal,** Sinabi pa Niya (68:34): **Tunay na ang mga nangingilag na magkasala ay magkakaroon sa piling ng Panginoon nila ng mga Hardin ng Lugod.** Sinabi pa Niya (8:29): **O mga sumampalataya, kung mangingilag kayong magkasala kay Allah, gagawa Siya para sa inyo ng isang pamantayan, pagta-takpan Niya para sa inyo ang mga masasamang nagawa ninyo at magpapatawad Siya sa inyo.** Ang pamantayan ay ang kaalaman at ang patnubay. Ang mga áyah sa kahulugan na ito ay marami.

Kabilang sa pagsusumamong isinasabatas ay ang pagsusumamo kay Allah sa pamamagitan ng pag-ibig sa Propeta Niya (SAS), pagsampalataya sa Kanya at pagsunod sa Batas Niya dahil ang mga bagay na ito ay ilan sa pinakamalaking mga matuwid na gawain, at pinakamainam na mga gawaing nakapagpapalapit *sa Kanya*. Ang pagsusumamo sa pamamagitan ng kalagayan ng Sugo (SAS) o ng pagkatao niya o ng karapatan niya, o sa pamamagitan ng kalagayan ng mga propeta at mga matutuwid na tao, o mga pagkatao nila o mga karapatan nila, ay mga bid‘ah na walang batayan bagkus ay mga gawaing nauuwi sa Shirk sapagkat ang mga S̲ah̲ábí (RA) — gayong sila ang pinakamaalam sa mga tao hinggil sa Sugo (SAS) at sa karapatan niya — ay hindi gumawa niyon, at kung ito ay mabuti, talagang naunahan na sana nila tayo. Noong nagkaroon ng tagtuyot nang panahon ng pamumuno ni ‘Umar (RA) ay hindi sila nagsadya sa puntod niya (SAS), hindi sila nagsumamo *kay Allah* sa pamamagitan niya at hindi sila nanalangin sa tabi *ng puntod* niya, bagkus ay humiling si ‘Umar sa amain niya na si al-‘Abbás ibn ‘Abdulmut̲t̲alib na manalangin ito ng paghiling ng ulan. Nagsabi si ‘Umar habang siya ay nasa pulpito: “O Allah, tunay na kami noon, kapag dinapuan kami ng tagtuyot, ay nagsusumamo sa Iyo sa pamamagitan ng Propeta namin kaya binibigyan Mo kami ng ulan. Tunay na kami *ngayon* ay nagsusumamo sa Iyo sa pamamagitan ng amain niya kaya bigyan Mo kami ng ulan.” Kaya binigyan sila ng ulan. Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí. Pagkatapos ay inatasan niya si al‘Abbás na manalangin. Nanalangin ito, nag-Amen ang mga Muslim sa panalangin nito, at binigyan naman sila ni Allah ng ulan.

Ang sanaysay ng mga nakulong sa yungib ay bantog. Ito ay nasasaad sa S̲ah̲íh̲ alBukhárí at S̲ah̲íh̲ Muslim. Ang buod nito ay na may tatlong tao noong wala pa tayo. Tumuloy sila sa isang yungib dahil sa gabi at ulan. Nang nakapasok na sila roon ay may bumaba sa kanila na isang malaking bato mula sa bundok at tinakpan nito sa kanila ang bungad ng yungib. Hindi nila nakayang itulak ito kaya nagsabi sa kanila ang isa sa kanila: “Walang magliligtas sa inyo mula sa malaking bato na ito kung hindi kayo mananalangin kay Allah sa pamamagitan ng matuwid na mga nagawa

ninyo." Kaya dumalangin sila sa Kanya at nagpasaklolo sa Kanya. Nagsumamo ang isa sa kanila sa pamamagitan ng ginawang mabuti sa mga magulang niya. Ang ikalawa ay *nagsumamo naman* sa pamamagitan ng pag-iwas niya sa pangangalunya gayong kayang gawin iyon. Ang ikatlo ay *nagsumamo* sa pamamagitan ng pagkaganap niya sa tungkulin. Kaya inalis ni Allah ang batong humahadlang sa kanila at lumabas sila. Ang sanaysay na ito ay kabilang sa mga mabigat na patunay na ang mga matuwid na gawa ay ilan sa napakabigat na mga dahilan sa pagpapawi ng mga dalamhati, sa paglabas sa mga kagipitan at sa kaligtasan sa mga kapighatian sa Mundo at sa Kabilang-buhay.

Tungkol naman sa pagsusumamo *kay Allah* sa pamamagitan ng kalagayan ng isang tao o sa pamamagitan ng karapatan ng isang tao o ng pagkatao nito, ito ay kabilang sa mga bid'ah na kinasusuklamang bid'ah at mga gawaing nauuwi sa Shirk. Ang pagdalangin naman sa patay at pagpapasaklolo dito, iyon naman ay kabilang sa Malaking Shirk.

Ang mga Sahábí noon ay humihiling sa Propeta (SAS) na manalangin para sa kanila, na magpasaklolo para sa kanila kapag dinapuan sila ng tagtuyot, at mamagitan sa lahat ng makabubuti sa kanila noong siya ay buhay pa sa piling nila. Ngunit noong yumao na siya (SAS), hindi na sila humiling sa kanya ng anuman dahil wala na siya. Hindi sila nagsadya sa puntod niya upang humiling sa kanya ng Pamamagitan o ng anuman dahil nalalaman nila na iyon ay hindi ipinahihintulot matapos na yumao na siya (SAS). Ipinahihintulot lamang iyon noong buhay pa siya bago siya namatay, at sa araw ng Pagkabuhay kapag magsasadya sa kanya ang mga mananampalataya upang mamagitan siya para sa kanila upang hatulan na sila ni Allah at para sa pagpasok nila sa Paraiso. Iyon ay matapos na nagsadya sila kay Adan, kay Noe, kay Abraham, kay Moises, at kay Jesus, ang pagpapala at ang pagbati ni Allah ay sumakanilang lahat, ngunit hihingi sila ng paumanhin na hindi makagagawa ng Pamamagitan. Bawat isa ay magsasabi: "Iligtas ang sarili ko, ang sarili ko. Pumunta kayo sa iba sa akin." Kapag pinuntahan nila si Jesus (AS) ay hihingi siya ng paumanhin sa kanila at gagabayan niya sila na pumunta sa Propeta natin, si Muhammad (SAS). Kaya pupunta sila sa kanya at magsasabi siya: ***Ako ay ukol doon, ako ay ukol doon.*** sapagkat si Allah ay nangako na niyon sa kanya. Pupunta siya at magpapatirapa sa harap ni Allah. Pupurihin niya Siya ng maraming papuri at mananatiling nakapatirapa hanggang sa sabihin sa kanya: "Iangat mo ang ulo mo; magsabi ka, diringgin ka; humingi ka, bibigyan ka; mamagitan ka, ipamamagitan ka." Ang Hadíth na ito ay nasasaad sa Sahíhán. Ito ay ang bantog na Hadíth hinggil sa Pamamagitan. Ito ang katayuang pinapupurihan na binanggit ni Allah sa sabi Niya sa Súrah al'Isrá' (17:79): **nang sa gayon ay ibangon ka ng Panginoon mo sa isang katayuang pinapupurihan.**

Basbasan at batiin Siya ni Allah at gayon din ang mag-anak niya, ang mga Kasamahan niya, at ang mga tagasunod niya sa kabutihan. Gawin nawa tayo ni

Allah na kabilang sa mga makikinabang sa Pamamagitan niya; tunay na Siya ay Nakaririnig, Malapit.

**3.** Mapapansin ang kamangmangan ng marami sa mga naturingang kaanib ng Kalipunang Islam hinggil sa kahulugan ng Lá Iláha Illalláh at iniresulta nga niyon ang pagkasadlak sa sumasalansang dito, o sumasalungat dito, o nakasisira rito na mga pahayag at mga gawain. Kaya ano po ang tunay na kahulugan ng Lá Iláha Illalláh at ano po ang hinihiling ng paniniwala rito? Ano po ang mga kundisyon nito?

**Sagot:** Walang duda na ang pahayag na ito, ang **Lá Iláha Illalláh** ay ang saligan ng Islam. Ito ang unang haligi sa mga haligi ng Islam kalakip ng pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah, gaya ng nasaad sa Hadíth buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***Itinayo ang Islam sa lima: ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, ang pangangalaga sa saláh, ang pagbibigay ng zakáh, ang pag-aayuno sa Ramadán, at ang pagsasagawa ng hajj sa Bahay [ni Allah].*** Nakatala ito sa Sahíhán buhat sa Hadíth ayon kay Ibnu ‘Umar (RA). Nasasaad sa Sahíhán rin ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) na ang Propeta (SAS), noong ipinadala niya si Mu‘ádh (RA) sa Yemen, ay nagsabi rito: ***Tunay na ikaw ay pupunta sa mga taong kabilang sa mga may kasulatan, kaya anyayahan mo sila sa pagsaksi na walang totoong Diyos kundi si Allah at na ako ay Sugo ni Allah. Kaya kung sila ay tumalima doon ay ipaalam mo sa kanila na si Allah ay nagsatungkulin sa kanila ng limang dasal sa bawat araw at gabi. Kaya kung sila ay tumalima doon ay ipaalam mo sa kanila na si Allah ay nagsatungkulin sa kanila ng pagkakawanggawa na kukunin mula sa mga mayaman nila at ibabalik sa mga maralita nila.*** Ang Hadíth na ito ay nasa Sahíhán. Ang mga Hadíth sa paksang ito ay marami.

Ang tunay na kahulugan ng pagsaksi na **Lá Iláha Illalláh** ay walang sinasamba sa totoo kundi si Allah. Nagkakaila ito sa katotohanan ng pagkadiyos ng iba pa kay Allah at kinikilala nito iyon kay Allah lamang, gaya ng sinabi ni Allah sa Súrah alHajj (22:62): **Iyon ay dahil si Allah ay ang Katotohanan at na ang anumang dinadalanginan nila bukod pa sa Kanya ay ang Kabulaanan,** Sinabi pa Niya sa Súrah alMu’minún (23:117): **Ang sinumang mananalangin kasama kay Allah sa iba pang diyos, nang wala siyang patunay rito, ay tunay na ang pagtutuos sa kanya ay nasa Panginoon niya lamang. Tunay na hindi magtatagumpay ang mga tumatangging sumampalataya.** Sinabi naman Niya sa Súrah alBaqarah (2:163): **Ang Diyos ninyo ay nag-iisang Diyos; walang Diyos kundi Siya, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.** Sinabi pa Niya sa Súrah alBayyinah (98:5): **Walang ipinag-utos sa kanila kundi na sambahin nila si Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima,[8] bilang mga makatotoo;** Ang mga áyah

[8] *O* relihiyon o pagsamba.

sa kahulugan na ito ay marami. Ang dakilang pahayag na ito ay hindi makabubuti sa nagsasabi nito at hindi mag-aalis sa kanya sa larangan ng Shirk maliban kapag nalaman niya ang kahulugan nito, gumawa ayon dito at naniwala rito.

Ang mga Munáfiq ay nagsasabi nito noon ngunit sila ay mapupunta sa pinakamababang bahagi ng Impiyerno sapagkat hindi sila sumampalataya rito at hindi sila gumawa ayon dito. Ganoon din ang mga Hudyo, sinasabi nila ito samantalang sila, sa lahat ng tao, ay ang pinakawalang pananampalataya dahil sa kawalan ng pananampalataya nila rito. Ganoon din ang mga sumasamba sa mga libingan at sa mga Walí, na mga Káfir din gayong naturingan na mga kaanib ng Kalipunang Islam; sinasabi nila ito gayong sila naman ay sumasalungat dito sa pamamagitan ng mga sinasabi nila, mga ginagawa nila at ng pinaniniwalaan nila. Kaya hindi ito nagdudulot ng mabuti sa kanila at hindi sila nagiging mga Muslim sa pamamagitan ng pagsabi nito dahil sila ay sumasalansang dito sa pamamagitan ng mga salita nila, mga gawa nila at mga pinaniniwalaan nila. Nabanggit ng ilang maalam sa Islam na ang mga kundisyon nito ay walo. Natipon ito sa dalawang taludtod:[9]

Kaalaman sa katiyakan, kawagasan at katapatan mo
kalakip ng pag-ibig, pagpapaakay, pagtatanggap dito
At idagdag ang ikawalo nito: ang pagtanggi mo,
sa iba pa sa Diyos, na mga bagay na diniyos

Ang dalawang taludtod na ito ay nakatugon sa lahat ng kundisyon ng **Lá Iláha Illalláh:**

1. **Ang Kaalaman** sa kahulugan nito, na sumasalungat sa kamangmangan. Nauna nang nabanggit na ang kahulugan nito ay **walang sinasamba nang may katotohanan kundi si Allah**. Samakatuwid, ang lahat ng diyos na sinasamba ng mga tao na iba pa kay Allah ay lahat kabulaanan.
2. **Ang Katiyakan** na sumasalungat sa pagdududa. Kaya kailangan sa panig ng nagsasabi nito na siya ay may katiyakan na si Allah ay ang sinasambang totoo.
3. **Ang Kawagasan.** Ito ay ang wagas na pag-uukol ng tao ng lahat ng pagsamba sa Panginoon niya na si Allah. Kaya kapag nagbaling siya ng anuman sa mga ito sa iba pa kay Allah, gaya ng isang propeta o isang walí o isang anghel o isang idolo o isang jinní o ano pa man, nakagawa na siya ng Shirk kay Allah at sumira na siya sa kundisyon na ito: ang kundisyon ng Kawagasan.
4. **Ang Katapatan.** Ang kahulugan nito ay na sasabihin ito ng isang tao habang siya ay tapat na naniniwala dito, at sumasang-ayon ang isip niya sa salita niya, at ang salita niya sa isip niya. Kaya kung sinabi niya ito sa salita lamang habang ang puso niya ay hindi sumasampalataya sa kahulugan nito, iyon ay hindi mag-

[9] Ang isang taludtod sa tulang Arabe ay binubuo ng dalawang hanay. Ang Tagapagsalin.

dudulot ng mabuti sa kanya. Sa pammamagitan niyon siya ay magiging isang Káfir gaya ng iba pang mga Munáfiq.

5. **Ang Pag-ibig.** Ang kahulugan nito ay na iibigin niya si Allah; kaya kung sinabi niya ito ngunit siya ay hindi naman umiibig kay Allah, siya ay nagiging isang Káfir na hindi nakapasok sa Islam gaya ng mga Munáfiq. Ang ilan sa mga patunay niyon ay ang sabi ni Allah (3:31): **Sabihin mo: "Kung kayo ay umiibig kay Allah ay sundin ninyo ako; iibigin kayo ni Allah."** Ang sabi pa Niya (2:165): **May mga tao na gumagawa sa iba pa kay Allah bilang mga kaagaw; iniibig nila ang mga ito gaya ng pag-ibig nila kay Allah, ngunit ang mga sumampalataya ay higit na masidhi sa pag-ibig kay Allah.** Ang mga talata ng Qur'an na ganito ang kahulugan ay marami.
6. **Ang Pagpapaakay** sa kahulugang ipinahihiwatig nito. Ang kahulugan nito ay sasamba kay Allah lamang, magpapaakay sa Batas Niya, sasampalatayanan ito at maniwala na ito ang katotohanan. Kaya kung sinabi niya ito ngunit hindi naman sumamba kay Allah lamang, hindi siya nagpaakay sa Batas niya, bagkus ay nagmatigas siya roon kaya siya ay magiging hindi isang Muslim, gaya ni Satanas at mga tulad nito.
7. **Ang Pagtanggap** sa ipinahihiwatig nito. Ang kahulugan nito ay na tatanggapin ang ipinahihiwatig nito na wagas na pag-uukol ng pagsamba kay Allah lamang, pagwaksi sa pagsamba sa anumang iba pa sa Kanya, at mananatili doon [pagsamba kay Allah] at malulugod sa Kanya.
8. **Ang pagtangging sumampalataya sa anumang sinasambang iba pa kay Allah.** Ang kahulugan nito ay na magpapawalang-kaugnayan sa pagsamba sa iba pa kay Allah at maniwala na ito ay kabulaanan, gaya ng sinabi Niya (2:256): **Kaya ang sinumang tumangging sumampalataya sa diyus-diyusan at sumampalataya kay Allah ay nakakapit na sa hawakang matibay na walang pagkalamat. Si Allah ay Nakaririnig, Nakaaalam.** Napatotohanan mula sa Sugo ni Allah (SAS) na siya ay nagsabi: ***Ang sinumang magsabi na walang Diyos kundi si Allah at tumangging sumampalataya sa anumang sinasamba na iba pa kay Allah, mapangangalagaan ang ari-arian niya at ang buhay niya, at ang pagtutuos sa kanya ay nasa kay Allah.*** Sa isa pang sanaysay buhat sa kanya, siya ay nagsabi: ***Ang sinumang maniwala sa kaisahan ni Allah at tumangging sumampalataya sa anumang sinasamba na iba pa kay Allah, mapangangalagaan ang ari-arian niya at ang buhay niya.*** Itinala ito ni Imám Muslim.

Kaya naman ang kinakailangan sa lahat ng Muslim ay na gampanan ang pahayag na ito sa pamamagitan ng pagsaalang-alang sa mga kundisyong ito. Kapag natagpuan mula sa isang Muslim ang kahulugan nito at ang pananatili rito, siya ay isang Muslim na pinangangalagaan ang buhay at ang ari-arian; kahit hindi niya nalaman ang mga detalye ng mga kundisyong ito.

Ang diyus-diyusan ay ang anumang sinasamba bukod pa kay Allah, gaya ng sinabi ni Allah (2:256): **Kaya ang sinumang tumangging sumampalataya sa diyus-diyusan at sumampalataya kay Allah ay nakakapit na sa hawakang matibay na walang pagkalamat. Si Allah ay Nakaririnig, Nakaaalam."** Nagsabi pa Siya (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo *na nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang diyus-diyusan."** Ang sinuman sa mga sinasamba bukod pa kay Allah, na hindi nalulugod sa pagsambang iyon, gaya ng mga propeta, mga matutuwid na tao at mga anghel, sila ay hindi mga diyus-diyusan. Ang diyus-diyusan ay si Satanas na nag-anyaya sa pagsamba sa kanila at nanghalina sa mga tao doon. Hinihiling natin kay Allah para sa at sa lahat ng Muslim ang kaligtasan sa lahat ng masama.

Tungkol naman sa pagkakaiba sa pagitan ng mga gawain na sumasalungat sa pahayag na ito: ang ***Lá Iláha Illalláh***, at ng mga *gawain* na sumasalungat sa kina-kailangang kagánápan nito ay ganito: ang bawat gawain o salita o paniniwala na nagsasadlak sa tao sa Malaking Shirk ay sumasalungat doon nang lulubusan at sumasalansang doon, gaya ng pananalangin sa mga patay, mga anghel, mga idolo, mga punongkahoy, mga bato, mga bituin at tulad ng mga ito; ng pag-aalay sa kanila; ng pamamanata sa kanila; ng pagpapatirapa sa kanila at iba pa. Ang lahat ng ito ay sumasalungat sa Tawhíd nang lubusan, sumasalansang sa Pahayag na ito, nagpa-pawalang-saysay sa ***Lá Iláha Illalláh*** na ito. Kabilang din doon ang pagtuturing na halál ang ipinagbawal ni Allah na mga bagay na harám sa Islam, na nalalaman nang malinaw at napagkaisahan gaya ng pangangalunya, pag-inom ng nakalalango, pagsuway sa mga magulang, pagpapatubo (ribá) at tulad ng mga ito. Kabilang din doon ang pagkakaila sa anumang isinatungkulin ni Allah na gampanan na mga pani-niwala at mga gawain sa Islam, na nalalaman nang malinaw at napagkaisahan gaya ng pagiging tungkulin ng limang saláh, zakáh, pag-aayuno sa Ramadán, kabutihan sa mga magulang, pagbigkas ng Shahádatán, at tulad ng mga ito.

Tungkol naman sa mga salita, mga gawa at mga paniniwala na nagpapahina sa *pagsunod sa* Tawhíd at Pananampalataya at sumasalungat sa kinakailangang kagá-nápan nito, ang mga ito ay marami. Ang ilan sa mga ito ay ang Maliit na Shirk gaya ng pagpapakitang-tao, panunumpa sa iba pa kay Allah, pag-sabi na "Niloob ni Allah **AT** niloob ni Polano" o "Ito ay dahil kay Allah **AT** dahil kay Polano," at tulad ng mga ito. Gayon din ang lahat ng pagsuway, lahat ng ito ay nagpapahina sa *pagsunod sa* Tawhíd at Pananampalataya at sumasalungat sa kinakailangang kagánápan nito. Kaya ang kinakailangan ay ang pag-iingat laban sa lahat ng sumasalungat *sa pagsunod sa* Tawhíd at Pananampalataya o nakababawas sa gantimpala sa *pagsunod sa* mga ito. Ang Pananampalataya para sa Ahlus Sunnah wal Jamá'ah ay *may kasamang* salita at gawa; nadadagdagan sa pamamagitan ng pagtalima at nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway. Ang mga patunay doon ay marami na nilinaw na ng mga maalam sa Islam sa mga aklat ng 'Áqídah at mga aklat ng Tafsír at Hadíth. Kaya

ang sinumang magnais ng mga *patunay na* ito, matatagpuan niya ang mga ito. Ang papuri ay ukol kay Allah. Kabilang doon ang sabi ni Allah (9:124): **Kapag may ibinaba na isang Súrah ay mayroon sa kanila na magsasabi: "Alin sa inyo ang nadagdagan nito ng pananampalataya?" Tungkol naman sa mga sumampalataya, nadagdagan nito sila ng pananampalataya at sila ay nagagalak.** Sinabi pa Niya (8:2): **Ang mga sumasampalataya ay tanging ang mga kapag nabanggit si Allah ay nababagabag ang mga puso nila, at kapag binigkas sa kanila ang mga tanda Niya ay nadadagdagan sila ng pananampalataya at sa Panginoon nila nananalig sila,** Sinabi pa rin Niya (19:76): **Dinadagdagan ni Allah ng patnubay ang mga napatnubayan.** Ang mga áyah sa kahulugan na ito ay marami.

**4.** Dumarami sa panahon ngayon ang mga pananaliksik, ang mga aklat at ang mga panayám sa pagpapatotoo sa kairalan (*existence*) ni Allah at pagtitibay sa *Kaisahan sa* Pagkapanginoon Niya (Tawhíd arRubúbíyah), nang hindi ipinampapatunay iyon sa kasama nito at hinihiling nito: ang Kaisahan sa Pagkadiyos (Tawhíd al'Ulúhíyah). Ibinunga nga niyon ang kamangmangan sa Kaisahan sa Pagkadiyos at ang pagwawalang-bahala sa kahalagahan nito. Kaya makabubuti po sana kung magbigay kayo ng liwanag sa kahalagahan ng Kaisahan sa Pagka-diyos dahil ito ay saligan at kinasasalalayan ng kaligtasan at susi ng pangangaral ng mga propeta, sumakanila ang basbas at ang pagbati ni Allah, at ang ugat na tinatayuan ng iba pa.

**Sagot:** Walang duda na si Allah ay nagsugo ng mga sugo at nagbaba ng Kasulatan alang-alang sa paglilinaw sa karapatan Niya sa mga lingkod Niya at pag-aanyaya sa kanila sa pag-uukol ng katapatan sa pagsamba sa Kanya, hindi sa anumang iba pa sa Kanya, at sa paglalaan sa Kanya ng lahat ng kanilang pagsamba. Ito ay dahil ang pinakamarami sa mga nananahan sa mundo ay nakaaalam na si Allah ay Panginoon nila, Tagapaglikha at Tagapagtustos.

Nasadlak lamang sila sa paggawa ng Shirk sa Kanya sa pamamagitan ng pagbaling ng mga pagsamba nila, o ng ilan sa mga ito, sa iba pa sa Kanya. Ito ay dahil sa kamangmangan hinggil doon at paggaya sa mga magulang nila at mga ninuno nila. Ito ay gaya ng nangyari sa mga kababayan ni Noe at sa mga bansa noong wala na sila, at gaya rin ng nangyari sa mga sinaunang tao noong unang panahon ng Kalipunang ito *ng Islam*; noong ang Sugo (SAS) ay nag-anyaya sa kanila sa pagsampalataya sa kaisahan ni Allah, minasama nila iyon at tinang-gihang tanggapin iyon. Sinabi nila, gaya ng nabanggit ni Allah hinggil sa kanila (38:5): **Ginawa ba Niya ang mga diyos na iisang diyos? Tunay na ito ay talagang isang kataka-takang bagay.** Ganito rin sa Súrah Sád. Nagsabi rin Siya hinggil sa kanila sa Súrah asSáffát (37:35-36): **Tunay na sila noon, kapag sinabi sa kanila na walang Diyos kundi si Allah, ay nagmamalaki *sa pagtanggi* at nagsasabi: "Tunay na kami ba ay talagang tatalikod sa mga diyos namin dahil sa isang baliw na manunula?"**

Nagsabi naman Siya hinggil sa kanila sa Súrah azZukhruf (43:23): **Tunay kami ay nakatagpo sa mga magulang namin sa isang kinagisnang paniniwala, at tunay na kami sa mga bakas nila ay mga tumutulad.** Ang mga talata ng Qur'an sa ganitong kahulugan ay marami.

Kaya ang isinasatungkulin sa mga maalam sa Islam sa mga Muslim at sa mga tagapag-aanyaya sa patnubay ay linawin sa mga tao ang katotohanan ng Tawhíd al'Ulúhíyah at ang kaibahan nito sa Tawhíd arRubúbyah at Tawhíd al'Asmá' waS-Sifát dahil ang marami sa mga Muslim ay hindi nakaaalam niyon, lalo na ang mga di-Muslim. Ang mga Káfir ng mga Quraysh at ng iba pa sa kanila na mga Arabe at nakararami sa mga kalipunan ay nakababatid na si Allah ay Tagapaglikha nila at Tagapagtustos nila. Dahil dito, ginamit na argumento iyon ni Allah laban sa kanila sapagkat Siya ang karapat-dapat na sambahin nila dahil sa Kanyang pagiging Tagapaglikha nila, Tagapagtustos nila at Nakakakaya sa kanila sa lahat ng paraan, gaya ng sinabi Niya (43:87): **Talagang kung tatanungin mo nga sila kung sino ang lumikha sa kanila ay talagang sasabihin nga nilang si Allah.** Sinabi pa Niya (29:61): **Talagang kung tatanungin mo nga sila kung sino ang lumikha sa mga langit at mga lupa at nagpasunud-sunuran sa Araw at Buwan ay talagang sasabihin nga nilang si Allah.**

Nagsabi naman Siya noong nag-uutos Siya sa Propeta Niya (SAS) na tanungin sila hingil sa kung sino ang nagtutustos sa kanila (10:31): **Sabihin mo: "Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O sino ang nagmamay-ari ng pandinig at mga paningin? Sino ang nagpapaluwal ng buhay nula sa patay at ang nagpapaluwal ng patay mula sa buhay? Sino ang nangangasiwa sa kapakanan?" Magsasabi sila na si Allah. Kaya sabihin mo: "Kaya hindi pa ba kayo mangingilag magkasala?"** Marami ang mga áyah sa kahulugan na ito ay marami.

Ginamit na argumento laban sa kanila ni Allah ang pagkilala nila sa Kanyang pagiging Panginoon nila, Tagapaglikha nila, Tagapagtustos nila, Tagapaglikha ng langit at lupa, at Tagapangasiwa ng kapakanan, dahil kanilang ikinaila ang Tawhíd al'Ulúhíyah at ang kawalang-kabuluhan ng pagsamba sa mga idolo, mga anito at mga iba pang sinasamba nila bukod pa kay Allah.

Gayon nga, ipinag-utos Niya sa Kanyang mga lingkod na sumampalataya sila sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya at na ilayo nila sa Kanya ang pagwawangis sa nilikha. Kaya nagsabi Siya (7:180): **Taglay ni Allah ang mga pangalang pinakamaganda, kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito.** Nagsabi pa Siya sa Súrah alHashr (59:22-24): **Siya ay si Allah na walang Diyos kundi Siya, ang Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan; Siya ay ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. Siya ay si Allah na walang Diyos kundi Siya, ang Hari, ang Banal, ang Sakdal, ang Tagapagpanatag, ang Tagapagbantay, ang Makapangyarihan, ang Manlulupig, ang Makapagmamalaki. Napakamaluwalhati ni Allah para sa mga itinatambal nila. Siya ay si Allah, ang Taga-**

**paglikha, ang Maykapal, ang Tagapag-anyo. Taglay Niya ang mga pangalan na pinakamaganda. Nagluluwalhati sa Kanya ang anumang nasa mga langit at lupa. Siya ay ang Makapangyarihan, ang Marunong.** Nagsabi pa Siya (112:1-4): **Sabihin mo: "Siyang si Allah ay iisa. Si Allah ay ang Dulugan. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, at walang iisa mang naging kapantay sa kanya."** Nagsabi pa Siya (2:22): **Kaya huwag kayong gumawa kay Allah ng mga kaagaw samantalang kayo ay nakaaalam.** Nagsabi pa Siya (42:11): **Walang katulad sa Kanya na anuman. Siya ang Nakaririnig, ang Nakakikita.** Ang mga áyah sa kahulugan na ito ay marami.

Nilinaw ng mga may kaalaman, kaawaan sila ni Allah, na ang *paniniwala sa* Tawhíd arRubúbíyah ay nag-oobliga *ng paniniwala* sa Tawhíd al'Ulúhíyah, ang pagbubukod-tangi kay Allah sa pagsamba, nagsasatungkulin, at humihiling niyon. Dahil dito ginamit ni Allah na argumento iyon laban sa kanila. Ganoon din ang Tawhíd al'Asmá' wa asSifát, humihiling ng paglalaan kay Allah ng pagsamba at pagbubukod-tangi niyon sa Kanya dahil Siya ang Perpekto: sa sarili Niya at sa mga panglan Niya at mga katangian Niya, at Siya ang Tagapagbiyaya sa mga lingkod Niya. Kaya Siya ang karapat-dapat na sambahin nila, sundin ang mga utos Niya, at itigil ang mga ipinagbabawal Niya.

Tungkol naman Tawhíd al'Ibádah (al'Ulúhíyah), ito ay sumasaklaw sa dalawang uri ng Tawhíd at nakasasakop sa dalawang ito para sa sinumang gumanap nito at nanatili rito sa kaalaman at sa gawa. Inilahad na ng mga may kaalaman ang paglilinaw sa kahulugang ito sa mga aklat ng 'Aqídah at Tafsír na gaya ng *Tafsír Ibni Jarír*, *Tafsír Ibni Kathír*, *Tafsír alBaghawí* at iba pa, at ng *Kitáb as-Sunnah* ni 'Abdullah ibnu Ahmad, *Kitáb atTawhíd* ni Ibnu Khuzaymah, *Radd al'Allámah 'Uthmán ibn adDárimí 'alá Bishr alMuraysí* (Ang Tugon ni al 'Allámah 'Uthmán ibnu adDárimí kay Bishr alMuraysí) at ng iba pang mga maalam sa Islam, kaawaan sila ni Allah, sa mga aklat nila.

Kabilang sa mga nagpakahusay roon ay si Shaykh al'Islám Ibnu Taymíyah at ang estudyante niyang si Allámah Ibnu alQayyim, kaawaan sila ni Allah, sa mga aklat nila. Ganoon din ang mga Imám ng Da'wah ng Islam sa ikalabindalawang siglo *ng Hijrah* at pagkatapos nito, gaya ni Shaykh Imám Muhammad ibn 'Abdulwahháb, kaawaan siya ni Allah, mga anak niya, kanyang mga estudyante at mga tagasunod nila na mga alagad ng Sunnah. Kabilang sa napakagaling na naisulat [tungkol sa Tawhíd al'Ibádah o al'Ulúhíyah] ay ang *Fath alMajíd*, na ang pinagbatayan nito ay ang unang *Taysír al'Azíz alHamíd al'Awwal* ni Shaykh 'Abdurrahmán ibn Hasan, kaawaan siya ni Allah at ang ikalawang kay Shaykh Sulaymán ibn 'Abdulláh Ál Shaykh naman, kaawaan siya ni Allah.

Kabilang din sa napakagaling na naisulat tungkol doon ay ang unang mga bahagi ng *adDurar asSunníyah* na tinipon ni Shaykh 'Allámah 'Abdurrahmán ibn Qásim, kaawaan siya ni Allah. Tinipon niya rito ang mga Fatwá sa 'Aqídah at mga

alituntunin ng Sharí'ah ng mga Imám ng Da'wah ng pamilya na Á Shaykh at iba ang mga maalam sa Islam ng ikalabindalawang siglo *ng Hijrah* at pagkatapos nito. Ipinapayo ko ang pagbasa sa mga ito at ang pagsangguni sa mga ito at sa iba pang mga aklat ng mga maalam ng Sunnah dahil sa nilalaman ng mga iyon na malaking kapakinabangan.

Kabilang din doon ang kalipunan ng unang mga artikulo ng mga Imám ng Da'wah mula sa pamilyang Ál Shaykh at iba pa, kaawaan sila ni Allah, at ang mga tugon ng mga Shaykh: sina Shaykh 'Abdurrahmán ibn Hasan, Shaykh 'Abdullatí ibnu 'Abdurrahmán, Shaykh 'Abdulláh Abábatí‹n Shaykh Sulaymán ibn Sahmán, at iba pang mga imám ng patnubay at mga tagapagtaguyod ng Tawhíd, dahil sa nilalaman ng mga ito na kapaki-pakinabang na aralin, pang-alis sa maraming maling akala, at pagtugon sa mga may-gawa niyon. Kaawaan nawa silang lahat ni Allah ng malawak na awa, patahanin nawa Niya sila sa malawak na mga paraiso Niya at gawin nawa Niya tayo na kabilang sa mga magaling na tagasunod nila.

Kabilang din doon ang mga isyu ng *Majallah alBuhúth al'Islámíyah* na inilalathala ng *arRi'ásah al'Ámmah Li'Idárát alBuhúth al'Ilmíyah wa al'Iftá' wa adDa'wah wa al'Irshád* (Ang Pangkalahatang Panguluhan Para sa mga Pangangasiwa ng mga Iskolastikong Pananaliksik, Pagbibigay ng Fatwá, at Pagpapatnubay) dahil sa nilalaman ng mga na ito na mga malaking artikulo at maraming kapaki-pakinabang na aralin sa 'Aqídah at Ahkám (mga alituntunin ng Sharí'ah).

Kabilang din doon ang unang mga tomo ng mga Fatwá at mga artikulo na nagmula sa akin na nauugnay sa 'Aqídah. Ang mga ito ay nailimbag na dahil kay Allah, at hawak na ng *ilang* mga estudyante ng Islam. Dulutan nawa tayo ni Allah ng kapakinabangan sa pamamagitan ng mga ito.

**5.** May naniniwala sa kapahintulutan ng pagpapabiyaya (tabarruk) sa mga maalam sa Islam, mga matuwid na tao at mga relikya nila. Ipinampapatunay nila ang napagtibay na pagpapabiyaya ng mga Sahábí (RA) sa Propeta (SAS). Kaya ano po ang hatol kaugnay roon? Hindi kaya sa ginagawang ito ay may isang pagwawangis ng isang hindi propeta sa Propeta (SAS)? Maaari bang magpabiyaya sa Propeta (SAS) matapos ang pagyao niya? Ano ang hatol kaugnay sa pagsusumamo (tawassul) kay Allah sa pamamagitan ng biyaya sa Propeta (SAS)?

**Sagot:** Hindi ipinahihintulot ang pagpapabiyaya sa isang hindi Propeta (SAS), ni sa tubig mula sa wudú' niya, ni sa buhok niya, ni sa pawis niya, ni sa anuman mula sa katawan niya. Bagkus ang lahat ng ito ay laan sa Propeta (SAS) dahil naglagay si Allah sa katawan niya at anumang nahawakan niya ng pagpapala at biyaya.

Dahil dito hindi nagpabiyaya ang mga Sahábí sa isa man sa kanila noong nabubuhay pa ang Propeta (SAS) ni noong wala na siya, ni sa mga Khalífah Ráshidún, ni sa iba pa sa kanila. Kaya nagpapatunay iyon na sila ay nakabatid na iyon ay laan sa Propeta (SAS), hindi sa iba pa sa kanya, at dahil iyon ay nagsisilbing daan tungo

sa Shirk at pagsamba sa iba pa kay Allah. Hindi rin ipinahihintulot ang pagsusumamo kay Allah sa pamamagitan ng kalagayan ng Propeta (SAS), o pagkatao niya, o katangian niya, o biyaya sa kanya, dahil sa kawalan ng patunay roon at dahil iyon ay mga nagsisilbing daan sa Shirk sa pamamagitan niya at pagpapalabis sa ukol sa kanya (SAS), dahil iyon din ay hindi ginawa ng kanyang mga Sahábí (RA)—kung iyon ay mabuti, talagang naunahan na sana nila tayo sa paggawa niyon —at dahil iyon din ay salungat sa mga patunay ng Qur'an. Nagsabi si Allah (7:180): **Taglay ni Allah ang mga pangalang pinakamaganda, kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito.** Hindi Siya nag-utos na dumalangin sa Kanya sa pamamagitan ng kalagayan ng isang tao o karapatan ng isang tao o pagpapala sa isang tao. Nauugnay sa *pagdalangin sa* pamamagitan ng mga pangalan Niya ang pagsusumamo sa pamamagitan ng mga katangian Niya gaya ng kapangyarihan Niya, awa Niya, salita Niya at iba pa. Kabilang doon ang nasaad sa mga tumpak na Hadíth na panalangin ng pagpapakupkop sa mga ganap na salita ni Allah at panalangin ng pagpapakupkop sa kapangyarihan Niya at kakayahan Niya.

Nauugnay din doon ang pagsusumamo sa pamamagitan ng pag-ibig kay Allah, pag-ibig sa Sugo Niya (SAS), at pananampalataya kay Allah at sa Sugo Niya (SAS), at ang pagsusumamo sa pamamagitan ng mga matuwid na gawa. Gaya nito ang nasasaad sa sanaysay ng "mga nakulong sa yungib." Tumuloy sila sa isang yungib dahil sa gabi at ulan. Nang nakapasok na sila roon ay may bumaba sa kanila na isang malaking bato mula sa bundok at tinakpan nito sa kanila ang bungad ng yungib. Hindi nila nakayang itulak ito kaya nagsanggunian sila tungkol sa paraan para makaalpas doon. Napagkaisahan nila na walang makapagliligtas sa kanila mula roon kung hindi sila mananalangin kay Allah sa pamamagitan ng matuwid na gawa nila. Kaya nagsumamo ang isa sa kanila kay Allah alang-alang doon sa pamamagitan ng ginawang kabutihan sa mga magulang niya. Gumalaw ang bato nang kaunti ngunit hindi nila nakayang makalabas doon. Pagkatapos ay nagsumamo naman ang ikalawa sa pamamagitan ng pag-iwas niya sa pangangalunya gayong kayang magawa iyon. Gumalaw uli ang bato nang kaunti ngunit hindi rin nila nakayang lumabas doon. Pagkatapos niyon ay nagsumamo ang ikatlo sa pamamagitan ng pagkaganap niya ng tungkulin. Gumalaw ang bato at nakalabas sila.

Ang Hadíth na ito ay nasaad sa Sahíhán buhat sa Propeta (SAS) at ilan sa mga ulat hinggil sa mga nauna sa atin, na naglalaman ng pangaral sa atin at ng paalaala. Ipinaliwanag ng mga maalam sa Islam, kaawaan sila ni Allah, ang mga nabanggit ko sa usaping ito, gaya ni Shaykhul Islám Ibnu Taymíyah, ng estudyante niya na si 'Allámah Ibnu alQayyim, ni Shaykh 'Allámah 'Abdurrahmán ibnu Hasan sa aklat na *Fath alMajíd Sharh Kitáb atTawhíd* at ng mga iba pa. Tungkol naman sa Hadíth hinggil sa pagsusumamo ng isang bulag sa Propeta (SAS) noong nabubuhay pa siya, namagitan siya para rito at nanalangin para rito kaya pinanumbalik ni Allah ang paningin nito. Ito ay Pagsusumamo sa pamamagitan ng panalangin ng Propeta (SAS) at

ng Pamamagitan (Shafá'ah) niya at hindi iyon sa pamamagitan ng kalagayan niya at karapatan niya, gaya ng malinaw na nasasaad sa Hadíth. Hihiling din ang mga tao sa kanya ng Pamamagitan sa araw ng Pagkabuhay kaugnay sa paghahatol sa kanila, at hihiling din sa kanya ng Pamamagitan sa araw ng Pagkabuhay ang mga mananahan sa Paraiso kaugnay sa pagpasok nila sa Paraiso. Ang lahat ng ito ay pagsusumamo sa kanya noong nabubuhay pa siya sa mundo at sa Pagkabuhay. Ito ay pagsusumamo sa dalangin niya at Pamamagitan niya, hindi sa pagkatao niya at karapatan niya, gaya ng paglilinaw niyon ng mga maalam sa Islam na ang ilan sa kanila ay nabanggit natin kanina.

**6.** Nakagagawa ang marami sa mga madla ng ilan sa mga mabibigat na paglabag sa Tawhíd, kaya ano po ang hatol ninyo roon? Mapagpapaumanhinan po ba sila dahil sa kawalang-kaalaman? Ano po ang hatol sa pakikipag-asawa sa kanila at pagkain ng mga kinatay nila? Ipinahihintulot ba ang pagpasok nila sa Makkah?

**Sagot:** Ang sinumang nalamang gumagawa ng panalangin sa mga patay, pagpapasaklolo sa kanila, pamamanata sa kanila, at tulad niyon na sarisaring uri ng pagsamba, siya ay isang Mushrik na Káfir. Hindi ipinahihintulot ang makipag-asawa sa kanya, ni ang pumasok siya sa alMasjid alHarám, ni ang pakitunguhan siya ng pakikitungo sa mga Muslim, kahit pa man mag-angkin siya ng kawalang-kaalaman hanggat hindi niya pinagsisisihan iyon kay Allah, dahil ang sabi ni Allah sa Súrah alBaqarah (2:221): **Huwag kayong mag-asawa ng mga babaeng nagtatambal *kay Allah* hanggat di sila sumasampalataya; talagang ang isang babaeng alipin na mananampalataya ay mainam kaysa sa isang babaing nagtatambal *kay Allah*, kahit pa nakapagpalugod siya sa inyo. Huwag ninyong papag-asawahin *ang mga babaeng Muslim at* ang mga lalaking nagtatambal *kay Allah* hanggat hindi sila sumasampalataya; talagang ang isang lalaking alipin na mananam-palataya ay mainam kaysa sa isang lalaking nagtatambal *kay Allah*, kahit pa nakapagpalugod siya sa inyo.** Sinabi pa ni Allah sa Súrah alMumtahinah (60:10): **O mga sumampalataya, kapag dumating sa inyo ang mga babaeng mananampalataya bilang mga nagsilikas ay subukin ninyo sila; si Allah ay higit na nakaaalam sa pananampalataya nila. Kaya kung nalaman ninyo sila na mga mananampalataya ay huwag ninyong ibalik sila sa mga *asawang* tumatangging sumampalataya; hindi sila ipinahintulot *na maging maybahay* para sa mga iyon at hindi ang mga iyon ipinahihintulot *na maging asawa* para sa kanila. Ngunit ibigay ninyo sa mga iyon ang ginugol ng mga iyon *sa kanila*. Hindi kasalanan para sa inyo na mapangasawa ninyo sila kapag ibinigay ninyo sa kanila ang mga bigay-kaya sa kanila. Huwag kayong magpanatili ng mga kasal sa mga *maybahay na* tumatangging sumampalataya. Hilingin ninyo ang ginugol ninyo at hilingin ng mga iyon ang ginugol nila. Iyon ay kahatulan ni Allah; humahatol Siya sa pagi-**

**tan ninyo. Si Allah ay Maaalam, Marunong.** Sinabi rin Niya sa Súrah atTawbah (9:28): **O mga sumampalataya, tunay na ang mga nagtatambal *kay Allah* ay salaula lamang kaya huwag silang lumapit sa alMasjid alHarám pagkatapos ng taon nilang ito.**

Hindi mabibigay-pansin sa kanilang pagiging mga walang-kaalaman, bagkus ay ituturing sila gaya ng pagtuturing sa mga Káfir upang pagsisihan nila iyon kay Allah, dahil ang sabi ni Allah hinggil sa mga tulad nila (7:28-30): **Kapag nakagawa sila ng isang masagwa, magsasabi sila: "Nasumpungan namin sa gawaing ito ang mga magulang namin at si Allah ay nag-utos sa amin niyon." Sabihin mo: "Tunay na si Allah ay hindi nag-uutos ng kasagwaan; nagsasabi ba kayo hinggil kay Allah ng hindi ninyo nalalaman?" Sabihin mo: "Ipinag-utos ng Panginoon ko ang katarungan; *na* iharap ninyo *sa Kanya* ang mga mukha ninyo sa bawat masjid, at manalangin kayo sa Kanya nang nag-uukol ng katapatan sa Kanya sa pagsamba. Gaya ng pagpapasimula Niya sa inyo ay *gayon* kayo magbabalik. May isang pangkat na pinatnubayan Niya at may isa namang pangkat na nagindapat sa kanila ang pagkaligaw. Tunay na sila ay gumawa sa mga demonyo bilang mga tagatangkilik bukod pa kay Allah at inaakala nila na sila ay mga napatnubayan."** Ang sabi pa ni Allah hinggil sa mga Kristiyano at mga tulad nila (18:103-104): **Sabihin mo: "Ibabalita ba namin sa inyo ang mga pinakatalunan sa mga gawa, na mga nasayang ang pagpupun-yagi nila sa mundo habang sila ay nag-aakala na sila ay nagpapakabuti sa paggawa?"** Ang mga áyah sa ganitong kahulugan ay marami.

**7.** Lumitaw sa marami sa mga Kalipunang Muslim ang panunuya sa mga panlabas na kaugaliang panrelihiyon ng Islam gaya ng pagpapatubo ng balbas, pagpapaiksi ng thawb [o pantalon] at mga gaya nito, ang tulad ba ng panunuyang ito sa Relihiyon ay nakapagtitiwalag sa [tao sa] Islam? Ano po ang maipapayo ninyo sa nakagawa ng tulad ng bagay na ito. Akayin nawa kayo ni Allah.

**Sagot:** Walang pag-aalinlangan na ang panunuya kay Allah, sa Sugo Niya, sa mga Kapahayagan Niya, sa tagubilin Niya at mga patakaran Niya ay kabilang sa sarisaring uri ng kawalang-pananampalataya dahil ang sabi ni Allah (9:65): **Sabihin mo: "Kay Allah, sa mga Tanda, at sa Sugo Niya ba kayo nangungutya?"**

Napaloloob doon ang pangungutya sa Tawhíd, o sa saláh, o sa zakáh, o sa pag-aayuno, o sa Hajj, o iba pa roon na mga napagkaisahang alituntunin ng Islam. Ang pangungutya naman sa nagpapatubo ng balbas o nagpapaiksi ng thawb [o pantalon] at nagbibigay-babala laban sa isbál[10] o mga tulad niyon na mga bagay na maaaring malingid ang mga alituntunin sa mga ito, ito ay dapat may masusing pagtatalakay. Ang kinakailangan ay ang pag-iingat laban doon at ang pagpapayo sa sinumang

[10] Ang isbál ay pagpapahaba sa laylayan ng kasuutan ng lalaki nang lampas sa bukung-bukong.

nalalamang nakagawa ng ilang *pangungutyang* iyon upang makapagsisi siya kay Allah, sumunod sa patakaran Niya at mag-ingat sa pangungutya sa sumusunod sa tagubilin hinggil doon, bilang pagtalima kay Allah at sa Kanyang Sugo (SAS), bilang pag-iingat sa galit at parusa ni Allah at sa pagtiwalag ng sarili sa Islam nang hindi niya namamalayan. Hinihiling natin kay Allah para sa ating sarili at para sa lahat ng Muslim ang kaligtasan sa bawat masama; tunay na Siya ay mainam na hilingan.

**8.** Ano po ang mga aklat na ipinapayo ninyo na basahin sa larangan ng ‘Aqídah?

**Sagot:** Ang pinakamagaling na aklat, ang pinakadakilang aklat at ang pinakatotoong aklat na kinakailangang basahin sa pagtuturo ng ‘Aqídah (mga pinaniniwalaan), A<u>h</u>kám (mga patakaran ng Sharí‘ah), at Akhláq (mga kaasalan) ay ang Aklat ni Allah, na hindi dinadatnan ng kabulaanan mula noon at sa hinaharap, na isang pagpapababa ng kapahayagan mula sa Marunong at Kapuri-puri. Nagsabi nga si Allah hinggil dito (17:9): **Tunay na ang Qur’an na ito ay nagpapatnubay sa pinakatuwid at nagbabalita ng nakalulugod sa mga mananampalataya na gumagawa ng mga matutuwid, na magkakamit sila ng isang malaking kabayaran,** Sinabi pa Niya (41:44): **Sabihin mo: “Ito, para sa mga sumampalataya, ay isang patnubay at isang lunas”** Nagsabi pa Siya hinggil dito (38:29): ***Ito ay*** **isang pinagpalang Aklat na ibinaba Namin sa iyo upang pagmunimunian nila ang mga Tanda nito at upang makaalaala ang mga may isip.** Nagsabi pa Siya (6:155): **Ito ay isang pinagpalang Aklat na ibinaba Namin, kaya sundin ninyo ito at mangilag kayong magkasala nang harinawa kayo ay kaawaan**. Nagsabi pa Siya (16:89): **Nagpababa Kami sa iyo ng Aklat bilang paglilinaw sa bawat bagay, patnubay, awa, at nakalulugod na balita para sa mga Muslim.** Ang mga áyah sa kahulugan na ito ay marami.

Nagsabi rin ang Propeta (SAS) hinggil dito sa tumpak na <u>H</u>adíth na nagsaad ng talumpati niya sa <u>H</u>ajj ng Pamamaalam: ***Tunay na ako ay mag-iiwan sa inyo ng bagay na hindi kayo maliligaw kung kakapit kayo rito: ang Aklat ni Allah.*** Nagsabi naman siya sa talumpati niya noong araw ng Ghadír Khumm noong nakabalik na siya sa Madínah mula sa <u>H</u>ajj ng Pamamaalam: ***Tunay na ako ay mag-iiwan sa inyo ng dalawang mabigat: ang una sa dalawa ay ang Aklat ni Allah — narito ang patnubay at liwanag kaya kunin ninyo ang Aklat ni Allah at panghawakan ninyo ito.*** Hinimok at hinikayat niya ang *pagsunod sa* Aklat ni Allah. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***at ang mag-anak ko. Ipinaalaala ko sa inyo si Allah tungkol sa mag-anak ko, ipinaalaala ko sa inyo si Allah tungkol sa mag-anak ko.*** Itinala ito ni Imám Muslim. Ang unang bahagi ay mula sa <u>H</u>adíth ayon kay Jábir (RA) at ang ikalawang bahagi ay mula sa <u>H</u>adíth ayon kay Zayd ibn Arqam (RA). Nagsabi pa siya (SAS): ***Ang pinakamainam sa inyo ay ang nag-aral ng Qur’án at nagturo nito.*** Itinala ito ni Imám alBukhárí. Nagsabi rin siya (SAS): ***Kapag may nagtitipon***

***na mga tao sa isang bahay sa mga bahay ni Allah, na nagsisipagbigkas sila doon ng Aklat ni Allah at nagsisipag-aralan sila, bumababa sa kanila ang kapanatagan, binabalot sila ng awa, pinaliligiran sila ng mga anghel at binabanggit sila ni Allah sa sinumang nasa piling Niya. Ang sinumang pinabagal ng gawa niya, hindi siya pabibilisin ng kanang kanan niya.*** Itinala ito ni Imám Muslim buhat sa Hadíth ayon kay Abú Hurayrah (RA). Ang mga Hadíth sa kahulugan na ito ay marami.

Pagkatapos niyon, tunay na ang pinakamagaling na mga aklat pagkatapos ng Qur'án ay ang mga aklat ng Hadíth: ang mga aklat ng Sunnah na gaya ng *Sahíh alBukhárí* at *Sahíh Muslim* at ang apat na *koleksiyon ng* Sunnah at iba pang mga mapananaligang aklat ng Hadíth. Kaya nararapat na punuin ang mga pagtitipon at mga *study circle* ng pagbigkas ng Banal na Qur'an, ng pagtuturo nito, ng pagpapaunawa nito sa mga tao, ng pag-aaral ng mga aklat ng Hadíth, ng pagpapahalaga rito, at ng pagpapaunawa nito sa mga tao, at na isasagawa iyon ng mga may kaalaman at kabatiran na mapagkakatiwalaan sa kaalaman nila at karunungan nila, at sa pagpapayo nila at pagkamatuwid nila. Kabilang din sa mga aklat na naaangkop basahin hinggil doon ay ang *Riyád asSálihín*, ang *atTarghíb wa atTarhíb*, *alWábil asSayyib*, ang *'Umdah alHadíth ashSharíf*, ang *Bulúgh alMarám*, ang *Muntaqá al'Akhbár* at iba pang kapaki-pakinabang na mga aklat ng Hadíth.

Tungkol naman sa mga aklat na isinulat hinggil sa'Aqídah, ang isa sa pinakamagaling sa mga ito ay ang *Kitáb atTawhíd* ni Shaykh Imám Muhammad 'Abdulwahháb, kaawaan siya ni Allah, at ang Pagpapaliwanang nito ng dalawang apo niya na sina Shaykh Salmán ibnu 'Abdulláh ibnu Muhammad at Shaykh 'Abdurrahmán ibnu Hasan ibnu Muhammad: ang *Taysír al'Azíz alHamíd* at ang *Fath alMajíd*. Kabilang din doon ang *Majmú'ah at-Tawhíd* ni Shaykh Muhammad ibn 'Abdulwahháb, kaawaan siya ni Allah, at ang *Kitáb al'Ímán*, ang *alQá'idah alJalílah fí atTawassul wa alWasílah*, ang *al'Aqídah alWásitíyah*, ang *al'Aqídah atTudmuríyah*, at ang *'Aqídah alHamawíyah*. Ang limang ito ay kay Shaykh al'Islám Ibnu Taymíyah, kaawaan siya ni Allah.

Kabilang pa rin doon ang *Zád alMa'ád fí Hadyi Khayr al'Ibád*, ang *asSawá'iq alMursalah 'alá alJahmíyah wa al-Mu'attilah*, ang *Ijtimá' alJuyúsh al'Islámíyah*, ang *alQasídah anNúníyah*, at ang *Igháthah alLuhfán min Maká'id ashShaytán*. Ang lahat ng limang aklat na ito ay kay 'Allámah Ibnu alQayyim, kaawaan siya ni Allah. Kabilang din doon ang *Sharh atTaháwíyah* ni Ibnu Abí al'Izz, ang *Minháj asSunnah* at ang *Iqtidá' asSirát alMustaqím* ni Shaykhul Islám Ibnu Taymíyah, ang *Kitáb alTawhíd* ni Ibnu Khuzaymah, ang *Kitáb asSunnah* ni 'Abdulláh Ibnu al'Imám Ahmád, ang *al'I'tisám* ni ashShátibí, at ang iba pang mga aklat ng Ahlu asSunnah wa alJamá'ah sa pagpaliwanag ng 'Aqídah ng Ahlu asSunnah wa alJamá'ah. Kabilang naman sa pinakamasaklaw doon ay ang *Majmú' Fatáwá* (Kalipunan ng mga Fatwá) ni Shaykh al'Islám Ibnu Taymíyah at ang *adDurar asSunníyah fí*

*alFatáwá anNajdíyah* na tinipon ni Shaykh ‘Abdurrahmán ibn Qásim, kaawaan siya ni Allah.

**9.** Ang pagbibiro sa pamamagitan ng mga salitang may halong kawalang-pananampalataya o kasuwailan ay bagay na matatagpuan sa ilang lipunang Muslim. Kaya makabubuti po sana kung magbibigay kayo ng liwanag hinggil sa bagay na ito at sa paninindigan ng mga mag-aaral ng Islam at mga Dá’iyah sa bagay na ito.

**Sagot:** Walang duda na ang pagbibiro sa pamamagitan ng kabulaanan at sarisaring uri ng kawalang-pananampalataya ay kabilang sa napakalaking mga nakasasasama at kabilang sa pinakamapanganib sa mga ito na nagaganap sa gitna ng mga tao sa mga pagtitipon nila. Kaya ang kinakailangan ay ang pag-iingat laban doon. Nagbabala na si Allah laban doon sa sinabi Niya (9:65-66): **Talagang kung tinanong mo sila ay talagang magsasabi nga sila: “Tunay na kami ay nag-uusap-usap at nagbibiru-biruan lamang.” Sabihin mo: “Kay Allah, sa mga Tanda Niya, sa Sugo Niya ba kayo nangungutya?” Huwag na kayong magdahilan pa; tumanggi na kayong sumampalataya matapos ang pagsampalataya ninyo.** Nagsabi ang marami sa mga matuwid na sinaunang Muslim, kaawaan sila ni Allah, na *ang áyah na* ito ay ibinaba lamang dahil sa mga tao na nagsabi sa isa’t-isa sa kanila ng ganito sa mga paglalakbay nila kasama ng Propeta (SAS): “Wala tayong nakita na tulad ng mga tagabasa natin na mga ito na higit pang maiibigin ang mga tiyan *sa pagkain*, ni higit pang sinungaling ang mga dila, ni higit pang duwag sa sandali ng labanan.” Kaya naman ibinaba ni Allah dahil sa kanila ang áyah na ito. Napatotohanan buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***Kapighatian sa nagsasalaysay at nagsisinungaling upang tumawa dahil doon ang mga tao, kapighatian sa kanya at pagkatapos ay kapighatian pa sa kanya.*** Itinala ito nina Imám Dáwúd, Imám atTirmidhí, at Imám anNasá’í.

Kaya ang kinakailangan sa mga maalam sa Islam at sa lahat ng lalaki at babaing mananampalataya ay ang pag-iingat laban doon at ang pagbabala laban doon dahil sa dulot niyon na mabigat na panganib, malaking katiwalian at masamang mga ibubunga. Pangalagaan nawa tayo ni Allah at ang lahat ng Muslim laban doon at palakarin Niya nawa tayo sa daan Niyang tuwid; tunay na Siya ay Dumidinig, Tumutugon.

**10.** May sumasagi sa isip ng tao na mga makademonyong pahiwatig at mga kaisipan, lalo na sa larangan ng Tawhíd at pananampalataya, kaya ang isang Muslim ba ay masisisi sa bagay na ito?

**Sagot:** Napagtibay buhat sa Sugo ni Allah (SAS) sa Sahíhán at sa iba pa na siya ay nagsabi: ***Tunay na si Allah ay nagpalampas sa Kalipunan ko sa anumang sinabi ng mga sarili nila habang hindi nila ginawa o sinalita.*** Napagtibay rin na ang mga Sahábi (RA) ay nagtanong sa kanya (SAS) hinggil sa sumasagi sa isip nila na mga makademonyong pahiwatig, na tinukoy sa tanong kaya sinagot niya sila sa

pamamagitan ng sabi niya: ***Iyan ay tunay na pananampalataya.***[11] Nagsabi pa siya (SAS): ***Hindi titigil ang mga tao sa pagtatanungan hanggang sa sabihin ito: "Nilikha ni Allah ang nilikha kaya sino ang lumikha kay Allah?" Kaya ang sinumang makasumpong ng anuman mula sa [tulad] niyon ay magsabi siya: Sumasampalataya ako kay Allah at sa Sugo Niya.*** Sa isang sanaysay naman: ***magpakupkop siya kay Allah at tumigil.*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

**11.** Ang ilan sa mga mag-aaral ng Islam ay inihantong ng Ijtihád[12] nila sa pagsalungat sa bagay na nalalaman nang malinaw na bahagi ng Islam. Ang anumang *katuruang* nalaman na nang malinaw na bahagi ng Islam ay may puwang pa po ba ang Ijtihád? Ninanais po namin ang inyong tagubilin at ang pagbibigay-pansin sa bagay na ito.

**Sagot:** Lahat ng nalamang *katuruan na* bahagi ng Islam batay sa malinaw na mga patunay mula sa Qur'an at Sunnah o Ijmá' (nagkaisang hatol) ng matuwid na sinaunang mga Muslim ng Kalipunang Muslim, ang Ijtihád ay wala nang puwang dito; bagkus ang kailangan ay ang pagsampalataya rito, ang paggawa ayon dito at ang pagsasa-isangtabi sa anumang sumalungat dito, alinsunod sa Ijmá' ng mga Muslim. Sa dakilang simulaing ito ay walang pagkakaiba sa pagitan ng mga maalam sa Islam. Ang Ijtihád ay sa mga usapin lamang na may pagkakaiba na hindi naging malinaw ang mga patunay nito mula sa Qur'an at Sunnah. Kaya ang sinumang tumama *sa Ijithád niya* ay magkakaroon ng dalawang gantimpala; ang sinumang magkamali ay magkakaroon ng isang gantimpala, kapagka siya ay kabilang sa mga maalam sa Islam na may-kakayahan sa pagsasagawa ng Ijtihád at nagbigay ng lahat ng kakayahan niya sa paghahanap sa katotohanan ayon sa katapatan at wagas na pag-uukol kay Allah. Nasasaad sa Sahíhán buhat kay 'Amr ibn al'Áss (RA), buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***Kapag humatol ang tagahatol at nagsagawa ng Ijtihád at tumama siya, magkakaroon siya ng dalawang gantimpala; at kapag humatol siya at nagsagawa ng Ijtihád at nagkamali siya, magkakaroon siya ng isang gantimpala.***

**12.** Ano po ang hatol sa nanlait kay Allah, o nanlait sa Sugo Niya, o namintas sa kanila? Ano po ang hatol sa nagkaila sa anuman sa isintungkulin ni Allah, o sa nagturing na halál ang isang bagay na ginawa nang harám ni Allah? Bigyan po ninyo kami ng sagot doon dahil madalas na mangyari ang mga masamang ito sa marami sa mga tao.

[11] Ang ibig sabihin ng Sugo (SAS), tanda ng tunay na pananampalataya ng Muslim ang kabiguan ni Satanas na maudyukan siya na gawin at ipagsabi ang mga maka-demonyong pahiwatig nito.

[12] Ang *Ijtihád* ay ang proseso ng paghuhulo o paghahango ng kahatulan hinggil sa isang bagong usapin o kaso na hindi tuwirang nabanggit sa Qur'an o Sunnah. Ang pagbabawal sa ribá o patubo ay hindi saklaw ng Ijtihád dahil malinaw na nabanggit ito sa Qur'an o Sunnah.

**Sagot:** Ang sinumang nanlait kay Allah sa pamamagitan ng alinmang uri mula sa mga uri ng panlalait; o nanlait kay Propeta Muhammad (SAS), o sa iba pang mga propeta sa pamamagitan ng alinmang uri mula sa mga uri ng panlalait, o nanlait o namintas sa Islam, o nangutya kay Allah o sa Sugo Niya, siya ay isang Káfir na tumiwalag sa Islam, kung siya ay nag-aangking kaanib sa Islam, ayon sa nagkakaisang hatol ng mga Muslim dahil ang sabi ni Allah (9:65-66): **Sabihin mo: "Kay Allah, sa mga Tanda Niya, sa Sugo Niya ba kayo nangungutya?" Huwag na kayong magdahilan pa; tumanggi na kayong sumampalataya matapos ang pagsampalataya ninyo.**

Inilahad na ni 'Allámah Imám Abul 'Abbás Ibnu Taymíyah, kaawaan siya ni Allah, ang mga patunay sa usaping ito sa aklat niya na *asSárim alMaslúl 'alá Shátim arRasúl*. Kaya ang sinumang nagnais na malaman ang marami sa mga patunay roon ay sumangguni sa aklat na ito dahil sa laki ng kapakinabangan nito at dahil sa kabunyian ng may-akda nito at sa lawak ng kaalaman niya sa mga patunay batay sa Qur'an, Hadíth at Ijmá', kaawaan siya ni Allah.

Gayon din ang hatol kaugnay sa sinumang nagkaila sa anuman sa isinatungkulin ni Allah, o sa sinumang nagturing na Halál ang anuman mula sa mga ginawa ni Allah na Harám, na kabilang sa mga bagay na nalalaman nang malinaw na bahagi ng katuruan ng Islam. Gaya ito ng isang nagkaila sa pagkaisinatungkulin ng pagsasagawa ng saláh, o sa pagtungkulin ng pagbibigay ng zakáh, o sa pagkaisinatungkulin ng pag-aayuno sa Ramadán, o sa pagka-tungkulin ng hajj para sa sinumang may kakayahang makarating doon; o gaya ng isang nagkaila sa pagkatungkulin ng kabutihan sa mga magulang, at iba pa. Tulad din niyon ang nagturing na ipinahihintulot ang pag-inom ng alak o ang pagsuway sa mga magulang, o nagtuturing na ipinahihintulot na kunin ang mga ari-arian ng mga tao at kitilin ang mga buhay nila nang wala sa katuwiran, o nagturing na ipinahihintulot ang ribá, o iba pang tulad niyon na mga ipinagbabawal na nalalaman nang malinaw na bahagi ng katuruan ng Islam batay sa nagkakaisang paniniwala ng matuwid na mga sinaunang Muslim ng Kalipunang Islam. Tunay na ang taong ito ay Káfir at tiwalag sa Islam, kung siya ay nag-aangkin na kaanib sa Islam, ayon sa nagkakaisang paniniwala ng mga maalam sa Islam.

Tinalakay na ng mga Maalam sa Islam, kaawaan sila ni Allah, ang mga usaping ito, at iba pang mga nakasisira sa pagka-Muslim ng isang tao, sa paksa tungkol sa hatol sa tumiwalag sa Islam. Nilinaw nila ang mga patunay sa mga ito. Kaya ang sinumang nagnais na mabatid iyon ay repasuhin niya ang paksang ito sa mga aklat ng mga maalam sa Islam na mga Hanbalí, mga Sháfi'í, mga Málikí, at mga Hanafí at iba pa, upang masumpungan niya ang magbibigay-kasiyahan sa kanya at makasasapat sa kanya, kung loloobin ni Allah. Hindi ipinahihintulot na paumanhinan ang sinuman dahil sa sinasabing kawalang-kaalaman hinggil doon dahil ang mga bagay na ito ay kabilang sa mga usaping nalalaman ng mga Muslim at ang hatol dito ay maliwanag sa Aklat ni Allah at Sunnah ng Sugo Niya (SAS). Si Allah ang Tagapag-akay.

**13.** Dumami na sa panahon ngayon ang pagsasagawa ng panggagaway at ang pagsasadya sa mga manggagaway, kaya ano po ang hatol doon? Ano po ang pamamaraang ipinahihintulot sa pagbibigay-lunas sa nagaway?

**Sagot:** Ang panggagaway ay kabilang sa napakabigat na mga malaking kasalanan, bagkus ito ay kabilang sa mga nakasisira sa pagka-Muslim, gaya ng sinabi ni Allah sa Aklat Niya (2:102-103): **Sinunod nila ang binibigkas ng mga demonyo sa panahon ng paghahari ni Solomon. Hindi tumalikod sa pananampalataya si Solomon bagkus ang mga demonyo ay tumalikod sa pananampalataya: itinuturo nila sa mga tao ang panggagaway at ang ibinaba sa dalawang anghel sa Babilonia, na sina Hárút at Márút. Ngunit hindi nagtuturo ang dalawang ito sa isa man malibang nagsasabi ang dalawang ito: "Kami ay tukso lamang, kaya huwag kang tumalikod sa pananampalataya." Kaya natututuhan nila mula sa dalawang ito ang nagpapahihiwalay sa lalaki at maybahay niya. Ngunit sila ay hindi mga nakapipinsala ng isa man sa pamamagitan nito kung hindi dahil sa kapahintulutan ni Allah. Kaya natututuhan nila ang nakapipinsala sa kanila at hindi nakabubuti sa kanila. Talaga ngang nalaman na nila na talagang ang sinumang bumili nito ay wala na siyang anumang bahagi sa Kabilang-buhay. Talagang kaaba-aba ang halagang ipinagbili nila rito ang mga sarili nila, kung nalalaman lamang nila. Kung sumampalataya lamang sila at nangilag silang magkasala, talaga sanang ang isang gantimpala mula kay Allah ay mainam, kung kanilang nalalaman lamang.**

Ipinabatid ni Allah sa dalawang áyah na ito na ang mga demonyo ay nagtuturo sa mga tao ng panggagaway, na sila ay naging Káfir dahil doon, at na ang dalawang anghel ay hindi nagtuturo sa sinuman hanggat hindi nila ipinababatid na ang itinuturo nila ay pagtalikod sa pananampalataya, at na silang dalawa ay tukso. Ipinabatid pa ni Allah na ang mga nag-aaral ng panggagaway ay nag-aaral ng makapipinsala sa kanila at hindi makabubuti sa kanila, at na sila ay hindi magkakamit buhat kay Allah ng mabuting bahagi sa Kabilang-buhay. Nilinaw Niya na ang mga manggagaway ay nagpapahiwalay sa mag-asawa sa pamamagitan ng panggagaway na ito, at na wala silang isang napipinsala kung walang kapahintulutan ni Allah. Ang tinutukoy roon ay ang kapahintulutan Niya na itinakdang mangyari, hindi ang kapahintulutan Niya na pangkautusan, dahil ang lahat ng nagaganap sa sansinukob ay nangyayari ayon sa pahintulot Niya na itinakda at walang nagaganap sa kaharian Niya kung hindi Niya niloob mangyari at itakda. Nilinaw Niya rin na ang panggagaway ay salungat sa pananampalataya at pangingilag na magkasala kay Allah. Sa pamamagitan ng lahat ng ito ay nalalaman na ang pangga-gaway ay pagtalikod sa pananampalataya, pagkaligaw, at pagtiwalag sa Islam kapag ang gumawa nito ay nag-aangkin na kaanib sa Islam.

Nasasaad sa Sahíhán buhat kay Abú Hurayrah, buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***Pangilagan ninyo ang pitong kasalanang nakapagpapahamak.*** Nag-

sabi kami: "Ano po ang mga ito?" Nagsabi siya: ***Ang pagtatambal kay Allah, ang panggagaway, ang pagpatay ng buhay na ipinagbawal ni Allah maliban kung ayon sa katuwiran, ang pakikinabang sa patubo, ang pagkain ng ari-arian ng ulila, ang pagtalikod sa araw ng digmaan, at ang paninirang-puri sa mga inosenteng marangal na babaing mananampalataya.***

Nilinaw ng Propeta (SAS) sa tumpak na Hadíth na ito na ang Shirk at ang panggagaway ay kabilang sa pitong kasalanan na nakapagpapahamak. Ang Shirk ay ang pinakamabigat sa mga ito sapagkat ito ang pinakamabigat sa mga pagkakasala. Ang panggagaway ay kabilang sa kabuuan ng Shirk. Dahil dito ay iniugnay ng Sugo (SAS) ang Shirk sa panggagaway sapagkat ang mga manggagaway ay hindi makagagawa ng panggagaway kung hindi sa pamamagitan ng pagsamba sa mga demonyo at pagpapakalapit sa kanila sa pamamagitan ng pag-uukol ng anumang naiibigan nila gaya ng panalangin, paghahandog ng hayop, pama-manata, pagpapatulong at iba pa. Isinalaysay ni anNasá'í, kaawaan siya ni Allah, mula kay Abú Hurayrah (RA), buhat sa Propeta (SAS), na siya ay nagsabi: ***Ang sinumang nagbuhol ng isang buhol pagkatapos ay umihip dito,***[13] ***nakapanggagaway nga siya; at ang sinumang nakapanggagaway, nakagawa nga siya ng Shirk; at ang sinumang nagsabit ng isang agimat, ipagkakatiwala siya roon.*** *Ang Hadíth na* ito ay nagpapaliwanag sa sabi Niya sa Súrah alFalaq (113:4): **laban sa kasamaan ng mga *mangkukulam na* umiihip sa mga buhol**. Nagsabi ang mga maalam sa Tafsír: "Sila ay ang mga babaeng manggagaway na umiihip sa mga buhol at bumubuga sa mga ito ng mga salitang maka-Shirk na nagpapakalapit sila sa pamamagitan ng mga ito sa mga demonyo upang ipatupad ang pagnanais ng mga ito sa pamiminsala at paggawa ng kawalang-katarungan sa mga tao."

Nagkaiba ang mga maalam sa Islam sa kahatulan sa manggagaway: pagsisisihin pa ba siya at tatanggapin pa ang pagsisisi niya, o parurusahan siya ng kamatayan anuman ang mangyari at hindi na pagsisisihin kapag napagtibay sa kanya ang panggagaway? Ang ikalawang pahayag ay ang tama dahil ang pananatili niya ay nakapipinsala sa lipunang Muslim at ang madalas sa kanya ay ang kawalan ng katapatan sa pagsisisi, at sapagkat ang pananatili niya ay isang malaking panganib sa mga Muslim. Nagpatunay ang mga umaayon sa pahayag na ito sa pahayag nila sa pamamagitan ng nangyari na si 'Umar (RA) ay nag-utos na parusahan ng kamatayan ang mga manggagaway at hindi na niya pinagsisi ang mga ito, samantalang siya ang ikalawa sa mga napatnubayang Khalífah na ipinag-utos ng Sugo (SAS) ang pagsunod sa mga patakaran nila. Nagpatunay rin sila sa pamamagitan ng isinalaysay ni Imám atTirmidhí, kaawaan siya ni Allah, buhat kay Jundub ibn 'Abdulláh o buhat kay Jundub ibn alKhayr al'Azadí: "Ang takdang hatol sa manggagaway ay ang pagtaga ng tabak." Ang tumpak ayon sa mga maalam sa Islam ay ayon kay Jundub.

---

[13] Ganito ang paraan ng pangkukulam ng mga Arabe noon.

Napatotohanan buhat kay Hafsah (RA), ang ina ng mga mananampalataya, na siya ay nag-utos na parusahan ng kamatayan ang aliping babae niya na nanggaway sa kanya. Pinatay nga ito nang hindi pinagsisi. Nagsabi si Imám Ahmad ibnu Hanbal, kaawaan siya ni Allah, na napagtibay iyon: ang pagparusa ng kamatayan sa manggagaway, nang wala nang pagpapasisi na hiniling ang tatlong Sahábi, na ang tinutukoy niya ay sina ‘Umar, Jundub, at Hafsah.

Mula sa nabanggit natin ay nalalaman na hindi ipinahihintulot ang pagpunta sa mga manggagaway at ang pagtatanong sa kanila ng anuman, ni ang maniwala sa kanila, hindi rin ipinahihintulot ang pagpunta sa mga manghuhula, at na ang kinakailangan ay parusahan ng kamatayan ang manggagaway kapag napagtibay ang pagsasagawa niya ng panggagaway sa pamamagitan ng pag-amin niya o sa pamamagitan ng legal na ebidensiya, nang wala nang pagpapasisi.

Tungkol naman sa panlunas sa pagkagaway, nalulunasan ito sa pamamagitan ng mga panalanging ayon sa Sharí‘ah at mga gamot na nakabubuti na ipinahihintulot. Kabilang sa pinakamabisang panlunas ay ang pagbibigay-lunas sa nagaway sa pamamagitan ng pagbigkas ng alFátihah sa kanya kalakip ng pagbuga, ng Áyatul Kursí, mga áyah laban sa pagkagaway na nasa Súrah al’A‘ráf, Súrah Yúnus at Súrah Táha, at sa pamamagitan ng pagbigkas ng Súrah alKáfirún, al’Ikhlás, alFalaq at anNás. Kaibig-ibig na ulitin ang tatlong Súrah nang tatlong ulit kalakip ng tanyag na du‘á’ na ipinananalangin ng Propeta (SAS) noon para sa pagbibigay-lunas sa mga maysakit: ***Alláhumma rabban nás, adhhibil ba’sa washfi, antash sháfí lá shifá’a illá shifá’uka, shifá’an lá yughádiru saqmá.***[14] Uulitin ito nang makatatlo.

Mananalangin din ng panalanging na ipinandalangin ni Anghel Gabriel sa Propeta (SAS). Ang panalangin na ito ay ganito: ***Bismilláhi arqíka min kulli shay’in yu’dhíka, wa min sharri kulli nafsin aw ‘aynin hásid; Alláhu yushfíka, bismilláhi arqíka.***[15] Uulitin ito nang makatatlong ulit. Ang panalanging ito ay kabilang sa pinakamabisang panlunas, ayon sa kapahintulutan ni Allah.

Kabilang din sa lunas ang pagsira sa bagay na ipinagpapalagay na ginamit sa panggagaway gaya ng lana o mga sinulid na ibinuhol o iba pa roon na ipinagpapalagay na dahilan ng pagkagaway kalakip ng pangangalaga sa nagaway sa pamamagitan ng mga itinatagubling ta‘awwudh (panalangin ng pagpapakupkop kay Allah). Kabilang sa mga ito ang pagsabi ng ta‘awwudh na: ***A‘udhu bi kalimátilláhit támmáti min sharri má khalaq***[16] nang tatlong ulit sa umaga at gabi, ang pagbigkas nang tatlong ulit ng tatlong huling súrah matapos ang saláh sa fajr at maghrib, at ang pagbigkas

---

[14] O Allah, Panginoon ng mga tao, alisin Mo ang sakit at pagalingin; Ikaw ang Tagapagpagaling, walang kagalingan kundi pagpapagaling Mo: pagpapagaling na hindi nag-iiwan ng sakit.

[15] Sa ngalan ni Allah ay idinadalangin kita laban sa bawat bagay na makapipinsala sa iyo at laban sa kasamaan ng bawat tao o matang naiinggit. Si Allay ay magpapagaling sa iyo. Sa ngalan ni Allah ay idinadalangin kita.

[16] Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allah laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya.

ng Áyatulkursí matapos ang saláh at kapag matutulog. Kaibig-ibig din na magsabi nang tatlong ulit sa umaga at gabi ng: **Bismilláhil ladhí lá yadurru ma‘asmihi shay’un fil ard wa lá fis samá’i wa huwas samí‘ul ‘alím** [17] dahil napatotohanang ang lahat ng iyon ay buhat sa Propeta (SAS) kalakip ng magandang saloobin kay Allah at pananampalataya sa Kanya na Siya ang dahilan ng mga dahilan at na Siya ang nagpapagaling sa maysakit kapag niloob Niya. Ang mga ta‘wwudh at ang mga gamot ay mga dahilan lamang *ng paggaling* ngunit si Allah ay ang Tagapagpagaling. Kaya mananalig kay Allah lamang sa halip na sa mga dahilan ng kagalingan. Subalit maniniwala na ang mga ito ay mga dahilan na kung loloobin ni Allah ay magpapagaling Siya sa pamamagitan nito, at kung loloobin Niya ay maaalisan Niya ito ng bisa yamang taglay Niya ang malalim na mga dahilan kung kaya *nangyayari* ang bawat bagay. Siya ay May-kakayahan sa bawat bagay at Nakaaalam sa bawat bagay. Walang pipigil sa ibinigay Niya at walang magbibigay sa pinigilan Niya. Walang hahadlang sa itinadhana Niya. Ukol sa Kanya ang paghahari, ukol sa Kanya ang papuri, Siya ay May-kapangyarihan sa bawat bagay, at Siya, kaluwalhatian sa Kanya, ang Tagapag-akay.

**14.** Sa panahon ngayon ay tumindi ang nifáq,[18] dumami na ang mga nagtataglay nito, at nagsidami ang mga paraan ng pagkalaban sa Islam at mga Muslim, kaya mabuti po sana kung magbibigay kayo ng liwanag sa panganib ng nifáq kalakip ng paglilinaw sa mga uri nito, pagbanggit sa mga katangian ng mga Munáfiq at pagbibigay-babala sa mga Muslim laban sa kanila.

**Sagot:** Ang nifáq ay isang matinding panganib at ang mga kasamaan ng mga nagtataglay nito ay marami. Nilinaw na ni Allah ang mga katangian nila sa Marangal na Aklat Niya sa Súrah alBaqarah at sa iba pang Súrah. Nilinaw rin ng Propeta Niya (SAS) ang mga katangian nila. Nagsabi si Allah sa Súrah alBaqarah sa paglalarawan sa kanila (2:8-10): **Mayroong mga tao na nagsasabi: “Sumampalataya kami kay Allah at sa Huling Araw,” ngunit sila ay hindi mga mananampalataya. Tinatangka nilang linlangin si Allah at ang mga sumampalataya ngunit wala silang nililinlang kundi ang mga sarili nila ngunit hindi nila nararamdaman. Sa mga puso nila ay may karamdaman, at dinagdagan pa sila ni Allah ng karamdaman. Magkakaroon sila ng isang masakit na pagdurusa dahil sila ay nagsisinungaling noon.** Nagsabi rin Siya sa Súrah anNisá’ (4:142-143): **Tunay na ang mga nagkukunwari na sumampalataya ay nagtatangkang linlangin si Allah ngunit Siya ang lumilinlang sa kanila. Kapag tatayo sila para sa pagdarasal, tumatayo sila bilang mga tamad na nagpapakita *lamang* sa mga tao; at hindi nila**

---

[17] Sa ngalan ni Allah na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anumang bagay sa lupa ni sa langit at Siya ang Nakaririnig, ang Nakaaalam.

[18] Ang pagpapanggap na sumasampalataya sa Islam. Ang gumagawa nito ay tinatawag na Munáfiq.

**naaalaala si Allah kung hindi madalang. Mga umuurung-sulong sa pagitan niyon, hindi patungo sa mga ito at hindi patungo sa mga iyon.** Bumanggit din Siya hinggil sa kanila ng iba pang mga katangian sa Súrah atTawbah at iba pang Súrah. Ang buod ay na sila ay nagpapanggap na kaanib ng Islam ngunit nag-aasal ng mga kaasalang sumasalungat dito at nakapipinsala sa mga kaanib nito gaya nga ng nilinaw ni Allah sa mga áyah na ito at sa iba pa.

Ang Nifáq ay dalawang uri: Nifáq sa Paniniwala at Nifáq sa Gawa. Ang nabanggit ni Allah hinggil sa mga Munáfiq sa Súrah al-Baqarah at Súrah an-Nisá' na mga katangian ng mga Munáfiq ay ang Malaking Nifáq sa Paniniwala. Dahil doon sila ay higit na tumatangging sumampalataya sa Islam kaysa sa mga Hudyo, mga Kristiyano at mga mananamba ng mga anito dahil sa bigat ng panganib nila at sa pagiging lihim ng kalagayan nila sa marami sa mga tao. Nagsabi na si Allah hinggil sa kanila na sila sa Araw ng Pagkabuhay ay malalagay sa pinakamalim na lapag ng Impiyerno.

Ang Nifáq sa gawa naman ay ang pag-aasal ng ilan sa mga panlabas na kaasalan nila, kalakip ng pananampalataya pa rin kay Allah at sa Sugo Niya at pananampalataya sa Huling Araw, gaya ng pagsisinungaling, pagtataksil at pagtatamad-tamad sa pagdalo sa saláh sa Jamá'ah. Ang ilan pa sa mga katangian nila ay ang nasaad sa Hadíth buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***Ang tanda ng Munáfiq ay tatlo: kapag nagsalita siya, nagsisinungaling siya; kapag nangako siya, nagtatalusira siya; kapag pinagkatiwalaan siya, nagtataksil siya.*** Ang sabi pa niya (SAS): ***Tunay na ang pinakamabigat na saláh para sa mga Munáfiq ay ang saláh sa 'ishá' at ang saláh sa fajr. Kung nalalaman lamang nila ang nakalaan [na gantimpala] sa dalawang ito ay talagang dadaluhan nila ang dalawang ito, kahit pa man pagapang*** Ang mga áyah at mga Hadíth sa kahulugan na ito ay marami.

Samakatuwid, ang kinakailangan sa bawat lalaki at babae na mananampalataya ay na mag-ingat nang sukdulang pag-iingat *na magtaglay ng* mga katangian nila. Kabilang sa nakatutulong doon ay ang pagmumuni-muni sa nabanggit ni Allah sa Aklat Niya na mga katangian nila at nasaad sa mga Hadíth ng Sugo ni Allah (SAS) hinggil doon.

Si Allah ang hinihilingan na mag-akay sa atin at sa lahat ng Muslim upang makaunawa sa Relihiyon Niya, manatili rito at makapag-ingat laban sa lahat ng sumasalungat sa isinabatas Niya at laban sa pagwawangis sa mga kaaway Niya, sa mga kaasalan nila at mga gawain nila. Tunay na Siya ay mainam na hinihilingan.

# Saláh

**1.** Maaaring manatili ang magdamag o ang maghapon sa ilang pook nang matagal na panahon, at maaari ring lubhang umikli kaya naman hindi makasasapat para sa mga oras ng limang saláh; kaya papaano pong isasagawa ng mga nananahan doon ang saláh nila?

**Sagot:** Ang kinakailangan sa mga naninirahan sa mga rehiyon na ito na humahaba ang araw o ang magdamag ay na dasalin ang limang saláh sa pamamagitan ng pag-tataya [sa mga oras nito] kapag sa kanila ay walang totoong tanghaling tapat ni paglubog [ng araw] sa loob ng 24 oras. Napatotohan iyon buhat sa Propeta (SAS) sa isang Hadíth ayon kay an-Nawás ibn Sam'án, na naitala sa Sahíh Muslim, hinggil sa haba ng araw pagdating ng Dajjál na gaya ng isang taon. Tinanong ng mga Sahábí (RA) ang Sugo ni Allah (SAS) tungkol doon kaya nagsabi siya: ***Tayain ninyo ang takda nito.*** Ganito rin ang patakaran sa ikalawang araw mula sa mga araw ng pagdating ng Dajjál, na ang araw na iyon ay gaya naman ng isang buwan. Ganoon din ang araw na gaya ng isang linggo.

Tungkol naman sa lugar na umiikli roon ang magdamag at humahaba roon ang maghapon, o ang kabaliktaran, sa loob ng 24 oras, ang patakaran ay malinaw: mag-darasal sila sa araw na iyon gaya ng nalalabing mga araw kahit pa man lubhang umikli ang magdamag o ang araw, batay sa pangkalahatang saklaw ng mga patunay. Si Allah ang Tagapag-akay.

**2.** May mga taong nagsasagawa ng saláh na fard ngunit walang ano mang nakatakip sa mga balikat nila lalong-lalo na sa panahon ng hájj habang nasa sandali ng ihrám; kaya ano po ang hatol doon?

**Sagot:** Kung hindi niya magawang takpan, wala siyang anumang kasalanan dahil ang sabi ni Allah (64:16): **Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah hanggang makakaya ninyo.** Ang sabi naman ng Propeta (SAS) kay Jábir ibnu 'Abdulláh (RA): ***Kung ang tela ay malapad, ipambalot mo ito; at kung makitid, ipantapis mo ito.*** Itinala ito sa Sahíhán. Subalit kung may kakayahan naman siyang takpan ang mga balikat o ang isa sa mga ito, tungkulin niyang takpan ang mga ito o ang isa sa mga ito ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam. Kung hinayaan iyon na walang takip, hindi matatanggap ang saláh niya sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***Hindi magdadasal ang isa sa inyo sa iisang kasuutan nang walang ano mang nakapatong sa balikat niya.*** Ang Hadíth na ito ay napagkaisahan ang katum-pakan. Si Allah ang Tagapag-akay.

**3.** Nagpapahuli ang ilan sa pagsasagawa ng saláh sa fajr hanggang sa magliwanag na bago tuluyang sumikat ang araw. Binibigyang-dahilan nila iyon na may nasasaad

hinggil doon sa isang Hadíth: “Magdasal sa pagliwanag ng madaling-araw sapagkat ito ay higit na mabigat para sa kabayaran.” Ang Hadíth na ito ba ay tumpak. Paano ang pagtutugma nito sa Hadíth na: “Ang saláh ay ayon sa oras nito.”

**Sagot:** Ang Hadíth na nabanggit ay tumpak. Hindi ito sumasalungat sa mga tumpak na Hadíth na nagpapatunay na ang Propeta (SAS) ay nagdarasal noon sa madaling-araw habang madilim pa. Hindi rin ito sumasalungat sa Hadíth na: ***Ang saláh ay ayon sa oras nito.*** Ang kahulugan lamang niyon ayon sa karamihan sa mga maalam sa Islam ay ang pagpapahuli sa saláh sa fajr hanggang sa maging malinaw na madaling-araw na. Pagkatapos ay isasagawa iyon bago mawala ang dilim gaya ng pagsasagawa noon ng Propeta (SAS), maliban sa Muzdalifah sapagkat ang pinakamainam ay ang maagang pagsasagawa niyon kapag sumapit na ang madaling-araw dahil ginawa iyon ng Propeta (SAS) sa Hajj ng Pamamaalam.

**4.** Nasasaksihan natin ang ilan sa mga tao na nagpapaikli ng damit nila at nagpapahaba ng mga pantalon nila. Kaya ano po ang opinyon ninyo doon, akayin kayo ni Allah?

**Sagot:** Ang Sunnah ay na dapat ang lahat ng kasuutan ay may habang nasa pagitan ng kalagitnaan ng lulod hanggang sa mga bukung-bukong. Hindi ipinahihintulot na palampasin ito sa mga bukung-bukong dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang ano mang bumaba mula sa mga bukung-bukong mula sa tapis, ito ay sa Apoy.*** Isinalaysay ito ni Imám al-Bukharí. Walang ipinagkaiba ang mga pantalon, ang mga damit, at mga kapa. Binanggit lamang ng Propeta (SAS) ang tapis bilang paghahalimbawa hindi pagtatakda. Ang pinakamainam ay na dapat ang mga kasuutan ay hanggang sa kalagitnaan ng lulod dahil ang sabi niya (SAS): ***Ang tapis ng mananampalataya ay hanggang sa kalagitnaan ng lulod niya.***

**5.** Ano po ang hatol kapag napag-alaman na ang saláh ay naisagawa na hindi pala nakaharap sa Qiblah matapos ang pagsisikap na alamin iyon? Mayroon po bang kaibahan kapag naganap iyon sa bayang Muslim o sa bayang di-Muslim o naganap sa ilang?

**Sagot:** Kapag ang isang Muslim ay nasa isang paglalakbay o nasa isang bayang hindi madaling makatagpo roon ng magtuturo sa kanya sa qiblah, ang saláh niya ay tumpak kapag nagsikap siya sa paghahanap ng qiblah, ngunit pagkatapos ay naging malinaw na siya ay nagdasal na nakaharap pala sa iba pa sa qiblah. Ngunit kapag siya ay nasa bayan ng mga Muslim, ang saláh niya ay hindi tumpak *kung hindi nakaharap sa qiblah* dahil maaari siyang magtanong sa makapagtuturo sa kanya sa qiblah at maaari niyang malaman ang qiblah sa pamamagitan ng mga masjid.

**6.** Naririnig natin ang marami sa mga tao na bumibigkas ng níyah sa pagpapasisimula sa saláh; ito po ba ay may batayan sa Sharí‘ah?

**Sagot:** Walang batayan sa Sharí‘ah ang pagbigkas ng níyah. Hindi nakuha mula sa Propeta (SAS) ni sa mga Sahábí niya (RA) ang pagbigkas ng níyah sa pagsisimula ng saláh. Ang níyah ay isinasapuso lamang dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang mga gawa ay nakabatay lamang sa layunin at ukol sa bawat tao ang nilayon niya lamang.*** Naitala ito sa Sahíhán mula sa Hadíth ayon kay ‘Umar ibnu alKhattáb (RA).

**7.** Nasasaksihan natin ang ilan sa mga tao na nagsisiksikan upang makapagsagawa ng saláh sa loob ng Hijr Ismá‘íl;[19] kaya ano po ang hatol sa pagsasagawa ng saláh sa loob niyon? Mayroon po ba itong kalamangan?

**Sagot:** Ang saláh sa loob ng Hijr Ismá‘íl ay kaibig-ibig dahil ito ay bahagi ng Ka‘bah. Napatotohanan buhat sa Propeta (SAS): "na siya ay pumasok sa Ka‘bah noong taon ng pagsakop sa Makkah at nagdasal sa loob niyon ng dalawang rak‘ah." Napagkaisahan ang katumpakan ng ulat na ito mula sa Hadíth ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) buhat kay Bilál (RA). Napagtibay rin buhat sa kanya (SAS) na siya ay nagsabi kay ‘Á’ishah (RA) nang nagnais itong pumasok sa Ka‘bah: ***Magdasal ka sa loob ng Hijr [Ismá‘íl] sapagkat ito ay bahagi ng Ka‘bah.***

Tungkol naman sa saláh na fard, ang higit na maingat ay ang hindi pagsasagawa nito sa loob ng Ka‘bah o sa loob ng Hijr Ismá‘íl dahil ang Propeta (SAS) ay hindi gumawa niyon at dahil ang ilan sa mga maalam sa Islam ay nagsabing iyon ay hindi magiging tumpak sa loob ng Ka‘bah ni sa loob ng Hijr Ismá'íl dahil ito ay bahagi ng Ka‘bah. Sa pamamagitan niyon, nalalaman na ang isinasabatas ay ang pagsasagawa ng saláh na fard sa labas ng Ka‘bah at labas ng Hijr Ismá‘íl bilang pagtulad sa Propeta (SAS) at pag-iwas sa pagsalungat sa mga maalam sa Islam na naniniwala na hindi tumpak ang pagsasagawa nito sa loob ng Ka‘bah ni sa loob ng Hijr Ismá‘íl. Si Allah ang Tagapag-akay.

**8.** May ilang babaing hindi nakakikilala sa pagkakaiba ng regla at istihádah[20] yamang kapag nagpatuloy ang paglabas ng dugo [sanhi ng istihadáh] ay humihinto sila sa pagsasagawa ng saláh sa loob ng panahon na patuloy ang paglabas ng dugo; kaya ano po ang hatol doon?

**Sagot:** Ang regla ay dugong itinakda ni Allah na lumabas sa mga anak na babae ni Adan sa bawat buwan, kadalasan, gaya ng nabanggit hinggil doon ng tumpak na Hadíth buhat sa Sugo ni Allah (SAS). May tatlong kalagayan ang may istihádah:

---

[19] Ang bahagi ng Ka‘bah na hindi nasakop ng dingding nito.

[20] Ang istihádah ay ang patuloy na pagdurugo na hindi na talaga humihinto o kung huminto man ay sa loob lamang ng maikling panahon gaya ng isa o dalawang araw sa isang buwan. Iba ito sa regla.

**A.** Na siya ay hindi talaga nagkaroon ng regular na period sa simula pa lamang kaya ituturing niyang regla ang dugong nakikita niya na lumalabas sa bawat buwan at hindi siya magsa-sagawa ng saláh o pag-aayuno [sa Ramadán] at hindi rin ipinahihintulot sa asawa niya na makipagtalik sa kanya kung hindi humihinto ang pagdurugo, kapag ang tagal ng pag-durugo ay 15 araw o mababa pa ayon sa karamihan sa mga maalam sa Islam. Ngunit kung nagpatuloy sa kanya ang pagdurugo sa loob ng mahigit sa 15 araw, mayroon siyang istihádah at kailangang ituring niya ang sarili niya na may regla sa loob ng 6 o 7 araw, sa pamamagitan ng pagsisiyasat at pagtulad sa nangyayari sa mga gaya niya sa mga kamag-anak niya, kapag wala siyang makitang pagkakaiba sa dugo ng regla at ng istihádah.

**B.** Kung mayroon siyang nakikitang pagkakaiba [ng regla at istihádah], hihinto siya sa pagsasagawa ng saláh at pag-aayuno *kung Ramadán* at sa pakikipagtalik sa asawa niya sa loob ng panahon ng pagdurugo na kilala *na regla* dahil sa kaitiman ng kulay o kasagwaan ng amoy. Pagkatapos ay maliligo at saka magsagawa ng saláh[21] sa kondisyong hindi hihigit sa 15 araw ang pagdurugo na iyon.

**C.** Na mayroon siyang dating regular na period;[22] kaya siya ay magtuturing sa sarili niya [na may regla] tuwing period niya. Pagkatapos niyon ay maliligo na siya at magsasagawa ng wudú' para sa bawat saláh kapag dumating ang oras nito, sa panahon ng pagdurugo [na istihádah]. Pinahihintulutan siya na makipagtalik sa asawa niya hanggang sa dumating ang panahon ng period niya sa kasunod na buwan.

Ito ang buod ng nabanggit ng mga Hadíth buhat sa Propeta (SAS) hinggil sa may istihádah. Binanggit ito ng may-akda ng *Bulúgh al-Marám* na si alHáfidh Ibnu Hajr al'Asqlaní, at ng may-akda ng *Muntaqá al'Akhbár* na si 'Abdussalám ibnu Taymíyah, kaawaan sila ni Allah.

**9.** Kapag ang isang tao ay may isang saláh na nalaktawan gaya ng saláh sa dhuhr, halimbawa, at naalaala ito noong naisagawa na ang iqámah ng saláh sa 'asr, sasabay ba siya sa jamá'ah nang may níyah na isasagawa ang saláh sa 'asr, o nang may níyah na isasagawa ang saláh sa dhuhr, o isasagawa niya muna ang saláh sa dhuhr lamang at saka isasagawa ang saláh sa 'asr? Ano ang kahulugan ng sabi ng mga dalubhasa sa Sharí'ah na: Kung kinatakutan na malaktawan ang saláh sa kasalukuyan, isasaisantabi na ang pagkakasunod-sunod [ng mga saláh]? Ang takot ba na malaktawan ang jamá'ah ay magdadahilan ng pagbalewala sa pagkakasunud-sunod [ng mga saláh]?

---

[21] Kahit may dugo pang lumalabas ay maaari nang magsagawa ng saláh at makipagtalik sa asawa dahil ang dugong ito ay istihádah at hindi na regla.

[22] Ang period na tinutukoy rito ay ang bilang ng araw ng pagreregla o ang panahon ng pagdating ng regla noong hindi pa siya nagkaroon ng istihádah, halimbawa ay 6 o 7 araw tuwing apat na linggo o isang buwan.

**Sagot:** Ang isinasabatas para sa sinumang napaalalahanan sa katanungang ito ay na isagawa niya, kasama ng jamá'ah, ang [saláh sa] kasalukuyan: ang saláh sa dhuhr sa níyah [niya] at saka magsagawa ng saláh sa 'asr pagkatapos niyon dahil kinakailangang panatiliin ang pagkakasunod-sunod [ng mga saláh] at hindi isasaisang-tabi ang pagkakasunod-sunod dahil sa takot na baka malaktawan ang jamá'ah. Tungkol naman sa sabi ng mga maalam sa Sharí'ah, kaawaan sila ni Allah, na: "Kung kinatakutan na malaktawan ang [saláh sa] kasalukuyan, isasaisang-tabi ang pagkakasunod-sunod," ang kahulugan nito ay na inoobliga ang sinumang may saláh na nalaktawan na magsimula sa pagsagawa ng nalaktawang saláh bago ang [saláh sa] kasalukuyan; ngunit kung nagahol ang oras para sa saláh sa kasalukuyan, magsisimula sa [saláh sa] kasalukuyan. Ang halimbawa niyon ay ganito: kailangan niyang isagawa ang saláh sa 'ishá' at naalaala niya lamang iyon noong nalalapit na ang pagsikat ng araw at hindi pa niya naisagawa ang saláh sa fajr sa araw na iyon. Kapag ganito ay magsisimula muna siya sa pagsasagawa ng saláh sa fajr bago lumampas ang oras nito dahil ang oras ay nakatakda na para rito, at pagkatapos ay isagawa niya ang saláh na nalaktawan.

**10.** Hindi nag-iingat ang marami sa mga babae sa pagsasagawa ng saláh. Lumilitaw ang braso nila o ang bahagi nito at ganoon din ang paa, at baka ang bahagi ng binti nila; kaya ang saláh nila ay tanggap ba kung ganoon?

**Sagot:** Ang isinasatungkulin sa babaeng Muslim na mukallaf ay ang pagtatakip ng [buong] katawan niya sa pagsasagawa ng saláh maliban sa mukha at mga palad, dahil siya sa kabuuan niya ay 'awrah.[23] Kaya kung nagsagawa siya ng saláh at may lumitaw mula sa 'awrah niya gaya ng binti o paa o buhok o bahagi nito, hindi tatanggapin ang saláh niya dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Hindi tatanggapin ni Allah ang saláh ng isang nireregla na kung hindi nakabelo.*** Itinala ito ni Imám Ahmad. Ang tinutukoy ng ***nireregla na*** ay ang babaeng may sapat na gulang na, dahil ang sabi niya (SAS): ***Ang babae ay 'awrah.*** Isinalaysay rin ni Abú Dáwud, kaawaan siya ni Allah, buhat kay Umm Salamah (RA), buhat sa Propeta (SAS), na siya ay nagtanong sa Propeta (SAS) tungkol sa babaeng nagdarasal na nakasuot ng baro at belo nang walang tapis, kaya nagsabi siya: ***[Walang masama] kapag ang baro ay mahaba na tumatakip sa ibabaw ng mga paa niya.*** Kung may lalaking hindi mahram, kinakailangan sa kanya na takpan din ang mukha niya at ang mga kamay niya.

**11.** Kapag huminto ang regla ng babae sa oras ng 'asr o 'ishá', dadasalin pa po ba niya ang dhuhr kasama ng 'asr o ang maghrib kasama ng 'ishá' yayamang ang mga saláh na ito ay naipagsasama?

---

[23] Ang bahagi ng katawan na hindi dapat makita ng hindi kaanu-ano.

**Sagot:** Kapag huminto ang regla ng babae[24] o ang nifás[25] niya sa oras ng ‘asr, kinakailangan niyang dasalin ang dhuhr at ang ‘asr na magkasama ayon sa pinakatumpak sa dalawang pahayag ng mga maalam sa Islam dahil ang oras ng dalawang ito ay iisa para sa may dahilang ipagsama ang mga ito gaya ng maysakit at naglalakbay. Ang babaeng nabanggit ay may dahilan ipagsama ang mga ito dahil sa pagkahuli ng paghinto ng regla niya. Ganoon din kapag huminto ang regla niya sa oras ng saláh sa ‘ishá’, kinakailangan sa kanya na dasalin ang maghrib at ‘ishá’ na magkasama Nagpayo rin ng ganoon ang isang pangkat ng mga Sahábí (RA).

**12.** Ano po ang hatol sa saláh sa masjid kapag may isang puntod doon: sa bakuran nito o sa dako ng qiblah nito.

**Sagot:** Kapag sa masjid ay may puntod, ang saláh sa loob nito ay hindi tanggap: maging iyon man ay nasa likuran ng mga nagdarasal, o nasa harapan nila, o nasa gawing kanan nila, o nasa gawing kaliwa nila dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Isinumpa ni Allah ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano; ginawa nila ang mga libingan ng mga propeta nila bilang mga sambahan.*** — napagkaisahan ang katumpakan nito; dahil ang sabi pa niya (SAS): ***Kaingat, at tunay na ang mga una sa inyo ay gumawa sa mga puntod ng mga propeta nila at mga matutuwid sa kanila bilang mga sambahan. Kaingat, kaya huwag ninyong gawin ang mga puntod bilang mga masjid sapagkat tunay na ako ay nagbawal sa inyo niyon.*** — isinalaysay ito ni Imám Muslim; at dahil ang pagsasagawa ng saláh sa tabi ng puntod ay kabilang sa mga gawaing nauuwi sa Shirk at pagpapalabis sa pagpipitagan sa mga nakalibing sa mga puntod. Kaya kinailangan na ipagbawal iyon bilang pagsunod sa dalawang Hadíth na nabanggit at sa anumang Hadíth *na* nagsaad ng kasingkahulugan ng dalawang ito, at bilang paghahadlang sa nagbibigay-kadahilanan sa Shirk.

**13.** Marami sa mga manggagawa ay nagpapaliban sa saláh nila sa dhuhr at ‘asr sa gabi, na idinadahilan doon na sila raw ay abala sa mga gawain nila o na ang mga kasuutan daw nila ay may najásah[26] o hindi malinis. Kaya ano po ang maipapayo ninyo sa kanila?

---

[24] Kapag huminto ang regla ng babae ay kailangang maligo siya sa lalong madaling panahon bago magsagawa ng saláh o makipagtalik sa asawa.

[25] Ang nifás ay ang dugong inilalabas ng sinapupunan bago o matapos na magsilang hanggang sa ika-40 araw pagkatapos magsilang. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa nifás, mangyaring sumangguni lamang sa aklat na pinamagatang *Isang Aklat Para sa Babaeng Muslim*.

[26] Ang sumusunod ay najásah: (1) ang dugo, (2) ang dumi, ang ihi, ang nana, at ang suka ng tao, (3) ang dumi at ang ihi ng hayop na ipinagbawal kainin sa Islam, (4) ang madhy: malinaw na likidong lumalabas sa ari kadalasan sanhi ng pagnanasa, (5) ang wady: malapot na likidong maaaring lumalabas sa ari matapos umiihi o kapag may sakit.

**Sagot:** Hindi ipinahihintulot sa lalaking Muslim o babaeng Muslim na ipagpaliban ang saláh na fard sa takdang oras nito. Bagkus ay kinakailangan sa bawat lalaking Muslim at babaing Muslim na kabilang sa mga mukallaf na isagawa ang saláh sa takdang oras nito sa abot ng kakayahan. Ang gawain ay hindi isang tanggap na dahilan sa pagpapaliban nito at gayon din ang najásah at ang karumihan sa mga kasuutan. Lahat ng iyon ay hindi isang tanggap na dahilan.

Ang mga oras ng saláh ay kinakailangan na palibrihin sa trabaho. Tungkulin ng isang manggagawa sa oras ng saláh na hugasan ang [bahagi ng] kasuutan niya na may najásah o palitan ng malinis na kasuutan. Ang karumihan ay hindi hahadlang sa pagsasagawa ng saláh kapag ang karumihang iyon ay hindi mula sa mga najásah o hindi nagtataglay ng masamang amoy na nagpapayamot sa mga nagdarasal. Kung ang karumihan mismo o ang amoy nito ay nagpapayamot [sa mga nagdarasal], kinakailangan sa isang Muslim na hugasan iyon bago [isagawa] ang sálah o palitan ito ng ibang malinis na kasuutan upang maisagawa niya ang saláh kasama ng jamá'ah.

Ipinahihintulot sa isang may tanggap na dahilan, gaya ng maysakit o naglalakbay, na pagsamahin ang dhuhr at ang 'asr sa oras ng isa sa dalawang ito, at pagsamahin ang maghrib at ang 'ishá' sa oras ng isa sa dalawang ito. Napatotohan ito ng Sunnah buhat sa Propeta (SAS). Ipinahihintulot din ang pagsasama [sa mga saláh] kung may ulan at baha na makapag-papahirap sa mga tao.[27]

**14.** Ang sinumang nakakita ng najásah sa kasuutan niya matapos magsagawa ng taslím sa saláh niya ay uulitin pa ba niya ang saláh niya?

**Sagot:** Ang sinumang nagsagawa ng saláh samantalang sa katawan niya o kasuutan niya ay may najásah at nalaman niya lamang pagkatapos ng saláh, ang saláh niya ay tanggap ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam. Ganoon din kung nalaman niya noong una pa ngunit nakalimutan niya iyon noong oras ng saláh at naalaala lamang pagkatapos ng saláh, ang saláh niya ay tanggap pa rin dahil ang sabi ni Allah [sa panalangin na itinuro Niya] (2:286): **Panginoon namin, huwag Mo kaming parusahan kung nakalimot kami o nagkamali kami;** na ang tugon naman Niya: **Ginawa ko na,** gaya ng napatotohanan tungkol doon sa Hadíth buhat sa Sugo ni Allah (SAS). Ito ay dahil din sa siya (SAS) ay nagdasal minsan isang araw habang ang sandal niya ay may najásah. Ibinalita iyon sa kanya iyon ni Jibríl (AS) kaya hinubad niya ito at nagpatuloy sa saláh niya at hindi na niya muling sinimulan ito. Ito ay bahagi ng kaluwagan at awa ni Allah sa mga lingkod Niya.

Tungkol naman sa nagsagawa ng saláh na nakalimot na magsagawa ng wudú', uulitin niya ang saláh ayon sa nagkakaisang hatol ng mga maalam sa Islam dahil

[27] Ang pagsasama ng mga saláh kapag may ulan o baha ay ipinahihintulot lamang sa mga taong nasa masjid. Isinasagawa ang pagsasama ng mga saláh sa jamá'ah. Ang taong nasa kanyang tahanan ay hindi pinahihintulutang pagsamahin ang mga saláh kahit pa may ulan o baha dahil hindi mahirap para sa kanya na isagawa nang hiwalay ang mga saláh. Tingnan ang sagot sa tanong bilang 53.

ang sabi ng Propeta (SAS): ***Hindi tinatanggap ang saláh na walang wudú' at ang kawanggawa na mula sa nakaw.*** Itinala ito ni Imám Muslim. Ang sabi pa niya (SAS): ***Hindi tatanggapin ang saláh ng sinuman sa inyo kapag nasira ang wudú hanggat hindi nakapagsagawa ng wudú'.***

**15.** Marami sa mga tao sa ngayon ay nagpapabaya sa saláh at ang iba sa kanila ay tuluyan nang tinalikuran ito; kaya ano po ang hatol sa mga ito? Ano po ang isinasatungkulin sa isang Muslim para sa kanila at lalong-lalo na sa mga kamag-anakan niya gaya ng ama, anak, asawa, at mga tulad nito?

**Sagot:** Ang pagpapabaya sa saláh ay kabilang sa malaking mga kasalanan at kabilang sa mga katangian ng mga Munáfiq. Nagsabi si Allah (4:142): **Tunay na ang mga nagkukunwari na sumampalataya ay nagtatangkang linlangin si Allah ngunit Siya ang lumilinlang sa kanila. Kapag tatayo sila para sa pagdarasal, tumatayo sila bilang mga tamad na nagpapakita *lamang* sa mga tao; at hindi nila naaalaala si Allah kung hindi madalang.** Nagsabi naman Siya hinggil sa katangian nila (9:54): **Walang humadlang sa kanila na tanggapin mula sa kanila ang mga ginugol nila kundi dahil sila ay tumangging sumampalataya kay Allah at sa Sugo Niya, hindi pumupunta sa dasal kundi habang sila ay patamad-tamad, at hindi gumugugol kundi habang sila ay naghihinakit.** Nagsabi naman ang Propeta (SAS): ***Ang pinakamabigat na saláh para sa mga Munáfiq ay ang saláh sa 'ishá' at ang saláh sa fajr. Kung nalalaman lamang nila ang nakalaan [na gantimpala] sa dalawang ito ay talagang dadaluhan nila ang dalawang ito, kahit pa man pagapang.*** Napagkaisahan ang katumpakan nito. Kaya kinakailangan sa bawat Muslim at bawat Muslimah na pamalagiin ang pagsasagawa ng limang saláh sa mga takdang oras ng mga ito at na isagawa ang mga ito nang may kapanatagan, malasakit, pagpapakumbaba, at konsentrasyon dahil ang sabi ni Allah (23:1-2): **Nagtagumpay nga ang mga mananampalataya na sa pagdarasal nila ay nagpapakumbaba.** Napagtibay rin buhat sa kanya (SAS) na siya ay nag-utos sa isang taong hindi pinagbuti ang pagsasagawa ng saláh at hindi napapanatag sa sandali niyon na ulitin iyon. Tungkulin ng mga lalaki, lalo na, na panatilihin ang pagsasagawa ng saláh sa jamá'ah kasama ng mga kapatid nila sa pananampalataya sa mga bahay ni Allah, ang mga masjid, dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang sinumang nakarinig ng panawagan [sa saláh] at hindi pumunta, walang saláh para sa kanya maliban na may tanggap na dahilan.*** Ang Hadíth na ito ay itinala nina Imám Ibnu Májah, Imám adDáruqutní, Imám Ibnu Hibbán at Imám alHákim.

Tinanong si Ibnu 'Abbás (RA) kung ano ang tanggap na dahilan. Nagsabi siya: "Takot o sakit." Nasasaad naman sa *isang Hadíth* sa Sahíh Muslim buhat kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS), na may pumunta sa kanya na isang lalaking bulag at nagsabi: "O Sugo ni Allah, wala po akong isang taga-akay na aakay sa akin papunta sa masjid; kaya ako po ba ay may kapahintulutan na magsagawa ng saláh

sa bahay ko?" Pinahintulutan niya ito ngunit pagkatapos ay tinawag niya ito at nagsabi: ***Naririnig mo ba ang panawagan para sa saláh?*** Nagsabi ito: "Opo." Nagsabi siya: ***Kung gayon, tugunin mo.***[28]

Nasaad sa isang Hadíth na nasa Sahíhán buhat kay Abú Hurayrah (RA), buhat sa Propeta (SAS), na siya ay nagsabi: ***Talaga ngang nagbalak ako [minsan] na mag-utos na isagawa ang saláh, kaya isasagawa na ang iqámah. Pagkatapos ay mag-uutos ako sa isang lalaki upang mamuno sa mga tao sa saláh. Pagkatapos ay lilisan ako nang may kasamang ilang mga lalaki na may dalang mga bigkis ng panggatong patungo sa mga taong hindi dumadalo sa saláh at susunugin ko sa kanila ang mga bahay nila.*** Ang mga Hadíth na ito ay nagpapatunay na ang saláh sa jamá'ah sa panig ng mga lalaki ay isa sa pinakamahalagang mga isinasatungkulin at na ang sumasalungat sa mga ito ay magiging dapat sa kaparusahang sumusupil. Hinihiling natin kay Allah na pabutihin Niya nawa ang mga kalagayan ng lahat ng Muslim at na pagkalooban Niya sila ng patnubay sa anumang ikinalulugod Niya.

Tungkol naman sa pagtalikod sa saláh nang lubusan, at kahit sa ilang pagkakataon, ito ay isang malaking kawalang-pananampalataya kahit hindi man ikakaila ang pagiging fard nito, ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam, maging ang tumalikod man ay isang lalaki o isang babae. Ito ay dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang nasa pagitan ng tao at ng kawalang-pananampalataya at Shirk ay ang pagtalikod sa saláh.*** — itinala ito ni Imám Muslim, at dahil ang sabi pa niya (SAS): ***Ang kasunduan na nasa pagitan namin at nila ay ang saláh; kaya ang sinumang tumalikod dito ay tumanggi nang sumampalataya.*** Itinala ito ni Imám Ahmad at ng iba pa kasama ng maraming iba pang Hadíth tungkol doon.

Tungkol naman sa sinumang nagkaila sa pagiging fard ng saláh, maging lalaki man o babae, siya ay nakagagawa ng malaking kawalang-pananampalataya ayon sa nagkakaisang hatol ng mga maalam sa Islam, kahit pa man nagsasagawa rin siya ng saláh. Kaya hinihiling natin kay Allah para sa ating mga Muslim ang pangangalaga laban doon; tunay na Siya ay pinakamainam na hinihilingan.

Ang isinatungkulin sa lahat ng Muslim ay ang magpayuhan, ang magtagubilinan sa katotohanan, at ang magtulungan sa kabutihan at pangingilag sa pagkakasala. Kabilang doon ang pagpapayo sa lumiliban sa saláh sa jamá'ah o sa nagpapabaya rito at tinatalikuran ito paminsan-minsan, at ang pagbibigay-babala sa kanya laban sa galit at parusa ni Allah. Tungkulin ng ama niya, ina niya, mga kapatid niya, at kasambahay niya na pagpayuhan nila siya, at na magpapatuloy sila sa pagpayo hanggang patnubayan siya ni Allah at magpakatuwid siya. Gayon din ang mga babae na nagpapabaya rito o huminto sa pagsasagawa nito, ang isinatungkulin ay ang pagpapayo sa kanila, ang pagbabala sa kanila laban sa galit ni Allah at sa parusa Niya, ang pagpapatuloy sa pagpayo, ang paglayo sa hindi sumusunod, at ang pagpaparusa

[28] Ibig sabihin: Pumunta ka sa Masjid at doon isagawa ang saláh.

rito ng naaangkop na disiplina kung makakaya iyon. Ang lahat ng ito ay bahagi ng pagtutulungan sa kabutihan at pangingilag sa pagkakasala at bahagi ng pag-uutos sa minamabuti at pagsaway sa minamasama, na isinatungkulin ni Allah sa mga lingkod Niya na mga lalaki at mga babae. Ito ay dahil ang sabi ni Allah (9:71): **Ang mga lalaking mananampalataya at ang mga babaeng mananampalataya ay mga tagatangkilik ng isa't-isa sa kanila. Nag-uutos sila ng nakabubuti at sumasaway sila sa nakasasasama, pinangangalagaan nila ang dasal, ibinibigay nila ang zakáh, at tumatalima sila kay Allah at sa Sugo Niya. Ang mga iyon ay kaaawaan sila ni Allah. Tunay na si Allah ay Makapangyarihan, Marunong.** Ang sabi naman ng Propeta (SAS): ***Ipag-utos ninyo sa mga anak ninyo ang saláh kapag pitong taon na, paluin ninyo sila dahil doon kapag sampung taon na, at paghiwalayin ninyo sila*[29] *sa mga higaan.*** Kung ang mga batang lalaki at ang mga batang babae nga ay inuutusang magsagawa ng saláh kapag pitong taong gulang na at papaluin sila sa hindi pagsasagawa nito kapag sampung taon na, samakatuwid ang nasa hustong gulang ay lalong higit na kailangang atasang magsagawa ng saláh at parusahan sa pagtalikod dito sa kabila ng patuloy na pagpayo. Ang pagtatagubilinan ng katotohanan at ang pagtitiis alang-alang dito ay isang tungkulin dahil ang sabi ni Allah (103:1-3): **Sumpa man sa panahon,**[30] **tunay na ang tao ay nasa kapahamakan, maliban sa mga sumampalataya at gumawa ng mga matutuwid at nagtagubilinan ng katotohanan at nagtagubilinan ng pagtitiis.**

Ang sinumang tuluyang huminto sa pagsasagawa ng saláh matapos na sumapit sa wastong gulang at hindi tumanggap ng payo, isasampa ang kaso niya sa hukuman ng Sharí'ah upang pagsisihin siya. Kung magsisisi siya ay mabuti; kung hindi naman, hahatulan siya ng nauukol sa kanya. Hinihiling natin kay Allah na nawa'y pabutihin Niya ang mga kalagayan ng mga Muslim, pagkalooban sila ng pang-unawa sa Relihiyon, at akayin sila tungo sa pagtutulungan sa kabutihan at pangingilag sa pagkakasala, pag-uutos sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama, at pagtatagubilinan ng katotohanan at pagtitiis alang-alang dito. Tunay na Siya ay mapagkaloob, mapagbigay.

**16.** Dumaranas ang ilan, dahilan sa mga sakuna sa mga sasakyan at tulad ng mga ito, ng pagkaalog ng utak o pagkawala ng malay sa loob ng ilang araw; kaya kinakailangan pa po ba sa mga ito ang qadá' sa saláh kapag nagkamalay na sila?

**Sagot:** Kung ang panahon [ng pagkawala ng malay] ay maikli, halimbawa ay tatlong araw o mababa pa, kinakailangan ang qadá' dahil ang pagkawala ng malay sa loob ng nabanggit na panahon ay nahahawig sa pagkatulog kaya hindi mapipigilan ang

[29] Huwag pagtabihin sa higaan ang magkapatid na lalaki at babae.
[30] Si Allah ang nanunumpa. Karapatan Niya na manumpa sa alin man sa mga nilikha Niya ngunit ang tao ay sa Kanya lamang pinahihintulutang sumumpa.

qadá'. Naisalaysay buhat sa isang pangkat ng mga Sahábí (RA) na sila ay dumanas ng ilang pagkawala ng malay sa loob ng panahong maikli sa tatlong araw at nagsasagawa ng qadá'. Ngunit kung ang panahon [ng pagkawala ng malay] ay higit doon, wala nang qadá' dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Inangat ang panulat sa tatlo:***[31] ***sa natutulog hanggang sa magising, sa bata hanggang sa sumapit sa gulang, at sa baliw hanggang sa tumino.*** Ang nawalan ng malay sa loob ng panahong nabanggit ay nahahawig sa baliw dahil sa lubos na paglaho sa kanya ng pag-iisip. Si Allah ang Tagapag-akay.

**17.** Marami sa mga may-sakit ang nagpapabaya sa saláh at nagsasabi: "Kapag gumaling na ako, magsasagawa ako ng qadá'." Ang ilan naman sa kanila ay nagsasabi: "Paano akong makapagsasagawa ng saláh samantalang hindi ko makayang magsagawa ng tahárah ni maglinis mula sa najásah?" Kaya ano po ang maituturo ninyo sa mga ito?

**Sagot:** Ang sakit ay hindi makapipigil sa pagsasagawa ng saláh dahil sa pagdadahilan ng kawalang-kakayahang isagawa ang tahárah hanggat may katinuan pa. Bagkus, kinakailangan sa maysakit na magsagawa ng saláh sa abot ng kakayahan niya at na magsagawa ng tahárah sa pamamagitan ng tubig kapag makakaya iyon. Ngunit kung hindi siya maaaring gumamit ng tubig ay magsasagawa siya ng tayammum at magsagawa ng saláh. Kailangan niyang hugasan ang najásah sa katawan niya at kasuutan niya sa oras ng saláh, o palitan ang kasuutan na may najásah ng malinis na kasuutan sa oras ng saláh. Kung hindi makayang hugasan ang najásah at hindi makayang palitan ang kasuutang may najásah ng kasuutang malinis, hindi na niya kailangang gawin iyon. Isasagawa niya ang saláh anuman ang kalagayan niya dahil ang sabi ni Allah (64:16): **Kaya mangilag kayong mag-kasala kay Allah ayon sa makakaya ninyo.** Ang sabi naman ng Propeta (SAS): ***Kapag nag-utos ako sa inyo ng isang utos ay isagawa ninyo ito sa abot ng makakaya ninyo.*** Napagkaisahan ito sa katumpakan. Ang sabi naman niya (SAS) kay 'Imrán ibn Husayn (RA) nang idinaing nito ang karamdaman sa kanya: ***Magdasal ka na nakatayo; at kung hindi mo makaya ay [isagawa] na nakaupo; at kung hindi mo makaya ay [isagawa] na nakahigang patagilid.*** Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí at isinalaysay rin ito ni Imám anNasá'í at nagdagdag ng ***at kung hindi mo makaya ay [isagawa] na nakatihaya.***

**18.** Magsasagawa po ba ng qadá' sa saláh ang sinumang sadyaang tumigil sa pagsasagawa nito kapag naakay na siya ni Allah sa pagbabalik-loob, matapos na hindi siya nagsagawa nito sa isang pagkakataon o higit pa?

[31] Hindi itinatala ng mga anghel ang gawa nila kaya hindi sila pananagutin sa Kabilang-buhay.

**Sagot:** Hindi inoobliga sa kanya ang qadá' sa saláh kapag tinigilan niya ito nang sadyaan, ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam, dahil ang pagtigil nang sadyaan sa pagsasagawa nito ay nagtitiwalag sa kanya sa saklaw ng Islam at naglalagay sa kanya sa bakuran ng mga Káfir. Ang Káfir ay hindi magsasagawa ng anumang *pagsambang* hindi niya naisagawa noong panahon ng kawalang-pananampalataya dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang nasa pagitan ng tao at ng kawalang-pananampalataya at Shirk ay ang hindi pagsasagawa ng saláh.*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim buhat kay Jábir ibn 'Abdulláh (RA). Sinabi pa niya (SAS): ***Ang kasunduan na nasa pagitan namin at nila ay ang saláh; kaya ang sinumang hindi nagsagawa nito ay tumanggi nang sumampalataya.*** Itinala ito ni Ahmad ibnu Hanbal at ng iba pa ayon kay Buraydah ibnu Hasíb (RA). Ito ay batay rin sa pangyayaring ang Propeta (SAS) ay hindi nag-utos sa mga dating Káfir na yumakap sa Islam na magsagawa ng qadá' sa mga hindi nila naisagawa [na saláh]. Gayon din ang mga Sahábí niya (RA), hindi nila inatasan ang mga dating tumiwalag sa Islam, nang magbalik ang mga ito sa Islam, na magsagawa ng qadá'. Ngunit kung magsasagawa ng qadá' ang sinumang tumigil nang sadyaan sa pagsasagawa nito ngunit hindi naman ikinaila ang pagiging tungkulin nito, walang masama bilang pag-iingat at pag-iwas sa pagsalungat sa mga nagsabing hindi naging Káfir [ang Muslim] kapag hindi ikinaila ang pagiging tungkulin ng pagsasagawa nito, ayon ito sa pinakamarami sa mga maalam sa Islam. Si Allah ang Tagapag-akay.

**19.** Sinasabi ng ilan sa mga tao na kapag hindi isinagawa ang adhán sa umpisa ng oras [nito] ay hindi na kailangan ang adhán dahil ang adhán ay ang pagbibigay-alam sa pagsapit ng oras ng saláh; kaya ano po ang pahayag ninyo hinggil doon? Isinasatungkulin po ba ang pagsasagawa ng adhán para sa taong nag-iisa sa ilang?

**Sagot:** Kapag hindi isinagawa [ng mua'adhdhin] ang adhán sa simula ng oras [nito], hindi na isinasatungkulin para sa kanya na isagawa ito pagkatapos niyon kapag sa lugar na iyon ay may mga mu'adhdhin din bukod pa sa kanya, na natupad sa pamamagitan nila ang hinihiling [na adhán]. Kung ang pagkahuli ay saglit [lamang], walang masamang isagawa ito. Kung wala nang iba [pang mua'dhdhin] sa naturang pook maliban sa kanya, siya ay inoobligang isagawa ang adhán kahit pa nahuli nang ilang sandali dahil ang adhán sa pagkakataong ito ay fard kifáyah[32] at walang iba pa sa kanya na magsasagawa nito kaya isinatungkulin ito sa kanya dahil siya ang mananagot doon at dahil ang mga tao ay malamang na naghihintay sa kanya. Tungkol naman sa musáfir, isinasabatas sa kanya ang pagsasagawa ng adhán kahit siya ay nag-iisa dahil napagtibay sa isang Hadíth buhat kay Abú Sa'íd (RA) na siya ay nagsabi sa isang lalaki: "Kapag ikaw ay nasa mga tupa mo sa pinagpapastulan mo, itaas mo ang tinig mo sa panawagan [sa saláh] dahil walang jinní ni tao ni anupaman na

[32] Tungkulin ng kapag isinagawa ng isa o ilan, hindi na mananagot ang lahat ngunit kapag hindi isinagawa ng isa o ilan ang buong komunidad ay magkakasala.

nakarinig sa narating ng tinig ng mu'adhdhin, na hindi sasaksi para sa kanya sa Araw ng Pagkabuhay."

**20.** Isinasabatas ba para sa mga babae na magsagawa ng adhán at iqámah maging sila man ay nasa pinaninirahang pook nang sila-sila lamang, o nasa ibang pook bilang mga individuwal o isang pangkat?

**Sagot:** Hindi isinasabatas para sa mga babae na magsagawa ng adhán at iqámah maging sila man ay nasa pinaninirahang pook o nasa paglalakbay. Ang pagsasagawa ng adhán at iqámah ay kabilang sa mga gawaing laan sa mga lalake lamang gaya ng ipinakita ng mga tumpak na Hadíth buhat sa Sugo ni Allah (SAS).

**21.** Kapag nakalimutan ang iqámah at isinagawa ang saláh, makaaapekto po ba iyon sa saláh na ito na isinagawa ng isang tao o ng isang jamá'ah?

**Sagot:** Kapag nagsagawa ng saláh ang isang tao o ang isang jamá'ah nang walang iqámah, ang saláh ay tanggap ngunit ang sinumang nakagawa niyon ay kailangang magsisi kay Allah. Ganoon din kung nagsagawa ng saláh nang walang adhán, ang saláh ay tanggap rin dahil ang pagsasagawa ng adhán at ng iqámah ay kabilang sa mga fard kifáyah at ang dalawang ito ay hindi bahagi ng saláh.

Tungkulin ng isang hindi nagsagawa ng adhán at iqámah na pagsisihan kay Allah iyon dahil nagkakasala ang lahat sa hindi pagsasagawa ng mga fard kifáyah at walang nagkakasala kapag naisagawa ito ng ilan sa kanila, at kabilang doon ang adhán at ang iqámah. Kapag isinagawa ang dalawang ito ng sinumang makasasapat, maaalis ang tungkuling isagawa ito at ang kasalanan mula sa iba pa, maging sila man ay nasa pinaninirahan o paglalakbay at maging sila man ay nasa mga nayon at mga lunsod, o mga ilang. Hinihiling natin kay Allah para sa lahat ng Muslim ang pag-aakay sa ikinalulugod Niya.

**22.** Ano po ang patunay sa sabi ng mu'adhdhin sa saláh sa fajr na ***assalátu khayrum minan nawm***?[33] Ano po ang opinyon ninyo sa nagsasabi [sa adhán] ng ***hayya 'alá khayril 'amal***,[34] may batayan po ba ito?

**Sagot:** Napagtibay nga buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nag-utos niyon kay Bilál at Abú Mahdhúrah sa adhán sa fajr. Napagtibay naman buhat kay Anas (RA) na siya ay nagsabi: "Kabilang sa Sunnah ang magsabi ang mu'adhdhin sa adhán sa madaling-araw ng ***assalátu khayrum minan nawm***." Itinala ito ni Ibnu Khuzaymah. Ang pararilang ito ay sinasabi sa adhán na ipinananawagan sa pagsikat ng fajr ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam. Tinatawag iyon na unang adhán

[33] Ang saláh ay mainam kaysa sa pagtulog.
[34] Pumunta sa pinakamainam na gawain.

kaugnay sa iqámah dahil ang *iqámah na* ito ay ang ikalawang adhán, gaya ng sinabi ng Propeta (SAS): ***sa pagitan ng dalawang adhán.*** Napagtibay sa Sahíh alBukhárí buhat kay ‘Á‘ishah (RA) ang nagpapatunay doon.

Tungkol naman sa sabi ng ilan sa mga Shi‘ah sa adhán na ***hayya ‘alá khayril ‘amal***, ito ay bid‘ah na walang batayan sa mga tumpak na Hadíth. Kaya hilingin natin kay Allah na nawa ay patnubayan sila at sampu ng lahat ng Muslim sa pagsunod sa Sunnah at pagkapit dito nang mahigpit dahil ito, sumpa kay Allah, ay daan sa kaligtasan at landas sa kaligayahan para sa buong Kalipunang Islam.

**23.** Nasaad na nananawagan para sa Salátulkasúf (saláh kapag may eklipse) sa pamamagitan ng pagsabi ng ***assalátu jámi‘ah***.[35] Kaya sasabihin po ba ito ng makaisang ulit o isinasabatas na ulit-ulitin ito, at gaano po karami ang pag-uulit nito.

**Sagot:** Napagtibay buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nag-utos na manawagan para sa Salátulkasúf sa pamamagitan ng pagsabi ng ***assalátu jámi‘ah***. Ang Sunnah sa nananawagan ay na ulit-ulitin iyon hanggang sa maipagpalagay niya na naiparinig na niya iyon sa mga tao. Walang itinakdang bilang *sa pag-uulit* ayon sa nalalaman natin. Si Allah ang Tagapag-akay.

**24.** Marami sa mga kapatid sa Islam ay nagpapakahigpit sa usapin ng sutrah:[36] naghihintay pa sila na magkaroon ng sutrah habang kapag nasa loob ng masjid at hindi nakakita ng isang bakanteng haligi *na gagawing sutrah*. Nanunuligsa sila sa nagdarasal nang walang sutrah. Ang iba naman sa kanila ay nagwawalang-bahala sa sutrah. Kaya ano po ang katotohanan hinggil doon? Ang guhit po ba ay magagamit na sutrah kapag wala nito? May nasaad po bang batayan na magpapatunay roon?[37]

**Sagot:** Ang pagsasagawa ng saláh na nakaharap sa sutrah ay sunnah mu’akkadah[38] at hindi fard. Kaya kung hindi nakakita ng anumang nakatayo, makasasapat na sa kanya ang guhit. Ang patunay sa binanggit natin ay ang sabi niya (SAS): ***Kapag nagdasal ang sinuman sa inyo ay magdasal siya na nakaharap sa sutrah at lumapit siya rito.*** Isinalay-say ito ni Imám Abú Dáwud. Ang sabi pa niya (SAS): ***Napuputol ang saláh ng lalaking Muslim kapag walang [sutrah] sa harap niya na singtaas ng likuran ng síya [o may dumaang] babae o asno o itim na aso.*** Itinala ito ni Imám Muslim. Ang sabi pa niya (SAS): ***Kapag nagdasal ang isa sa inyo ay maglagay siya sa dako na hinarapan niya ng anumang bagay. Kung wala siyang natagpuan ay magtusok siya ng isang patpat; ngunit kung wala siyang natagpuan ay gumuhit siya ng isang guhit at pagkatapos ay hindi na siya magagambala ng***

[35] Daluhan ang saláh na nagtitipon.
[36] Ang sutrah ay ang kahit anong bagay na nakalagay o inilalagay sa harap ng nagsasagawa ng saláh upang magsilbing hadlang sa sinumang direktang daraan malapit sa pinapatirapaan.
[37] Tingnan din ang sagot sa tanong bilang 31.
[38] Gawaing binigyan ng lubos na pagpapahalaga ng Propeta (SAS).

***sinumang dadaan sa harap niya.*** Isinalaysay ito ni Imám Ahmad Ibnu Hanbal at ni Imám Ibnu Májah. Nagsabi alHáfidh Ibnu Hijr, kaawaan siya ni Allah, sa *Bulúgh alMarám*: "Napagtibay buhat sa kanya na siya ay nagdasal, sa ilang pagkakataon, na hindi nakaharap sa sutrah. Kaya nagpapahiwatig na *ang sutrah na* ito ay hindi fard. Itinatangi doon ang saláh sa alMasjid alHarám sapagkat ang nagdarasal ay hindi na nangangailangan doon na humarap sa sutrah dahil napagtibay buhat kay Ibnu azZubayr (RA) na siya noon ay nagdarasal sa alMasjid alHarám na hindi nakaharap sa sutrah samantalang ang mga nagsasagawa ng tawáf ay nasa harapan niya. Iyon ay dahil sa ang alMasjid alHarám ay tampulan ng pagsisiksikan sa kadalasan at kawalan ng kakayahang hadlangan ang pagdaan sa harap ng nagdarasal kaya naalis na ang pagkaisinasabatas niyon batay sa naunang nabanggit. Maisasama roon ang alMasjid anNabawí sa Madínah sa sandali ng pagsisiksikan at gayon din ang iba pang mga pook ng pagsisiksikan, bilang pagsunod sa sabi ni Allah (64:16): **Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah ayon sa makakaya ninyo** at sa sabi ng Sugo (SAS): ***Kapag nag-utos ako sa inyo ng isang utos ay isagawa ninyo ito sa abot ng makakaya ninyo.*** Nasaad ito sa Sahihán. Si Allah ang Tagapag-akay.

**25.** Nasasaksihan namin na marami sa mga tao ay naglalagay ng mga kamay sa ilalim ng pusod; ang ilan naman ay naglalagay ng mga ito sa dibdib at nanunuligsa ng matindang pagtuligsa sa sinumang naglalagay ng mga ito sa ilalim ng pusod; ang iba naman ay naglalagay ng mga ito sa ilalim ng balbas; ang iba pa ay nakababa ang mga kamay. Kaya ano po ang tama hinggil doon? Akayin po kayo ni Allah.

**Sagot:** Ipinakita ng tumpak na Sunnah na ang pinakamainam para sa nagdarasal sa sandali ng pagkakatayo niya sa saláh ay na ilagay niya ang kanang palad niya sa kaliwang kamay na nakapatong sa dibdib niya, bago at pagkatapos yumukod. Napagtibay iyon buhat sa Hadíth ayon kay Wá'il ibnu Hijr at kay Qabísah ibn Halab atTá'í ayon sa ama nito (RA). Napag-tibay rin ang nagpapahihiwatig doon mula sa Hadíth ayon kay Sahl ibnu Sa'd asSá'idí (RA). Tungkol naman sa paglalagay ng mga kamay sa ilalim ng pusod, may nasaad tungkol dito na isang Hadíth na da'íf na ayon daw kay 'Alí ibnu Abí Tálib (RA). Tungkol naman sa pagbababa ng mga kamay o paglalagay sa ilalim ng balbas, ito ay salungat sa Sunnah. Si Allah ang Tagapag-akay.

**26.** Marami sa mga kapatid sa Islam ay nagpapahalaga sa jalsatul istiráhah[39] at tinutuligsa ang hindi gumagawa nito. Kaya ano po ang hatol dito? Isinasabatas po ba ito para sa imám at ma'múm gaya ng sa munfarid?

[39] Dagliang pag-upo matapos ang ikalawang pagpapatirapa sa unang rak'ah at ikatlong rak'ah ng mga saláh na apatang rak'ah at matapos ang ikalawang pagpapatirapa sa unang rak'ah sa saláh na tatluhan o dalawahang rak'ah.

**Sagot:** Ang jalsatul istiráhah ay kanais-nais para sa imám, ma‘múm, at munfarid. Ito ay kauri ng pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa. Ito ay dagliang pag-upo na hindi isinasabatas dito ang [*pagbigkas ng*] dhikr o du‘á’. Ang hindi nagsagawa nito ay walang kasalanan. Ang mga Hadíth hinggil dito ay napagtibay buhat sa Propeta (SAS) gaya ng Hadíth ayon kay Málik ibnu al-Huwayrith, at gaya ng Hadíth ayon kay Abú Hamíd asSá‘idí at ayon sa isang pangkat ng mga Sahábí (RA). Si Allah ang Tagapag-akay.

**27.** Paanong isasagawa ng isang Muslim ang saláh sa loob ng eroplano? Ang pinakamainam ba para sa kanya ay ang saláh sa simula ng oras, o ang maghintay hanggang sa dumating sa paliparan kung makararating siya sa huling bahagi ng oras?

**Sagot:** Ang isinasatungkulin sa Muslim na lulan ng eroplano kapag sumapit ang [oras ng] saláh ay na isagawa niya ito ayon sa abot ng makakaya niya. Kung magagawa niyang isagawa ito na nakatayo, na yumukod at na magpatirapa, gagawin niya iyon. Kung hindi naman niya magagawa, isasagawa niya na nakaupo at ipahihiwatig ang pagyukod at ang pagpapatirapa.[40] Kung makatatagpo siya ng isang lugar sa loob ng eroplano na magagawa roon ang pagtayo at ang pagpatirapa sa lapag sa halip ng pagpapahiwatig [sa mga kilos na ito], kinakailangan na gawin niya iyon dahil ang sabi ni Allah: **Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah ayon sa makakaya ninyo** (64:16) at ang sabi naman ng Propeta (SAS) kay ‘Imrán ibnu Husayn (RA) nang maysakit ito: ***Magdasal ka na nakatayo; ngunit kung hindi mo makakaya ay na nakaupo; ngunit kung hindi mo makakaya ay na nakahigang patagilid.*** Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí. Isinalaysay rin ito ni Imám anNasá‘í at may ganitong idinagdag pa: ***ngunit kung hindi mo makakaya ay na nakatihaya.*** Ang pinakamainam para sa kanya ay na magdasal sa simula ng oras nito. Ngunit kung ipahuhuli niya ito hanggang sa huling bahagi ng oras nito upang isagawa ito sa lupa ay wala rin namang masama ayon sa pangkalahatang saklaw ng mga patunay. Ang patakaran sa [lulan ng] kotse, tren, at barko ay ang patakaran sa [lulan ng] eroplano. Si Allah ang Tagapag-akay.

**28.** Marami sa mga tao ang gumagawa ng maraming galaw na walang kabuluhan at pagkilos sa saláh; kaya mayroon po bang itinakdang bilang ng pagkilos na nakasisira sa saláh? Ang pagtatakda po ba nito sa tatlong magkasunod na galaw [na walang kaugnayan sa saláh] ay may batayan? Ano po ang maipapayo ninyo sa gumagawa ng maraming walang kabuluhang galaw sa saláh?

**Sagot:** Ang isinasatungkulin sa lalaki at babaing mananampalataya ay ang kapanatagan sa saláh at ang di-paggawa ng mga walang kabuluhang galaw dahil ang

[40] Sa pamamagitan ng pagyuko ng ulo at pagyukod ng katawan.

kapanatagan ay isa sa mga saligan ng saláh dahil napagtibay sa Sahíhán buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nag-utos sa isang hindi napanatag sa [pagsasagawa ng] saláh nito na ulitin ang saláh. Ang isinasabatas sa bawat lalaking Muslim at babaing Muslim ay ang kataimtiman sa saláh, ang kasigasigan dito, at ang konsentrasyon dito sa harap ni Allah dahil ang sabi Niya (23:1-2): **Nagtagumpay nga ang mga mananampalataya, na sa pag-darasal nila ay mga taimtim.** Kinasusuklaman sa kanya ang pagkalikot sa damit niya o sa balbas niya o sa iba pa roon. Kapag dumami at nagkasunod-sunod [ang mga walang kabuluhang galaw], bawal na ito ayon sa nalalaman natin mula sa dinalisay na Sharí‘ah at nasira na rin ang saláh.

Walang takdang bilang iyon at ang pahayag ng pagtatakda sa tatlong galaw ay mahinang pahayag na walang patunay. Ang mapananaligang pahayag ay ang pagiging marami ng walang kabuluhang galaw ayon sa paniniwala ng nagdarasal; kaya kapag naniwala ang nagdarasal na ang walang kabuluhang galaw niya ay marami at nagkasunod-sunod ang mga ito, kailangang ulitin niya ang saláh kung ito ay fard at kailangang pagsisihan niya iyon. Ang payo ko sa bawat lalaki at babaing Muslim ay ang magpahalaga sa saláh, ang kataimtiman sa pagsagawa nito, at ang pag-iwas sa maraming walang kabuluhang galaw sa pagsasagawa nito. *Lalong mainam* kung magiging kaunti iyon alang-alang sa kadakilaan ng kalagayan ng saláh, at sa pagiging ito ay haligi ng Islam, pinakadakila sa mga saligan ng Islam matapos ang shahádatán, at unang gawa na pananagutan ng tao sa araw ng Pagkabuhay. Akayin ni Allah ang mga Muslim sa pagsasagawa ng saláh sa paraang ikalulugod Niya.

**29.** Ang pinakamainam po ba ay ang paglapag muna ng mga tuhod bago ng mga kamay kapag magpapatirapa, o ang kabaligtaran ay pinakamainam? Paano po ang pagtutugma sa dalawang [parang magkasalungat na] Hadíth na nasaad hinggil doon?

**Sagot:** Ang Sunnah para sa nagdarasal kapag lalapag para magpatirapa ay na ilapag niya muna ang mga tuhod niya bago ang mga kamay niya kapag makakaya niya iyon. Ayon ito sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam, na pahayag ng nakararami batay sa Hadíth ayon kay Wá’il ibnu Hijr (RA) at batay rin sa nasaad sa mga Hadíth na kasingkahulugan.

Tungkol naman sa Hadíth ayon kay Abú Hurayrah (RA), ito sa totoo ay hindi sumasalungat doon [sa Hadíth ayon kay Wá’il], bagkus ay sumasang-ayon ito roon dahil ang Propeta (SAS) ay nagbawal dito ng pagluhod na gaya ng pagluhod ng kamelyo. Nalalaman na ang sinumang umuna sa mga kamay niya *sa pagpapatirapa* ay nakakawangis ng kamelyo. Tungkol naman sa sabi niya (SAS) sa huling bahagi nito: ***ilapag niya muna ang mga kamay niya bago ang mga tuhod niya*** ang malamang ay na iyon ay pagkakabaliktad na nangyayari sa Hadíth ayon sa ilan sa mga mananalaysay. Ang tama nito ay na “ilapag niya muna ang mga tuhod niya bago ang mga kamay niya.” Sa pamamagitan niyon ay naitutugma ang mga Hadíth, umaayon ang huling bahagi ng Hadíth na nabanggit sa unang bahagi nito, at naalis dito ang

pagkakasalungatan. Tinukoy ni Ibnul Qayyim, kaawaan siya ni Allah, ang pakahulugang ito sa aklat niya na *Zád alMa'ád*.

Tungkol naman sa isang walang kakayahan sa pag-uuna ng mga tuhod sa pagpapatirapa dahil sa karamdaman o katandaan, siya ay hindi masisisi sa pag-una ng mga kamay niya dahil ang sabi ni Allah (64:16): **Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah ayon sa makakaya ninyo** at ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang ano mang ipinagbawal ko sa inyo ay iwasan ninyo iyon at ang anumang ipinag-utos ko sa inyo ay gawin ninyo iyon sa abot ng makakaya ninyo.*** Si Allah ang Tagapag-akay.

**30.** Ano po ang pahayag ninyo sa pag-ehem samantalang isinasagawa ang saláh, sa pag-ihip at pag-iyak; nakasisira po ba ang mga ito sa saláh o hindi?

**Sagot:** Ang pag-ehem, ang pag-ihip, at ang pag-iyak, lahat ng ito ay hindi nakasisira sa saláh at walang masama roon kung tinatawag ng pangangailangan — ngunit kinasusuklaman na gawin ang mga ito kung hindi kailangan — dahil ang Propeta (SAS) ay umeehem kay 'Alí (RA) kapag nagpapaalam ito sa kanya habang siya ay nagdarasal. Tungkol naman sa pag-iyak, ito ay itinatagublin sa saláh at sa iba pang pagsamba kung ito ay namutawi mula sa kataimtiman at pagtugon kay Allah nang walang pagkukunwari. Napatotohanan buhat sa Propeta (SAS) na siya noon ay umiiyak sa saláh. Napatotohanan din iyon buhat kina Abú Bakr, 'Umar, sa mga Sahábí, (RA) at sa mga sumusunod sa kanila nang maigi.

**31.** Ano po ang hatol sa pagdaan sa harap ng nagdarasal? Ang alMasid alHarám po ba ay naiiba sa iba pang masjid hinggil doon? Ano po ang kahulugan ng pagpuputol ng isang nagdadaan sa saláh? Uulitin ba niya ang saláh na ito kapag may dumaan sa harapan niya, halimbawa, na isang asong itim, o isang babae, o isang asno?

**Sagot:** Ang hatol sa pagdaan sa harap ng isang nagdarasal o sa pagitan niya at ng sutrah ay ang pagbabawal dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Kung nalalaman lamang ng dumaraan sa harap ng nagdarasal kung ano ang pananagutan niya, talagang ang tumayo siya nang apatnapung taon ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa dumaan siya sa harap ng nagdarasal.*** Napagkaisahan ang katumpakan nito. Pinuputol ng dumadaan sa harap ang saláh at pinawawalang-saysay ito kapag ang dumadaan ay isang babaeng nasa wastong gulang o isang asno o isang itim na aso. Kung ang dumaraan naman ay iba pa sa tatlong ito, siya ay hindi nakapuputol sa saláh, subalit nakababawas siya sa gantimpala ng saláh dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Napuputol ang saláh ng lalaking Muslim kapag walang [sutrah] sa harap niya na singtaas ng likuran ng síya [o may dumaang] babae o asno o itim na aso.*** Itinala ito ni Imám Muslim mula sa Hadíth ayon kay Abú Dharr (RA). Naitala ang tulad nito mula sa Hadíth ayon kay Abú Hurayrah (RA) subalit hindi tinakdaan sa

itim na aso [ang nakapuputol sa saláh]. Ang di-tinakdaan ay napasasailalim sa natakdaan ayon sa mga maalam sa Islam.

Tungkol naman sa alMasjid alHarám, hindi ipinagbabawal doon ang pagdaan sa harap ng nagdarasal, hindi napuputol ang saláh doon ng anuman sa tatlong nabanggit ni ng iba pa dahil sa tampulan iyon ng pagsisiksikan, at mahirap doon ang pag-iwas sa pagdaan sa harap ng nagdarasal. May nasaad hinggil doon na isang tahas na Hadíth na kahit mahina [sa katumpakan ang pagkasalaysay], napagtibay naman ng nasaad hinggil doon mula sa mga ulat, buhat kay Ibnu azZubayr at sa iba pa sa kanya, na tumukoy sa pagiging tampulan iyon ng pagsisiksikan at kahirapan ng pag-iwas sa dumadaan [sa harap ng nagdarasal] gaya ng naunang nabanggit. Ang tulad nito sa kalagayan ang masjid ng Propeta at ang ibang pang mga masjid kapag tumindi sa mga ito ang pagsisiksikan at mahirap ang pag-iwas sa dumadaan sa harap ng nagdarasal dahil ang sabi Niya (64:16): **Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah hanggang sa makakaya ninyo,** at ang sabi pa Niya (2:286): **Hindi nag-aatang si Allah sa isang kaluluwa kung hindi ayon sa kakayahan nito.** Ang sabi naman ng Sugo (SAS): ***Kapag nag-utos ako sa inyo ng isang utos ay isagawa ninyo ito sa abot ng makakaya ninyo.*** Nasasaad ito sa Sahíhán.

**32.** Ano po ang pananaw ninyo hinggil sa pag-aangat ng mga kamay para sa panalangin pagkatapos ng saláh? Mayroon po bang pagkakaiba sa pagitan ng saláh na fard at náfilah [sa pagdalangin]?

**Sagot:** Ang pag-aangat ng mga kamay sa panalangin ay isang Sunnah at kabilang sa mga kadahilanan ng pagtugon ng panalangin dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Tunay na ang Panginoon ninyo ay buháy, mapagbigay, na nahihiya sa lingkod Niya kapag nag-angat ito ng mga kamay nito tungo sa Kanya na ibalik ang mga ito nang walang-laman.*** Itinala ito nina Imám Abú Dáwud, Imám atTirmidhí at Imám Ibnu Májah, at ang sabi pa niya (SAS): ***Tunay na si Allah ay mabuti; hindi Siya tumatanggap kundi mabuti. Tunay na si Allah ay nag-utos sa mga mananampalataya ng iniutos Niya sa mga isinugo, kaya nagsabi Siya*** (2:172)**: "O mga sumampalataya, kumain kayo mula sa mga mabubuti na itinustos Namin sa inyo. Magpasalamat kayo kay Allah, kung kayo ay sa Kanya suma-samba."** ***at nagsabi rin Siya*** (23:51)**: "O mga sugo, kumain kayo mula sa mga mabubuti at gumawa kayo ng matuwid; tunay na Ako sa anumang ginagawa ninyo ay Nakaalam."** ***Pagkatapos ay binanggit ang isang lalaki, na nang tumagal ang paglalakbay ay gulong-gulo ang buhok na inalikabok, na nag-aabot ng mga kamay niya sa langit, [na nagsasabi:] "Panginoon, Panginoon," samantalang ang pagkain niya ay ipinagbabawal, ang inumin niya ay ipinagbabawal, ang kasuutan niya ay ipinagbabawal, at binubuhay sa pamamagitan ng ipinagbabawal, kaya papaanong tutugunin siya?*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

Subalit hindi isinasabatas ang pag-angat sa mga ito sa mga sandaling nakikita noong panahon ng Propeta (SAS) na hindi siya nag-angat gaya ng sa mga katapusan ng limang saláh, sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, bago isagawa ang taslím sa saláh, at sa sandali ng khutbah sa Biyernes at dalawang Íd dahil ang Propeta (SAS) ay hindi nag-angat sa mga sandali na iyon, at siya ang magandang uliran sa anumang gagawin at hindi gagawin. Subalit kapag humiling ng ulan sa khutbah sa Biyernes o khutbah sa dalawang Íd, isinabatas sa kanya na iangat ang mga kamay gaya ng ginawa ng Propeta (SAS).

Tungkol naman sa saláh na náfilah, wala akong nalalamang may humahadlang sa pag-aangat ng mga kamay sa panalangin matapos niyon. Magagawa ito batay sa kasaklawan ng mga patunay sa pag-aangat ng mga kamay. Subalit ang pinakamainam ay ang hindi pamamalagi sa gayon dahil hindi napagtibay ang paggawa niyon buhat sa Propeta (SAS). Kung ginawa niya iyon pakatapos ng bawat saláh na náfilah, talagang naiulat na sana iyon buhat sa kanya dahil ang kanyang mga Sahábí (RA) ay nag-ulat ng mga sinasabi niya at mga ginagawa niya sa sandali ng paglalakbay niya at pagtigil niya at sa lahat ng kalagayan niya (SAS).

Tungkol naman sa bantog na Hadíth na ang Propeta (SAS) ay nagsabi raw: "Ang saláh ay pagsusumamo at pagtataimtim at na iaangat mo ang mga kamay mo habang nagsasabi: Panginoon, Panginoon." ito ay mahina sa katumpakan, gaya ng paglilinaw ni alHáfidh Ibnu Rajab at ng iba pa sa kanya. Si Allah ang Tagapag-akay.

**33.** May narinig kami na nagsasabi na kinasusuklaman na punasan ang noong may alikabok pagkatapos ng saláh; may batayan po ba ito?

**Sagot:** Wala itong batayan ayon sa nalalaman natin. Kinasusuklaman lamang ang paggawa niyon bago isagawa ang taslím dahil napagtibay buhat sa Propeta (SAS) sa ilan sa mga saláh niya na siya ay nagsagawa ng taslím sa saláh sa fajr sa isang gabing maulan habang nakikita sa mukha niya ang bakas ng tubig at putik. Kaya nagpapatunay iyon na ang pinakamainam ay ang hindi pagpunas sa noo bago matapos ang saláh.

**34.** Ano po ang hatol sa pakikipagkamay pagkatapos ng saláh? Mayroon po bang pagkakaiba [ang pakikipagkamay matapos] ang [saláh na] fard o sunnah?

**Sagot:** Ang pangunahing hatol sa pakikipagkamay kapag nagtagpo ang mga Muslim ay ang pagkatungkulin nito. Ang Propeta (SAS) ay nakikipagkamay noon sa mga Sahábí niya (RA) kapag nakatagpo niya sila. Sila naman kapag nagkikita ay nagkakamayan rin. Nagsabi sina Anas (RA) at ashSha'bí, kaawaan siya ni Allah: "Ang mga Kasamahan ng Propeta (SAS), kapag nagkita sila, ay nagkakamayan; at kapag dumating naman sila mula sa isang paglalakbay ay nagyayakapan sila." Napagtibay sa Sahíhayn na si Talhah ibnu 'Ubaydulláh (RA), ang isa sa sampung binalitaan na papasok sa Paraiso, ay tumayo sa pagtitipon ng Propeta sa masjid nito

(SAS) upang lumapit kay Ka'b ibnu Málik (RA), nang pinatawad ito ni Allah, at nakipagkamay rito at binati ito sa kapatawarang natamo. Ito ay gawaing bantog sa mga Muslim noong kapanahunan ng Propeta (SAS) at noong wala na siya. Napagtibay naman buhat sa kanya (SAS) na siya ay nagsabi: ***Walang dalawang Muslim na nagkikita at saka nagkakamayan nang hindi nagkakandalagas mula sa kanila ang mga pagkakasala nila gaya ng pagkakandalagas mula sa punong-kahoy ng mga dahon nito.***

Kaibig-ibig din ang pakikipagkamayan kapag nagkikita sa masjid o sa klase. Kapag hindi nagkamayan bago isagawa ang saláh, magkamayan pagkatapos nito bilang pagtupad sa dakilang Sunnah na ito dahil sa gawaing iyon ay may pagpapatatag ng pagmamahalan at pag-aalis ng samaan ng loob. Kung hindi kinamayan ng isang Muslim ang kapwa niya bago nagsagawa ng saláh na fard, itinatagubilin sa kanya na kamayan niya ito pagkatapos ng saláh pagkatapos bigkasin ang mga isinasabatas na dhikr. Tungkol naman sa ginagawa ng ilang tao na kaagad-agad na pakikipagkamay pagkatapos ng saláh na fard habang sinasabi ang ikalawang ***assalámu 'alaykum*** ay wala akong nalalamang may batayan ito. Bagkus ang higit na malinaw ay kinaiinisan iyon dahil sa kawalan ng patunay roon at dahil ang isang nagdadasal ay itinatagubilin sa kanya sa sandaling ito na magdali-dali na pagbigkas sa mga isinasabatas na dhikr na ginagawa noon ng Propeta (SAS) matapos magsabi ng ***assalámu 'alaykum*** sa saláh na fard. Tungkol naman sa saláh na Sunnah, itinatagubilin ang pakikipag-kamay matapos magsabi ng ***assalámu 'alaykum*** kapag hindi nagkamayan bago sinimulan iyon. Kung nagkamayan na bago magsagawa ng saláh, sapat na iyon.

**35.** May nabanggit ba hinggil sa pagpapalit ng lugar para magsagawa ng saláh na sunnah matapos magsagawa ng isang saláh?

**Sagot:** Walang nabanggit hinggil doon, ayon sa nalalaman ko, na isang tumpak na Hadíth. Subalit si Ibnu 'Umar (RA) at ang maraming sinaunang Muslim ay gumagawa niyon. Ang usapin hinggil doon ay maluwag, ang papuri ay ukol kay Allah. May nabanggit hinggil dito na isang Hadíth na mahina sa katumpakan ayon kay Imám Abú Dáwud, kaawaan siya ni Allah, ngunit maaaring katigan ito ng ginawa ni Ibnu 'Umar (RA) at ng mga matuwid na sinaunang Muslim. Si Allah ang Tagapag-akay.

**36.** Nabanggit [sa isang Hadíth] ang paghihikayat sa pagsabi ng [dhikr na]: ***lá iláha illalláh, wahdahu lá sharíka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa 'alá kulli shay'in qadír*** nang sampung ulit matapos ang saláh sa fajr at matapos ang saláh sa maghrib; kaya ang [Hadíth na] nabanggit po ba ay tumpak?

**Sagot:** May nabanggit tungkol dito na mga tumpak na Hadíth buhat sa Propeta (SAS), na nagpapatunay sa pagkaitinatagubilin ng dhikr na nabanggit matapos ang saláh sa fajr at matapos ang saláh sa maghrib. Ito ay ang pagsabi ng ***lá iláha illalláh, wahdahu lá sharíka lah, lahul mulku wa lahul hamd, yuhyí wa yumít,***

***wa huwa 'alá kulli shay'in qadír*** nang sampung ulit. Kaya isinasabatas sa bawat lalaking mananamplataya at babaeng mananampa-lataya na pamalagiin ang pag-bigkas niyon matapos ang dalawang saláh na nabanggit, matapos bigkasin ang mga itinatagubilin na dhikr matapos isagawa ang taslím, sa lahat ng limang saláh na fard. Magsasabi ng mga sumusunod:

- ***Astaghfir -ulláh*** (3x). Patawarin Mo ako Allah.
- ***Alláhumma anta -ssalámu wa minka -ssalám, tabárakta yá dha -ljaláli wa -l'ikrám.*** O Allah, Ikaw ang Sakdal[41] at sa mula sa Iyo ang kapayapaan. Mapag-pala Ka, Ikaw na karapat-dapat sa pagpipitagan at pagpaparangal.
- ***Lá iláha illa -lláh, wahdahu lá sharíka lah, lahu -lmulku wa lahu -lhamd, wa huwa 'alá kulli shay'in qadír.*** Walang Diyos kundi si Allah: tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya ay Makapangyarihan sa lahat ng bagay.
- ***Lá hawla wa lá qúwata illá bi -lláh.*** Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah.
- ***Lá iláha illa -lláh, wa lá na'budu illá iyyáh, lahu -nni'matu wa lahu -lfadlu wa lahu -ththaná'u -lhasan, lá iláha illa -lláh, mukhlisína lahu -ddína wa law kariha -lkáfirún.*** Walang Diyos kundi si Allah at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagpapala at ukol sa Kanya ang pagbibiyaya at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang Diyos kundi si Allah, nag-uukol sa Kanya ng kawagasan sa pag-samba, kahit masuklam man ang mga tumatang-ging sumampalataya.
- ***Alláhumma lá máni'a limá a'tayta, wa lá mu'tiya limá mana'ta, wa lá yanfa'u dhal jaddi minkal jadd.*** O Allah, wala pong makapipigil sa anumang ibinigay Mo at wala makapagbibigay sa anumang pinigil Mo. Walang ibubuti sa may kayamanan laban sa Iyo ang kayamanan.

Kung ang nagdarasal ay imám, itinatagubilin sa kanya ang pagbaling sa mga ma'múm at haharap sa kanila pagkatapos niyang magsabi ng ***astaghfiru -lláh*** nang tatlong ulit at saka ***alláhumma anta -ssalámu wa minka -ssalám, tabárakta yá dha -ljláli wa -l'ikrám*** bilang pagtulad sa Propeta (SAS) doon. Ang imám, sa pag-baling, ay maaaring bumaling sa gawing kanan niya o sa gawing kaliwa niya dahil ang Propeta (SAS) ay gumawa nito.

Kaibig-ibig din para sa nagdarasal, pagkatapos ng bawat isa sa limang saláh na fard pagkatapos ng dhikr na nabanggit na sabihin ang mga sumusunod:

- ***Subhánalláh*** (33x). Kaluwalhatian kay Allah.
- ***Alhamdu lilláh*** (3x). Ang papuri ay ukol kay Allah.
- ***Alláhu akbar*** (3x). Si Allah ay Dakila.

[41] Walang kapintasan.

Iyon ay siyamnapu't siyam. Magsasabi siya sa pagbuo ng isandaan ng ***lá iláha illa -lláh, wahdahu lá sharíka lah, lahu - mulku wa lahu -lhamd, wa huwa 'alá kulli shay'in qadír*** dahil napatotohanan buhat sa Propeta (SAS) ang paghihikayat doon at ang paglilinaw na ito ay kabilang sa mga dahilan ng kapatawaran.

Itinatagubilin din para sa nagdarasal matapos ang bawat saláh mula sa limang saláh na fard matapos ang mga dhikr na nabanggit na bigkasin ang Áyatulkursí, ang Súrah al'Ikhlás, ang Súrah alFalaq, at ang Súrah anNás. Itinatagubilin na ulitin nang tigtatatlong ulit ang tatlong súrah pagkatapos ng saláh sa maghrib at pagkatapos ng saláh sa fajr at bago matulog dahil nabanggit iyon sa mga tumpak na Hadíth.

**37.** Ipinagwawalang-bahala ng marami sa mga Muslim sa ngayon ang saláh sa jamá'ah at pati na ng ilan sa mga mag-aaral ng Islam. Idinadahilan nila na ang ilan sa mga maalam sa Islam ay nagsabing hindi raw fard itong [saláh sa jamá'ah]. Kaya ano po ang hatol sa saláh sa jamá'ah at ano po ang maipapayo ninyo sa mga ito?

**Sagot:** Ang saláh sa jamá'ah kasama ng kapwa mga Muslim sa mga masjid ay walang duda, ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam, na isinasatungkulin sa bawat lalaki na may kakayahan na *dumalo na* nakaririnig ng adhán dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang sinumang nakarinig ng panawagan [sa saláh] at hindi pumunta, walang saláh para sa kanya malibang may tanggap na dahilan.*** Ang Hadíth na ito ay itinala nina Imám Ibnu Májah, Imám adDáruqutní, Imám Ibnu Hibbán at Imám al-Hákim.

Tinanong si Ibnu 'Abbás (RA) kung ano ang tanggap na dahilan. Nagsabi siya: "Takot o sakit." Nasaad naman sa Sahíh Muslim buhat kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS), na may pumunta sa kanya na isang lalaking bulag at nagsabi: "O Sugo ni Allah, wala po akong taga-akay na aakay sa akin patungo sa masjid; kaya ako po ba ay may kapahintulutan na magsagawa ng saláh sa bahay ko?" Pinahintulutan niya ito ngunit pagkatapos ay tinawag niya ito at nagsabi: ***Naririnig mo ba ang panawagan para sa saláh?*** Nagsabi ito: "Opo." Nagsabi siya: ***Kung gayon, tugunin mo.***[42] Nasaad sa isang Hadíth sa Sahíhán buhat kay Abú Hurayrah (RA), buhat sa Propeta (SAS), na siya ay nagsabi: ***Talagang ngang nagbalak ako [minsan] na mag-utos na isagawa ang saláh, kaya isasagawa ang iqámah. Pagkatapos ay mag-uutos ako sa isang lalaki upang mamuno sa mga tao sa saláh. Pagkatapos ay lilisan ako nang may kasamang ilang mga lalaki na may dalang mga bigkis ng panggatong patungo sa mga taong hindi dumadalo sa saláh at susunugin ko sa kanila ang mga bahay nila.*** Ang mga Hadíth na ito, ang lahat ng ito at anumang nabanggit na kasingkahulugan nito, ay nagpapatunay sa pagkaisinatungkulin ng saláh sa jamá'ah sa mga masjid sa panig ng mga lalaki at na ang hindi tumutupad sa tungkuling ito ay karapat-dapat sa parusang sumusupil.

---

[42] Ibig sabihin: Pumunta ka sa Masjid at doon isagawa ang saláh.

Kung ang saláh sa jamá‘ah sa mga masjid ay hindi fard, hindi sana magiging karapat-dapat sa parusa ang lumiliban doon dahil ang saláh sa mga masjid ay kabilang sa napakadakilang mga gawaing panlabas sa Islam, kabilang sa mga dahilan ng pagkakilalahan ng mga Muslim, ng pagtamo ng pag-ibig at pagmamahalan, at ng pag-aalis ng sama ng loob, at dahil sa ang pagliban roon ay pagwawangis sa mga nagpapanggap na Muslim. Kaya kinakailangan ang pag-iingat doon. Walang katuturan ang pagsalungat doon dahil ang bawat pahayag na sumasalungat sa mga patunay ng Sharí‘ah ay kinakailangan na iwaksi at hindi pinagbabatayan dahil ang sabi ni Allah (4:59): **Kaya kapag nagkahidwaan kayo sa isang bagay ay isangguni ninyo ito kay Allah at sa Sugo, kung kayo ay sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Iyan ay pinakamainam at pinakamagaling na kahihinatnan.** Ang sabi pa Niya (42:10): **Ang anumang bagay na nagkaiba-iba kayo hinggil doon, ang kahatulan nito ay kay Allah.**

Nasaad sa Sahíh Muslim ayon kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA) na siya ay nagsabi: “Talagang nakita na namin na walang nagpapaliban-liban doon (sa saláh sa jamá‘ah) kundi isang nagpapanggap na Muslim o isang maysakit. Talagang [kahit] ang lalaki [na maysakit] ay dinadala sa masjid, na inaalalayan sa pagitan ng dalawang lalaki hanggang sa maitayo sa hanay ng saláh.” Walang duda na ito ay nagpapatunay sa malasakit ng mga Sahábí (RA) sa saláh sa jamá‘ah sa masjid at sigasig nila roon kaya naman sila ay naghahatid, paminsan-minsan, ng isang lalaking maysakit na inaalalayan sa pagitan ng dalawang lalaki hanggang sa maitayo sa hanay. Iyon ay tanda ng tindi ng kasigasigan nila sa pagdalo sa saláh sa jamá‘ah — kasiyahan silang lahat ni Allah. Si Allah ang Tagapag-akay.

**38.** Nagkaiba-iba ang mga maalam sa Islam hinggil sa pagbigkas ng Ma’múm [sa Súrah alFátihah] sa likod ng imám; kaya ano po ang tama roon? Ang pagbigkas po ba ng Súrah alFátihah ay kinakailangan sa kanya? Kailan po niya bibigkasin ito kapag ang imám ay walang mga sandali ng pananahimik na magagawang bigkasin ng ma’múm ito? Isinasabatas po ba para sa imám ang pananahimik [nang sandali] matapos ang pagbigkas ng Súrah alFátihah upang bigyan ng pagkakataon ang ma’múm na bigkasin ang Súrah alFátihah?

**Sagot:** Ang wasto ay kinakailangang bigkasin ng ma’múm ang Súrah alFátihah sa lahat ng saláh na tahimik at binibigkas alinsunod sa pangkalahatang saklaw ng kahulugan ng sabi ng Propeta (SAS): ***Walang saláh para sa sinumang hindi bumigkas ng súratul fátihah.*** — napagkaisahan ito sa katumpakan. Nagsabi rin siya (SAS) sa kanyang mga Sahábí (RA): ***Maaaring kayo ay bumibigkas sa likod ng imám ninyo.*** Kaya nagsabi naman sila: “Opo,” at nagsabi pa siya (SAS): ***Huwag ninyong gawin kundi sa Súrah alFátihah sapagkat tunay na walang saláh para sa sinumang hindi bumigkas Súrah alFátihah.*** Itinala ito ni Imám Ahmad.

Ang isinasabatas ay bigkasin ito sa mga sandali ng pananahimik ng imám; ngunit kung wala siyang sandali ng pananahimik, bibigkasin ito [ng ma'múm] kahit na ang imám ay bumibigkas din at pagkatapos ay mananahimk. Ito ay isang kataliwasán sa pagiging pangkalahatan ng mga patunay na nagpapatunay sa pagkakinakailangan ng pananahimik para sa pagbigkas ng imám. Subalit kung nakalimutan ito ng ma'múm o hindi ito binigkas dahil sa kawalang-kaalaman o dahil sa paniniwala sa hindi pagiging kinakailangan nito, walang ano man iyon sa kanya at makasasapat na sa kanya ang pagbigkas ng imám ayon sa nakararami sa mga maalam sa Islam. Ganoon din kung dumating siya samantalang ang imám ay nakayukod na, yuyukod din siya kasama nito at nakasasapat na sa kanya ang pagyukod [na ito] at hindi na kailangang bumigkas Súrah alFátihah dahil sa hindi pagkaabot niya rito. Nasaad mula sa Hadíth ayon kay Abú Bakrah athThaqafí (RA) na siya ay dumating sa Propeta (SAS) habang ito ay nakayukod kaya yumukod na rin siya nang wala sa hanay at saka pumasok sa hanay. Kaya noong nakapagsagawa na ng taslím ang Propeta (SAS) ay nagsabi ito (SAS) sa kanya: ***Dagdagan ka nawa ni Allah ng kasi-gasigan ngunit huwag mo nang ulitin.*** Hindi na siya inutusan ng Propeta (SAS) na ulitin ang rak'ah.[43] Isina-laysay ito ni Imám alBukhárí. Ang kahulugan ng sinabi ng Propeta (SAS) na: ***huwag mo nang ulitin*** ay "huwag mo nang ulitin ang pagyu-kod nang wala sa hanay." Sa pamamagitan niyon ay nalalaman na ang isinasabatas para sa sinumang pumasok sa masjid, samantalang ang imám ay nakayukod, ay na hindi yuyukod bago [makapasok] sa hanay, bagkus ay kailangan sa kanya na mag-hintay hanggang sa makarating sa hanay kahit pa malampasan siya ng isang ruku' dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Kapag pupunta kayo sa saláh ay puntahan ninyo ito na nasa inyo ang kapana-tagan. Ang anumang maabutan ninyo ay dasalin ninyo at ang anumang naka-lampas sa inyo ay buuhin ninyo.*** Napagka-isahan ito sa katumpakan.

Tungkol naman sa Hadíth: ***Ang sinumang may imám, ang pagbigkas nito ay pagbigkas rin para sa kanya,*** ito ay isang Hadíth na mahina sa katumpakan, na hindi ipinapatunay ng mga maalam sa Islam. Kung naging tumpak ito, talagang ang Súrah alFátihah ay isang kataliwasan doon upang maipagtugma ang [ibang] mga Hadíth. Tungkol naman sa pananahimik [ng imám] matapos ang Súrah alFátihah, walang anumang napatotohanan hinggil dito ayon sa nalalaman ko. Ang usapin hinggil dito ay maluwag, kung loloobin ni Allah. Kaya ang sinumang gumawa nito ay walang masama, ang sinumang hindi gumawa nito ay wala ring masama dahil walang napagtibay na anuman hinggil dito buhat sa Propeta(SAS) ayon sa nalalaman ko. Ang napag-tibay lamang buhat sa kanya (SAS) ay dalawang pananahimik: ang una ay pagkatapos ng takbíratul ihrám (panimulang takbír) na isinasabatas rito ang

[43] Na naabutan niya at yumukod siya nang wala sa hanay.

istiftá<u>h</u>,[44] at ang ikalawa ay matapos bumigkas [ng mga áyah] at bago yumukod. Ito ay panandaliang pananahimik na naghihiwalay sa pagitan ng pagbigkas ng áyah at ng takbír.

**39.** Nasaad sa tumpak na <u>H</u>adíth ang pagbabawal sa paglapit sa masjid para sa sinumang kumain ng sibuyas o bawang o *leek*.[45] Maisasama rin ba roon ang anumang may masamang amoy at ipinagbabawal gaya ng sigarilyo? Ang ibig po bang sabihin niyon ay na ang gumamit ng mga bagay na ito ay may dahilang lumiban sa pagdalo sa jamá‘ah at hindi magkakasala sa pagliban niya?

**Sagot:** Napagtibay buhat sa Sugo ni Allah (SAS) na siya ay nagsabi: ***Ang sinumang kumain ng bawang o sibuyas ay huwag ngang lalapit sa masjid natin at magdasal siya sa bahay niya.*** Napagtibay rin buhat sa kanya (SAS) na siya ay nagsabi: ***Tunay na ang mga anghel ay nayayamot sa nakayayamot sa mga anak ng tao.*** Ang bawat may masamang amoy, ang patakarang sumasaklaw rito ay ang patakarang sumasaklaw sa bawang at sibuyas, gaya ng naninigarilyo, may amoy sa kilikili at iba pang nakapagpapayamot sa katabi niya. Kinasusuklaman para sa kanya na magdasal kasama ng jamá‘ah. Ipinagbabawal iyon hanggang hindi siya gumagamit ng makapagalis sa amoy *na ito*. Kinakailangan sa kanya na gawin iyon sa abot ng kakayahan upang maisagawa niya ang isinatungkulin sa kanya ni Allah na <u>s</u>aláh sa jamá‘ah. Tungkol naman sa paninigarilyo, ito ay ipinagbabawal at kina-kailangan sa kanya na iwaksi niya ito sa lahat ng oras yamang may taglay ito na maraming pinsala sa relihiyon, sa katawan, at sa salapi. Pabutihin nawa ni Allah ang kalagayan ng mga Muslim at patnubayan Niya nawa sila sa lahat ng mabuti.

**40.** Sinisimulan po ba ang hanay [ng <u>s</u>aláh] mula sa kanan ng imám o mula sa likuran niya? Isinasabatas po ba na magkasindami [ang bilang] sa kanan at kaliwa sa pamamagitan ng pagsabi ng ***i‘dalu<u>s</u> <u>s</u>aff*** (pagpantayin ang hanay) gaya ng ginagawa ng marami sa mga imám?

**Sagot:** Ang hanay ay nagsisimula sa gitna mula sa likuran ng *imám*. Ang kanan ng bawat hanay ay mainam kaysa sa kaliwa nito. Ang kinakailangan ay na hindi magsisimula sa isang [bagong] hanay hangga’t hindi napupuno ang nauna rito. Walang masama na ang mga tao sa kanang bahagi ng hanay ay higit na marami. Wala ring pangangailangan na pagpantayin ang bilang ng mga hanay, bagkus ang pag-uutos ng gayon ay pagsalungat sa Sunnah. Subalit hindi gagawa ng ikalawang hanay hanggat hindi nabubuo ang una at hindi rin gagawa ng ikatlo hanggat hindi nabubuo ang

---

[44] Ang pagbigkas nang tahimik ng ***sub<u>h</u>ánakalláhumma wa bi<u>h</u>amdika wa tabárakasmuka wa taálá jadduka wa lá iláha ghayruk.***

[45] Dahil ang kumain nito ay nangangamoy. Ang *leek* ay isang uri ng gulay na kahawig ng malaking sibuyas ngunit mahaba at kulay puti ang tangkay.

ikalawa at ganoon din sa nalalabi pang mga hanay dahil napagtibay buhat sa Propeta (SAS) ang pag-uutos niyon.

**41.** Ano po ang pahayag ninyo sa saláh ng muftarid sa likod ng isang mutanaffil?

**Sagot:** Walang masama sa saláh ng muftarid sa likod ng isang [imám na] mutanaffil dahil napagtibay buhat sa Propeta (SAS) sa ilan sa mga uri ng salátulkhawf[46] na siya ay nagdasal ng dalawang rak‘ah [bilang imám] sa isang pangkat at saka nagsagawa ng taslím. Pagkatapos ay nagdasal muli siya ng dalawang rak‘ah [bilang imám] sa isa pang pangkat at nagsagawa ng taslím. Ang una ay saláh na fard para sa kanya at ang ikalawa ay náfilah, habang ang mga ma’múm naman sa likod niya ay mga muftarid. Napagtibay rin sa [Hadíth sa] Sahíhán ayon kay Mu‘ádh ibn Jabal (RA) na siya noon ay nagdadasal kasama ng Propeta (SAS) ng saláh sa ‘ishá’ at pagkatapos ay umuuwi sa mga kanayon niya at nagdadasal sa kanila [bilang imám] sa saláh na iyon rin. Ito para sa kanya ay náfilah at para naman sa kanila ay fard. Ang tulad din niyon ay kung dumating ang isang tao [sa masjid] sa buwan ng Ramadán habang sila ay nagdadasal ng taráwíh[47] at siya naman ay hindi pa nagsagawa ng saláh sa ‘ishá’; siya ay magdadasal kasabay nila ng saláh sa ‘ishá’ upang makamit ang biyaya ng saláh sa jamá‘ah at kapag nakapagsagawa ng taslím ang imám ay tatayo siya at bubuuhin niya ang saláh niya.

**42.** Ano po ang hatol sa saláh ng mag-isang nagdarasal sa likod ng hanay? Kapag may isang pumasok [sa masjid] at hindi nakakita ng lugar sa hanay, ano po ang gagawin niya? Kapag nakakita siya ng isang paslit, hahanay ba siya kasama nito?

**Sagot:** Ang hatol sa saláh ng taong mag-isang nagdarasal sa likod ng hanay ay ang kawalang-saysay [niyon] dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Walang saláh para sa mag-iisa sa likod ng hanay.*** at dahil napagtibay rin buhat sa kanya na siya ay nag-utos sa nagdarasal sa likod ng hanay nang mag-isa na ulitin ang saláh at hindi niya tinanong ito kung may nakita itong puwang sa hanay o wala. Kaya nagpatunay iyon na walang pagkakaiba sa pagitan ng may nakitang puwang sa hanay at walang nakitang puwang, bilang paghahadlang sa pagwawalang-bahala sa saláh sa likod ng hanay nang mag-isa. Subalit kung dumating ang isang masbúq sa simula ng saláh samantalang ang imám ay nakayukod at yumukod siya nang wala sa hanay at pagkatapos ay pumasok sa hanay bago nagpatirapa, makasasapat na iyon sa kanya dahil napagtibay sa Sahíh alBukhárí buhat kay Abú Bakrah ath-Thaqafí (RA) na siya ay dumating sa saláh samantalang ang Propeta (SAS) ay nakayukod. Yumukod siya

---

[46] Ito ang limang saláh na fard sa panahon ng digmaan. Ito ay nangangahulugang saláh sa panahon ng pangamba o takot. Ang saláh na binubuo ng apat na rak‘ah ay pinapaiksi sa dalawang rak‘ah. Ang anumang salitang arabe na hindi maunawaan ay tingnan ang kahulugan sa talasalitaan.

[47] Saláh na Sunnah na isinasagawa sa Ramadán matapos ang saláh sa ‘ishá’.

nang wala sa hanay. Pagkatapos ay pumasok sa hanay kaya naman nagsabi ang Propeta (SAS): ***Dagdagan ka nawa ni Allah ng kasigasigan ngunit huwag mo nang ulitin.*** Hindi na siya inutusan ng Propeta (SAS) na ulitin ang rak'ah [na wala sa hanay].

Ang dumating naman habang ang imám ay nasa sandali ng pagsasagawa ng saláh ngunit hindi nakakita ng puwang sa hanay, siya ay maghihintay hanggang sa makatagpo ng isang makikihanay kasama niya kahit pa man isang paslit na tumuntong na sa pitong taong gulang o higit, o maaari ring pupunta siya sa harap at makikihanay sa gawing kanan ng imám, bilang pagsasagawa alinsunod sa mga Hadíth.

Akayin nawa ni Allah ang lahat ng Muslim alang-alang sa pagkaunawa sa Relihiyong mula sa Kanya at pananatili rito; tunay na Siya ay Dumidinig, Malapit.

**43.** Hinihiling po bang kundisyon sa pamumuno [sa saláh] ang níyah sa pamumuno? Kapag pumasok ang isang lalaki [sa masjid] at may natagpuan siyang iba pang nagdarasal, gagawin ba niyang imám ito? Ipinahihintulot po bang gawing imám ang masbúq?

**Sagot:** Hinihiling na kondisyon ang níyah sa pamumuno *sa saláh* dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang mga gawa ay batay sa mga layunin lamang at ang ukol sa bawat tao ay ang nilayon niya lamang.*** Kapag pumasok ang isang lalaki sa masjid at naiwanan na siya ng jamá'ah at nakakita siya ng nagdarasal nang mag-isa, walang masama na magdasal siya kasama nito bilang ma'múm. Bagkus ito ang pinakamainam dahil ang sabi ng Propeta (SAS) nang may nakita siyang isang lalaki na pumasok sa masjid matapos na nakapagdasal na ang mga tao: ***Wala bang lalaking magkakawanggawa sa [tao na] ito kaya magdadasal kasama nito?*** Sa pamamagitan niyon ay matatamo ng dalawa ang biyaya ng saláh sa jamá'ah. Ito ay náfilah para sa nakapagdasal na.

Si Mu'ádh ibn Jabal (RA) ay nagdadasal noon kasama ng Propeta (SAS) ng saláh sa 'ishá' at pagkatapos ay umuuwi sa mga kanayon niya at nagdadasal sa kanila [bilang imám] sa saláh na iyon rin. Ito para sa kanya ay náfilah at para naman sa kanila ay fard. Sinang-ayunan siya ng Propeta (SAS) doon.

Tungkol naman sa masbúq, walang masama na magdasal kasama niya ang sino mang naiwanan ng saláh sa jamá'ah, sa paghahangad na magkamit ng biyaya ng saláh sa jamá'ah. Kapag nabuo ng masbúq ang saláh niya, tatayo ang hindi pa nakabuo ng saláh at bubuuhin ito. Ayon ito sa pagiging pangkalahatan ng saklaw ng mga patunay. Ang patakarang ito ay sumasaklaw sa lahat ng limang saláh na fard dahil ang sabi ng Propeta (SAS) kay Abú Dharr (RA) nang binanggit niya rito na may darating na mga pinuno na mag-aantala sa saláh sa oras nito: ***Magdasal ka sa oras nito. Ngunit kung naabutan mo ito kasama nila, isagawa mo uli kasama nila***

***sapagkat ito, para sa iyo, ay magiging isang náfilah. Huwag mong sabihin: Naka-pagdasal na ako kaya hindi na ako magdadasal.*** Si Allah ang Tapag-akay.

**44.** Ang maaabutan ba ng masbúq mula sa mga rak‘ah kasama ng imám ay itinutu-ring na unang bahagi ng saláh niya o huling bahagi nito? Kaya kapag nalampasan siya, halimbawa, ng dalawang rak‘ah mula sa [saláh na] ápatán [na rak‘ah], isinasa-batas ba para sa kanya ang pagbigkas ng ilang áyah matapos ang Súrah alFátihah?

**Sagot:** Ang tama ay na ang anumang maabutan ng masbúq kasama ng imám ay itinuturing na unang bahagi ng saláh niya at ang [mag-isang] bubuuhin niya ay ang huling bahagi nito sa lahat ng saláh dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Kapag isina-gawa ang iqámah ng saláh ay lumakad kayo na nasa inyo ang kapanatagan. Ang anumang naabutan ninyo ay dasalin ninyo at ang nakalampas sa inyo ay buuhin ninyo.***

Dahil doon, kaibig-ibig na maglimita sa ikatlo at ikaapat [na rak‘ah] ng [saláh na] ápatáng [rak‘ah] at sa ikatlong [rak‘ah] ng [saláh sa] maghrib sa pagbigkas ng súratul fátihah dahil nasaad sa Sahíhán ayon kay Abú Qatádah (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) ay bumibigkas noon sa saláh sa dhuhr at ‘asr sa unang dalawang rak‘ah ng súratul fátihah at isang súrah. Hinahabaan niya [ang pagbigkas] sa unang rak‘ah at pinaiikli naman sa ikalawang rak‘ah. Bumibigkas siya sa dalawang huling rak‘ah ng Súrah alFátihah.”

Kapag bibigkas paminsan-minsan sa ikatlo at ikaapat [na rak‘ah] ng [saláh sa] dhuhr ng [áyah na] karagdagan sa Súrah alFátihah, ito ay maganda rin dahil napag-tibay sa Sahíh Muslim buhat kay Abú Sa‘íd (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) ay bumibigkas noon sa unang dalawang [rak‘ah] ng dhuhr ng singhaba ng Súrah asSajdah at sa huling dalawang rak‘ah [nito] ng [singhaba ng] kalahati niyon,[48] at sa unang dalawang [rak‘ah] ng ‘asr ng singhaba ng huling dalawang [rak‘ah ng dhuhr] at sa huling dalawang rak‘ah ng ‘asr ng [singhaba ng] kalahati niyon.” Ito ay mai-pagpapalagay na siya (SAS) ay gumagawa niyon sa ilang pagkakataon sa huling dalawang [rak‘ah ng dhuhr], upang maitugma ang dalawang Hadíth.[49] Si Allah ang Tagapag-akay.

**45.** Dahil sa dami ng pagsisiksikan sa ilan sa mga masjid na pinagdarausan ng Jumu‘ah, maaaring mapuno ang isang masjid kaya nagdadasal na ang ilan sa mga kalye at mga daanan bilang mga ma’múm ng imám; kaya ano po ang pahayag ninyo tungkol doon? Mayroon po bang pagkakaiba kapag ang daanan ay nasa pagitan ng mga nagdarasal at masjid, o walang daanan na naghihiwalay?

[48] Dahil kung minsan ang pagbigkas ng Propeta (SAS) sa huling dalawang rak‘ah ay singtagal ng kalahati ng Súrah asSajdah, ito ay nagpapahiwatig na hindi lamang Súrah alFátihah ang binigkas niya.
[49] Ayon kina Abú Qatádah (RA) at Abú Sa‘íd (RA).

**Sagot:** Kapag nagdugtong ang mga hanay ay walang masama. Ganoon din kapag ang mga ma’múm ay nasa labas ng masjid habang nakikita nila ang mga hanay sa harapan nila o naririnig nila ang takbír, at kahit pa man pinaghiwalay sila ng ilang kalye, wala ring masama doon dahil sa pagiging kailangan ng saláh sa jamá‘ah at nagagawa nilang makita [ang hanay sa harap] at marinig [ang takbír]. Subalit hindi ipinahihintulot sa isa man na magdasal sa harapan [ng imám] dahil iyon ay hindi tayuan para sa ma’múm. Si Allah ang Tagapag-akay.

**46.** Kapag naabutan ng masbúq ang imám na nakayukod, ano ang isinasabatas para sa kanya sa sandaling iyon? Hinihiling po bang kundisyon para maituring na umabot siya sa isang rak‘ah na masabi niya ang ***subhána rabbiya -l‘adhím*** bago mag-angat ang imám [ng likod]?

**Sagot:** Kapag naabutan ng masbúq ang imám na nakayukod, makasasapat na sa kanya ang rak‘ah [na ito], kahit nasabi niya lamang ang ***subhána rabbiya -l‘adhím*** matapos mag-angat ang imám [ng likod], ayon sa pangkalahatang saklaw ng sabi ng Propeta (SAS): ***Ang sinumang nakaabot sa isang rak‘ah sa saláh ay naabutan na niya ang saláh.*** Itinala ito ni Imám Muslim. Alam na ang rak‘ah ay naaabutan sa pagkaabot sa pagyukod [sa rak‘ah na ito] dahil isinalaysay ni Imám alBukhárí buhat kay Abú Bakrah athThaqafí (RA) na siya ay dumating sa masjid isang araw habang ang Propeta (SAS) ay nakayukod kaya yumukod na rin siya nang wala sa hanay at pagkatapos ay pumasok siya sa hanay. Kaya nang nakapagsagawa ng taslím ang Propeta (SAS) ay nagsabi ito sa kanya: ***Dagdagan ka nawa ni Allah ng kasi-gasigan ngunit huwag mo nang ulitin.*** Hindi na siya inutusan nito (SAS) na ulitin ang rak‘ah [na wala sa hanay]. Pinagbawalan lamang siya nito na ulitin ang pag-yukod nang wala sa hanay. Kaya kailangan sa [masbúq] na hindi magmadali sa pagyukod hanggat hindi nakapasok sa hanay. Si Allah ang Tagapag-akay.

**47.** Ang ilan sa mga imám ay naghihintay sa isang pumapasok [sa masjid] upang maabutan ang rak‘ah at ang iba sa kanila ay nagsasabi naman na hindi isinasaba-tas ang maghintay; kaya ano po ang tama? Akayin po kayo ni Allah.

**Sagot:** Ang tama ay ang pagkaisinasabatas ng paghihintay nang kaunti upang maka-sama sa hanay ang isang pumapasok, bilang pagtulad sa Propeta (SAS) doon.

**48.** Kapag namuno [sa saláh] ang isang lalaki sa dalawang paslit o higit pa, ilalagay po ba niya sila sa likuran niya o sa gawing kanan niya? Ang pagtuntong po ba sa wastong gulang ay isang kondisyon para makihanay ang bata?

**Sagot:** Ang isinasabatas dito ay na ilagay niya sila sa likuran niya gaya ng mga mukallaf kapag sila ay nakatuntong na sa pitong taong gulang o higit pa. Gayon din kahit na isang paslit at isang mukallaf, ilalagay niya sila sa likuran niya dahil ang

Propeta (SAS) ay nagdasal kasabay ni Anas (RA) at ng isang paslit na ulila at inilagay niya sila sa likuran niya. Ito ay noong dinalaw ng Propeta (SAS) ang lola ni Anas (RA). Gayon din noong humanay sa tabi niya sina Jábir at Jabbár na kabilang sa mga Ans̲árí, inilagay niya sila sa likuran niya.

Tungkol naman sa [ma’múm na] nag-iisa, siya ay tatayo sa gawing kanan [ng imám], maging siya man ay isang lalaki [na mukallaf] o isang paslit [na hindi mukallaf] dahil ang Propeta (SAS), noong humanay sa tabi niya si Ibnu ‘Abbás sa s̲alátullayl[50] sa gawing kaliwa niya, ay inilagay niya ito sa gawing kanan niya. Gayon din si Anas (RA), nagdasal siya kasama ng Propeta (SAS) sa ilang s̲aláh na náfilah at inilagay rin nito siya sa gawing kanan nito.

Tungkol naman sa isang babae o higit pa, siya ay tatayo sa likuran ng mga lalaki at hindi ipinahihintulot sa kanya na humanay sa tabi ng imám ni sa tabi ng mga lalaki dahil ang Propeta (SAS), noong magdasal siya kasabay nina Anas (RA) at ng isang paslit na ulila, ay naglagay kay Umm Sulaym sa likuran ng dalawa. Siya ay ina ni Anas.

**49.** Nagsabi ang ibang tao na hindi na ipinahihintulot ang pagsasagawa ng [s̲aláh sa] isa namang jamá‘ah sa masjid matapos naisagawa ang [naunang] jamá‘ah ng mga nagdasal; may batayan po ba ito? Ano po ang tama?

**Sagot:** Ang sabi na ito ay hindi tama at wala itong batayan sa Sharí‘ah na dinalisay, ayon sa nalalaman ko. Bagkus ang mga tumpak na sunnah ay nagpapatunay sa kasalungatan nito. Ang sabi ng Sugo (SAS): ***Ang s̲aláh sa jamá‘ah ay lamang kaysa sa s̲aláh ng mag-isa ng dalawampu’t pitong antas.*** Ang sabi pa niya (SAS): ***Ang s̲aláh ng lalaki kasama ng isa pang lalaki ay higit na mainam kaysa sa s̲aláh niya na mag-isa.*** Ang sabi naman niya (SAS) noong nakita niya na may lalaking pumasok sa masjid matapos na nakapagdasal ang mga tao: ***Wala bang lalaking magkakawanggawa sa [taong] ito kaya magdadasal kasama nito?***

Gayon pa man hindi ipinahihintulot sa isang Muslim na magpahuli [sa s̲aláh sa jamá‘ah]. Bagkus ay kinakailangan sa kanya na magdali-daling dumalo sa sandaling naririnig niya ang adhán. Si Allah ang Tagapag-akay.

**50.** Kapag nasira ang wud̲ú’ ng imám sa sandali ng s̲aláh, magpapahalili po ba siya sa isang magpapatuloy [bilang imám] sa kanila sa s̲aláh, o nawawalán ng saysáy ang s̲aláh ng lahat at magtatalaga siya ng isang magsisimulang muli [bilang imám] sa kanila sa s̲aláh mula simula nito?

**Sagot:** Ang tama ay na ang isinasabatas para sa imám ay na magpahalili siya sa sinumang bubuo [bilang imám] sa kanila sa s̲aláh kagaya ng ginawa ni ‘Umar (RA) noong sinaksak siya habang siya ay nagdarasal [bilang imám] sa kanila: nagpahalili

[50] Isang uri ng s̲aláh na sunnah na isinasagawa sa pagitan ng ‘ishá’ at fajr.

siya kay ‘Abdurrahmán ibnu ‘Awf (RA) at binuo naman nito *bilang imám* sa kanila ang saláh sa fajr. Ngunit kung hindi nagpahalili ang imám para sa kanila, pupunta sa harap ang isa sa mga nasa likuran niya at bubuuhin nito ang saláh [bilang imám] sa mga tao. Kung sisimulang muli nila ang saláh mula sa simula nito ay walang masama roon dahil ang usapin hinggil doon ay may pagkakaiba [ng mga pahayag] sa pagitan ng mga maalam sa Islam. Subalit ang pinakamatimbang [na pahayag] ay na ang imám ay magpapahalili sa isang bubuo [sa saláh bilang imám] sa kanila batay sa nabanggit natin na ginawa ni ‘Umar (RA). Ngunit kung magsisimula muli sila ay wala ring masama. Si Allah ang Tagapag-akay.

**51.** Ang [saláh sa] jamá‘ah ay naaabutan po ba kung nakaabot sa taslím kasama ng imám o hindi naaabutan kung hindi nakaabot ng isang rak‘ah? Kapag may pumasok na isang pangkat [ng mga tao] habang ang imám ay nakaupo sa huling tashahhud, ang pinakamainam po ba para sa kanila ay ang sumabay kasama ng imám, o hihintayin nila ang taslím nito at saka sila magdadasal sa jamá‘ah?

**Sagot:** Hindi maaabutan ang saláh sa jamá‘ah kung hindi nakaabot ng isang rak‘ah dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang nakaabot ng isang rak‘ah sa saláh ay naabutan na niya ang saláh [sa jamá‘ah].*** Itinala ito ni Imám Muslim. Subalit ang sinumang may dahilang tanggap sa Sharí‘ah ay magkakamit ng biyaya ng saláh sa jamá‘ah kahit hindi niya naabutan iyon kasama ng imám dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Kapag nagkasakit ang isang tao o naglakbay siya, itatala ni Allah para sa kanya ang ginagawa niya noong siya ay malusog na nakatigil.*** — isinalaysay ito ni Imám alBukhárí — at dahil ang sabi niya (SAS) sa labanan sa Tabúk: ***Tunay na sa Madínah ay may mga tao na wala kayong tinahak na daan at wala kayong binagtas na lambak kung hindi sila ay kasama ninyo; pinigilan sila ng dahilan.***[51] Sa isa namang sanaysay: ***kung hindi sila nakilahok sa inyo sa gantimpala.*** — napagkaisahan ang katumpakan nito.

Sa sandaling naabutan ng isang pangkat ang imám na nasa sandali ng huling tashahhud, ang pagsabay nila sa kanya ay mainam alinsunod sa pangkalahatan saklaw ng sinabi niya (SAS): ***Kapag pupunta kayo sa saláh ay puntahan ninyo ito na nasa inyo ang kapanatagan. Ang anumang maabutan ninyo ay dasalin ninyo at ang anumang nakalampas sa inyo ay buuhin ninyo.*** — napagkaisahan ito sa katumpakan. Kung magdadasal naman sila sa isang [hiwalay na] jamá‘ah nang sila-sila lamang ay wala ring masama, inshá’alláh.

**52.** Napupuna namin ang ilan sa mga tao, kapag pumasok sila sa masjid para isagawa ang saláh sa fajr at naisagawa na ang iqámah ng saláh, na nagsasagawa pa

[51] Magtatamo rin sila ng gantimpala kahit hindi sila nakalahok sa labanan sa Tabúk dahil mayroon silang katanggap-tanggp na dahilan.

ng dalawang rak‘ah na sunnah sa fajr at pagkatapos ay lumalahok sa imám; kaya ano po ang hatol doon? Ang pinakamainam po ay na dasalin iyon pagkatapos ng saláh sa fajr kaagad-agad o hihintayin ang pagsikat ng araw?

**Sagot:** Hindi ipinahihintulot sa sinumang pumasok sa masjid at naisagawa na ang iqámah ng saláh na magdasal pa ng isang sunnah o ng pagbati sa masjid, bagkus ay kinakailangan sa kanya na lumahok kasama ng imám sa saláh sa kasalukuyan dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Kapag naisagawa na ang iqámah ng saláh ay wala nang saláh kundi ang [saláh na] isinatungkulin.*** Itinala ito ni Imám Muslim; ang Hadíth na ito ay sumasaklaw sa saláh [sa fajr] at sa iba pa rito. Pagkatapos niyon siya ay makapipili. Kung nais niya, magdadasal siya ng sunnah matapos ang saláh sa fajr, at kung nais niya naman ay ipahuhuli niya ito hanggang sa matapos na tumaas na ang araw, at ito ang pinakamainam dahil napatotohanan buhat sa Propeta (SAS) ang nagpapahiwatig sa dalawang mapipilian na ito. Si Allah ang Tagapag-akay.

**53.** Nagdasal bilang imám sa amin ang isang isang lalaki at nagsagawa siya bilang imám sa amin ng iisang taslím lamang sa gawing kanan niya. Kaya ipinahihintulot po ba ang pagpapaiksi sa iisang [taslím]? May nasaad po ba sa sunnah na isang bagay kaugnay roon?

**Sagot:** Naniwala ang karamihan sa mga maalam sa Islam na ang iisang taslím ay nakasasapat dahil nasaad sa ilan sa mga Hadíth ang nagpapahiwatig doon. Naniniwala naman ang isang pangkat ng mga maalam sa Islam na nangangailangan ng dalawang taslím dahil napagtibay ang mga Hadíth buhat sa Propeta (SAS) tungkol doon at dahil ang sabi pa niya (SAS): ***Magdasal kayo gaya ng pagkakita ninyo sa akin na nagdarasal ako.*** Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí. Ang pahayag na ito ay ang tama.

Ang pahayag na ipinahihintulot ang iisang taslím ay mahina [ang batayan] dahil sa kahinaan [ng katumpakan] ng mga Hadíth na nasasaad tungkol doon at sa kawalan ng kalinawan ng mga [Hadíth na] ito hinggil sa paksa. Kung napatotohanan man ang mga ito, tiyak na ang mga ito ay pambihira dahil ang mga ito ay sumalungat sa higit na tumpak, higit na napagtibay, at higit na malinaw. Subalit ang sinumang magsagawa niyon nang hindi nalalaman [ang tama] o naniniwala sa katumpakan ng mga Hadíth tungkol doon, ang saláh rin niya ay tanggap. Si Allah ang Tagapag-akay.

**54.** Kapag sumabay ang masbúq sa imám at nagdasal siya kasama nito ng dalawang rak‘ah, pagkatapos ay luminaw sa kanya na ang imám ay nagdasal ng limang rak‘ah, ibibilang po ba niya ang labis na rak‘ah na dinasal niya kasama ng imám kaya magsasagawa pa siya ng dalawang rak‘ah pa, o hindi na niya ibibilang iyon at magsasagawa siya ng tatlong rak‘ah pa?

**Sagot:** Ang tama ay na hindi niya ibibilang iyon dahil iyon ay walang saysay ayon sa hatol ng Shariah. Ang kinakailangan ay ang hindi sumunod sa imám doon para

sa nakaalam na iyon ay kalabisan. Tungkulin ng masbúq na hindi ibilang iyon. Ang [sagot sa] tanong ay kinakailangan niya na magsagawa ng tatlong rak‘ah pa dahil sa wala siyang naabutan, sa totoo, kundi iisang rak‘ah. Si Allah ang Tagapag-akay.

**55.** Nagdasal ang imám sa jamá‘ah niya nang walang wudú’ dahil nakalimutan. Kaya ano po ang hatol sa saláh na ito ayon sa sumusunod na mga kalagayan:
A. Kapag naalaala sa sandali ng saláh?
B. Kapag naalaala matapos ang taslím at bago maghihiwa-hiwalay ang jamá‘ah?
C. Kapag naalaala matapos maghihiwa-hiwalay ang jamá‘ah?

**Sagot:** Kapag naalaala niya ito matapos ang taslím, ang saláh ng jamá‘ah ay tanggap at hindi nila kailangang ulitin *ang saláh*. Samantala, ang imám naman ay kailangang umulit [ng saláh]. Kung naalaala naman niya habang siya ay nasa sandali ng saláh, siya ay magpapahalili sa isang kukumpleto bilang imám sa kanila sa saláh nila, ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam alinsunod sa isang salaysay tungkol kay ‘Umar (RA). Noong sinaksak siya [habang nagdarasal bilang imám] ay nagpahalili siya kay ‘Abdurrahmán ibn ‘Awf (RA) at binuo nito ang saláh [bilang imám] sa kanila at hindi na nito pinasimulang muli. Si Allah ang Tagapag-akay.

**56.** Ano po ang hatol sa pamumuno [sa saláh] ng sinumang gumagawa ng anumang kabilang sa mga pagsuway gaya ng paninigarilyo o pag-aahit ng balabas o pagsusuot ng kasuutang lampas sa bukong-bukong at mga tulad nito?

**Sagot:** Ang saláh niya ay tanggap kapag isinagawa niya ito gaya ng isinabatas ni Allah, ayon sa nagkakaisang hatol ng mga maalam sa Islam. Ganoon din ang saláh ng sinumang nasa likuran niya kapag siya ay imám, ayon din sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam.

Tungkol naman sa Káfir, hindi matatanggap ang saláh niya at ang saláh ng sino mang nasa likuran niya dahil sa pagkawala ng isang kondisyon [sa saláh] at iyon ay ang [pagiging kaanib ng] Islam. Si Allah ang Tagapag-akay.

**57.** Batid na ang tayuan ng ma’múm, kapag siya ay iisa, ay sa gawing kanan ng imám; kaya isinasabatas po ba na umurong siya nang kaunti gaya ng napapansin sa ilan?

**Sagot:** Ang isinasabatas para sa ma’múm kapag siya ay nag-iisa ay na tumayo sa gawing kanan ng imám kapantay nito. Sa mga patunay batay sa Sharí‘ah ay walang nagpapahiwatig ng pagsalungat doon. Si Allah ang Tagapag-akay.

**58.** Kapag nag-alinlangan ang nagdarasal: nagsagawa ba siya ng tatlo o apat na rak‘ah, ano po ang gagawin niya?

**Sagot:** Ang kinakailangan sa kanya kapag may alinlangan ay na babatay siya sa pinakatiyak: ang pinakakaunting bilang [ng rak‘ah]. Ipagpapalagay niya na ito ay tatlong [rak‘ah lamang] at isasagawa ang ikaapat [na rak‘ah]. Pagkatapos ay isasagawa niya ang sujúdussahw[52] at saka magsagawa ng taslím dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Kapag nag-alinlangan ang isa sa inyo sa saláh niya, kaya hindi niya malaman kung ilang [rak‘ah] ang dinasal niya: tatlo ba o apat, ay isantabi niya ang pag-aalinlangan at bumatay sa natitiyak. Pagkatapos ay magpatirapa nang dalawang pagpapatirapa bago siya magsagawa ng taslím. Kaya kung naka-pagdasal siya ng limang [rak‘ah], iwawasto ng mga ito para sa kanya ang saláh niya; kung nag-dasal siya nang buo, ang dalawang iyon ay isang panghihiya sa Demonyo.*** Itinala ito ni Imám Muslim mula sa isang Hadíth ayon kay Abú Sa‘íd alKhudrí.

Kung nanaig naman sa palagay niya ang isa sa dalawa: ang kakulangan o ang kalubusan [ng rak‘ah], siya ay magbabatay sa nananaig sa palagay niya. Pagkatapos ay isasagawa niya ang taslím. Pagkatapos ay magpapatirapa siya ng dalawang pag-papatirapa para sa sujúdussahw matapos ang taslím dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***Kapag nag-alinlangan ang isa sa inyo sa saláh niya ay pakaisipin niya ang tama at buuhin niya batay roon. Pagkatapos ay magsagawa siya ng taslím. Pagkatapos ay magpatirapa siya nang dalawang patirapa matapos ang taslím.*** Itinala ito ni Imám alBukhárí mula sa isang Hadíth ayon kay ibnu Mas‘úd (RA).

**59.** Ang ilan sa mga imám ay nagsasagawa ng sujúdussahw matapos ang taslím; ang iba naman sa kanila ay nagsasagawa ng sujúdussahw bago ang taslím; at ang iba pa sa kanila ay nagsasagawa ng isang [sujúdussahw] bago ang taslím at isang [sujúdussahw] pa matapos ang taslím. Kaya kailan po ba isinasabatas ang sujúdus-sahw bago ang taslím? Kailan po ba isinasabatas [ang sujúdussahw na] ito matapos [ang taslím na] ito? Ang itinatagubilin po ba na sujúdussahw bago ang taslím o matapos ang taslím ay fard o mustahabb?

**Sagot:** Ang usapin ay maluwag hinggil doon, kaya ang kapwa gawain: ang sujúdus-sahw bago ang taslím at matapos nito ay ipinahihintulot dahil ang mga Hadíth ay bumanggit ng hinggil doon buhat sa Propeta (SAS). Subalit ang pinakamainam ay na ang sujúdussahw ay bago ang taslím maliban sa dalawa:

A. Kapag nagsagawa ng taslím ngunit kulang *pala* ng isang rak‘ah o higit pa, ang pinaka-mainam ay na ang sujúdussahw ay matapos na natapos ang saláh at ang taslím. Ito ay bilang pagsunod sa Propeta (SAS) doon dahil ang Propeta (SAS) — noong nagsagawa siya ng taslím nang may kulang pa na dalawang rak‘ah, ayon sa Hadíth ayon kay Abú Hurayrah (RA), at nang may kulang pa na isang rak‘ah, ayon naman sa Hadíth ayon kay ‘Imrán ibnu Husayn (RA) — ay nagsa-gawa siya ng sujúdussahw matapos na natapos ang saláh at ang taslím.

[52] Dalawang karagdagang pagpapatirapa bago o matapos ang taslím kapag nagkamali o nagduda.

**B.** Kapag nag-alinlangan sa saláh kaya hindi malaman kung nadasal ng tatlo ba o apat [na rak'ah] sa saláh na ápatáng [rak'ah], o ng dalawa ba o tatlong [rak'ah] sa maghrib, o ng isa ba o dalawang [rak'ah] sa fajr, subalit nanaig sa palagay niya ang isa sa dalawa: ang kakulangan o ang kasapatan [ng rak'ah], siya ay mag-babatay sa nangingibabaw sa palagay niya. Ang sujúdussahw niya pagkatapos ng taslím ay ayon sa pinakamainam alinsunod sa Hadíth ayon kay Ibnu Mas'úd na nabanggit sa sagot sa tanong bilang 87. Si Allah ang Tagapag-akay.

**60.** Kapag nagkamali ang masbúq, magsasagawa po ba siya ang sujúdussahw? At kailan po niya isasagawa ito? Kailangan po ba sa ma'múm ang sujúdussahw kapag nagkamali siya?

**Sagot:** Hindi kailangan sa ma'múm ang sujúdussahw kapag nagkamali siya, at kailangan sa kanya na sumunod sa imám kapag sumabay siya rito mula sa simula ng saláh. Tungkol naman sa masbúq, siya ay magsasagawa ng sujúdussahw kapag nagkamali siya habang kasama ng imám niya o habang nag-iisa [nang nagdarasal] matapos na nabuo ng imám ang saláh, batay sa detalyeng nabanggit sa sagot sa naunang dalawang tanong bilang 46 at 47. Si Allah ang Tagapag-akay.

**61.** Isinasabatas po ba ang sujúdussahw sa sumusunod na mga pangyayari:

**A.** Kapag bumigkas ng anumang áyah kasama ng Fátihah sa dalawang huling rak'ah ng [saláh na] ápátang [rak'ah]?

**B.** Kapag bumigkas [ng anumang áyah] samantalang nasa pagpapatirapa o nagsabi ng ***subhána rabbiyal 'adhím*** sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, halimbawa?

**C.** Kapag nilakasan ang pagbigkas sa *saláh na* binibigkas nang tahimik o pinatahimik ang pagbigkas sa [saláh na] binibigkas nang malakas?

**Sagot:** Kapag bumigkas sa dalawang huling [rak'ah] ng [saláh na] ápátang [rak'ah] o sa isa sa dalawang ito ng isang áyah o higit pa o ng isang súrah dala ng pagkalimot, hindi isinasabatas sa kanya ang sujúdussahw dahil napagtibay mula sa Propeta (SAS) ang nagpapatunay na siya ay bumigkas ng ilang áyah karagdagan sa Súrah alFátihah sa ikatlo at ikaapat [na rak'ah] ng saláh sa dhuhr. Napagtibay rin na siya ay pumuri sa isang prinsipe na bumibigkas ng Súrah al'Ikhlás matapos ang Súrah alFátihah sa lahat ng rak'ah ng saláh nito. Subalit ang nalalaman buhat sa Propeta (SAS) ay na siya ay hindi bumibigkas noon sa ikatlo at ikaapat [na rak'ah] maliban pa sa Súrah alFátihah gaya ng nasasaad sa Sahíhán mula sa Hadíth ayon kay Abú Qatádah (RA). Napagtibay rin buhat kay Abú Bakr as-Siddíq (RA) na siya ay bumigkas noon sa ikatlong [rak'ah] ng saláh sa maghrib, matapos ang súratul fátihah, ng ilang áyah na nasa Ál 'Imrán:8. Ang lahat ng ito ay nagpapatunay sa pagbibigay-luwag doon.

Tungkol naman sa sinumang bumigkas [ng anumang áyah] dala ng pagkalingat habang nakayukod o nakapatirapa, siya ay magsasagawa ng sujúdussahw dahil hindi

ipinahihintulot ang pagbigkas [ng anumang áyah] habang nakayukod o nakapatirapa dahil ang Propeta (SAS) ay nagbawal niyon. Kaya kapag nakabigkas [ng anumang áyah] dala ng pagkalingat, kinakailangan sa kanya ang sujudus sahw. Gayon din sa sinumang nakalingat habang nakayukod at nakapagsabi ng ***subhána rabbiya -l'a'lá*** sa halip na ***subhána rabbiya -l'adhím*** o nakalingat habang nakapatirapa at nakapagsabi ng ***subhána rabbiya -l'adhím*** sa halip na ***subhána rabbiya -l'a'lá,*** kailangan din sa kanya ang sujúdussahw dahil hindi niya naisagawa ang kinakailangan dala ng pagkalingat. Ngunit kung naipagsama ang pagbigkas sa dalawang ito habang nakayukod o nakapatirapa, hindi na kinakailangan sa kanya ang sujúdussahw. Kung isasagawa naman niya ang sujúdussahw ay walang masama, alinsunod sa kasaklawan ng mga patunay. [Ang patakarang] ito ay pumapatungkol sa imám, munfarid, at masbúq.

Tungkol naman sa ma'múm na kasama ng imám sa simula pa ng saláh, hindi na kailangan sa kanya ang sujúdussahw [kung nagkamali] sa mga usaping ito ngunit kailangan sa kanya na sundin niya ang imám niya. Gayon din kung nilakasan niya ang pagbigkas sa [saláh na] binibigkas nang tahimik o kung pinatahimik niya ang pagbigkas sa saláh na binibigkas nang malakas, hindi na rin siya nangangailangan ng sujúdussahw dahil ang Sugo (SAS) ay nagpa-parinig noon kung minsan ng pagbigkas [ng ilang áyah] sa saláh na binibigkas nang tahimik. Si Allah ang Tagapag-akay.

**62.** Inaakala ng ilan na ang jam' (pagsasama) at ang qasr (pagpapaikli) [ng mga saláh] ay magkaalinsabay kaya nga walang jam' nang walang qasr, at walang qasr nang walang jam'; kaya ano po ang pahayag ninyo rito? Ang mainam po ba para sa musáfir ay ang qasr nang walang jam', o ang jam' at ang qasr?

**Sagot:** Ang tinagubilinan ni Allah ng qasr, ang musáfir, ay ipinahihintulot sa kanya ang jam', ngunit sa dalawang ito ay walang [kinakailangang] pagkakaalinsabay. Kaya maaari sa kanya na paikliin niya [ang mga saláh] at hindi pagsamahin. Ang hindi pagsasagawa ng jam' ay mainam kapag ang musáfir ay tumitigil [pansamantala sa isang pook] at hindi nagbibiyahe, gaya ng ginawa ng Propeta (SAS) sa Miná noong sandali ng Hajj ng Pamamaalam: siya ay nagpaikli [ng saláh] ngunit hindi niya ipinagsama [ang mga ito]. Ipinagsama niya ang qasr at ang jam' sa labanan sa Tabúk; kaya nagpatunay ito sa pagbibigay-luwag doon. Siya noon ay nagsasagawa ng jam' at qasr kapag siya ay nasa biyahe at hindi nakatigil sa isang lugar.

Tungkol naman sa jam', ang patakaran dito ay higit na maluwag sapagkat ito ay ipinahihintulot sa may-sakit at ipinahihintulot din sa mga walang sakit sa mga masjid sa sandaling may ulan. [Ang ipinagsasama] ay ang maghrib at ang 'ishá', o ang dhuhr at ang 'asr. Ngunit hindi ipinahihintulot sa kanila ang qasr dahil ang qasr ay inilalaan sa panahon ng paglalakbay lamang. Si Allah ang Tagapag-akay.

**63.** Kapag sumapit ang oras ng isang saláh habang hindi pa naglalakbay at pagkatapos ay naglakbay bago naisagawa ang saláh, may karapatan ba siya sa qasr at jam'

o wala na? Gayon din kung nagdasal siya ng dhuhr at ‘asr, halimbawa, na qasr at jam‘, at pagkatapos ay nakarating siya sa kanyang bayan sa oras ng ‘asr; ang ginawa ba niya na iyon ay tanggap samantalang nalalaman niya noong isinasagawa ang qasr at ang jam‘ na siya ay darating sa bayan niya sa oras ng ikalawang [saláh]?

**Sagot:** Kapag inabutan ang isang nagbabalak maglakbay ng oras ng saláh samantalang siya ay nasa [sariling] bayan[53] at saka umalis bago nagdasal, itinatagubilin sa kanya ang qasr kapag nilisan na niya ang pinaninirahang bahagi ng bayan, ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam, na siya ring pahayag ng pinakamarami.

Kapag nagsagawa siya ng jam‘ at qasr sa paglalakbay at pagkatapos ay dumating sa [sariling] bayan bago sumapit ang oras ng ikalawang saláh[54] o sa oras mismo ng ikalawang saláh, hindi na kinakailangan sa kanya ang pag-uulit [sa saláh] dahil naisagawa na niya ang saláh ayon sa isinasabatas na paraan. Ngunit kung isasasagawa niya ang ikalawang [saláh] kasama ng jamá‘ah, ito ay magiging isang náfilah para sa kanya. Si Allah ang Tagapag-akay.

**64.** Ano po ang tingin ninyo sa paglalakbay na ipinahihintulot ang qasr, ito po ba ay sinasaklawan ng isang takdang layo? Ano po ang masasabi ninyo sa nagbabalak na tumigil nang higit sa apat na araw habang nasa paglalakbay niya, ipinahihintulot po ba sa kanya ang qasr.

**Sagot:** Ang karamihan sa mga maalam sa Islam ay naniniwala na ito ay nasasaklawan ng layo na isang araw at isang gabi na pangkaraniwang paglalakad ng mga kamelyo o mga tao. Iyon ay humigit-kumulang sa 80 kilometro, dahil ang layo na ito ay itinuturing na paglalakbay ayon sa nakaugalian, na taliwas naman sa mababa pa rito. Naniniwala rin ang karamihan [sa mga maalam sa Islam] na ang sinumang nagpasyang manatili nang higit sa apat na araw ay kinakailangan sa kanya sa ang paglubos sa saláh at ang pag-aayuno [kung Ramadán.] Kapag ang yugto [ng pagtigil] ay mababa pa roon, maaari sa kanya ang qasr, ang jam‘ at ang paghinto sa pag-aayuno [kung Ramadán] dahil ang orihinal na patakaran sa panig ng tumitigil ay ang paglubos [sa saláh at pag-aayuno]. Itinatagubilin lamang sa kanya ang qasr kapag nasimulan na niya ang paglalakbay. Napagtibay buhat sa Propeta (SAS): “Na siya ay tumigil sa panahon ng Hajj ng Pamamaalam nang apat na araw habang nagpapaiksi ng saláh, at pagkatapos ay nagtungo sa Miná at ‘Arafát.” Kaya nagpatunay iyon sa pagpapahintulot sa qasr para sa sinumang nagpasya na manatili nang apat na araw o mababa pa. Tungkol naman sa pananatili niya (SAS) nang 19 araw noong taon ng pagsakop sa Makkah at 20 araw [sa labanan] sa Tabúk, ito ay mauunawa na hindi siya nagpasya na tumigil. Tumigil lamang siya dahil sa isang bagay na

[53] Ang lungsod o munisipyo na permamenteng tinitirahan.
[54] Ang saláh sa ‘asr o ‘ishá’

hindi niya nalalaman kung kailan mawawala. Gayon inunawa ng karamihan sa mga maalam sa Islam ang pagtigil niya sa Makkah noong taon ng pagsakop sa Makkah at sa labanan sa Tabúk, bilang pag-iingat sa pagganap sa Islam at paggawa ayon sa orihinal na patakaran: ang tungkulin na isagawa ang saláh sa apat na rak'ah sa panig ng mga tumitigil para sa dhuhr, 'asr at 'ishá'. Kung hindi naman nagpasya na titigil, bagkus ay hindi niya nalalaman kung kailan lilisan, sa ganitong kalagayan ay maaari sa kanya ang qasr at ang jam' at ang paghinto sa pag-aayuno [kung Ramadán] maliban kung nagpasya siya na tumigil nang higit sa apat na araw o umuwi sa bayan niya. Si Allah ang Tagapag-akay.

**65.** Ano po ang tingin ninyo sa jam' dahil sa ulan sa maghrib at 'ishá' sa panahong nananatili sa mga lungsod na ang mga kalye ay sementado at naiilawan yayamang walang hirap at walang putik [ang daan patungo sa masjid].

**Sagot:** Walang masama sa Pagsasama sa maghrib at 'ishá', ni sa dhuhr at 'asr, ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam, dahil sa ulan na nagpapahirap sa pagpunta [sa mga masjid]. Gayon din [kung may] kadulasan ang daan at may mga baha na dumadaloy sa mga lansangan yayamang dahil iyon ay nagdudulot ng hirap [sa pagpunta sa mga masjid]. Ang batayan doon ay ang napagtibay sa Sahíhán buhat kay Ibnu 'Abbás (RA), na ang Propeta (SAS) ay nagsama ng dhuhr at 'asr, at maghrib at 'ishá' sa Madínah. Idinagdag ni Imám Muslim sa sanaysay niya na hindi dahil may pinangangambahan ni ulan ni paglalakbay. Kaya nagpatunay iyon na napagtibay na sa mga Sahábí (RA) na ang pangamba at ang ulan ay isang kadahilanan sa Pagsasama [ng mga saláh] gaya ng paglalakbay ngunit hindi ipinahihintulot ang Pagpapaikli sa ganitong kalagayan; ipinahihintulot lamang ang Pagsasama lamang dahil sa pagiging mga nananatili nila, hindi mga musáfir. Ang Pagpapaikli [ng saláh] ay kabilang sa mga kapahintulutang inilalaan sa paglalakbay. Si Allah ang Tagapag-akay.

**66.** Ang níyah ay isang kundisyon po ba sa pagpapahintulot sa pagsasama [sa mga saláh]? Marami ang nagdadasal ng maghrib nang walang níyah na pagsamahin [ang maghrib at ang 'ishá'] at matapos ng saláh sa maghrib ay nagsasanggunian ang jamá'ah at mapagkakaisahan nila ang Pagsasama at pagkatapos ay dadasalin nila ang 'ishá'.

**Sagot:** Nagkaiba ang mga maalam sa Islam tungkol doon ngunit ang matimbang ay na ang níyah ay hindi isang kondisyon sa pagpapasimula ng unang saláh, bagkus ay ipinahihintulot ang Pagsama matapos isagawa ng una kapag lumitaw ang kundisyon [na nagpapahintulot] nito gaya ng pangamba [sa isang panganib], karamdaman, at ulan. Si Allah ang Tagapag-akay.

**67.** Ano po ang hatol sa pagkakasunod-sunod ng dalawang saláh yamang maaaring maantala ito ng ilang sandali na maituturing na paghihiwalay sa dalawang saláh na pagsasamahin nila?

**Sagot:** Ang isinasatungkulin sa pagsasama na taqdím[55] ay ang magkasunod na pagsasagawa ng dalawang saláh at walang masama sa maituturing na kaunting patlang [sa pagitan ng dalawa] dahil may napagtibay buhat sa Propeta (SAS) hinggil doon. Nagsabi nga siya (SAS): ***Magdasal kayo gaya ng pagkakita ninyo sa akin na nagdarasal ako.*** Ang tama ay na ang níyah ay hindi isang kondisyon gaya ng naunang nabanggit sa sagot tanong bilang 54. Tungkol naman sa pagsasama na ta'khír,[56] ang usapin ay maluwag dahil ang ikalawang [saláh] ay isasagawa sa oras nito subalit ang pinakamainam ay ang pagsusunod-sunod sa dalawang [saláh] bilang pagtulad sa Propeta (SAS) roon. Si Allah ang Tagapag-akay.

**68.** Kapag kami ay naglalakbay at napadaan sa isang masjid sa oras ng dhuhr, halimbawa, ang kaibig-ibig po ba para sa amin ay na magdasal kami ng dhuhr kasama ng jamá'ah at pagkatapos ay magdadasal kami ng 'asr na pinaikli, o na magdarasal kami na kami-kami lamang? Kapag nagdasal kami kasama ng jamá'ah at [pagkatapos ay] ninais naming magdasal [ng 'asr], tatayo po ba kami kaagad pagkatapos ng taslím alang-alang sa pagsusunud-sunod [ng dhuhr at 'asr], o bibigkas muna kami ng mga dhikr at saka magdadasal ng 'asr?

**Sagot:** Ang pinakamainam ay na magdasal kayo na kayo-kayo lamang ng pinaikling saláh dahil ang sunnah para sa musáfir ay ang pagpapaikli sa saláh na ápátang rak'ah. Ngunit kung magdadasal kayo kasama ng mga nananatili, kinakailangan ninyong buuhin ang saláh gaya ng napatotohanang Sunnah hinggil doon buhat sa Propeta (SAS). Kapag ninais ninyo ang pagsasama [sa mga saláh], ang itinatagubilin sa inyo ay ang kaagad na pagsasagawa niyon bilang paggawa sa Sunnah, gaya ng naunang nailahad sa sagot sa tanong bilang 67, matapos magsabi ng ***astaghfirulláh*** nang makatatlo at ***alláhumma antas salám, wa minkas salám, tabárakta ya dhal jaláli wal ikrám***. Subalit kung ang musáfir ay nag-iisa, kinakai-langan sa kanya na magdasal kasama ng jamá'ah na mga nananatili at buuhin ang saláh dahil ang pagsasagawa ng saláh kasama ng jamá'ah ay isa sa mga isinasatungkulin at ang Pagpapaikli sa saláh ay kaibig-ibig. Ang isinasatungkulin ay unahin sa pagpapahalaga ang isinasatungkulin kaysa sa kaibig-ibig. Sa pamamagitan ni Allah ang Tagumpay.

**69.** Ano po ang hatol sa saláh ng di-musáfir sa pamumuno ng musáfir o ang kabaliktaran? May karapatan po ba ang musáfir sa pagpapaikli [sa saláh] kapag siya ay imám o ma'múm?

---

[55] Magkasunod na pagsasagawa ng dhuhr at 'asr sa oras ng dhuhr, o maghrib at 'ishá' sa oras ng maghrib.

[56] Magkasunod na pagsasagawa ng dhuhr at 'asr sa oras ng 'asr, o maghrib at 'ishá' sa oras ng 'ishá'.

**Sagot:** Ang saláh ng musáfir sa pamumuno ng di-musáfir at ang saláh ng hindi musáfir sa pamumuno ng musáfir ay kapwa walang masama roon. Subalit kung ang ma'múm ay ang musáfir at ang imám ay ang di-musáfir, kinakailangan sa ma'múm na magpasakop bilang pagsunod sa imám niya [na di-musáfir] dahil napagtibay sa [Hadíth sa] Musnad ni Imám Ahmad ibn Hanbal at Sahíh Muslim buhat kay Ibnu 'Abbás (RA) na siya ay tinanong hinggil sa saláh ng musáfir sa pamumuno ng hindi musáfir na nagsasagawa ng apat na rak'ah at sumagot siya na iyon ay sunnah. Samantala, kung nagdasal ang hindi musáfir sa pamumuno ng imám na musáfir na nagsasagawa ng saláh na ápátang [rak'ah], bubuuhin niya ang saláh niya kapag nakapagsagawa ng taslím ang imám.

**70.** Maaaring mangyari sa pagsasama [sa maghrib at 'ishá'] dahil sa ulan na dadalo ang iba sa jamá'ah habang ang imám ay nagdadasal na ng 'ishá' at lalahok naman sila kasama ng imám sa pag-aakala na siya ay nagdadasal ng maghrib; kaya ano po ang kailangan sa kanila?

**Sagot:** Kailangan sa kanila na maupo matapos ang ikatlong [rak'ah] at bibigkasin nila ang Tashahhud at ang du'á' [bago ang taslím] at pagkatapos ay magsasagawa ng taslím matapos niyon kasama ng imám. Pagkatapos ay magdadasal sila ng 'ishá' matapos niyon para matamo ang kalamangan ng saláh sa jamá'ah at upang maisagawa ang kinakailangang pagkakasunod-sunod [ng mga saláh]. Kung nalampasan na sila [ng imám] ng isang rak'ah, isasagawa nila kasama niya ang natitira [mga rak'ah] nang may [níyah na magsasagawa] ng maghrib at makasasapat na iyon sa kanila para sa maghrib. Kung nalampasan na sila ng higit [sa isang rak'ah], isasagawa nila kasabay niya ang maabutan nila at pagkatapos ay bubuuhin nila ang matitira sa kanila. Ganoon din kung nalaman na nila na ang imám ay nasa sandali ng [pagsasagawa ng] 'ishá', sila ay lalahok kasabay niya nang may níyah [na magsasagawa] ng maghrib at gagawin nila ang nabanggit natin at pagkatapos ay dadasalin ang 'ishá' matapos niyon, ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam.

**71.** Nagkaiba-iba ang mga tao hinggil sa kalamangan ng pagsasagawa ng saláh na sunnah kalakip ng Pagpapaikli [sa mga saláh] sa panahon ng paglalakbay; may nagsasabi na kaibig-ibig ang pagsasagawa nito at may nagsasabi naman na hindi kaibig-ibig yamang pinaikli ang mga [saláh na] fard. Kaya ano po ang masasabi ninyo tungkol doon at ganoon din po sa mga [saláh na] sadyang náfilah gaya ng salátullayl?

**Sagot:** Ang sunnah para sa musáfir ay ang isaisang-tabi ang mga [saláh na] rátibah sa dhuhr, maghrib, at 'ishá' ngunit isasagawa ang sunnah sa fajr bilang pagtulad sa Propeta (SAS) doon. Ganoon pa man, itinatagubili sa kanya ang pagsagawa ng

tahajjud sa gabi at ng witr[57] sa panahon ng paglalakbay dahil ang Propeta (SAS) ay gumagawa niyon at gayon din ang lahat ng saláh na sadyang náfilah at may mga kadahilanan gaya ng salátud duhá,[58] sunnatul wudú'[59] at salátul kasúf.[60] Itinatagubilin din ang sujúduttiláwah,[61] at ang saláh tahiyatil masjid[62] kapag papasok sa masjid para magsagawa ng saláh o para sa iba pang dahilan.

**72.** Hinihiling po ba na kundisyon sa sujúdut tiláwah[63] ang pagkakaroon ng wudú'? Sasabihin pa po ba ang ***Alláhu akbar*** kapag nagpatirapa at nag-angat [ng ulo mula sa patirapa] kung ito ay nangyari sa loob ng saláh o sa labas nito? Ano po ang sinasabi sa sujúdut tiláwah? Ang nasasaad po ba na du'á' para rito ay tumpak? Itinatagubilin po ba ang pagsasagawa ng taslím sa sujúdut tiláwah kung ito ay nangyari sa labas ng saláh?

**Sagot:** Ang sujúdut tiláwah ay hindi humihiling ng wudú' bilang isang kundisyon para rito ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam. Wala rin ditong taslím ni takbír **sa pag-angat** [mula sa pagkakapatirapa] ayon pa rin sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam. Itinatagubilin dito ang pagsabi ng ***Alláhu akbar*** **sa pagpapatirapa** *lamang* dahil napagtibay mula sa Hadíth ayon kay Ibnu 'Umar (RA) ang nagpapatunay roon. Samantala, kapag ang sujúduttiláwah ay nasa loob ng saláh, kinakailangan dito ang takbír sa pagpapatirapa at pag-angat dahil ang Propeta (SAS) ay gumagawa niyon sa saláh sa bawat pagpapatirapa at pag-angat. Napagtibay nga buhat sa kanya (SAS) na siya ay nagsabi: ***Magdasal kayo gaya ng pagkakita ninyo sa akin na nagdarasal ako.*** Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí.

Itinatagubilin sa sujúdut tiláwah ang dhikr at ang du'á' na itinatagubilin sa pagpapatirapa sa saláh batay sa pangkalahatang saklaw ng mga Hadíth. Kabilang doon ang ***Alláhumma laka sajattu wa bika ámantu wa laka aslamtu, sajada wajhí lilladhí khalaqahu wa sawwarahu wa shaqqa sam'ahu wa basrahu bihawlihi wa qúwatihi, tabárakalláhu ahsanul kháliqín***.[64] Isinalaysay iyon ni Imám Muslim

[57] Ang tahajjud na isinasagawa kapag nagising sa gabi at ang witr na isinasagawa naman bago matulog ay mga saláh na sunnah na isinasagawa pagkatapos ng 'ishá' bago sumapit ang oras ng fajr. Binubuo ang mga ito ng isa o tatlo o lima o pito o siyam o labing-isang rak'ah.

[58] Isinasagawang gaya ng karaniwang saláh na sunnah kapag sumikat na ang araw.

[59] Dalawang rak'ah na saláh na isinasagawang gaya ng karaniwang saláh na sunnah matapos ang wudú'.

[60] Ang saláh na sunnah na isinasagawa kapag may eklipse.

[61] Dalawang pagpapatirapa na gaya ng sujúdus sahw na isinasagawa kapag may nabasa sa Qur'an na isang áyah na nag-uutos na magpatirapa. Maaaring isagawa ito habang nagbabasa ng Qur'an o nagsasagawa ng saláh.

[62] Ang saláh ng pagbati sa masjid. Wala itong ipinagkaiba sa karaniwang saláh na sunnah.

[63] Pagpapatirapang isinasagawa ng mga nagsasagawa ng saláh matapos na nakabasa ang imám o ang nagbabasa ng Qur'an ng isang kataga mula sa Qur'an na nag-uutos na magpatirapa.

[64] O Allah, sa Iyo ako nagpatirapa, sa Iyo ako sumampalataya at sa Iyo ako sumuko. Nagpatirapa ang mukha ko sa Kanya na lumikha niyon, nagbigay-anyo roon, at gumawa sa pandinig niyon at sa

mula sa Hadíth ayon kay ‘Álí (RA) buhat sa Propeta (SAS) na siya (SAS) ay nagsasabi ng dhikr na ito sa sandali ng pagpapatirapa niya sa saláh. Nabanggit na kanina na itinatagubilin sa sujúdut tiláwah ang itinatagubilin sa sujúd sa saláh. Naisalaysay buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nananalangin sa sujúdut tiláwah sa pamamagitan ng sabi niyang ito: ***Alláhumma -ktub lí bihá ‘indaka ajrá, wamhu ‘anní bihá wizrá, waj‘alhá lí ‘indaka dhukhrá, wa taqabbalhá minní kamá taqabbaltahá min ‘abdika dáwuda ‘alayhis salám.***[65] Ngunit ang kinakailangan doon *sa sujúduttiláwah* ay ***subhána rabbiyal a‘lá*** gaya rin ng kinakailangan sa sandali ng pagpapatirapa sa saláh. Ang anumang madadagdag doon na dhikr at du‘á’, iyon ay kaibig-ibig. Ang sujúdut tiláwah sa loob ng saláh o sa labas nito (pagbabasa ng Qur’an) ay sunnah at hindi fard dahil napagtibay buhat sa Propeta (SAS) mula sa Hadíth ayon kay Zayd ibn Thábit (RA) ang nagpapatunay roon [na hindi iyon fard]. Napagtibay rin buhat kay ‘Umar (RA) ang nagpapatunay roon. Si Allah ang Tagapag-akay.

**73.** Maaaring maganap ang eklipse sa araw pagkatapos ng ‘asr; kaya isasagawa po ba namin ang saláh para sa eklilpse (salátulkasúf) sa oras ng pagbabawal [sa saláh]? Gayon din ang saláh tahiyatil masjid.

**Sagot:** Sa dalawang usapin [na ito] ay may pagkakaiba-iba ang mga maalam sa Islam ngunit ang tama ay ang pagpapahintulot niyon, bagkus ay ang pagiging isinasabatas niyon dahil ang salátul kasúf at saláh tahiyatil masjid ay kabilang sa [mga saláh na] may mga kadahilanan. Ang tama ay ang pagtatagubilin nito *kahit* sa oras ng pagbabawal [sa saláh] matapos ang ‘asr at matapos ang fajr, gaya ng iba pang mga oras ayon sa pangkalahatang saklaw ng sabi ng Propeta (SAS): ***Tunay na ang araw at mga ito dahil sa pagkamatay ng isa ni dahil sa pagkasilang nito. Kaya kapag nakita ninyo iyon ay magdasal kayo at manalangin kayo hanggang sa mahawi ito sa inyo.*** [Ang Hadíth na] ito ay napagkaisahan sa katumpakan. Ayon pa rin sa sabi niya (SAS): ***Kapag pumasok ang isa sa inyo sa masjid ay huwag siyang umupo kundi siya nagdadasal ng dalawang rak‘ah.*** [Ang Hadíth na] ito ay napagkaisahan din sa katumpakan. Gayon din ang dalawang rak‘ah [na saláh pagkatapos] ng tawáf kapag nakapagsagawa ng tawáf ang isang Muslim pagkatapos ng saláh sa fajr o ‘asr, *kailangan din* dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***O angkan ni ‘Abdu Manáf huwag kayong pumigil sa isa na nagsasagawa ng tawáf sa Bahay na ito (Ka‘bah) at nagdasal sa anumang oras na naisin na loobin niya, sa gabi man o araw.*** Isinalaysay

paningin niyon sa pamamagitan ng lakas Niya at kapangyarihan Niya. Magpapala si Allah, ang pinakamagaling sa mga tagalikha.

[65] O Allah, magtala Ka para sa akin sa pamamagitan nito (*sujúdut tiláwah*) ng isang gantimpalang mula sa Iyo, magpawi Ka mula sa akin sa pamamagitan nito ng isang kasalanan, at gawin Mo ito para sa akin na isang kayamanan mula sa iyo, tanggapin Mo ito mula sa akin kung papaano Mong tinanggap ito sa lingkod Mo na si Dáwud sumakanya ang kapayapaan.

ito ni Imám Ahmad at ng mga may-akda ng apat na kalipunan ng mga Sunnah buhat kay Jubayr ibnu Mut‘im (RA). Si Allah ang Tagapag-akay.

**74.** Ano po ang ipinakakahulugan ng "katapusan ng saláh" sa mga Hadíth na nasaad sa mga iyon ang paghihikayat sa du‘á’ at dhikr sa dulo ng bawat saláh? Ito po ba ay sa "katapusan" ng saláh o pagkatapos ng taslím?

**Sagot:** Ang *katapusan* ng saláh ay itinataguri sa *hulihan* nito bago ang taslím at itinataguri rin matapos ang taslím kaagad. May nasaad na mga tumpak na Hadíth tungkol doon at ang karamihan sa mga ito ay nagpapahiwatig na ang ipinakakahulugan ng "hulihan" nito ay bago ang taslím kapag kaugnay sa du‘á’ gaya ng Hadíth ayon kay Ibnu Mas‘úd (RA) noong itinuro sa kanya ng Sugo (SAS) ang Tashahhud at pagkatapos ay nagsabi siya (SAS): ***Pagkatapos ay pumili siya ng panalangin na ikalulugod niya at saka dumalangin.*** Sa isa namang sanaysay: ***Pagkatapos ay mamili siya ng kahilingan na loloobin niya.*** Ang Hadíth na ito ay napagkaisahan sa katumpakan. Kabilang din doon ang Hadíth ayon kay Mu ‘adh na ang Propeta (SAS) ay nagsabi sa kanya: ***Huwag mo ngang iiwan ang katapusan ng bawat saláh malibang nagsasabi ka ng alláhumma a‘inní ‘alá dhikrika wa shukrika wa husni ‘ibádatik.***[66] Itinala ito nina Imám Abú Dáwud, Imám atTirmidhí at Imám anNasá’í. Kabilang din doon ang isinalaysay ni Imám alBukhárí, kaawaan siya ni Allah, buhat kay Sa‘d ibn Abí Waqqás (RA) na nagsabi: "Ang Propeta (SAS) ay nagsasabi noon sa bawat katapusan ng bawat saláh: ***alláhumma inní a‘údhu bika minal bukhli wa a‘údhu bika minal jubni wa a‘údhu bika min an arrudda ilá ardhalil ‘umri, wa a‘údhu bika min fitnatid dunyá wa min ‘adhábil qabri.***[67]

Tungkol naman sa mga dhikr na nasasaad tungkol doon, ipinakita na ng mga tumpak na Hadíth na ang mga ito ay sinasabi sa katapusan ng saláh matapos ang taslím. Kabilang doon ay ang pagsasabi matapos ang taslím ng: ***astaghfirulláh, astaghfirulláh, astaghfirulláh, alláhumma antas salám, wa minkas salám, tabárakta yá dhal jaláli wal ikrám,*** maging isang imám man o isang ma‘múm o isang munfarid. Pagkatapos ay babaling ang imám matapos niyon sa mga ma’múm at haharap sa kanila. Magsasabi ang imám, ang ma’múm, at ang munfarid pagkatapos ng dhikr at istighfár na ito: ***lá iláha illalláh, wahdahu lá sharíka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír, lá hawla wa lá qúwata illá billáh, lá iláha illalláh, wa lá na‘budu illá iyyáhu, lahun ni‘matu wa lahul fadlu, wa lahuth thaná’ul hasan, lá iláh illalláh, mukhlisína lahud dín wa law karihal***

---

[66] O Allah, tulungan Mo ako sa pag-alaala sa Iyo, pagpapasalamat sa Iyo, at sa pagpapahusay sa pagsamba sa Iyo.

[67] O Allah, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa karamutan, nagpapakupkop sa Iyo laban sa karuwagan, nagpapakupkop sa Iyo na hindi ako umabot sa pinakahamak na gulang, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa tukso ng Mundo at laban sa pasakit ng Impiyerno.

***káfirún, alláhumma lá máni'a limá a'tayta, wa lá mu'tiya limá mana'ta, wa lá yanfa'u dhal jaddi minkal jadd.***

Kaibig-ibig na sabihin ng lalaki at babaing Muslim ang dhikr na ito matapos ang bawat saláh sa limang saláh. Pagkatapos ay magsasabi ng ***subhánalláh***, ***alhamdu lilláh***, ***alláhu akbar*** nang tig-33 ulit. Pagkatapos ay magsasabi sa ganap na ikaisandaan: ***lá iláha illalláh***, ***wahdahu lá sharíka lah***, ***lahul mulku wa lahul hamd***, ***wa huwa 'alá kulli shay'in qadír***.

Lahat ng ito ay napagtibay sa mga Hadíth buhat sa Sugo ni Allah (SAS). Kaibig-ibig na bigkasin matapos niyon ang Áyatulkursí nang isang ulit nang tahimik. Bibigkasin din ang Súrah al'Ikhlás, Súrah alFalaq at Súrah anNás nang tahimik ng tig-iisang ulit, maliban sa maghrib at fajr sapagkat kaibig-ibig para sa kanya na ulitin ang bigkas sa tatlong Súrah na nabanggit nang tigtatatlong ulit. Kaibig-ibig din para sa lalaki at babaing Muslim matapos ang saláh sa maghrib at fajr na magsabi ng ***lá iláha illalláh, wahdahu lá sharíka lah, lahul mulku wa lahul hamd, yuhyí wa yumít, wa huwa 'alá kulli shay'in qadír*** nang sampung ulit bilang karagdagan bago ang pagbigkas ng Áyatul Kursí at bago ang pagbigkas sa tatlong Súrah, bilang pagsasagawa sa mga tumpak na Hadíth na nasasaad hinggil doon. Si Allah ang Tagapag-akay.

**75.** Ano po ang hatol sa sama-samang sabay-sabay na pagbigkas sa dhikr matapos ang saláh gaya ng ginagawa ng ilan? Ang sunnah po ba ay ang may tunog na pagbigkas sa dhikr o ang tahimik na pagbigkas?

**Sagot:** Ang sunnah ay ang may tunog na pagbigkas sa dhikr pagkatapos kaagad ng [alinman sa] limang saláh [na fard] at pagkatapos kaagad ng salátuljumu'ah matapos ang taslím dahil napagtibay sa Sahíhán buhat kay Ibnu 'Abbás (RA) na ang pagtataas ng tinig sa pagbigkas ng dhikr kapag nakatapos na ang mga tao sa saláh na isinatungkulin ay ginagawa noon sa kapanahunan ng Propeta (SAS). Nagsabi si Ibnu 'Abbás (RA): "Nalalaman ko kapag nakatapos na sila roon [sa saláh] kapag narinig ko iyon (ang dhikr)."

Tungkol naman sa pagiging sama-samang pagbigkas nito na sinusundan ng bawat isa ang pagbigkas ng iba mula sa simula nito hanggang sa katapusan nito at paggaya nito roon, ito ay walang batayan, bagkus ito ay isang bid'ah. Ang itinatagubilin ay na bigkasin lamang nilang lahat ang dhikr para kay Allah, nang walang pananadya na pagsabayin ang mga tinig sa simula hanggang sa katapusan. Si Allah ang Tagapag-akay.

**76.** Kapag nakapagsalita ang isang tao sa sandali ng saláh dala ng pagkalimot, masisira po ba ang saláh niya?

**Sagot**: Kapag nakapagsalita ang isang Muslim sa sandali ng saláh dahil nakalimot o hindi nakaaalam [na bawal iyon], hindi masisira ang saláh niya sa pamamagitan

niyon maging ito man ay fard o sunnah dahil ang sabi ni Allah [sa itinuro Niyang panalangin] (2:286): **Panginoon namin, huwag Mo kaming parusahan kung nakalimot kami o nagkamali kami.** Napagtibay sa tumpak na Hadíth buhat sa Propeta (SAS) na [bilang pagtugon sa panalanging ito] si Allah ay nagsabi: **Ginawa Ko na.** Nasasaad sa Sahíh Muslim buhat kay Mu'áwiyah ibn alHakam asSalamí (RA) na siya ay nagsabi ng ***yarhamukalláh*** sa isang bumahin sa sandali ng saláh dala ng kawalang-kaalaman sa patakaran ng Sharí'ah [hinggil doon] kaya naman napulaan siya dahil doon ng mga nakapalibot sa kanya sa pamamagitan ng pagsenyas. Kaya tinanong niya ang Propeta (SAS) hinggil doon at hindi na ito (SAS) nag-utos sa kanya na ulitin ang saláh. Ang nakalimot ay tulad ng hindi nakaalam. At dahil ang Propeta (SAS) ay nakapagsalita rin sa sandali ng saláh dala ng pagkalimot at hindi na niya inulit iyon, bagkus ay binuo niya iyon, gaya ng nasasaad sa Sahíhán mula sa Hadíth ayon kay Abú Hurayrah (RA) hinggil sa kasaysayan ni Dhulyadayn at gaya rin ng nasasaad sa Sahíh Muslim mula sa Hadíth ayon kina Ibnu Mas'úd (RA) at 'Imrán ibnu Husayn (RA). Tungkol naman sa pagsenyas sa sandali ng saláh, wala namang masama roon kapag tinawag ng pangangailangan. Si Allah ang Tagapag-akay.

## Ang Zakáh

**1.** Ano po ang hatol sa tumitigil sa pagbibigay ng zakáh? Mayroon po bang pagkakaiba sa tumigil sa pagbibigay nito dahil sa pagkakaila o sa karamutan o sa pagwawalang-bahala?

**Sagot:** Sa ngalan ni Allah. Ang papuri ay ukol kay Allah; ang basbas at ang pagbati ni Allah ay sa Sugo ni Allah, mga kasambahay niya at mga Kasamahan niya.

May puspusang pagtatalakay sa hatol sa tumitigil sa pagbibigay ng zakáh. Kung tumigil siya sa pagbibigay nito dahil sa pagkakaila sa pagkatungkulin nito kalakip ng pagkatupad ng mga kundisyon ng pagkatungkulin nito sa kanya, nagiging káfir siya dahil doon ayon sa nagkakaisang hatol, kahit pa nagbibigay siya ng zakáh, hanggat patuloy siyang nagkakaila sa pagkatungkulin nito. Samantala kung tumigil siya sa pagbibigay nito dahil sa karamutan o katamaran, siya ay itinuturing dahil doon na isang suwail na nakagawa ng isang malaking pagkakasala na kabilang sa mga malaking pagkakasala. Siya ay nasa ilalalim ng kalooban ni Allah kung namatay siya sa gayong kalagayan ayon sa sabi Niya: **Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit magpapatawad Siya sa anumang iba pa roon sa kaninumang loloobin Niya.**(4:48).

Nagpatunay ang Qur'án at ang dinalisay na Sunnah na mutawátir[68] na ang tumitigil sa pagbibigay ng zakáh ay pagdurusahin sa Araw ng Pagkabuhay sa pamamagitan ng mga yaman niya na tinigilan niyang kunan ng zakáh. Pagkatapos ay makikita niya rin ang landas niya na maaaring patungo sa Paraiso o patungo sa Impiyerno. Ang bantang ito ay patungkol sa hindi nagkakaila sa pagkatungkulin nito. Nagsabi si Allah sa Súrah atTawbah: **Ang mga nag-iimbak ng ginto at pilak at hindi gumugugol sa mga ito alang-alang sa Landas ni Allah ay balitaan mo sila ng isang masakit na pagdurusa. Sa araw na papainitan ang mga ito sa apoy ng Impiyerno at heheruhan sa pamamagitan ng mga ito ang mga noo nila, ang mga tagiliran nila, at ang mga likod nila *at sasabihin*: "Ito na ang inimbak ninyo para sa mga sarili ninyo kaya lasapin ninyo ang iniimbak[69] ninyo noon."**(34-35).

Ipinahiwatig ng mga Hadíth buhat sa Propeta (SAS) ang ipinahiwatig ng Marangal na Qur'án sa panig ng mga hindi nagbigay ng zakáh mula sa ginto at pilak. Ipinahawatig nito ang pagdurusang ipapataw sa hindi nagbigay ng zakáh mula sa taglay niya na mga hayupan gaya ng mga kamelyo, mga baka at mga tupa, at na pagdurusahin siya sa pamamagitan ng mga [hayop na] ito mismo sa Araw ng Pagkabuhay. Ang hatol sa tumigil sa pagbibigay ng zakáh mula sa pera at mga kalakal ay ang

---

[68] Ito ay ang Hadíth na isinalaysay ng lubhang marami kaya mahirap mangyaring nagsabwatan sila sa paggawa-gawa ng isang Hadíth.

[69] Sa pananalita ng Qur'án, ang yaman na iniimbak ay ang yamang hindi kinaltasan ng zakáh. Walang masama sa maraming yaman kung natamo ito sa paraang halál at kinakaltasan ng zakah.

tulad sa hatol sa tumigil sa pagbibigay ng zakáh mula sa ginto at pilak dahil ang mga ito ay kumakatawan at humahalili sa mga ito.

Samantala ang mga nagkakaila sa pagkatungkulin ng pagbibigay ng zakáh, ang hatol sa kanila ay tulad ng hatol sa mga Káfir [sa Kabilang-buhay]. Titipunin sila kasama ng mga ito sa Apoy. Ang pagdurusa nila roon ay magpapatuloy magpakai-lanman gaya ng mga Káfir, ayon sa sabi ni Allah patungkol sa kanila at sa mga tulad nila sa Súrah alBaqarah (2:167): **Gayon ipakikita sa kanila ni Allah ang mga gawa nila bilang mga pagsisisihan nila. Sila ay hindi mga makalalabas sa Apoy.** Nagsabi pa Siya sa Súrah al-Má'idah: **Nanaisin nila na makalabas mula sa Apoy ngunit sila ay hindi mga makalalabas mula roon at magkakaroon sila ng isang pagdurusang mamamalagi.**(5:37) Ang mga patunay tungkol doon ay marami sa Qur'án at Sunnah.

**2.** May isang tao na may ilang uri ng mga hayupan[70] subalit hindi umabot sa nisáb[71] ang bawat uri mismo sa mga ito, kaya may zakáh po ba ang mga ito? Kung gayon nga, papaano pong kakaltasin ito?

**Sagot:** Ang mga hayupan gaya ng mga kamelyo, mga baka at mga tupa ay may mga nisáb na itinakda. Hindi kinakailangan mula sa mga ito ang zakáh hanggat hindi umabot ang mga ito sa mga nisáb kalakip ng pagkatupad ng mga kundisyon na ang isa sa kabuuan nito ay na ang mga kamelyo, mga baka at mga tupa ay sá'imah: nangi-nginain sa pastulan sa buong taon o sa higit na maraming araw ng taon. Kapag ang nisáb ng mga kamelyo o mga baka o mga tupa ay hindi nakumpleto, walang zakáh sa mga ito. Hindi rin pagsasama-samahin ang mga ito. Kaya kung ang isang tao ay may tatlong kamelyo para sa pansariling gamit, 20 tupa para sa pansariling gamit, at 20 baka para sa pansariling gamit, hindi pagsasasama-samahin ang mga ito dahil ang bawat uri sa mga ito ay hindi umabot sa [kanya-kanyang] nisáb.

Samantala kung ang mga ito ay para sa pangangalakal, pagsasamahin ang mga ito dahil ang mga ito ay itinuturing na mga panindang ikinakalakal. Papatawan ito ng zakáh na pera, gaya ng itinadhana ng mga maalam sa Islam. Ang mga patunay dito ay malinaw para sa sinumang magmumuni-muni.

**3.** Ipinahihintulot po ba sa dalawa o tatlong tao na pagsamahin nila ang mga hayupan nila upang mapatawan ng zakáh?

**Sagot:** Hindi ipinahihintulot na pagsamahin ang mga ari-ariang pinapatawan ng zakáh, o hati-hatiin ang mga ito upang matakasan ang zakáh o upang mabawasan

---

[70] Ang hayupan na tinutukoy rito ay ang tinatawag na cattle o mga hayop na ipinapastol gaya ng kamelyo, baka, kalabaw, tupa, kambing at iba pang tulad ng mga ito.

[71] Ang nisáb ay ang takdang bilang ng hayupan, o ang takdang timbang ng ginto o pilak, o ang takdang halaga ng salapi o kalakal, o ang takdang dami ng ani para kinakailangang patawan ng zakáh ang mga nabanggit na bagay.

ang kinakailangan dito na zakáh, ayon sa sabi ng Propeta (SAS) sa tumpak na Hadíth: ***Hindi pinagsasama ang magkakahiwalay [na ari-arian] at hindi pinaghihiwalay ang magkakasama [na ari-arian] dahil sa takot [na magbigay ng] kawanggawa.*** Itinala ito ni Imám alBukhárí. Kaya kung ang tao ay may 40 tupa at pinaghiwalay niya ang mga ito upang hindi kakailanganin sa mga ito ang zakáh, hindi pa rin maaalis sa kanya ang [tungkuling magbigay ng] zakáh. Sa pamamagitan niyon siya ay nagiging isang makasalanan dahil sa kanyang panggugulang doon upang maalis ang isinatungkulin ni Allah.

Ganoon din ang pagsasama sa magkakahiwalay dahil sa takot na magbigay ng zakáh para rito, hindi rin ito ipinahihintulot. Kaya kung ang isang tao ay may mga tupa o mga kamelyo o mga baka na umabot sa nisáb at pinagsama niya ang mga ito sa mga kamelyo o mga baka o mga tupa ng ibang tao upang mabawasan ang kinakailangan [na zakáh] mula rito dahil sa paghahalong walang batayan at ipinaghalo lamang sa layuning mabawasan ang kinakailangan [na ibigay na zakáh] sa pagdating ng kolektor ng zakáh, hindi maaalis sa dalawang taong ito ang kinakailangan [na ibigay na zakáh]. Silang dalawa sa pamamagitan niyon ay nagkakasala. Tungkulin nilang dalawa na ibigay ang nalalabi sa kinakailangan [na zakáh].

Kaya kung ang isa sa kanila ay may 40 tupa at ang ikalawa ay may 60 tupa at ipinaghalo nila ang mga ito sa pagdating ng kolektor upang walang kakailanganin mula sa kanila kundi iisang tupa [na zakáh], hindi makabubuti sa kanilang dalawa ang paghahalong ito at hindi maaalis sa kanila [ang tungkuling ibigay] ang nalalabi sa kinakailangan [na zakáh] dahil sa ito ay katusuhang ipinagbabawal. Tungkulin nilang dalawa na magbigay ng isa pang tupa para sa mga maralita. Ang 2/5 ng halaga nito ay sasagutin ng may-ari ng 40 tupa at ang 3/5 naman ng halaga ay sasagutin ng may-ari ng 60 tupa. Ganoon din ang tupa na iniabot sa kolektor, ang paghahati sa pagitan nila ay ayon sa pagbabahagi na ito. Kailangan sa kanilang dalawa ang pagsisisi kay Allah at ang hindi pagbabalik sa katusuhang tulad nito.

Samantala kung ang paghahalo ay para sa pagtutulungan sa pagitan nila at hindi isang katusuhan para maalis ang kinakailangan [na ibigay na zakáh] o mabawasan ito, walang masama rito kapag natugon ang mga kundisyon na nilinaw sa mga aklat ng maalam sa Islam alinsunod sa sabi ng Propeta (SAS): ***Ang dalawang ipinaghalo [na ari-arian ng dalawang tao], tunay na ang dalawang ito ay kakaltasan [ng zakáh] nang magkapantay***

**4.** May isang taong mayroong isang daang kamelyo subalit sa higit na maraming bahagi ng taon ay kinukumpayan[72] niya ito, kaya papatawan po ba ito ng zakáh?

**Sagot:** Kapag ang hayupan gaya ng mga kamelyo o mga baka o mga tupa ay **hindi** sá'imah (kusang nanginginain sa pastulan at hindi pinakakain ng kumpay) sa buong

[72] Pinakakain ng kumpay at hindi kusang nanginginain sa pastulan.

taon o sa higit na maraming bahagi ng taon, hindi kinakailangan sa mga ito ang zakáh dahil ang Propeta (SAS) ay nagtakda ng kundisyon sa pagiging kinakailangan ng pagbibigay ng zakáh para sa mga ito: na ito ay sá'imah. Kapag kinukumpayan ang mga ito ng may-ari ng mga ito sa higit na maraming bahagi ng taon o kalahati ng taon, hindi magpapataw ng zakáh sa mga ito maliban kung ikinakalakal sapagkat kakailanganin sa mga ito ang zakáh ng pangangalakal. Ang mga ito dahil doon ay magiging mga kalakal na — gaya ng mga lupain na ipinagbibili, mga kotse at mga tulad nito — kapag umabot ang halaga ng mga ito sa nisáb ng ginto o pilak, gaya ng naunang nabanggit.

**5.** Nagkakaiba paminsan-minsan ang pagtataya kung sino ang maralita na bibigyan ng zakáh, kaya ano ang pamantayan niyon? Kapag naging malinaw sa nagbigay na ibinigay niya ito sa hindi karapat-dapat para rito, magbibigay po ba siya nito muli?

**Sagot:** Bibigyan ang maralita ng zakáh na katumbas sa makasasapat sa kanya sa isang buong taon. Kapag naging malinaw para sa nagbibigay ng zakáh na ang binigyan ay hindi maralita, hindi na kinakailangan sa kanya na muling magbigay kung ang nabigyan ay mukha namang maralita, ayon sa tumpak na Hadíth na nasasaad hinggil doon. [Ang Hadíth na] ito ay tungkol sa isang lalaking nabuhay noong wala pa tayo na nagbibigay ng kawanggawa sa isang tao. Inaakala niya na ito ay isang maralita ngunit nakita niya sa panaginip na ito pala ay mayaman kaya nagsabi siya: "O Allah, ukol sa Iyo ang papuri dahil sa mayaman." Kinilala ng Propeta (SAS) iyon at ipinabatid niya na ang zakáh niyon ay tinanggap nga [ni Allah].

Napagtibay sa mga saligan [ng Sharí'ah] na ang patakaran ng nauna sa atin ay patakaran din natin hanggat hindi bumanggit ang patakaran natin ng pagsalungat doon. Iyon ay dahil sa noong siya (SAS) ay pinuntahan ng dalawang lalaki na humihingi ng kawanggawa at nakita niya ang dalawang ito na malakas kaya naman nagsabi siya: ***Kung nais ninyo, bibigyan ko kayo ngunit walang bahagi rito [sa kawanggawa] para sa mayaman ni para sa malakas na [kayang] kumita.*** Iyon ay dahil sa ang pagtiyak sa pangangailangan ng maralita sa lahat ng detalye nito ay mahirap at mabigat. Kaya nakasasapat na hinggil doon ang nakikitang kalagayan at ang pag-aangkin ng taong bibigyan na siya ay maralita, kapag hindi naging malinaw sa nagbibigay ng zakáh ang kataliwasan niyon. Kalakip din nito ang paglilinaw sa humihingi ng hatol ng Sharí'ah alinsunod sa Hadíth na nabanggit kapag siya ay mukhang malakas para kumita.

**6.** May isang taong nasa bayang hindi niya bayan at ninakaw ang pera niya. Bibigyan po ba siya ng zakáh gayong ang pagpapadala ng pera ay naging madali na sa panahon ngayon?

**Sagot:** Ang taong ito ay itinuturing na kabilang sa mga manlalakbay. Kaya kapag nagpahayag siya ng pangangailangan o pagkawala ng panggastos o pagkanakaw nito, siya ay bibigyan ng zakáh na gagamitin sa pag-uwi sa bayan niya kahit pa siya ay mayaman sa bayan niya.

**7.** Nagpapaduda ang ilan sa mga tao sa pagbibigay ng zakáh para sa mga Mujáhid sa Bosnia-Hercegovina at mga tulad nila. Kaya ano po ang masasabi ninyo hinggil doon? Ang karapat-dapat po ba sa panahong ito ay ibigay ito sa kanila o sa mga naglilingkod sa mga Islamic Center sa iba't-ibang bahagi ng mundo o sa mga maralita ng mismong bayan [na pinagmulan ng zakáh] kung ang pangangailangan ng mga iyon ay higit?

**Sagot:** Ang mga Muslim sa Bosnia-Hercegovina ay mga karapat-dapat sa zakáh dahil sa karalitaan nila at Jihád nila, dahil sa kanilang pagiging mga biktima ng kawalang-katarungan at sa pangangailangan ng tulong at pagpapalubag ng mga puso. Sila ay kabilang sa karapat-dapat sa mga tao sa zakáh, gayon din ang mga tulad nila, at gayon din ang mga naglilingkod sa mga Islamic Center sa pamamagitan ng pagtuturo at da'wah kapag, sila ay mga maralita rin. Gayon din ang mga maralitang Muslim sa buong mundo, may karapatan sila sa mga kapatid nila na mayayaman na umagapay ang mga ito sa kanila at dumamay sa kanila bilang awa sa kanila, bilang pagpapalubag ng mga loob nila at pagpapatatag sa kanila sa Islam. Ang pagbibigay sa kanila ay dapat sa pamamagitan ng mga tapat na mapagkakatiwalaan. Sila ay mga karapat-dapat din sa malasakit at tulong na hindi zakáh dahil din sa mga nabanggit na kadahilanan. Subalit ang mga maralita ng bayan na pinahihirapan ng nagbibigay ng zakáh ay higit na karapat-dapat sa zakáh kaysa sa iba pa sa kanila kapag wala silang maipantutugon sa pangangailangan nila dahil ang sabi ng Propeta (SAS) sa Hadíth ayon kay Mu'ádh ng ipinadala niya ito sa Yemen: ***Anyayahan mo sila na sumaksi na walang Diyos kundi si Allah at na ako ay Sugo ni Allah. Kaya kung sila ay tatalima sa iyo roon ay ipaalam mo sa kanila na si Allah ay nagsatungkulin sa kanila ng limang dasal sa araw at gabi. Kaya kung sila ay tatalima sa iyo roon ay ipaalam mo sa kanila na si Allah ay nagsatungkulin sa kanila ng isang kawanggawa na kukunin mula sa mga mayaman sa kanila at ibabalik sa mga maralita nila.*** [Ang Hadíth na] ito ay napagkaisahan sa katumpakan.

**8.** Batid natin na may naganap na pagkakaiba sa pagitan ng mga maalam sa Islam hinggil sa pagpapataw ng zakáh para sa alahas na isinusuot o nakalaan para isuot o ipinahihiram, kaya ano po ang pananaw ninyo roon? Ipagpalagay po na kailangang magbigay ng zakáh roon, may nisáb ba roon? Kung may nisáb doon, ang lumalabas mula sa mga Hadíth na nagpapahiwatig sa pagkatungkulin [ng pagpataw ng zakáh] sa alahas — na nagbanta pa ang Sugo (SAS) kaugnay roon ng [parusa sa] Impiyerno — na iyon ay hindi umaabot sa nisáb; kaya papaano pong sasagutin iyon?

**Sagot:** Hinggil sa pagkatungkulin ng zakáh para sa alahas na isinusuot o nakalaan para isuot o ipinahihiram, na yari sa ginto at pilak, mayroong bantog na pagkakaiba sa pagitan ng mga maalam sa Islam. Ang pinakamatimbang ay ang pagkatungkulin ng zakáh para rito batay sa kasaklawan ng mga patunay hinggil sa pagkatungkulin ng zakáh para sa ginto at pilak. Batay rin ito sa napagtibay mula sa Hadíth ayon kay ‘Abdullah ibn ‘Amr ibn al‘Áss (RA) na: May isang babae na pumasok sa kinaroroonan ng Propeta (SA), habang sa kamay ng anak na babae nito ay may nakasuot na dalawang pulseras na yari sa ginto, kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***Nagbibigay ka ba ng zakáh nito?*** Nagsabi ito: “Hindi po.” Nagsabi siya (SAS): ***Matutuwa ka ba na pupulserasan ka ni Allah sa pamamagitan ng mga ito ng dalawang pulseras na apoy?*** Kaya itinapon niya ang mga ito at nagsabi: “Ang mga ito ay kay Allah na at sa Sugo Niya.” Batay rin ito sa napagtibay mula sa Hadíth ayon kay Umm Salamah (RA) na siya noon ay nagsusuot ng mga alahas na yari sa ginto. Nagsabi siya: “O Sugo ni Allah, ito po ba ay inimbak na yaman[73]?” Kaya nagsabi siya (SAS): ***Ang anumang umabot na upang patawan ng zakáh ay patawan mo ng zakáh at ito ay hindi na inimbak na yaman.*** Hindi siya (SAS) nagsabi sa kanya na ang mga alahas ay walang zakáh.

Ang lahat ng Hadíth na ito ay maipatutungkol sa sa mga alahas na hindi umabot sa nisáb, bilang pagtutugma sa mga [Hadíth na] ito at sa iba pang mga patunay dahil ang mga Hadíth ay nagpapaliwanag sa isa’t isa. Ang mga talata ng Qur’an ay nagpapaliwanag rin sa isa’t isa, at ang mga Hadíth ay nagpapaliwanag din sa mga talata ng Qur’an, nagdedetalye sa pangkalatahatan dito at nagtatakda sa di-natakdaan dahil ang Qur’an at ang Hadíth ay buhat kay Allah at ang anumang buhat kay Allah ay hindi nagsasalungatan bagkus ay nagpapatotoo sa isa’t isa at nagpapaliwanag sa isa’t isa. Gayon din, kailangan ang pagkalubos ng isang taon gaya ng iba pang mga ari-arian na pinapatawan ng zakáh gaya ng pera, mga kalakal at mga hayupan. Si Allah ang Tagapag-akay.

**9.** Tinatanggihan ng ilan sa mga dalubhasa sa Sharí‘ah ang tungkuling patawan ng zakáh ang alahas na ginagamit dahil sa hindi laganap iyon sa mga Sahábí at sa mga tagasunod ng mga Sahábí, gayong halos hindi nawawalan nito ang isang bahay. Ito ay gaya ng saláh kaugnay sa pagkaisinatungkulin nito at sa pagkatakda sa mga oras nito. Ganoon din ang zakáh sa kabuuan kaugnay sa pagkatungkulin nito at sa pagkatakda sa mga nisáb nito. Sa kabila niyon ay napagtibay buhat sa ilang Sahábí ang pahayag kaugnay sa hindi pagkaisinatungkulin nito, gaya nina Áhahsi‘ (RA), Ibnu ‘Umar (RA) at iba pa sa kanila. Kaya paano pong sasagutin iyon?

**Sagot:** Ang usapin na ito gaya ng iba pa ay kabilang sa mga usapin na pinagtatalunan na ang isinasaalang-alang dito at sa iba pa ay ang patunay. Kaya kapag nagka-

[73] Ang inimbak na yaman ay ang hindi pinatawan ng zakáh na ukol dito.

roon ng patunay na huhusga sa hidwaan, kinakailangang tanggapin iyon dahil ang sabi ni Allah (4:59): **O mga sumampalataya, tumalima kayo kay Allah at tumalima kayo sa Sugo at sa mga may kapamahalaan sa inyo. Kaya kapag nagkahidwaan kayo sa isang bagay ay isangguni ninyo ito kay Allah at sa Sugo, kung kayo ay sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Iyan ay pinakamainam at pinakamagaling na kahihinatnan.** Ang sabi pa Niya (42:10): **Ang anumang bagay na nagkaiba-iba kayo hinggil doon, ang kahatulan nito ay kay Allah.** Hindi nakapipinsala sa sinumang nakaalam sa tamang kahatulan batay sa Sharí'ah at naniwala roon ang pagsalungat sa mga maalam sa Islam. Napagtibay na sa Sharí'ah na ang sinuman sa mga may-kakayahang dalubhasa na tumama sa paghatol ay magkakaroon ng dalawang gantimpala; ang sinumang nagkamali ay magkakaroon ng isang gantimpala dahil sa pagsisikap niya, ngunit mapagkakaitan siya ng gantimpala sa pagkatama. Napatotohanan kaugnay roon ang Hadíth buhat sa Sugo ni Allah (SAS) hinggil sa hukom. Kapag humatol ito kasama ng iba pang mga dalubhasa na maalam sa Islam ayon sa isinabatas ni Allah, ang kahatulan nila ay kahatulan ng hukom na dalubhasa, ayon sa kahulugan *ng Hadíth*. Ang usapin na ito ay nagkaiba-iba hinggil dito ang mga maalam sa Islam sa mga Sahábí at sa mga sumunod sa kanila, gaya ng iba pa na kabilang sa mga usaping pinagtatalunan. Ang kinakailangan sa mga maalam sa Islam hinggil dito at sa iba pa ay ang magbigay ng abot ng makakaya sa pag-alam sa totoo sa pamamagitan ng patunay nito. Hindi makapipinsala ang humantong sa katotohanan sa sumalungat sa kanya hinggil doon. Kailangan sa bawat isa sa mga maalam sa Islam na magkaroon ng mabuting saloobin sa kapatid niya at na unawain niya ito ayon sa pinakamaganda sa mga pag-unawa, kahit pa sumalungat ito sa kanya sa pananaw hanggat hindi nahahalata mula sa sumasalungat ang pananadya nito sa pagsalungat sa katotohanan. Si Allah ang Tagapag-akay.

**10.** May isang taong nangangalakal ng sarisaring kalakal gaya ng mga damit, *kitchen ware* at iba pa; kaya papaano pong kukunin ang mga zakáh ng mga ito?

**Sagot:** Kinakailangan sa kanya na magbigay ng zakáh kapag nalubos ang isang taon sa mga paninda na taglay niya na nakalaan para sa pangangalakal kapag umabot ang halaga ng mga ito sa nisáb ng ginto o pilak, alinsunod sa mga Hadíth na nasasaad tungkol dito. Kabilang sa mga ito ay ang Hadíth ayon kay Samurah ibn Jundab (RA) at Abú Dharr alGhaffárí (RA).

**11.** Lumaganap na sa panahon ngayon ang pagsapi[74] sa mga kompanya sa pamamagitan ng pagbili ng mga sapi (shares); kaya mayroon po bang zakáh sa mga sapi na ito? Papaano pong kukunin ito ng zakáh?

---

[74] Sumasapi sa pagmamay-ari ng isang kompanya (share-holder) ang isang bumili ng mga sapi nito.

**Sagot:** Tungkulin ng mga may-ari ng mga sapi ng kompanyang pangkalakal ang magbigay ng mga zakáh ng mga ito kapag sumapit sa mga ito ang isang taon gaya ng iba pang mga kalakal gaya ng mga lupain, mga kotse at iba pa.

Samantala kung [ang pagsapi na] ito ay para sa pagsosyo sa mga [puhunang] salapi na inilaan para sa [negosyong] pagpapaupa — hindi para sa pagtitinda — ng gaya ng mga lupain at mga kotse, halimbawa, walang zakáh sa [puhunang] isinapi; ang zakáh ay [sa naipong kinita] sa upa kapag sumapit dito ang isang taon at umabot ito sa nis̲áb gaya ng iba pang pera. Si Allah ang Tagapagpatnubay.

**12.** Ang isang tao na umaasa sa kita niya sa buwanang suweldo, ginugugol niya ang isang bahagi nito at iniipon ang ibang bahagi, ay paano pong magbibigay ng zakáh sa salaping ito?

**Sagot:** Kailangan sa kanya na tiyakin sa pamamagitan ng pagtatala ng naiipon niya mula sa mga suweldo niya at pagkatapos ay kukunan niya ito ng zakáh kapag sumapit dito ang isang taon. Ang bawat naipon sa isang buwan ay kukunan ng zakáh kapag sumapit dito ang isang taon.[75] Kung kukunan niya ng zakáh ang lahat *ng naipon pagkalipas ng isang taon mula* sa unang buwan ng pag-iipon ay walang masama at magkakaroon pa siya ng gantimpala roon at ituturing ang zakáh na ito na pauna *na zakáh* sa naipon na hindi pa sumapit ang isang taon. Walang bawal sa pagpapauna sa zakáh kapag nakakita ang nagbibigay ng zakáh ng kabutihan doon. Samantala ang pagpapaliban nito ay hindi ipinahihintulot maliban kung may isang dahilang tanggap sa Sharí'ah gaya ng pagkawala ng salapi o pagkawala ng mga maralita.

**13.** Yumao ang isang tao at nag-iwan ng mga ari-arian at mga anak na naulila, may zakáh po ba sa mga ari-arian na ito? Kung gayon nga, sino po ang magbibigay nito?

**Sagot:** Kinakailangan ang zakáh sa mga ari-arian [na minana] ng mga ulila na gaya ng pera at mga kalakal, at [gayon din] sa mga hayupan na sá'imah, at sa mga butil at mga produktong pansakahan na kinakailangan sa mga ito ang zakáh. Tungkulin ng tagapag-alaga (guardian) ng mga ulila na magbigay ng zakáh [mula sa ari-arian] sa oras nito. Ngunit kung wala silang tagapag-alaga mula sa panig ng amang nilang yumao, kailangang isampa ang usapin sa hukuman [ng Sharí'ah] upang makapag-talaga ito para sa kanila ng isang tagapag-alaga na magtataguyod sa mga kapakanan nila at mga kapakanan ng mga ari-arian nila. Tungkulin ng tagapangalaga kaugnay roon na mangilag magkasala kay Allah at gawin ang makabubuti sa kanila at ang makabubuti sa mga ari-arian nila dahil ang sabi ni Allah (2:220): **Tinatanong ka nila hinggil sa mga ulila; sabihin mo: "Ang isang pagpapabuti sa kanila ay mainam."** Sinabi pa Niya (6:152): **Huwag ninyong lapitan ang ari-arian ng ulila, kung hindi ayon sa siyang pinakamagaling, hanggang sa marating nito ang**

[75] Kapag umabot sa nis̲áb.

**hustong gulang nito**. Ang mga áyah sa ganitong kahulugan ay marami. Magsisimula ang taon sa mga ari-arian nila sa sandaling namatay ang ama nila dahil ang mga ito ay nasalin sa pag-aari nila sa pagkamatay niya. Si Allah ang Tagapag-akay.

**14.** Dumami sa panahon ngayon ang mga uri ng alahas gaya ng diyamante, platinum at iba pang isinusuot na alahas, kaya may zakáh po ba ito kung ang mga ito ay nasa anyong *table untensil* na palamuti o ginagamit? Ipabatid po ninyo sa amin; gantimpalaan kayo ni Allah.

**Sagot:** Kung ang mga alahas ay yari sa ginto o pilak, ang mga ito ay may zakáh kapag umabot sa nisáb at sumapit sa mga ito ang isang taon, kahit pa isinusuot o ipinahihiram, ayon sa pinakatumapak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam batay sa mga tumpak na Hadíth na nasaad tungkol doon. Samantala kung hindi yari sa ginto at pilak gaya ng diyamante, *carnelian* at mga tulad nito, walang zakáh sa mga ito maliban kung ninais na ikalakal ang mga ito sapagkat kung gayon ang mga ito ay kabilang na sa kabuuan ng mga kalakal kaya naman kinakailangan na sa mga ito ang zakáh gaya ng iba pang mga kalakal. Hindi ipinahihintulot na gumamit ng *table utensil* na yari sa pilak at ginto kahit pa man para palamuti dahil ang paggmit nito para palamuti ay magsisilbing daan tungo sa paggamit sa mga ito sa pagkain at paginom. Napatotohanan buhat sa Sugo ni Allah (SAS) na siya ay nagsabi: ***Huwag kayong uminom sa mga sisidlang ginto at pilak, at huwag kayong kumain sa mga platong yari sa mga ito dahil ang [yari sa] mga ito ay para sa kanila*** — tinutukoy niya ang mga Káfir—***sa mundo at para sa inyo sa Kabilang-buhay.*** Itinala ito ni Imám alBukhárí at Imám Muslim.

Kailangan sa sinumang gumamit ng mga ito [na ibigay] ang zakáh ng mga ito kalakip ng pagbabalik-loob kay Allah. Kailangan din sa kanya na baguhin ito mula sa pagiging *table utensil* para maging ibang mga uri na hindi nakahahawig ng mga *table untensil*, gaya ng mga alahas at mga tulad nito.

**15.** May ilan sa mga sakahan na umaasa ang mga may-ari ng mga ito sa ulan sa pagsasaka, kaya may zakáh po ba ang ani ng pagsasakang ito? Naiiba po ba ito sa ibang sakahan na pinatutubigan ng mga makina at mga *water pump*.

**Sagot:** Ang pinatutubigan sa pamamagitan ng mga ulan, mga ilog at mga batis, na pananim na may butil at bunga gaya ng dalites, ubas, barley at trigo ay may 10% [na zakáh mula sa ani]. Ang pinatutubigan sa pamamagitan ng mga makina at iba pa ay may 5% [na zakáh mula sa ani]. Ayon ito sa napagtibay buhat sa Propeta na siya ay nagsabi: ***Sa pinatubigan ng langit ay ang ikapu, at sa pinutubigan sa pamamagitan ng mga patubig o pagdidilig ay ang kalahati ng ikapu.*** Itinala ito ni Imám alBukhárí mula sa Hadíth na isinalaysay ni Ibnu 'Umar (RA).)

**16.** Nag-aani ang ilan sa mga sakahan ng sarisaring uri ng prutas at gulay, kaya ang mga ito po ba ay may zakáh? Ano po ang mga produktong pansakahan na pinapatawan ng zakáh?

**Sagot:** Sa mga prutas, mga gulay at mga tulad nito na hindi natatakal ni naiimbak, gaya ng pakwan, granada at mga tulad nito, ay walang zakáh maliban kung ikina-kalakal sapagkat papatawan ng zakáh anumang sumapit sa isang taon na halaga ng mga ito kapag umabot sa nisáb gaya ng iba pang mga kalakal. Ipinapataw lamang ang zakáh sa mga butil at mga prutas na natatakal at naiimbak gaya ng datiles, pasas (pinatuyong ubas), barley, trigo at mga tulad nito batay sa kasaklawan ng sabi ni Allah (6:141): **subalit ibigay ang *zakáh na* nauukol mula rito sa araw ng pag-aani nito.** Sinabi pa Niya (2:43): **Pangalagaan ninyo ang pagdarasal, ibigay ninyo ang zakáh.** Nagsabi pa ang Propeta (SAS): ***Walang zakáh sa anumang mababa pa sa limang wasq***[76] ***na datiles o butil.*** Itinala ito nina Imám alBukhárí at Imám Muslim. Kaya nagpapatunay ito sa pagpapataw ng zakáh sa anumang umabot doon na mga butil na natatakal at naiimbak, at dahil ang pagtanggap ng Propeta (SAS) ng zakáh mula sa barley at trigo ay nagpapatunay sa pagkatungkulin nito para sa mga tulad ng dalawang ito. Si Allah ang Tagapag-akay.

**17.** Nagkaiba-iba ang mga pantakal na nababatid sa pamamagitan ng mga ito ang mga nisáb ng zakáh. Kaya ano po ang mapananaligan sa pag-alam sa mga ito sa panahong ito yamang makatatagpo ka ng pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga maalam sa Islam sa ngayon sa pagtatakda sa mga ito?

**Sagot:** Ang saligan doon ay ayon sa sá‘ (takalan) ng Propeta (SAS) na katumbas sa $5^1/_3$ ritl na ‘Iráqí at apat na dakot na dalawang punong katamtamang kamay,[77] gaya ng isinasaad hinggil doon ng mga maalam sa Islam at mga dalubhasa sa wika. Si Allah ang Tagapag-akay.

**18.** Marami sa mga tao ay nakikipagtransaksiyon sa mga bangko at maaaring may makapasok sa mga transaksiyon na ito na mga transaksiyon na Harám, gaya ng *ribá* halimbawa, kaya may zakáh po ba sa mga salaping ito? Papaano pong kinukunan ito ng zakáh?

**Sagot:** Ipinagbabawal ang pakikipagtransaksiyon sa ribá sa mga bangko at iba pa. Lahat ng interes na ibinubunga ng ribá ay pawang mga ipinagbabawal at hindi pera ng binigyan [ng bangko] nito. Bagkus ay kinakailangan na gugulin ito sa mga gawa-ing pangkawanggawa kapag natanggap niya ito samantalang nalalaman niya ang kahatulan ni Allah hinggil doon. Samantala, kung hindi niya natanggap ito, walang ukol sa kanya kundi ang kanyang puhunan (ang nakaimpok hindi kasama ang tubo)

[76] Ang isang wasq ay mga 135 kilo. Samakatuwid ang limang wasq ay mga 675 kilo.
[77] Ang isang sá‘ ay mga dalawa’t kalahating kilo.

dahil ang sabi ni Allah (2:278-279): **O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at iwan ninyo ang anumang natira sa Ribá kung kayo ay mga Mananampalataya. Ngunit kung hindi ninyo gagawin, tanggapin ninyo ang babala ng digmaan mula kay Allah at sa Sugo Niya. Ngunit kung kayo ay magsisisi ay makakamit ninyo ang mga puhunan ninyo. Hindi kayo gagawa ng paglabag sa katarungan at hindi rin kayo gagawan ng paglabag sa katarungan.** Samantala kung natanggap naman niya ito bago niya nalaman ang kahatulan ni Allah roon, ito ay sa kanya na at hindi kinakailangan sa kanya na alisin ito sa salapi niya dahil ang sabi ni Allah (2:275): **Ipinahintulot ni Allah ang pagbibilí at ipinagbawal Niya ang patubo. Kaya ang sinumang datnan ng isang pangaral mula sa Panginoon niya ay tumigil na at sa kanya na ang nagdaan at ang pagpapatawad sa kanya ay nasa kay Allah na. Ang mga nanumbalik, ang mga iyon ang mga mananahan sa Apoy; sila ay doon mga mananatili.** Tungkulin niya na magbigay ng zakáh mula sa mga salapi niya na hindi mula sa mga tinubo ng ribá gaya ng iba pang mga ari-arian niya na kinakailangan sa mga ito ang zakáh. Napabibilang doon ang anumang pumasok sa kanya na mga kinita mula sa Ribá bago nagkaroon na kaalaman [hinggil sa kahatulan sa Ribá] sapagkat iyon ay kabilang sa salapi niya batay sa mga áyah na nabanggit. Si Allah ang Tagapag-akay.

**19.** Ano po ang hatol sa zakátulfiṯr? Kinakailangan po ba rito ang niṣáb? Ang mga uri na ibinibigay [bilang zakátulfiṯr] ay tinakdaan po ba? Kung gayon nga, ano po ang mga ito? Inoobliga po ba nito na ang lalaki ay magbigay nito para sa mga kasambahay na kabilang sa mga iyon ang asawa at pati na ang katulong?

**Sagot:** Ang zakátulfiṯr ay isinatungkulin sa bawat Muslim, bata o matanda, lalaki o babae, malaya o alipin, ayon sa napagtibay buhat kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Isinatungkulin ng Sugo ni Allah (SAS) ang zakátulfiṯr: isang ṣá‘ na datiles o isang ṣá‘ na barley, para sa lalaki at babae, bata at matanda, malaya at alipin, na kabilang sa mga Mulsim. Ipinag-utos niya na ibigay ito bago lumabas ang mga tao para sa ṣaláh [sa ‘íd].” Napagkaisahan ito sa katumpakan. Wala itong niṣáb. Kinakailangan sa isang Muslim na magbigay nito para sa sarili at mga kasambahay niya gaya ng mga anak niya, ng (mga) asawa niya at mga alipin niya [kung mayroon] kapag may lumabis sa pagkain niya at pagkain nila sa isang araw at isang gabi. Samantala ang katulong na inuupahan ay kailangang magbigay nito para sa sarili niya, maliban kung magkakaloob nito para sa kanya ang amo o isinakundisyon na ang amo ang magbibigay. Samantala, ang katulong na alipin ay tungkulin ng panginoon niya na magbibigay nito para sa kanya, gaya ng naunang nasaad sa H̲adíth.

Ang kinakailangan na ibigay ay mula sa pangunahing pagkain ng isang bayan, maging ito ay datiles o barley o trigo o mais o iba pa roon, ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam, dahil ang Sugo ni Allah (SAS) ay hindi nagtakda roon ng isang takdang uri, at dahil ito ay bilang pampapalubag-loob at hindi dapat sa Muslim na magpalubag-loob ng hindi pangunahing kinakain niya.

**20.** Ano po ang hatol sa pagbibigay ng zakátulfiṯr sa mga Mujáhid sa Bosnia-Hercegovina at sa iba pang lugar? Kung ang hatol ay ipinahihintulot, ano po ang pinakamainam doon?

**Sagot:** Ang itinatagubilin ay ang ibigay ito sa mga maralita sa mga Muslim sa bayan na pinaninirahan ng nagbibigay nito dahil sila ay higit na nangangailangan nito sa kadalasan at dahil ito ay pagpapalubag-loob para sa kanila upang maiwasan nila sa pamamagaitan nito ang manghingi sa mga araw ng ‘íd. Kung malipat man ito sa iba pa sa kanila na kabilang din sa mga maralita, matatanggap pa rin ito ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam dahil umabot naman sa pinag-uukulan nito, subalit ang ipagkaloob ito sa mga maralita ng tinitirahang bayan ay lalong karapat-dapat, lalong mainam at lalong maingat.

Ipinahintulot ang pagtatalaga ng katiwala sa pagbibigay nito, gaya ng zakáh sa ari-arian, sa mga maralita sa bayang tinitirahan o sa labas nito kapag ang katiwala ay mapagkakatiwalaan. Ipinahihintulot na ipagkatiwala sa kanya na bumili ng pagkain na naaangkop at ipamahagi ito sa mga maralita. Si Allah ang Tagapag-akay.

# Ang Pag-aayuno

**1.** Sa kanino po isinatungkulin ang pag-ayuno sa Ramadán? Ano po ang kalamangan ng pag-aayuno sa Ramadán at ng pag-aayunong kusang-loob [sa ibang buwan]?

**Sagot:** Isinatungkulin ang pag-aayuno sa Ramadán sa bawat Muslim na mukallaf na mga lalaki at mga babae. Kaibig-ibig ito para sa sinumang tumuntong sa pitong taong gulang o higit pa at makakakakaya nito. Tungkulin ng mga tagapangalaga ng mga kapakanan nila na ipag-utos sa kanila iyon kapag makakakaya nila iyon, gaya rin ng pag-uutos sa kanila na magsagawa ng saláh. Ang batayan nito ay ang sabi ni Allah (2:183-185): **O mga sumampalataya, isinatungkulin sa inyo ang pag-aayuno gaya ng pagkasatungkulin nito sa mga nauna sa inyo nang harinawa kayo ay mangingilag magkasala.** ***Mag-ayuno*** **sa mga araw na mga nabibilang. Ngunit ang sinumang sa inyo ay may-sakit o nasa isang paglalakbay ay** ***mag-aayuno ng tulad na*** **bilang mula sa ibang mga araw.…Ang buwan ng Ramadán** ***ay ang buwan*** **na ibinaba roon ang Qur'an bilang patnubay para sa mga tao, bilang mga malinaw na katunayan mula sa Patnubay at Batayan. Kaya ang sinumang sa inyo ay** ***nananahan na*** **nakasaksi sa buwan na ito ay pag-ayunuhan niya ito, at ang sinumang sa inyo ay may-sakit o nasa isang paglalakbay ay** ***mag-aayuno ng katulad na*** **bilang mula sa ibang mga araw.** Gayon din ang sabi ng Propeta (SAS): ***Isinalig ang Islam sa lima: Ang pagsaksi na walang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo Niya, ang pangangalaga sa saláh, ang pagbibigay ng zakáh, ang pag-aayuno sa Ramadán, at ang pagsasagawa ng hajj sa Bahay [ni Allah].*** Napagkaisahan ito sa katumpakan mula sa Hadíth na ayon kay Ibnu 'Umar (RA). Batay rin ito sa sabi niya (SAS) noong tinanong siya ni Anghel Gabriel (AS) hinggil sa Islam at nagsabi siya: ***Ang Islam ay sumaksi ka na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, pangalagaan mo ang saláh, magbigay ka ng zakáh, mag-aayuno ka sa Ramadán, at magsasagawa ka ng hajj sa Bahay [ni Allah] kung makakaya mong makarating doon.*** Itinala ito ni Imám Muslim mula sa Hadíth ayon kay 'Umar ibn alKhattáb (RA). Nagtala rin ng kasingkahulugan nito sina Imám alBukhárí at Imám Muslim mula sa Hadíth ni Abú Hurayrah (RA).

Nasasaad naman sa Sahíh alBukhárí at Sahíh Muslim buhat kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***Ang sinumang mag-ayuno sa Ramadán dahil sa pananampalataya at pag-aasam [ng gantimpala ni Allah], patatawarin siya sa nauna mula sa pagkakasala niya.*** Napagtibay rin buhat sa kanya na siya ay nagsabi: ***Nagsabi si Allah na nakapangyayari at pinagpipitagan: Lahat ng gawa ng anak ni Adan ay para sa kanya. Ang mabuting gawa ay ginagantihan ng sampung tulad nito hanggang pitong daang ulit, maliban sa pag-aayuno sapagkat ito ay para sa Akin at Ako ay gaganti sa kanya. Iniwan niya***

***ang pagnanasa niya, ang pagkain niya at ang inumin niya alang-alang sa Akin. Ang nag-aayuno ay may dalawang pagkatuwa: pagkatuwa sa sandali ng pagtapos niya ng pag-aayuno at pagkatuwa sa sandali ng pakikipagtagpo sa Panginoon niya. Talagang ang amoy ng bibig ng nag-aayuno ay higit na mabango para kay Allah kaysa sa halimuyak ng Musk.*** Napagkaisahan ito sa katumpakan. Ang mga Hadíth hinggil sa kalamangan ng pag-aayuno sa Ramadán at sa kabutihan ng pag-aayuno sa pangkalahatan ay marami at alam. Si Allah ang Tagapag-akay.

**2.** Uutusan po ba ang batang may-isip na mag-ayuno? Makasasapat na ba para sa kanya [ang pag-aayunong] ito kung sumapit siya sa tamang gulang sa panahon ng pag-aayuno.

**Sagot:** Nabanggit na sa sagot sa unang tanong na ang mga batang lalaki at ang mga batang babae kapag sumapit na sa pitong taong gulang o higit pa ay uutusang mag-sagawa ng pag-aayuno at tungkulin ng mga tagapangalaga nila na ipag-utos iyon sa kanila gaya ng pag-uutos nila sa kanila na magsagawa ng saláh. Kapag sumapit sila roon sa panahon ng maghapon [ng Ramádan] makasasapat na sa kanila ang araw na iyon. Kaya kung ipagpalagay na ang isang batang lalaki ay tumuntong sa ikalabinli-mang taong gulang sa tanghali habang siya ay nag-aayuno sa araw na iyon, makasa-sapat na sa kanya iyon. Ang unang bahagi ng maghapon [ng pag-aayuno] ay náfilah at ang huling bahagi nito ay fard, kapag hindi pa nangyaring sumapit siya sa tamang gulang bago [ang tanghaling] iyon sa pamamagitan ng pagtubo ng buhok sa palibot ng ari, o sa pamamagitan ng paglabas ng semen dahil sa pagnanasang seksuwal. Ganoon din sa batang babae, ang hatol sa dalawa ay magkatulad, kaya nga lamang ang babae ay magdadagdag ng ikaapat na bagay na magaganap sa pamamagitan nito ang pagsapit sa tamagang gulang, ang pagreregla.

**3.** Alin ang lalong mainam para sa isang naglalakbay: ang tumigil sa pag-aayuno o ang mag-ayuno, lalo na sa paglalakbay na hindi naman mahirap tulad ng pagla-lakbay sakay ng eroplano o iba pang mga makabagong transportasyon?

**Sagot:** Walang pasubaling ang lalong mainam para sa isang nag-aayuno ay ang huminto sa pag-aayuno sa panahon ng paglalakbay. Ngunit ang sinumang mag-ayuno ay hindi ipinagbabawal sa kanya sapagkat ang Propeta (SAS) ay napatuna-yang gumawa nito at ganoon din ang mga Kasamahan niya. Subalit kapag tumindi ang init at bumigat ang hirap [ng paglalakbay] kailangan nang tumigil sa pag-aayuno. Hindi kanais-nais ang pag-aayuno sa isang naglalakbay sapagkat nang nakakita ang Sugo (SAS) ng isang lalaking pinapayungan habang naglalakbay dahil sa tindi ng init samantalang ito ay nag-aayuno ay nagsabi siya: ***Hindi bahagi ng kabutihan ang pag-aayuno habang nasa paglalakbay.*** At yayamang napatunayang siya (SAS) ay nagsabi: ***Tunay na si Allah ay nagnanais na ibigay ang mga pagpapaluwag***

***Niya gaya ng pagkasuklam Niya na ibigay ang pagsuway sa Kanya.*** Sa isa namang sanaysay: ***gaya ng pagkaibig Niya na ibigay ang mga pinagtibay Niya.*** Walang pinagkaiba kaugnay roon ang mga naglakbay sakay ng mga kotse o mga kamelyo o mga barko o mga bapor, at ang mga naglakbay sakay ng mga eroplano sapagkat ang lahat ay nasasaklawan ng katawagang paglalakbay. Magiging maluwag sa kanila ang paglalakbay dahil sa Kanyang mga pagbibigay-luwag. Si Allah ay nagsabatas para sa Kanyang mga lingkod ng mga alituntunin sa paglalakbay at pagtigil sa isang lugar. Siya ay nakaaalam sa anumang mangyayaring pagbabago ng mga kalagayan at pagdami ng uri ng pamamaraan ng paglalakbay. Kung ang alituntunin ay maiiba sa nagpahiwatig na sana Siya hinggil doon gaya ng sinabi Niya sa Súrah anNahl (16:89): **Nagbaba Kami sa iyo ng Aklat bilang tagapaglinaw sa bawat bagay, patnubay, awa, at nakalulugod na balita para sa mga Muslim.** Sinabi pa Niya sa Súrah an-Nahl pa rin (16:8): **At *nilikha* ang mga kabayo, ang mga mola at ang mga asno upang sakyan ninyo ang mga ito at bilang gayak. At lumilikha Siya ng mga hindi ninyo nalalaman.**

**4.** Papaano pong mapagtitibay ang pagsapit at ang paglisan ng buwan ng Ramáḏan? At ano po ang hatol kaugnay sa taong mag-isang nakakita ng pagsapit o paglisan ng buwan ng Ramáḏan?

**Sagot:** Napagtitibay ang pagsapit at ang paglisan ng buwan [ng Ramáḏan] sa pamamagitan ng dalawang makatarungang nakasaksi o higit pa. Napagtitibay ang pagpasok nito lamang sa pamamagitan ng isang saksi sapagkat napatunayan mula sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***At kung nasaksihan ng dalawang saksi, mag-ayuno kayo at tumigil sa pag-aayuno.*** Napatunayan ang sanaysay mula sa kanya na inatasan niya ang mga tao na mag-ayuno dahil sa pagsasaksi ni Ibnu ‘Umar (RA) at dahil sa pagsasaksi ng isang Arabe na taga-disyerto at hindi na siya humiling ng iba pang saksi. Ang dahilan niyon — at si Allah ang lalong nakaaalam — ay ang pag-iingat alang-alang sa Relihiyon hinggil sa pagsapit at paglisan [ng Ramáḏan], gaya ng pagtatadhana niyon ng mga Maalam sa Islam. Ang sinumang mag-isang makakita sa bagong buwan (new moon) ng pagsapit o paglisan [ng Ramáḏan] at hindi siya nag-ayuno batay sa kanyang nasaksihan, siya ay mag-aayuno kasabay ng mga tao at titigil sa pag-aayuno kasabay ng mga tao at hindi siya mag-aayuno batay lamang sa nasaksihan ng sarili niya ayon sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam na batay naman sa sinabi ng Propeta (SAS): ***Ang pag-aayuno ay sa araw na nag-aayuno kayo, ang pagtigil sa pag-aayuno ay sa araw na tumitigil kayo sa pag-aayuno, at ang pag-aalay ay sa araw na nag-aalay kayo.*** At si Allah ang Tagapag-akay sa tama.

**5.** Papaanong mag-aayuno ang mga tao kapag nagkaiba ang oras ng paglitaw [ng bagong buwan]? Maoobliga ba ang mga nakatira sa malalayong bayan tulad ng Amerika at Australia na mag-ayuno batay sa [paglitaw ng bagong buwan na] nakita ng mga nakatira sa Saudi Arabia?

**Sagot:** Ang tama ay pinagbabatayan ang pagkakita [ng bagong buwan] at hindi isinasaalang-alang ang pagkakaiba ng oras ng paglitaw niyon sapagkat ang Propeta (SAS) ay nag-utos na pagbatayan ang pagkakita at hindi na siya nagbigay ng mga detalye kaugnay roon. Batay ito sa tamang sanaysay tungkol sa kanya na siya nag-sabi: ***Mag-ayuno kayo kapag nakita ito at tumigil kayo sa pag-aayuno kapag [muling] nakita ito. Kapag naging malabo para sa inyo [ang langit] lubusin ninyo ang bilang upang maging tatlumpong [araw].*** Isinalaysay ito nina Imám alBukhárí at Imám Muslim. At batay pa rin sa sinabi niya: ***Huwag kayong mag-ayuno hanggat hindi ninyo nakikita ang bagong buwan [ng Ramádan] at kung hindi [makita] ay bubuuhin ninyo ang bilang, at huwag kayong huminto sa pag-aayuno hanggat hindi ninyo nakikita ang bagong buwan [ng Shawwál] at kung hindi [makita] ay bubuuhin ninyo ang bilang.*** Ang mga Hadíth na may ganitong kahulugan ay marami.

Hindi nabanggit ng Sugo (SAS) ang pagkakaiba ng oras ng paglitaw gayong nalalaman niya iyon. Naniniwala ang isang pangkat ng mga Maalam sa Islam na ang bawat bayan ay may kanya-kanyang oras ng pagkakita ng buwan kapag nagkaiba ang oras ng paglitaw ng bagong buwan. Ipinampatunay nila ang naisalaysay tungkol kay Ibnu ‘Abbás (RA) na hindi siya bumatay sa nakita ng mga taga-Shám noong siya ay nasa Madínah. Nakita ng mga taga-Shám ang bagong buwan noong besperas ng Biyernes noong panahon ni Mu‘áwiyah (RA) at dahil doon ay nag-ayuno sila. Samantala, nakita lamang ng mga taga-Madínah ang bagong buwan noong besperas ng Sabado. Kaya ang sabi ni Ibnu ‘Abbás (RA) noong ibinalita sa kanya ni Karíb ang tungkol sa pagkakita ng mga taga-Shám [sa bagong buwan] at pag-aayuno nila: “Nakita namin ito noong besperas ng Sabado kaya mag-aayuno pa rin kami hanggat hindi namin nakitang muli ito o di kaya’y bubuuhin namin ang bilang. Ipinampatunay niya ang sinabi ng Propeta (SAS): ***Mag-ayuno kayo kapag nakita ito at tumigil kayo sa pag-aayuno kapag [muling] nakita ito.*** Ang pahayag na ito ay may taglay na malakas na argumento. Bumatay sa paninidigang ito ang mga kaanib ng Lupon ng Nakatatandang mga Maalam sa Islam sa Kaharian ng Saudi Arabia bilang pagtutugma sa mga patunay.

**6.** Papaano po ang gagawin ng mga nasa lugar na humahaba ang maghapon nila hanggang sa 21 oras? Magtataya ba sila ng takdang yugto para sa pag-aayuno? Gayon din, ano po ang gagawin ng mga nasa lugar na ang maghapon nila ay lubhang maikli?

Gayon din sa mga nasa lugar na nagpapatuloy sa kanila ang maghapon sa loob ng anim na buwan at ang gabi sa loob ng anim na buwan din?

**Sagot:** Ang mga nasa lugar na may gabi at maghapon sa loob ng 24 oras ay mag-aayuno sa maghapon maging Allah, kahit pa ang maghapon ay maiksi. Samantala, ang nasa lugar na humahaba sa kanila ang maghapon o ang magdamag nang higit pa roon gaya ng anim na buwan, sila ay magtataya para sa pag-aayuno at pagdarasal ng takdang yugto ng mga ito, gaya ng ipinag-utos ng Propeta (SAS) hinggil doon sa araw ng adDajjál na gaya ng isang taon, at gayon din ang isang araw niya na gaya ng isang buwan o isang linggo; magtataya para sa saláh ng takdang yugto nito dahil doon.

**Siniyasat ng Kapulungan ng Lupon ng Nakatatandang mga Pantas** sa Kaharian ng Saudi Arabia ang tanong na ito at nagpalabas sila ng Panukala bilang 61 na may petsang 12/4/1398 A.H. (Marso 22, 1978). Heto ang teksto nito:

Ang papuri ay ukol kay Allah. Ang basbas at ang pagbati ni Allah ay makamit ng Sugo Niya, mag-anak nito, at mga Kasamahan nito.

Inilahad sa Lupon ng Kapisanan ng mga Nakatatandang mga Pantas noong Ika-12 Kapulungan na idinaos sa Riyadh noong mga unang araw ng buwan ng Rabí'ul Ákhir taong 1398 A.H. (mga kalagitnaan ng Marso ng 1978) ang liham ng Kagalang-galang na Pangkalahatang Kalihim ng Samahan ng Sandaigdigang Muslim sa Makkah bilang 555 at may petsang 16/1/1398 A.H. (Disyembre 27, 1977), na naglalaman ng nasaad sa talumpati ng Pangulo ng Samahan ng mga Kapisanang Pang-Islam sa lungsod ng Malmö sa Sweden. Nasasaad dito na ang mga bansang Escandinavo ay may mahabang maghapon sa tag-init at umiiksi naman sa taglamig dahil sa kinalalagyang pang-heograpiya nito. Ang mga hilagang rehiyon ng ilan sa mga ito naman ay lubusang hindi nilulubagan ng araw sa tag-init at na siya namang kabaliktaran nito sa taglamig. Nagtatanong ang mga Muslim doon kung papaano ang iftár (pagtigil sa pag-aayuno) at ang imsák (pagtigil sa pagkain at pag-inom para sa pag-aayuno) sa buwan ng Ramadán, at gayon kung papaano ang pagtataya sa mga oras ng saláh sa mga bayang ito. Hinahangad ng kanyang Kagalang-galang na magpalabas ng fatwá hinggil doon upang ibigay sa kanila.

Inilahad sa naturang Kapulungan din ang inihanda ng Permamenteng Lupon ng Pananaliksik Pangkaalaman at Pagbibigay ng Fatwá. Babanggit pa tayo ng iba pa buhat sa mga dalubhasa sa Sharí'ah hingil sa naturang paksa. Matapos ang pagsusuri, ang pag-aaral, ang pagtalakay, napagpasyahan ng Lupon ang sumusunod:

**A.** Ang sinumang naninirahan sa isang bayan na nababatid ang gabi sa maghapon sa pagsikat ng madaling-araw at paglubog ng araw kaya lamang ang maghapon doon ay humahaba nang labis sa tag-init at umiiksi naman sa taglamig at kinakailangang magsagawa ng limang saláh sa mga isinabatas na kilalang oras ng mga ito ayon sa pangkalahatang saklaw ng sabi ni Allah (17:78): **Panatilihin mo ang pagdarasal mula sa paglilis sa rurok ng araw hanggang sa pagdilim**

**ng gabi at *isagawa* ang pagbigkas ng Qur'an sa madaling-araw; tunay na ang pag-bigkas ng Qur'an sa madaling-araw ay laging sinasaksihan.** Sinabi pa Niya (4:103): **Tunay na ang pagdarasal, para sa mga sumasampalataya, ay laging isang tungkuling tinakdaan ng panahon.** At ayon din sa napagtibay ayon buhat Buraydah (RA) ayon sa Propeta (SAS) na naiulat na may isang lalaki na nagtanong sa kanya hinggil sa oras ng saláh kaya nagsabi siya: ***Magdasal ka kasama namin sa loob ng dalawang ito***. Ang ibig niyang sabihin ay dalawang araw. Noong lumilis na ang araw sa karurukan, inatasan niya si Bilál kaya nag-sagawa ito ng adhán. Pagkatapos ay inatasan niya ito kaya nagsagawa ito ng iqámah ng dhuhr. Pagkatapos, *kinahapunan* ay inatasan niya ito kaya nagsa-gawa ito ng iqámah ng 'asr habang ang araw ay mataas pa, puti at malinaw. Pagkatapos ay inatasan niya ito kaya nagsagawa ito ng iqámah ng maghrib nang nakalubog na ang araw. Pagkatapos ay inatasan niya ito kaya nagsagawa ito ng iqámah ng 'ishá' nang naglaho na ang takipsilim. Pagkatapos ay inatasan niya ito kaya nagsagawa ito ng iqámah ng fajr nang sumikat na ang madaling-araw. Noong ikalawang araw na, inatasan niya ito na ipagpaliban hanggang sa luma-mig-lamig ang dhuhr kaya ipinagpaliban nito hanggang sa lumamig-lamig at nilubos nito na ipinagpaliban hanggang sa lumamig-lamig. Dinasal niya ang 'asr habang ang araw ay mataas; ipinagpaliban niya ito nang higit kaysa sa dati. Dinasal niya ang maghrib bago naglaho ang takipsilim. Dinasal niya ang 'ishá' matapos na nagdaan ang ikatlong bahagi ng gabi. Dinasal niya ang fajr noong nagliwa-liwanag. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***Nasaan ang nagatatanong hinggil sa oras ng saláh?*** Kaya nagsabi ang lalaki: "Ako po, Sugo ni Allah." Nagsabi siya: ***Ang oras ng saláh ninyo ay sa pagitan ng nakita ninyo.*** Isinalaysay ito nina Imám alBukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay 'Abdulláh ibn 'Amr ibn al'Ás ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Ang oras ng dhuhr ay kapag lumilis ang araw sa karurukan hanggang sa ang anino ng tao ay kasinghaba niya hangga't hindi dumating ang 'asr. Ang oras ng 'asr ay hanggang sa hindi pa nanilaw ang araw. Ang oras ng saláh sa maghrib ay hanggang hindi pa naglaho ang takipsilim. Ang oras ng saláh sa 'ishá' ay hanggang sa unang kalahati ng gabi. Ang oras ng saláh sa fajr ay mula sa pagsikat ng madaling-araw hanggang hindi pa sumikat ang araw; ngunit kapag sumikat ang araw, huminto sa saláh sapagkat ito ay sumisikat sa pagitan ng dalawang sungay ng Demonyo.*** Itinala ito ni Imám Muslim. Mayroon pang mga Hadíth na nasaad hinggil sa pagtatakda ng mga oras ng limang saláh, sa salita at sa gawa.

Hindi binanggit ang pagkakaiba sa pagitan ng haba ng maghapon at ikli nito, at ng haba ng gabi at ikli nito hangga't ang mga oras ng mga saláh ay nababatid sa pamamagitan ng mga tanda na nilinaw ng Sugo ni Allah (SAS). Ito ay kaugnay sa pagtatakda sa mga oras ng mga saláh nila. Samantala, kaugnay naman sa

pagtatakda sa mga oras ng pag-aayuno nila sa buwan ng Ramadán, kailangan sa mga mukallaf na huminto sa bawat araw niyon sa pagkain at pag-inom at iba pang mga nakasisira sa pag-aayuno mula sa pagsikat ng madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw sa bayan nila hangga’t ang maghapon ay naki-kilala sa gabi sa bayan nila. Ipinahihintulot sa kanila ang pagkain, ang inumin at ang pakikipagtalik at mga tulad nito sa gabi nila lamang, kahit pa ito ay maiksi sapagkat ang Batas ng Islam ay sumasaklaw sa mga tao sa lahat ng bayan. Nagsabi nga si Allah (2:187): **Kumain kayo at umiinom kayo hanggang sa luminaw sa inyo ang puting hibla *ng liwanag* ng madaling-araw sa itim na hibla *ng dilim ng gabi.*** Ang sinumang hindi nakakaya na lubusin ang pag-aayuno sa araw dahil sa haba nito, o nalaman niya sa pamamagitan ng mga tanda o karanasan o pagpapabatid ng isang mapagkakatiwalaang mahusay na manggagamot o nanaig sa palagay niya na ang pag-aayuno ay hahantong sa kapahamakan niya o matinding karamdaman o hahantong sa paglala ng karamdaman niya o pagbagal ng paggaling niya, hihinto siya sa pag-aayuno at magsasagawa ng qadá’ para sa mga araw na huminto siya sa pag-aayuno sa anumang buwan na makakaya niyang pagsagawaan ng qadá’. Nagsabi si Allah (2:185): **Kaya ang sinuman sa inyo na *nananahan na* nakasaksi sa buwan na ito ay pag-ayunuhan niya ito, at ang sinuman sa inyo na may-sakit o nasa isang paglalakbay ay mag-aayuno ng katumbas na bilang mula sa ibang mga araw.** Nagsabi pa Siya (2:286): **Hindi nag-aatang si Allah sa isang kaluluwa kung hindi ayon sa kakayahan nito.** Nagsabi pa Siya (22:78): **at hindi Siya naglagay sa inyo sa Relihiyon ng anumang pahirap**.

**B.** Ang sinumang naninirahan sa isang bayan na hindi lumulubog doon ang araw sa tag-init at hindi naman sumisikat sa taglamig, o sa isang bayan na nagpapa-tuloy ang maghapon doon sa loob ng anim na buwan at nagpapatuloy naman ang gabi roon sa loob ng anim na buwan, halimbawa, kinakailangan sa kanila na isagawa ang limang saláh sa loob ng bawat 24 oras at na tatayain nila ang mga oras ng mga ito at itatakda ang mga ito sa pamamagitan ng pagbatay hing-gil doon sa pinakamalapit na bayan sa kanila na nababatid doon ang isa’t isa sa mga oras ng mga saláh na fard. Alinsunod iyon sa napagtibay sa Hadíth hing-gil sa al’Isrá’ wa al’Mi‘ráj na si Allah ay nagsatungkulin sana sa Kalipunang ito *ng Islam* ng limampung saláh sa bawat araw at gabi ngunit hindi huminto ang Propeta (SAS) sa paghiling sa Panginoon niya na pagaanin *ang tungkulin* hanggang sa nagsabi na siya: **O Muhammad, ang mga iyon ay limang saláh sa bawat araw at gabi; bawat saláh ay *katumbas ng* sampu kaya iyon ay limampung saláh.…**

Alinsunod din iyon sa napagtibay mula sa Hadíth ayon kay Talhah ibn ‘Ubaydulláh (RA) na nagsabi: “May dumating na isang lalaki sa Sugo ni Allah (SAS), na mula sa mga naninirahan sa Najd, na gulung-gulo ang *buhok sa* ulo.

Naririnig namin ang alingawngaw ng tinig nito at hindi namin nauunawaan ang sinasabi nito, hanaggang sa lumapit ito sa Sugo ni Allah (SAS). Walang anu-ano siya ay nagtatanong na tungkol sa Islam kaya nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Limang saláh sa araw at gabi.*** Kaya nagsabi ito: “May tungkulin pa ba ako na iba pa sa mga ito?” Nagsabi siya: ***Wala na, maliban kung magkukusang-loob ka.***”

Alinsunod din sa napagtibay mula sa Hadíth ayon kay Anas ibn Málik (RA) na nagsabi: “Nagpipigil kami na magtanong sa Sugo ni Allah (SAS) hinggil sa isang bagay kaya natutuwa kami noon na dumarating ang isang lalaki na kabilang sa mga matalinong naninirahan sa disyerto at saka magtatanong sa kanya habang kami ay nakikinig. At may dumating na isang lalaki na kabilang sa mga naninirahan sa disyerto at nagsabi: ‘O Muhammad, pumunta sa amin ang sugo mo at nagsabi na ikaw ay nagsabi raw na si Allah ay nagsugo sa iyo.’ Nagsabi siya: ***Nagsabi siya ng toto.*** Hanggang sa magsabi iyon: ‘Nagsabi ang sugo mo na kailangan sa amin ang limang saláh sa araw namin at sa gabi namin.’ Nagsabi siya: ***‘Nagsabi siya ng totoo.***’ Nagsabi iyon: ‘Kaya sumpa man sa nagsugo sa iyo, si Allah ba ay nag-utos nito sa iyo?’ Nagsabi siya: ***Oo…*** ”

Napagtibay na ang Propeta (SAS) ay nagsalaysay sa mga Kasamahan niya tungkol sa Bulaang Kristo kaya nagsabi sila: “Gaano katagal ang pananatili niya sa Lupa?” Nagsabi siya: ***Apatnapuang araw; may isang araw na gaya ng isang taon, may isang araw na gaya ng isang buwan, may isang araw na gaya ng isang linggo at ang iba pang mga araw niya ay gaya ng mga araw ninyo.*** Kaya may nagsabi: “O Sugo ni Allah, ang araw na gaya ng isang taon, makasasapat na po ba sa amin doon ang saláh sa isang araw?” Nagsabi siya: ***Hindi; tayain ninyo ang yugto niyon.*** Samakatuwid, hindi itinuring ang araw na gaya ng isang taon na iisang araw na makasasapat na roon ang ang limang saláh. Bagkus isinatungkulin doon ang limang saláh sa bawat dalawampu’t apat na oras at inatasan niya sila na pagbaha-bahaginin nila ang mga iyon sa mga oras niyon nang isinasaalang-alang ang mga namamagitang yugto na nasa pagitan ng mga oras ng mga iyon sa isang karaniwang araw sa bayan nila.

Samakatuwid, kinakailangan sa mga Muslim mula sa bayang nagtatanong hinggil sa pagatatakda sa mga oras ng mga saláh roon na itakda nila ang mga oras ng mga saláh nila, na bumabatay para roon sa pinakamalapit na bayan sa kanila na nakikilala roon ang pagkakaiba ng gabi sa araw at nalalaman doon ang mga oras ng limang saláh sa pamamagitan ng mga tanda ng mga ito ayons sa Sharí‘ah sa bawat 24 oras.

Kinakailangan din sa kanila ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadán. Kailangan sa kanila na magtaya para sa pag-aayuno nila: itatakda nila ang simula ng buwan ng Ramadán at ang katapusan nito, ang pagsisimula ng imsák at iftár sa

bawat araw sa simula ng buwan at katapusan nito, at sa pagsikat ng madaling-araw sa bawat araw at paglubog ng araw sa pinakamalapit na bayan sa kanila na nakikilala roon ang gabi sa araw. Ang kabuuang haba ng araw at gabi ay 24 oras alinsunod sa naunang natalakay sa Hadíth ng Propeta (SAS) tungkol sa Bulaang Kristo, sa patnubay niya sa mga Sahábí niya, at hinggil sa paraan ng pagtatakda sa mga oras ng mga saláh yayamang walang pagkakaiba roon sa pagitan ng pag-aayuno at saláh. Si Allah ang Tagapag-akay. Basbasan ni Allah ang Propeta natin na si Muhammad, ang mag-anak niya at ang mga Sahábí niya.— Kapisanan ng mga Nakatatandang Pantas.

**7.** Kinakailangan ba sa amin na huminto sa pagkain ng sahúr kapag nagsimula na ang adhán ng madaling-araw, o ipinahihintulot pa rin sa amin na kumain at uminom hanggang sa makatapos ang Mu'adhdhin?

**Sagot:** Kapag ang Mu'adhdhin ay kilalang hindi nanawagan kung hindi talaga nag-madaling-araw na, kailangang huminto sa pagkain, pag-inom at lahat ng mga naka-sisira sa pag-aayuno sa sandaling ipinananawagan ang adhán. Samantala, kapag ang pananawagan para sa Adhán ay batay sa palagay at pagsangguni ayon sa kung ano ang nasa kalendaryo, walang masama na uminom at kumain sa sandali ng adhán batay sa naisalaysay tungkol sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***Si Bilál ay mag-sasagawa ng Adhán sa gabi kaya magsikain kayo at magsiinom kayo hanggang sa manawagan si Ibnu Umm Maktúm.*** Ang sabi ng Tagpagsalaysay sa katapusan ng Hadíth na ito: "Si Ibnu Umm Maktúm ay isang lalaking bulag. Hindi siya nana-wagan hanggat hindi sinasabi sa kanya na: Nag-umaga na; nag-umaga na." (Itinala ito nina Imám alBukhárí at Imám Muslim.)

Ang pinakamaingat na magagawa ng lalaki at babaing mananampalataya ay ang maging masigasig na tapusin ang Sahúr bago sumapit ang fajr bilang pagsunod sa sinabi ng Propeta (SAS): ***Iwan mo ang nakapagdududa sa iyo at kunin ang hindi nakapagdududa sa iyo.*** at sa sinabi pa niya: ***Ang sinumang nangilag na makagawa ng mga nakapag-aalinlangan ay nagkalag ng pananagutan sa Relihiyon niya at sa karangalan niya.*** Subalit kung nalaman na ang mu'adhdhin ay nanawagan sa gabi upang magpaalala sa mga tao na malapit na ang madaling-araw gaya ng ginawa ni Bilál, walang masama na kumain at uminom hanggang sa manawagan ang mga Mu'adhdhin na nanawagan para sa Adhán ng madaling-araw bilang pagsunod sa Hadíth na nabanggit.

**8.** Ipinahihintulot po ba ang paghinto sa pag-ayuno para sa babaeng buntis at sa babaing nagpapasuso? Kailangan pa ba nilang magsagawa ng qadá' o mayroong kaffárah sa hindi nila pag-aayuno?

**Sagot:** Ang patakarang ukol sa buntis at nagpasuso ay ang patakarang ukol sa may-sakit. Kapag naging mahirap para sa kanila ang pag-aayuno, isinasabatas sa kanila ang huminto sa pag-aayuno at tungkulin nilang magsagawa ng qadá' kapag maka-kaya na nila, gaya ng may-sakit. Naniniwala ang ilan sa mga Maalam sa Islam na sapat nang magpakain sila para sa bawat araw [na hindi nakapag-ayuno]: magpa-kain ng isang mahirap. Ito ay may mahinang batayan. Ang tama ay tungkulin nilang magsagawa ng qadá' gaya ng Musáfir at may-sakit sapagkat ang sabi ni Allah (2:184): **Subalit ang sinuman sa inyo na may-sakit o nasa isang paglalakbay ay *mag-aayuno ng katumbas na* bilang mula sa ibang mga araw.** Pinatunayan din iyon ng Hadíth na isinalaysay ni Anas Ibnu Málik al-Ka'bí na ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***Tunay na si Allah ay nag-alis sa Naglalakbay ng tungkuling mag-ayuno at hinati Niya ang dasal [nito], at [nag-alis din] sa buntis at nag-papasuso ng tungkuling mag-ayuno.***

**9.** Ano po ang pananaw ninyo sa mga pinahintulutang huminto sa pag-aayuno tulad ng matandang lalaki at babae, at may-sakit na hindi na inaasahang gumaling pa, obligado ba silang magbigay ng fidyah dahilan sa paghinto nila sa pag-aayuno?

**Sagot:** Tungkuling ng isang hindi nakayang mag-ayuno, dahil sa katandaan o karam-damang hindi na maaasahang gumaling pa, na magpakain, kung makakaya, ng isang dukha para sa bawat araw na hindi nakapag-ayuno, gaya ng ipinayo ng isang pangkat ng mga Sahábí (RA) [ng Sugo (SAS)] na ang isa sa kanila ay Ibnu 'Abbás (RA).

**10.** Ano ang patakaran ng pag-aayuno para sa babaing nagreregla at babaeng may nifás? At kapag ipinagpaliban nila ang qadá' hanggang sa sunod na Ramádan, ano ang kailangang gawin nila?

**Sagot:** Tungkulin ng isang may regla at isang may nifás na huminto sa pag-aayuno sa panahong may regla at nifás. Hindi ipinahihintulot sa kanila na mag-ayuno ni magsagawa ng saláh habang may regla at nifás at hindi tanggap iyon mula sa kanila. Kailangang magsagawa sila ng qadá' para sa pag-aayuno ngunit hindi saláh batay sa Hadíth na isinalaysay tungkol kay 'Á'ishah. Siya ay tinanong: "Magsasagawa ba ang may regla ng qadá' para sa pag-aayuno at saláh?" at ang sinabi naman niya: "Inaatasan kami noon na magsagawa ng qadá' para sa pag-aayuno ngunit hindi kami inaatasan na magsagawa ng qadá' para sa saláh." Itinala nina Imám alBukhárí at Imám Muslim. Nagkaisa ang hatol ng mga Maalam sa Islam, kaawaan sila ni Allah, batay sa binanggit ni 'Á'ishah (RA) na ang may regla at ang may nifás ay may tungkuling magsagawa ng qadá' para sa pag-aayuno ngunit hindi na magsasagawa ng qadá' para sa saláh. Ito ay bilang awa at pagbibigay-luwag ni Allah sa kanila sapagkat ang saláh ay nauulit limang beses bawat araw at ang pagsasagawa ng mga ito ay mahirap na para sa kanila. Samantala, ang pag-aayuno ay kailangang isagawa

minsan sa isang taon: ang pag-aayuno sa Ramádan, kaya naman hindi magiging mahirap para sa kanila ang pagsasagawa ng qadá' para rito. Ang sinumang magpaliban ng pagsasagawa ng qadá' hanggang sa sunod na Ramádan nang wala namang kadahilanang tanggap sa Sharí'ah ay kailangang magbalik-loob kay Allah dahil doon, kalakip ng pagsasagawa pa rin ng qadá' at ng pagpapakain ng isang dukha sa bawat araw [na hindi napag-ayunuhan]. Danoon din ang may-sakit at ang naglalakbay, kapag ipinagpaliban nila ang pagsasagawa ng qadá' hanggang sa lumipas na ang sunod na Ramádan nang walang kadahilanang katanggap-tanggap sa Sharí'ah ay kailangan pa rin nilang magsagawa ng qadá', magbalik-loob kay Allah at magpakain ng isang dukha para sa bawat araw [na hindi napag-ayunuhan. Subalit kung nagpatuloy ang sakit o ang paglalakbay hanggang sa sunod na Ramádan, ang kailangang gawin nila ay ang magsagawa ng qadá' lamang, hindi na kailangang magpakain, pagkatapos na gumaling sa sakit o dumating mula sa paglalakbay.

**11.** Ano ang hatol kaugnay sa boluntaryong pag-aayuno — gaya ng sa anim na araw sa buwan ng Shawwál, sa ikasampu ng Dhulhijjah, sa araw ng 'Áshúrá' (ikasampu ng Muharram) — ng isang mayroon pang mga araw sa Ramádan na kailangan niyang pagsagawaa ng qadá'?

**Sagot:** Ang tungkuling isagawa ng isang mayroon pang isasagawang qadá' para sa Ramadán na ito magsimula sa pagsasagawa nito bago mag-ayuno ng pag-aayunong boluntaryo sapagkat ang fard ay higit na mahalaga kaysa sa náfilah (mga pagsambang kanais-nais isagawa ngunit hindi tungkuling isagawa) batay sa pinaaktumpak na pahayag ng mga maalam sa Islam.

**12.** Ano ang hatol kaugnay sa isang may-sakit at dinatnan siya ng Ramádan ngunit hindi siya nakapag-ayuno at pagkatapos ay namatay siya pagkatapos ng Ramádan, pagsasagawaan ba siya ng qadá' o magpapakain [ng dukha] alang-alang sa kanya?

**Sagot:** Kapag namatay ang isang Muslim sa sakit niya pagkatapos ng Ramádan, hindi na kailangang pagsagawaan siya ng qadá' ni magpakain alang-alang sa kanya sapagkat siya ay may dahilang tanggap sa Sharí'ah. Ganoon din ang Naglalakbay, kapag namatay siya habang nasa paglalakbay o kaagad matapos na dumating mula sa paglalakbay ay hindi na siya kailangang pagsagawaan ng qadá' ni magpakain alang-alang sa kanya sapagkat siya rin ay may dahilang tanggap sa Sharí'ah. Subalit ang sinumang gumaling sa karamdaman at nagpabaya sa pagsasagawa ng qadá' hanggang sa mamatay, o ang sinumang dumating mula sa paglalakbay at nagpabaya sa pagsasagawa ng qadá' hanggang sa mamatay, isinasabatas sa mga pinakamalapit sa kanila: ang kanilang mga kamag-anak na magsagawa ng qadá' para sa kanila. Batay ito sa sinabi ng Propeta (SAS): ***Ang sinumang mamatay at mayroon pang pag-aayuno na kailangang isagawa niya, mag-aayuno para sa kanya ang***

***malapit niyang kamag-anak.*** Itinala ito nina Imám alBukhárí at Imám Muslim. Kung hindi magiging madali na mag-ayuno para sa kanila, mula sa [ari-ariang] naiwan ay magbibigay ng pagkain alang-alang sa kanila. Para sa bawat araw [na hindi nakapag-ayuno] ay [mabibigay sa] isang dukha ng kalahating Sá‘: mga isa't kalahating kilo ayon sa pagtataya. [Ang halimbawa nila ay] ang matandang walang kakayahang mag-ayuno at may-sakit na hindi na maaasahang gumaling pa, gaya ng naunang nabanggit sa ikasiyam na tanong. Ganito rin ang may regla at may nifás, kapag nagpabaya sila sa pagsasagawa ng qaḏá' hanggang sa mamatay sila, magpapakain sa isang dukha alang-alang sa kanila para sa bawat [na hindi napag-ayunuhan] kapag hindi naging madaling magkaroon ng mag-aayuno para sa kanila. Ang sinumang walang naiwang ari-ariang maaaring magamit para sa pagpapakain ay walang anuman para sa kanya batay sa sinabi ni Allah (2:286): **Hindi nag-aatang ng tungkulin si Allah sa isang kaluluwa kung hindi makakaya nito.** Sinabi pa Niya (64:16): **Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah hanggang sa makakaya ninyo,** Si Allah ang Tagapag-akay sa tama.

**13.** Ano po ang hatol sa pagpapainiksiyon sa ugat (*intravenous injection*) at pagpapainiksiyon sa laman (*muscle*); ano ang pagkakaiba ng dalawang ito sa panig ng isang nag-aayuno?

**Sagot:** Ang tama ay na ang dalawang ito ay hindi nakasisira sa pag-aayuno; ang nakasisira lamang sa pag-aayuno ay ang pagpapainiksiyon upang maipasok sa katawan ang sustansiya (*intravenous feeding*). Ganoon din ang pagpapakuha ng dugo para sa pagpapasuri (*medical examination*), hindi rin ito nakasisira sa pag-aayuno ng isang nag-aayuno sapagkat hindi ito katulad ng hijámah; ang hijámah ay nakasisira sa pag-aayuno ng taong nagsasagawa nito at ng taong sinasagawaan nito ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***Nasira ang pag-aayuno ng nagsasagawa ng hijámah at sinasagawaan nito.***

**14.** Ano po ang hatol kaugnay sa paggamit ng *toothpaste*, pagpapapatak ng gamot sa tainga, sa ilong at sa mata ng nag-aayuno? Kapag nadama niya ang lasa ng mga ito sa lalamunan, ano ang gagawin niya?

**Sagot:** Ang paglilinis ng ngipin sa pamamagitan ng *toothpaste* ay hindi nakakasira sa pag-aayuno ng isang nag-aayuno, gaya ng Siwák. Kailangang maging maingat na walang anumang bahagi nito na umabot sa kanyang sikmura. Kung may nalunok man siya buhat doon nang hindi naman sinasadya hindi niya kailangang magsagawa ng qaḏá'. Ganoon din ang pagpapapatak ng gamot sa mata at tainga, hindi nasisira nito ang pag-aayuno ng isang nag-aayuno ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga maalam sa Islam. Ngunit kung nadama sa lalamunan ang lasa ng ipinatak na gamot,

ang pinakamaingat na magagawa — ngunit hindi kailangan — ay ang magsasagawa ng qadá’ sapagkat ang mata at tainga ay hindi madadaanan ng pagkain at inumin. Samantala, ang pagpapapatak sa ilong ay hindi ipinahihintulot sapagkat ang ilong ay madadaanan [ng pagkain at inumin]. Dahil dito ay nagsabi ang Propeta (SAS): ***Pag-igihan mo ang istinsháq*[78] *maliban kung ikaw ay nag-aayuno.*** Ang sinumang gumawa niyon ay kailangang magsagawa ng qadá’, alinsunod sa Hadíth na ito at sa nasasaad sa [iba pang mga Hadíth na] ganito ang kahulugan, kung nadama sa lalamunan ang lasa nito. Si Allah ang Tagapag-akay.

**15.** Kapag sumakit ang ngipin ng isang tao at nagsadya sa Doktor at nagsagawa ito ng paglilinis o pagpapasta o pagbunot ng isa sa mga ngipin niya, makaaapekto po ba iyon sa pag-aayuno niya? Kung tinurukan siya ng Doktor ng *anesthesia* sa ngipin niya, iyon ba ay may epekto sa pag-aayuno niya?

**Sagot:** Ang anumang nabanggit sa tanong ay walang epekto sa pag-aayuno, bagkus mapagpapaumanhinan iyon. Ngunit kailangang mag-ingat na makalunok ng anumang gamot o dugo. Ganoon din ang pagtuturok na nabanggit, wala itong epekto sa pag-aayuno sapagkat hindi ito maituturing na pagkain at inumin.

**16.** Ano ang hatol kaugnay sa taong dahil sa pagkalimot ay nakakain o nakainom sa maghapon ng Ramádan?

**Sagot:** Wala siyang pananagutan at ang kanyang pag-aayuno ay tanggap batay sa sinabi ni Allah sa huling talata ng Súrah alBaqarah (2:286): **Panginoon namin, huwag Mo kaming parusahan kung makalimot kami o magkamali kami.** Napagtibay ang sanaysay mula sa Sugo ni Allah (SAS) na si Allah [kaugnay sa talatang ito] ay nagsabi: ***Ginawa ko na.*** At batay rin sa sanaysay ayon kay Abú Hurayrah (RA) na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang nakalimot, habang siya ay nag-aayuno, at nakakain o nakainom, ipagpatuloy niya ang pag-aayuno niya sapagkat pinakain lamang siya ni Allah at pinainom Niya.*** Itinala ito nina Imám alBukhárí at Imám Muslim.

Gayon din kung nakalimot siya noong nakipagtalik, ang pag-aayuno niya ay tanggap ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga maalam sa Islam batay sa nabanggit na talata ng Qur’an, sa Hadíth na ito, at sa isa pang sinabi ng Sugo (SAS): ***Ang sinumang nakasira ng pag-aayuno sa Ramádan dala ng pagkalimot ay hindi niya tungkuling magsagawa ng qadá’ ni kaffárah.*** Ang katagang ginamit dito ay sumasaklaw sa pakikipagtalik at iba pang mga nakasisira sa pag-aayuno, kapag ginawa iyon ng isang nag-aayuno dahil sa pagkalimot. Ito ay bahagi ng awa ni

[78] Ang pagpapasok ng tubig sa ilong at ang pagsinga nito kapag nagsasagawa ng wudú’.

Allah, kagandahang-loob Niya at kabutihan Niya kaya naman ukol sa kanya ang papuri at pasasalamat dahil doon.

**17.** Ano ang hatol kaugnay sa taong hindi nagsagawa ng qadá' para sa pag-aayuno sa Ramádan hanggang sa sumapit na ang Ramádan na kasunod nito at wala naman siyang dahilan? Sapat na ba para sa kanyang pagsisi kasama ng pagsasagawa ng qadá' o kailangan pang magsagawa siya ng kaffárah?

**Sagot:** Kailangang magbalik-loob siya kay Allah na nagsisi at magbigay ng pagkain sa isang dukha para sa bawat araw [na hindi napag-ayunuhan] kalakip ng pagsasagawa ng qadá'. [Ang pagkain ay] kalahating Sá' ng pagkain ng isang bayan gaya ng datiles o trigo o bigas at iba pa. [Ang kalahating sá'] ay mga isa't kalahating kilo ayon sa pagtataya. Wala na siyang kaffárah na kailangang isagawa maliban pa roon [sa pagbibigay ng pagkain], gaya ng ipinayo ng isang pangkat ng mga Sahábí (RA), na ang isa sa kanila ay si Ibnu 'Abbás (RA). Subalit kung siya ay may dahilan dahil sa pagkakasakit o paglalakbay o kung ang isang babae ay may dahilan dahil sa pagbubuntis o pagpapasuso na makakabigat sa kanya na mag-ayuno, wala silang kailangang gawin kundi ang magsagawa ng qadá'.

**18.** Ano po ang hatol kaugnay sa isang nag-aayuno ngunit hindi nagsasagawa ng saláh? Ang saláh po ba niya ay tanggap?

**Sagot:** Ang tama ay na ang sadyaang hindi nagsasagawa ng saláh ay nakagagawa ng malaking kawalang pananampalataya sa pamamagitan ng hindi pagsasagawa ng saláh at dahil doon ay hindi matatanggap [ni Allah] ang kanyang pag-aayuno at ang iba pang mga pagsamba niya hangga't hindi siya nagbabalik-loob kay Allah. Naniniwala naman ang isang pangkat ng mga maalam sa Islam na hindi siya nagiging Káfir sa pamamagitan niyon at hindi nawawalan ng saysay ang pag-aayuno niya at ang pagsamba niya kapag siya naman ay kumikilala sa pagiging tungkuling gampanan ng saláh ngunit hindi niya naisasagawa ang saláh dala lamang ng pagpapabaya at katamaran. Ang tama ay ang unang pahayag: na siya ay nagiging Káfir sa sadyaang hindi pagsasagawa ng saláh, kahit pa man kinilala niya ang pagiging tungkuling gampanan ng saláh. Batay ito sa maraming mga patunay, na ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod: ang sabi ng Propeta (SAS): ***Ang nasa pagitan ng tao at ng kawalang-pananampalataya at shirk ay ang pagtalikod sa saláh.*** Itinala ito ni Imám Muslim. At sapagkat ang sabi pa ng Propeta (SAS): ***Ang kasunduang nasa pagitan natin at nila ay ang saláh; kaya ang sinumang tumalikod dito ay nawalan na ng pananampalataya.*** Pinalawak ni 'Allámah Ibnul Qayyim — kaawaan siya ni Allah — ang pagtatalakay hinggil dito sa isang hiwalay na polyeto (lathalaing tumatalakay sa isang paksang panrelihiyon) hinggil sa saláh at sa hindi pagsasa-

gawa nito. Iyon ay isang kapaki-pakinabang na polyetong makabubuting repasuhin at pakinabangan.

**19.** Ano ang hatol sa isang taong hindi nag-ayuno sa Ramádan gayong hindi naman niya ikinakaila na kailangang mag-ayuno? Makapagtitiwalag ba sa kanya sa Islam ang hindi niya pag-aayuno dahil sa pagbabalewala nang higit sa isang beses?

**Sagot:** Ang sinumang sadyaang hindi mag-ayuno sa Ramádan nang walang dahilang tanggap ng Sharí‘ah ay nakagawa ng isa sa mga malalaking kasalanan. Hindi siya magiging Káfir dahil doon ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga maalam sa Islam ngunit kailangang magbalik-loob siya kay Allah kalakip ng pagsasagawa ng qadá’. Ang maraming patunay ay nagpapakitang ang hindi pag-aayuno ay hindi malaking kawalang-pananampalataya kapag hindi naman ikinaila na kailangang mag-ayuno at huminto lamang naman sa pag-aayuno dahil sa pagpapabaya at katamaran. Subalit kailangang magbigay siya ng pagkain sa bawat araw [na hindi napag-ayunuhan] kung naipagpaliban, nang walang dahilang tanggap ng Sharí‘ah, ang pagsasagawa ng qadá’ hanggang sa umabot sa kasunod na Ramádan. Ganoon din ang hindi pagbibigay ng zakáh at hindi pagsasagawa ng hajj gayong may kakayahan naman, kapag hindi ikinaila na ito ay tungkuling gampanan, siya ay hindi magiging Káfir dahil doon. Subalit kailangan pa rin niyang magbigay ng zakáh para sa mga taong ipinagwalang-bahala niya iyon. Kailangan pa ring magsagawa ng hajj kalakip ng tapat na pagsisi sa pagpapaliban ng pagsasagawa ng hajj, batay sa lahat ng mga patunay mula sa Sharí‘ah hinggil doon na nagpapatunay na hindi nagiging Káfir sila kapag hindi nila ikinaila na kailangang isagawa ang hajj at ibigay ang zakáh. Kabilang sa [mga Hadíth na] iyon ang Hadíth tungkol sa pagpapahirap sa Kabilang-buhay ng hindi nagbibigay ng zakáh, sa pamamagitan ng yaman niya. Pagkatapos niyon ay makikita niya ang pupuntahan niyang maaaring sa Paraiso o Impiyerno.

**20.** Ano po ang hatol kapag huminto ang regla ng babae sa maghapon ng Ramadán?

**Sagot:** Kailangang mag-ayuno siya batay sa pinakatumpak na pahayag ng mga maalam sa Islam dahil sa kawalan ng dahilang tanggap sa Sharí‘ah [na hindi mag-ayuno] at kailangang magsagawa siya ng qadá’ para sa araw na iyon. Gaya ito ng kung napatotohanan ang pagkakita sa araw ng bagong buwan ng Ramádan, ang mga Muslim ay kailangang mag-ayuno para sa nalalabing bahagi ng araw at magsasagawa sila ng qadá’ para sa araw na iyon ayon sa karamihan sa mga maalam sa Islam. Ang katulad din niya ay ang isang naglalakbay. Kapag dumating ito sa bayan nito habang may araw pa sa panahon ng Ramádan ay kailangang mag-ayuno ito sa sandaling iyon dahil nawala na ang paglalakbay. Kailangan ring magsagawa ng qadá’ para sa araw na iyon [ng pagdating]. Si Allah ang Tagapag-akay.

**21.** Ano po ang hatol kapag ang isang nag-aayuno ay nilabasan ng dugo ng balingungoy (pagdurugo ng ilong) at iba pang tulad nito? Ipinahihintulot po ba sa isang nag-aayuno na mag-abuloy ng dugo niya o magpakuha ng dugo para ipasuri?

**Sagot:** Ang paglabas ng dugo sa isang nag-aayuno gaya ng balinguyngoy, istihádah at iba pang tulad nito ay hindi nakasisira sa pag-aayuno. Ang nakasisira lamang [na paglabas ng dugo] ay ang regla, nifás,[79] at hijámah. Walang masama sa isang nag-aayuno sa pagpapasuri ng dugo kapag kinakailangan ito at hindi rin nasisira ang pag-aayuno dahil dito. Tungkol naman sa pag-aabuloy ng dugo, ang pinaka-maingat na gagawin ay ang ipagpaliban ito matapos na magsagawa ng iftár sapagkat ang dugong kukunin ay karaniwang marami kaya magiging parang hijámah[80] na rin. Si Allah ang Tagapag-akay.

**22.** Ano ang hatol kapag kumain o uminom o nakipagtalik ang isang nag-aayuno sa pag-aakalang lumubog na ang araw o hindi pa sumapit ang madaling-araw?

**Sagot:** Ang tama ay kailangang magsagawa siya ng qadá' at kaffárah na katulad ng sa diborsiyong dhihár[81] para sa ginawang pakikipagtalik ayon sa nakararaming mga Maalam sa Islam upang mapigilan ang pagdadahilang magpabaya at upang pag-ingatan ang pag-aayuno.

**23.** Ano po ang hatol sa isang nakipagtalik sa araw sa panahon ng Ramádan habang siya ay nag-aayuno. Ipinahihintulot ba para sa isang naglalakbay kapag siya ay tumigil sa pag-aayuno [dahil sa paglalakbay] na makipagtalik sa asawa niya?

**Sagot:** Tungkulin ng isang nakipagtalik sa araw sa panahon ng Ramádan na magsagawa ng kaffárah: ang tinutukoy ko ay ang kaffárah para sa Dhihár kalakip ng tungkuling magsagawa ng qadá' para sa araw [na nakipagtalik.] at pagsisi kay Allah dahil sa nagawa niya. Samantala, kung siya ay isang naglalakbay o maysakit na pinahihintulutang huminto sa pag-aayuno, hindi na niya kailangan ang kaffárah at walang masama para sa kanya. Tungkulin niyang magsagawa ng qadá' para sa araw na nakipagtalik siya — sapagkat ang naglalakbay at ang maysakit ay pinahihintulutang huminto sa pag-aayuno sa pamamagitan ng pakikipagtalik at iba pa — gaya ng sabi ni Allah (2:184): **Subalit ang sinuman sa inyo na may-sakit o nasa isang paglalakbay ay *mag-aayuno ng katumbas na* bilang mula sa ibang mga araw.** Ang hatol para sa babae sa bagay na ito ang [katulad ng] hatol para sa lalaki. Kung

[79] Post natal bleeding. Pagdugong lumalabas pagkatapos manganak ng isang babae.
[80] Cupping sa Ingles. Ang panggagamot sa pamamagitan ng paghihiwa sa anumang bahagi ng katawan at pagpapalabas ng dugo roon.
[81] Isang uri ng diborsiyo sa pamamagitan ng pagsasabi ng lalaki sa maybahay niya: "Para sa akin, ikaw ay gaya ng likod ng ina ko."

ang pag-aayuno niya ay pag-aayunong kailangang isagawa at tungkulin niyang magsagawa ng kaffárah kalakip ng qadá’. Kung siya naman ay naglalakbay o maysakit na nagpapahirap sa kanya na mag-ayuno, hindi na kailangang magsagawa ng kaffárah.

**24.** Ano ang hatol kaugnay sa paggamit ng *asthma atomizer* o *asthma inhaler* sa bibig sa araw para sa isang nag-aayuno na may-sakit na hika at tulad nito.

**Sagot:** Ang hatol kaugnay rito ay ang pagpapahintulot nito kapag napilitan siyang gumamit nito sapagkat ang sabi ni Allah (6:119): **gayong nilinaw na Niya nang masusi sa inyo ang ipinagbawal Niya sa inyo, maliban doon sa napilitan kayo?** at sapagkat hindi rin nito nakahahawig ang pagkain at ang pag-inom datapuwat ay nakahahawig nito ang pagpapakuha ng dugo para ipasuri at ang pagpapaineksiyon.

**25.** Ano ang hatol kaugnay sa paglalabatiba (*enema*) sa isang nag-aayuno dahil sa pangangailangan.

**Sagot:** Ang hatol kaugnay rito ay walang masama rito kapag kinailangan ito ng maysakit ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga maalam sa Islam. Ito ang hatol na pinili ni Shaykhul Islám Ibnu Taymíyah. Nagkakaisa ang hatol ng maraming maalam sa Islam sa kawalan ng pagkakahawig nito sa pagkain at pag-inom.

**26.** Ano ang hatol kaugnay sa isang nasuka [nang hindi sinasadya] samantalang siya ay nag-aayuno, kailangan ba niyang magsagawa ng qadá’ para sa araw na iyon?

**Sagot:** Ang hatol kaugnay roon ay hindi niya kailangang magsagawa ng qadá’. Subalit kung pinilit niya ang sarili na magsuka, kailangang magsagawa siya ng qadá’ batay sa sinabi ng Propeta (SAS): ***Ang sinumang nasuka ay hindi kailangang magsagawa ng qadá’, at ang sinumang nagpumilit na magsuka ay kailangang magsagawa ng qadá’.***

**27.** Ano po ang hatol kaugnay sa pagpapasalin ng dugo ng isang maysakit sa bato habang siya ay nag-aayuno? Kailangan po ba niyang magsagawa ng qadá’ o hindi?

**Sagot:** Kailangang magsagawa siya ng qadá’ dahil sa isinaling dalisay na dugo sa kanya. Kung sinalinan pa siya ng ibang bagay ito ay isa ring makasisira sa pag-aayuno.

**28.** Ano ang hatol kaugnay sa pagsasagawa ng i‘tikáf para sa lalaki at babae? Isa bang kundisyon sa pasasagawa nito ang pag-aayuno? Ano naman ang pagkakaabalahan ng isang nagsasagawa ng i‘tikáf? Kailan siya papasok sa pagsasagawaan ng i‘tikáf at kailan siya lalabas dito?

**Sagot:** Ang i‘tikáf ay sunnah para sa mga lalake at mga babae batay sa napatunayang sanaysay tungkol sa Propeta (SAS) na siya ay nagsasagawa ng i‘tikáf sa Ramádan at namalagi bandang huli ang i‘tikáf niya sa huling sampung araw [ng

Ramádan]. Ang ilan sa kanyang mga maybahay ay nagsasagawa ng i‘tikáf kasama niya. At noong wala na siya ay nagsagawa rin ng i‘tikáf ang kanyang maybahay. Ang pinagsasagawaan ng i‘tikáf ay ang mga masjid na pinagdadausan ng saláh na jamá‘ah. Kapag ang i‘tikáf ay masisingitan ng araw ng Biyernes, ang pinaka-mainam ay ang isagawa ang i‘tikáf sa masjid na Jámi‘ kapag posible iyon. Ang i‘tikáf ay walang takdang bilang ng araw at hindi isang kundisyon na may kasamang pag-aayuno ngunit kung may kasamang pag-aayuno ay lalong mainam. Ang Sunnah ay ang pumasok sa pagsasagawaan ng i‘tikáf kapag naglayon nang magsagawa ng i‘tikáf at lalabas pagkalipas ng panahong nilayong manatili. Maaaring putulin iyon kapag hinihiling ng pangangailangan iyon sapagkat ang i‘tikáf ay Sunnah. Hindi kailangang simulan ito kung hindi ipinanatang gagawin. Kanais-nais na magsagawa ng i‘tikáf sa huling sampung araw ng Ramádan bilang pagtulad sa Propeta (SAS). Kanais-nais para sa sinumang magsagawa nito sa panahong iyon na pumasok sa pagsasagawaan ng i‘tikáf pagkatapos ng saláh sa fajr sa ikadalawampu’t isa [ng Ramádan] bilang pagtulad sa Propeta (SAS) at lalabas kapag natapos ang sampung araw. Kung puputulin niya ito ay walang masama maliban na lamang kung ipina-nata gaya ng maunang nabanggit. Ang pinakamainam ay ang pumili ng isang takdang lugar sa masjid na papahingahan kung iyon ay posible. Isinasabatas sa isang nagsa-sagawa ng i‘tikáf na dalasan ang pagbanggit ng dhikr, ang pagbabasa ng Qur’án, paghingi ng kapatawaran (istighfár), pananalangin (du‘á’), at pagsasagawa ng mga saláh sa mga oras na hindi ipinagbabawal ang magsagawa niyon. Walang masama kung dadalawin siya ng ilang mga kaibigan niya at makipag-usap sa kanya gaya ng nangyari noon sa Propeta (SAS): dinadalaw siya ng ilan sa kanyang mga maybahay at nakikipag-usap ang mga ito sa kanya. Minsan ay dinalaw siya ni Safíyah (RA) samantalang siya ay nagsasagawa ng i‘tikáf sa Ramádan at nang tumayo ito ay inihatid niya ito sa pinto ng masjid. Iyan ay nagpapatunay na walang masama doon at ang ginawa niyang ito ay nagpapakita ng kaganapan ng kanyang kababaang-loob at ganda ng pakikitungo niya sa kanyang mga maybahay. Sumakanya ang pagpala at pagbating buhat sa kanyang Panginoon.

# Ang Hajj

**1.** Ano po ang tatlong pamamaraan sa hajj? Papaanong isinasagawa ang mga ito? Alin po sa mga ito ang pinakamainam?

**Sagot:** Nilinaw na ng mga maalam sa Islam, ang awa ni Allah ay sumakanila, na ang mga pamamaraan ay tatlong [uri]. Ang lahat ng mga iyon ay nasasaad sa wastong Sunnah mula sa Sugo ni Allah (SAS).

Ang Unang Pamamaraan: Ang pagsasagawa ng ihrám para sa ‘umrah lamang. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsasabi ng isang naglalayong magsagawa ng ‘umrah ng: **Alláhumma labbayka ‘Umrah** (O Allah bilang pagtugon sa panawagan Mo) o **Labbayka ‘umrah** (Bilang pagtugon sa Iyong paanyaya) o **Alláhumma inní awjabtu ‘umrah**.[82] Ang alinsunod sa Sharí‘ah ay na [sasabihin niya] ito matapos na mahubad niya ang [anumang kasuutang] tinahi at naisuot na niya ang izár (tapis) niya at ang ridá’ niya (balabal), kung siya ay isang lalaki, at matapos makapaligo — sapagkat ang paligo ay alinsunod sa Sharí‘ah yon — at mag-alis ng kinakailangang alisin gaya ng pagpuputol ng bigote o pagpuputol ng kuko o pag-alis [o pag-aahit ng buhok] sa kilikili o pag-aahit ng buhok sa ari. Ito ang pinakamainam. Ang babae ay walang espesyal na kasuutan para sa ihrám, bagkus ay [maaaring] magsagawa siya na suot ang [anumang] nais niya. Subalit ang mainam para sa kanya ay ang [magsuot ng] kasuutang hindi nakatatawag ng pansin at hindi maganda: mga kasuutang hindi makapang-aakit ng sinumang makakita sa kanya. Ito ang pinakamainam para sa kanya.

Kung ang Muhrim (lalaking nasa sandali ng ihrám) at ang Muhrimah (babaing nasa sandali ng ihrám) sa sandali ng pagsasagawa ng ihrám, matapos na magsabi ng **Alláhumma labbayka ‘umrah** ay magsasabi pa ng **Fa’in habasaní hábisun famahillí haythu habastaní**,[83] o **Taqabbalhá minní**,[84] o **A‘ní ‘alá tamámihá wa kamálihá**.[85] Ang lahat ng ito ay tanggap.

Kapag nagsabi ang Muhrim ng **Fa’in habasaní hábisun famahillí haythu habastaní**, o ng tulad ng pangungusap na ito at pagkatapos ay dinatnan siya ng isang pangyayaring hahadlang sa kanya na tapusin ang ‘umrah, may karapatan siyang kalagin ang ‘umrah. Sa pamamagitan ng kundisyong ito ay wala na siyang anumang pananagutan sapagkat ang Sugo ni Allah (SAS), nang dumaing sa kanya si Dibá‘ah Bint azZubayr ibnu ‘Abdulmuttalib na siya ay may-sakit, ay nagsabi: ***Magsagawa ka ng hajj at gumawa ka ng [ganitong] kundisyon*: *Mahillí haythu habastaní.***[86]

[82] O Allah, tunay na inobliga ko ang sarili ko na magsagawa ng ‘umrah.

[83] Kaya kung hahadlangan ako ng isang hadlang, ang pagsasagawaan ng tahallul ko ay kung saan Mo ako hinadlangan.

[84] Tanggapin Mo ito sa akin.

[85] Nais kong tapusin ito at buuhin ito.

[86] Ang pagsasagawaan ng tahallul ko ay kung saan Mo ako hinadlangan.

Itinala ito nina Imám alBukhári at Imám Muslim. Kung ang isang babae ay dumating [sa Míqát] para magsagawa ng ‘umrah at nasabi na niya ang kundisyon na ito. Pagkatapos ay dinatnan siya ng regla at hindi niya magawang manatili hanggang sa huminto ang regla niya sapagkat hindi siya sasang-ayunan ng mga kasamahan niya, ito ay isang dahilan upang kalagin niya ang ‘umrah, o ganoon din kapag, o iba pang mga pangyayaring hahadlang sa Muhrim na lubusin niya ang ‘umrah niya.

Ganito ang patakaran sa hajj, ang Ikalawang Pamamaraan: ang pagsasabi ng **Alláhumma labbayka hajjá**,[87] o ng **Labbayka hajjá**,[88] o ng **Alláhumma qad**[89] **awjabtu hajjá**, sa kundisyong iyon ay pagkaraang natapos ang mga gawaing hinihiling — ito ang pinakamainam — samakatuwid matapos na maligo at magpabango, matapos na hubarin ang anumang kasuutang may tahi, gaya ng naunang nabanggit.

Ang ibig sabihin ay na ang patakaran sa hajj ay gaya ng patakaran sa ‘umrah [bago isagawa] ito. Ang Sunnah para sa lalaki at babaing mananampalataya ay isagawa ang ihrám matapos gawin ang itinagubilin ni Allah gaya ng paligo, pagpapabango at mga tulad nito na kakailanganin ng lalaki at babae sa pagsasagawa ng ihrám. Kapag hiniling ng pangangailangan na magsabi ng ***Fa’in habasaní hábisun famahillí haythu habastaní***, itinatagublin sa kanya [na sabihin] iyon gaya ng sa ‘umrah. Ang kailangan ay [sabihin] iyon sa Míqát. Hindi lalampasan ang Míqát hanggat hindi naisagawa ang ihrám. Kaya kung dumating mula sa Najd[90] o mula sa Tá’if o mula sa dakong silangan, isasagawa ang ihrám sa Míqát ng Tá’if sa asSayl alKabír (Wádí Qarn). Kapag nagsagawa ng ihran bago dumating doon, makasasapat na ito sa ngunit naisangtabi ang pinakamainam. Ang Sunnah ay na hindi uunahin ang pagsasagawa ng ihrám. Bagkus ay ipagpapaliban ito hanggang sa makarating sa Míqát. Subalit kung nagsagawa man siya ng ihrám bago dumating doon, makasasapat na iyon sa kanya at magiging wájib na ito sa kanya. Ngunit hindi niya dapat gawin iyon sapagkat ang Sugo (SAS) ay hindi nagsagawa ng ihrám kung hindi sa Míqát. Ito ang Sunnah. Kaya kapag dumating sa Míqát ay magsasagawa ng ihrám doon. Kung nagpabango na sa bahay o naligo na sa bahay at ginawa na ang ano mang itinagubilin gaya ng pagpuputol ng bigote at mga tulad nito, samantalang nasa bahay pa o nasa daan pa, sapat na iyon sa kanya kapag ang oras na namamagitan sa kanya at sa pagsasagawa ng ihrám ay maikli.

Nagpahayag ng pananaw ang maraming maalam sa Islam na kanais-nais din na magsagawa rin ng saláh na dalawang rak‘ah bago magsagawa ng ihrám. Pinatunayan iyon sa pamamagitan ng nasasaad na ginawa ng Sugo (SAS). Sinabi niya: ***May dumating sa akin na isang buhat sa Panginoon ko at nagsabi siya: “Mag-***

[87] Allah, bilang pagtugon sa panawagan na magsagawa ng hajj.
[88] Bilang pagtugon sa panawagan Mo na magsagawa ng hajj.
[89] O Allah, inobliga ko sarili ko na magsagawa ng hajj.
[90] Ang kalagitnaang rehiyon sa gitna ng Saudi Arabia, gaya ng Riyadh at Buraydah.

***dasal ka sa pinagpalang lambak na ito at sabihin mo: 'Umaratan fí hajj.'"***[91] Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí. Naganap ito sa Lambak ng Dhulhulayfah. Iyon ay dahil din sa nagdasal siya (SAS) ng dalawang rak'ah at nagsagawa ng ihrám matapos na magdasal ng dhuhr. Kaya naman nagpapatunay iyon na ang pagsasagawa ng ihrám pagkatapos ng saláh ay pinakamainam. Ito ay isang mabuting pananaw. Subalit ang tungkol sa saláh para sa ihrám ay walang malinaw na talata mula sa Qur'an o Hadíth na sahíh [na nabanggit] hinggil sa pagiging isinasabatas nito. Kaya ang sinumang magsagawa nito ay wala namang masama. Kapag nagsagawa ng wudú' na ayon sa Sharí'ah at nagdasal ng dalawang rak'ah na Sunnah para sa wudú', sapat na ito para sa ihrám.

Ang Ikatlong Pamamaraan: ang pagsasama sa dalawa. Pagsasamahin ang hajj at ang 'umrah. Magsasabi siya ng: **Alláhumma labbayka 'umratan wa hajja,** o **hajjan wa 'umrah.** O magsagawa ng talbiyah para sa 'umrah (**labbayka 'umratan**) sa Míqát at pagkatapos ay habang nasa daan na [patungong Makkah] ay isasagawa ang ihrám para sa hajj at magsasabi ng: **labbayka hajjá** bago magsimula sa pagsasagawa ng tawáf. Ito ay tinatawag na qirán: ang pagsasama sa hajj at 'umrah. Nagsagawa ang Propeta (SAS) ng ihrám na qirán sa hajj ng pamamaalam niya. Nagsagawa siya (SAS) ng talbiyah para sa 'umrah at hajj na pinagsama. Nabanggit iyon ni Anas (RA), ni Ibnu 'Umar (RA) at iba pa. Nagdala siya ng hady (hayop na inaalay). Ito (ang hajj na qirán) ang pinakamainam para sa sinumang nagdala ng hady. Ang hindi naman nagdala ng hady, ang pinakamainam para sa kanya ay ang magsagawa ng tamattu': 'umrah na pasusundan ng hajj. Ito ang napatunayan matapos na nakapasok ang Propeta (SAS) sa Makkah at nagsagawa ng tawáf at sa'y. Inutusan niya ang mga Sahábí niya na nagsagawa ng qirán o ifrád na hajj na gawin itong 'umrah. Kay nagsagawa sila ng tawáf, sa'y, taqsír at tahallul. Sa pamamagitan niyon ay napatunayang ang tamattu' ay pinakamainam.

Ang qárin (nagsasagawa ng hajj na qirán), kapag ginawa niya ang ihrám [para sa hajj] na 'umrah at gayon din naman ang mufrid (nagsasagawa ng hajj na ifrád), ay magiging isang mutamatti' (nagsasagawa ng hajj na tamattu'). Kapag pumasok siya sa Makkah na naglalayon na magsagawa ng hajj na ifrád o qirán at wala siyang dalang hady, isinasabatas sa kanya na magsagawa ng tahallul pagkatapos ng tawáf, sa'y at taqsír. Sa pamamagitan nito siya ay magiging mutamatti', gaya ng ginawa ng mga Sahábí ng Propeta (SAS) ayon sa utos niya. Sinabi niya: ***Kung nakita ko na sa simula pa ang nakita ko bandang huli, hindi na sana ako nagdala ng hady at ginawa ko na sana iyon na 'umrah.***

Kapag ang isang dumating na nagnanais magsagawa ng 'umrah ay hindi nagnanais ng magsagawa ng hajj, tinatawag siyang mu'tamir (nagsasagawa ng 'umrah) lamang. Maaari rin siyang tawaging mutamatti' gaya ng nabanggit sa salita ng ilang

[91] 'Umrah sa hajj.

sa mga Sahábí. Subalit sa katawagan ng mga faqíh[92] ay tinatawag siyang mu‘tamir kapag hindi siya naglayon na magsagawa ng hajj at dumating lamang sa buwan ng Shawwal o Dhulhijjah upang magsagawa ng ‘umrah at saka babalik sa bayan niya [pagkatapos]. Kung nanatili naman siya sa Makkah dahil sa layuning magsagawa ng hajj, siya ay tinatawag na mutamatti‘. Gayon din ang sinumang dumating sa buwan ng Ramadán o sa iba pang buwan sa layuning magsagawa ng ‘umrah, tina-tawag siyang mu‘tamir. Ang ‘umrah ay ang pagdalaw sa Ka‘bah. Sinasabi lamang ang isang nagsasagawa ng hajj na mutamatti‘ kapag dumating siya upang magsa-gawa ng ‘umrah at naglalayong manatili pagkatapos nito upang magsagawa naman ng hajj. Kung ang pagdating niya ay matapos ang buwan ng Ramadán sa mga buwan ng hajj[93] at pagkatapos ay nanatili siya matapos ang ‘umrah hanggang sa maisa-gawa ang hajj, siya ay tinatawag na mutamatti‘ gaya ng naunang nabanggit. Gayon din ang nagsagawa ng ihrám bilang qárin at nanatili upang magsagawa ng hajj at hindi nagsagawa ng tahallul, tinatawag siyang mutamatti‘ rin at napabibilang sa sinabi ni Allah (2:196): **ang sinumang magsasagawa ng ‘umrah na pinasusundan ng hajj ay *mag-alay ng* anumang makakayanang handog.** Samakatuwid, ang qárin ay matatawag din na mutamatti‘. Ito ang pagkakaalam ng mga Sahábí ng Propeta (SAS). Nasabi ni Ibnu ‘Umar (RA) na nagsagawa ang Sugo ni Allah (SAS) ng tamattu‘ sa pamamagitan ng pagsasagawa muna ng ‘umrah na pinasusundan ng hajj, gayong nagsagawa siya ng ihrám bilang isang qárin. Subalit sa katawagan ng marami sa mga faqíh, ang pagsasagawa ng tamattu‘ ay ang pagsasagawa ng tahallul pagkatapos ng ‘umrah niya at nanatili hanggang sa magsagawa ng ihrám para sa hajj sa ikawalo ng Dhulhijjah. Ito ang tinatawag na mutamatti‘ ayon sa katawagan ng marami sa mga faqíh. Kung pinagsama naman niya ang dalawa at hindi siya nagsa-gawa ng tahallul [matapos ang ‘umrah], tinatawag siyang qárin. Walang mapagta-talunan sa terminolohiya kapag nilinaw ang kahulugan at ang tuntunin.

Samakatuwid ang mutamatti‘ at qárin ay magkatulad sa ilan sa mga tuntunin: tungkulin ng bawat isa sa kanila na mag-alay ng hady at kung hindi makakaya ay mag-ayuno ng tatlong araw sa panahahon ng hajj at at pitong araw kapag nakauwi na sa pamilya niya. Ang bawat isa sa kanila ay tinatawag na mutamatti‘, minsan. Subalit nagkakaiba ang dalawa pagdating sa ma‘y. Ang mutamatti‘ ayon sa naka-rarami sa mga maalam sa Islam ay kailangang magsagawa ng dalawang sa‘y: isang sa‘y kasama ng tawáf para sa ‘umrah at isang sa‘y kasama ng tawáf para sa hajj sapagkat napatunayan ayon sa Hadíth ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) na ang mga nagsagawa ng tahallul pagkatapos ng ‘umrah at nanatili sa kalagayang tahallul ay nagsagawa sila ng dalawang Sa‘y: ang una sa dalawa ay kasama ng tawáf para sa ‘umrah at ang ikalawa ay kasama ng tawáf para sa hajj. Ito ang pahayag ng naka-rarami sa mga maalam sa Islam.

[92] Maalam sa Islam na dalubhasa sa pagpapaliwanag ng Batas ng Islam.
[93] Shawwal, Dhulqa‘dah, Dhulhujjah, at Muharram.

Ang qárin naman ay walang tungkulin kundi ang magsagawa ng isang sa‘y. Kung isasagawa ito ng maaga pagkatapos ng Tawáf alQudúm,[94] sapat na iyon. Kung ipagpapaliban niya ang sa‘y at magsagawa ng sa‘y pagkatapos ng tawáf para sa hajj, sapat na iyon. Ito ang mapananaligang pahayag. Ito rin ang pahayag ng nakararaming maalam sa Islam: na ang mutamatti‘ ay may tungkuling magsagawa ng dalawang sa‘y at ang qárin ay walang tungkulin kundi ang magsagawa ng isang sa‘y. Malaya siyang pumili: kung nais niya ay ipauna niya ang sa‘y kasama ng Tawáf alQudúm. Ito ay pinakamainam gaya ng ginawa ng Propeta (SAS) sapagkat nagsagawa siya muna ng sa‘y at saka nagsagawa ng tawáf. Ang tawáf niya [sa ‘umrah] ay tinawag na Tawáf alQudúm sapagkat siya ay qárin. Kung nais naman niya ay maipapagpaliban niya ito at saka magsagawa ng sa‘y kasama ng tawáf para sa hajj. Ito ay ilan sa mga pagbibigay-luwag at awa ni Allah sa mga lingkod Niya. Ang papuri ay ukol kay Allah.

Heto ang isang usaping maaaring itanong: Papaano kapag naglakbay ang isang mutamatti‘ pagkatapos ng ‘Umrah, maaalis na ba sa kanya ang tungkuling mag-alay ng hayop? May pagkakaiba ang pahayag ng mga maalam sa Islam. Ang pagkakaalam [natin] ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA) ay hindi kailanman maaalis ang tungkuling mag-alay ng hayop: naglakbay man siya pauwi sa kanyang tirahan o sa iba pa roon, ayon sa pangkalahatang mga patunay. Naniniwala naman ang isang pangkat ng mga maalam sa Islam na kung naglakbay siya ng layong maaari nang magsagawa ng qasr at pagkatapos ay bumalik at [muling] nagsagawa ng ihrám para sa hajj, siya ay naging isa nang mufird at naalis na sa kanya ang tungkuling mag-alay ng hayop.

Naniniwala naman ang iba pang mga maalam sa Islam na hindi maaalis sa kanya ang tungkuling mag-alay ng hayop maliban na lamang kung naglakbay siya pauwi sa tirahan niya. Ito ang naisalaysay ayon kay ‘Umar (RA) at ayon sa anak niyang si ‘Abdullah na kung may maglalakbay pauwi sa tirahan niya pagkatapos ng ‘umrah at pagkatapos ay nagbalik para sa hajj, siya ay magiging isang mufrid at wala siyang tungkuling mag-alay ng hayop. Subalit kung ang paglalakbay niya ay hindi para umuwi sa tirahan niya, gaya ng pagpunta sa Madínah halimbawa sa panahon sa pagitan ng hajj at ‘umrah at ng paglalakbay papunta sa Jeddah at Taif, hindi ito mag-aalis sa kanya sa kanyang pagiging isang mutamatti‘. Ito ang pinakamalapit [sa tama] at ang pinakamalinaw batay sa patunay na ang mga paglalakbay na ito sa panahon sa pagitan ng hajj at ‘umrah ay hindi nag-aalis sa kanya sa kanyang pagiging mutamatti‘. Datapuwat siya ay mutamatti‘ [pa rin] at kailangang mag-alay siya ng hady para sa hajj na tamatuu‘; kahit pa man naglakbay siya patungo sa Madínah pagkatapos ng ‘umrah o sa Taif o sa Jeddah, siya ay mutamatti ‘ pa rin. Magiging mufrid lamang siya kapag naglakbay siya pauwi sa tirahan niya, gaya

[94] Tawáf ng pagdating o ang tawáf na napaloloob sa ‘umrah.

ng sinabi ni ‘Umar at ng kanyang anak at pagkatapos ay nagbalik na nagsagawa [muli] ng ihrám para sa hajj mula sa Míqát. Ito ang tinatawag na mufrid sapagkat pinutol niya ang namamagitan sa ‘umrah at hajj sa pamamagitan ng paglalakbay niya pauwi sa tirahan niya.

Maging anupaman, ang pinakamaingat na gagawin ng isang mananampalataya [sa usaping] ito ay ang mag-alay ng hady kahit pa man naglakbay siya pauwi sa tirahan niya, upang maiwasang sumalungat sa pinaniwalaan ni Ibnu ‘Abbás (RA). Ganito rin ang patakaran para sa sinumang naniniwala na naaalis sa kanya ang tungkulin na [mag-alay ng hayop] sa pamamagitan ng paglalakbay sa [isang lugar na] may layong maaari nang magsagawa ng qasr. Ang pag-iingat niya at ang pag-aalay niya ng hady bilang pag-iwas na sumalungat sa lahat at ang pagsasagawa niya nang buo ng Sunnah ay magiging mabuti para sa kanya at pinakamainam kung makakaya niya iyon. Subalit kung hindi niya kaya iyon, mag-aayuno siya ng tatlong araw sa panahon ng hajj at pitong araw kapag nakabalik na sa tirahan niya. Batay ito sa sinabi ni Allah (2:196): **ang sinumang magsasagawa ng ‘umrah na pinasusundan ng hajj ay** ***mag-alay ng*** **anumang makakayanang handog.** Nasasaklawan nito ang mutamatti’ at nasasaklawan din nito ang qárin gaya ng naunang nabanggit. Si Allah ang Tagapag-akay.

**2.** May isang tao nagsagawa ng ‘umrah sa mga buwan ng hajj gaya ng Dhulqa‘dah at pagkatapos ay lumabas sa Makkah upang magpunta sa Madínah at nanatili rito hanggang sa dumating ang oras ng hajj. Inoobliga ba siyang magsagawa ng tamattu‘ o malayang pumili sa isa tatlong uri ng pamamaraan [ng hajj at ‘umrah]?

**Sagot:** Hindi siya inoobliga na magsagawa ng tamattu‘. Kung nais niya na magsagawa ng isa pang ‘umrah, at sa pamamagitan nito siya ay magiging isang mutamatti‘ ayon sa naniniwalang naputol ang tamatau‘ dahil sa paglalakbay, ay wala namang masama. Siya ay magiging mutamatti‘ dahil sa panibagong ‘umrah niya at tungkulin niyang mag-alay ng hady ayon sa lahat [ng maalam sa Islam] kapag nagsagawa siya ng ‘umrah [pagbalik] mula sa Madínah at pagkatapos ay nagsagawa ng hajj pagkatapos ng ‘umrah. Siya ay magiging mutamatii‘ ayon sa lahat [ng mga maalam sa Islam]. Kung nais niya naman ay magbalik siya upang magsagawa ng hajj lamang subalit may pagkakaiba ng pahayag hinggil dito: mag-aalay ba siya o hindi mag-aalay? Ang tama ay mag-alay siya sapagkat ang kanyang paglalakbay sa Madínah ay hindi pumuputol sa tamattu‘ niya ayon sa pinakatama sa mga pahayag.

**3.** Kapag lumampas sa Míqát samantalang nagsasagawa ng talbiyah para sa hajj o ‘umrah at hindi gumawa ng kundisyon[95] at may nangyari sa kanya na pangyayaring gaya ng pagkakasakit at mga tulad nito na makahahadlang sa kanya sa pagkatapos ng hajj niya o ‘umrah niya, ano ang kailangang gawin niya?

**Sagot:** Ito ay [ang tinatawag na] muhsar.[96] Kapag hindi siya gumawa ng kundisyon at pagkatapos ay may nangyari sa kanya na isang pangyayaring nakapipigil sa kanya na tapusin, kung maaari siyang magtiis ay maaaring maalis ang epekto ng pangyayari at pagkatapos ay lubusin na niya ang kanyang ‘umrah o hajj. Kung hindi niya makakaya iyon, siya ay isa nang totoong muhsar at ang sabi ni Allah hinggil sa muhsar (2:196): **Subalit kung nahadlangan kayo, *mag-alay ng* anumang makakayanan na handog.** Ang tama niyan ay ang ihsár[97] ay maaaring dahil sa kaaway o hindi kaaway. Kaya naman mag-aalay siya ng hady, magpapaahit o magpapagupit ng buhok at magsagawa ng tahallul. Ito ang patakaran kaugnay sa muhsar. Magkakatay siya ng isang alay na hayop sa lugar na pinangyarihan ng ihsár: sa loob man ng Haram[98] o sa labas nito. Ipamimigay niya ito sa mga mahirap sa lugar na kinaroroonan niya kahit pa man ito ay sa labas ng Haram. Kaya kung hindi madali na makakita sa palibot niya ng isang [bibigyan ng kinatay na alay] ililipat ito sa mga mahirap ng Haram o sa mga mahihirap sa palibot ng Haram o sa mga mahihirap sa ibang lugar. Pagkatapos niyon ay magpapaahit o magpapagupit na siya ng buhok at magsasagawa ng tahallul.

**4.** May isang nagnanais na magsagawa ng hajj na nagsagawa ng ihrám sa Míqát subalit samantalang bumibigkas ng talbiyah ay nakalimutan niyang magsabi ng *Labbayk ‘umratan mutamatti‘am bihá ilal hajj*, tatapusin ba niya ang hajj niya bilang isang mutamatti‘? Ano naman po ang tungkulin niyang gawain kapag nagsagawa siya ng tahallul pagkatapos ng ‘umrah niya at pagkatapos ay nagsagawa [muli] ng ihrám sa Makkah para sa hajj?

**Sagot:** Kapag naglayon na magsasagawa ng ‘umrah noong nagsagawa siya ng ihrám subalit nakalimutan niyang bumigkas ng talbiyah samantalang siya ay naglalayong ng ‘umrah ang patakarang para sa kanya ang patakarang para rin sa bumigkas ng talbiyah. Magsasagawa siya ng tawáf at sa‘y, magpapagupit siya at magsasagawa siya ng tahallul. Isinasabatas sa kanya na bumigkas ng talbiyah samantalang nasa daan [patungo sa Makkah]. Ngunit kung hindi man siya nakabigkas ng talbiyah,

[95] Ang pagsasabi ng sumusunod na panalangin: **Fa’in habasaní hábisun famahillí haythu habastaní** (Kaya kung hahadlangan ako ng isang hadlang, ang pagsasagawaan ng tahallul ko ay kung saan Mo ako hinadlangan.)

[96] Hahadlangan na makatapos ng hajj o ‘umrah.

[97] Pagkahadlang na matapos ang hajj o ‘umrah.

[98] Ang Haram ay ang lugar sa palibot ng alMasjid alHarám, ang masjid na nakapalibot sa Ka‘bah. Ang labas ng Haram ay tinatawag na Hill. Mayroong takdang hangganan ito.

wala siyang anumang pananagutan sapagkat ang pagbigkas ng talbiyah ay isang Sunnah Mu'akkadah. Magsasagawa [pa rin] siya ng tawáf at sa'y, at magpapagupit ng buhok at ituturing niya [ang ginawa niya na ] iyon ay isang 'umrah sapagkat naglayon siyang magsagawa ng 'umrah. Subalit kung sa pagsasagawa niya ng ihrám ay naglalayon siyang magsagawa ng hajj [na ifrád] samantalang ang oras naman ay marami pa, ang pinakamainam ay palitan niya ang hajj niya [na ifrád] upang maging 'umrah [para sa tamattu']. Magsasagawa siya ng tawáf at sa'y, magpapagupit siya at magsasagawa ng tahallul [para sa 'umrah ng tamattu']. Ang papuri ay ukol kay Allah, ang hatol sa kanyang [ginawa] ay ang hatol sa [ginawa ng] mga mutamatti'.

**5.** Ano po ang hatol sa isang nagsagawa ng hajj para sa ina niya at noong nasa Míqát na ay bumigkas siya ng talbiyah para sa hajj ngunit hindi siya bumigkas ng talbiyah para sa ina niya?

**Sagot:** Hanggat ang layunin niya ay ang magsagawa ng hajj para sa ina niya, subalit nakalimutan niya [na bumigkas ng talbiyah para rito], ang hajj ay para pa rin sa ina niya. Ang níyah ay higit na malakas batay sa sinabi ng Sugo (SAS): ***Ang mga gawa ay nakabatay lamang sa mga layunin.*** Kaya kapag ang layunin ng pagdating niya ay ang magsagawa ng hajj para sa ina niya o para sa ama niya at pagkatapos ay may nakalimutan siya noong nagsasagawa ng ihrám, ang hajj ay para pa rin sa pinag-ukulan niya at para sa pinaglayunan niya na ama o ina o iba pa.

**6.** Ano po ang hatol sa ihrám ng babae na nakasuot ng medyas at guwantes, ipina-hihintulot ba siyang alisin niya ang suot noong nagsagawa siya ng ihrám?

**Sagot:** Ang pinakamainam para sa kanya ay ang magsagawa ng ihrám na nakasuot ng medyas o sapatos. Ito ay pinakamainam para sa kanya at higit na nakatatakip sa kanya. Kung nakasulot naman ng mga kasuutang lubos na bumabalot, sapat na rin iyon. Kung nagsagawa naman siya ng ihrám na nakasuot ng medyas at pagkatapos ay hinubad niya ito, wala ring masama gaya ng lalaking nagsagawa ng ihrám na nakasuot ng sandal at pagkatapos ay hinubad niya ito noong ninais niya, hindi rin iyon makasasama. Subalit hindi siya maaaring magsagawa ng ihrám na nakasuot ng guwantes sapagkat ang babaeng nasa sandali ng ihrám ay pinagbabawalang mag-suot ng guwantes. Gayon din ang niqáb, hindi niya isusuot ito upang itakip sa mukha, tulad din nito ang burqá' at ang mga gaya nito sapagkat ang Sugo (SAS) ay nagbawal sa kanya na gawin iyon subalit kailangang itabing niya ang belo niya o jilbáb niya (balabal) sa mukha niya sa sandaling mayroong mga lalaking hindi niya mahram at ganoon din kapag nagsasagawa ng tawáf at sa'y. Batay ito sa Hadíth na isinalaysay ni 'Á'ishah (RA) na nagsabi: ***Ang mga manlalakbay ay napapadaan sa amin noong kami ay kasama ng Sugo ni Allah (SAS) upang magsagawa ng 'umrah. Kapag nakasabay nila kami, ibinaba ng bawat isa sa amin ang balabal niya mula sa ulo***

***niya [upang itakip] sa mukha. Kapag nalampasan na nila kami, nag-aalis kami [ng takip sa mukha].*** Itinala ito nina Imám Abú Dáwud at Imám Ibnu Májah.

Pinahihintulutan ang lalaki na magsuot ng kahit khuff[99] na hindi putol ayon sa tamang pahayag. Naniniwala naman ang maraming mga maalam sa Islam na puputulan ito. Ang tama ay hindi kailangang putulin ito kapag walang sapatos sapagkat ang Sugo (SAS) noong nangusap siya sa mga tao sa ‘Arafah ay nagsabi: ***Ang sino mang hindi nakahanap ng tapis ay magsuot ng salawal; at ang sino mang hindi nakasumpong ng sapatos ay magsuot ng khuff.*** Itinala ito nina Imám alBukhárí at Imám Muslim. Hindi siya nag-utos na patulin ang khuff, kaya iyon ang nagpapatunay sa pagpapawalang-bisa ng utos na putulan. Si Allah ang Tagapag-akay.

**7.** Ang níyah po ba ng pagsasagawa ng ihrám ay nasa pagbigkas ba nito? Ano po ang paraan ng pagsasagawa ng ihrám kung ang hajj ay isasagawa para sa ibang tao?
**Sagot:** Ang níyah ay isinasapuso at ang pamamaraan ng pagsasagawa nito ay isasapuso ang layunin niya na magsagawa ng hajj para sa isang tao o para sa kapatid niya o para kay Polano na anak ni Polano. Ganito ang níyah. Kanais-nais kalakip niyon na bumigkas ng ganito: **Alláhumma labbayka hajjan ‘an** (banggitin ang **pangalan** ng taong pagsasagawan ng hajj) o **labbayka ‘umratan ‘an** (banggitin ang **pangalan** ng taong pagsasagawan ng ‘umrah) upang mabigyang-diin sa pamamagitan ng pagbigkas kung sino ang nasa isip sapagkat ang Sugo (SAS) ay bumigkas [ng níyah] para sa hajj at bumigkas [ng níyah] para sa hajj. Iyon ang nagpapakita na ipinahihintulot ang pagbigkas ng níyah [para sa hajj at ‘umrah] bilang pagtulad sa Propeta (SAS). Ganoon din ang mga Sahábí (RA), binibigkas nila iyon gaya ng itinuro sa kanila ng Propeta nila (SAS) at nilalakasan nila ang mga tinig nila sa pagbigkas niyon. Ito ang Sunnah. Kung hindi man bumigkas [ng níyah] at nagkasya na [lamang na isapuso] ang níyah, sapat na ang níyah [na iyon].

Gagawin niya sa mga gawain ng hajj ang katulad ng gagawin niya para sa sarili niya. Bibigkasin niya at uulit-ulitin ang talbiyah — nang hindi na kailangang banggitin pa ang tao [na pinagsasagawaan niya ng hajj] — gaya ng pagbigkas niya ng talbiyah para sa sarili niya, na para bang siya ay nagsasagawa ng hajj para sa sarili niya. Subalit kapag tinukoy niya ito sa ihrám niya ay magiging napakainam [kung tutukuyin] sa talbiyah. Pagkatapos ay magpapatuloy sa pagbigkas ng talbiyah gaya ng iba pang mga nagsasagawa ng hajj at ‘umrah: **Labbayk alláhumma labbayk, labbayka lá sharíka laka labbayk, innal hamda wan ni‘mata laka wal mulk, lá sharíka lak, labbayk alláhumma labbayk, labbayka iláhal haqqi labbayk.**[100]

[99] Ang khuff ay parang sapatos o medyas na yari sa balat, gaya ng botang balat.
[100] Bilang pagtugon sa panawagan Mo, o Allah, bilang pagtugon sa panawagan Mo. Bilang pagtugon sa panawagan Mo, wala Kang katambal; bilang pagtugon sa panawagan Mo. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala Kang katambal. Bilang pagtugon sa pana-

Ibig sabihin ay bibigkasin niya ang talbiyah kung papaanong bibigkasin niya ito para sa sarili niya nang wala nang babanggitin ng sinuman maliban na lamang sa pagsasagawa ng ihrám [sapagkat doon ay] magsasabi siya ng ganito: **Labbayka hajjan ‘an** (banggitin ang **pangalan** ng pagsasagawan ng hajj), o **Labbayka ‘umratan ‘an** (banggitin ang **pangalan** ng pagsasagawan ng ‘umrah), o **Labbayka ‘umratan wa hajjan ‘an** (banggitin ang **pangalan** ng pagsasagawan ng ‘umrah at hajj). Ito ang pinakamainam sa simula ng pagsasagawa ng ihrám kasama ng níyah.

**8.** Ano po ang patakaran kaugnay sa isang dumating sa Makkah dahil sa isang trabho o isang misyon at pagkatapos ay nagkaroon siya ng pagkakataong magsagawa ng hajj, magsasagawa ba siya ng ihrám sa kinaroroonan niya [sa Makkah] o pupunta sa labas ng Haram?

**Sagot:** Kapag dumating siya sa Makkah at hindi naglayon na magsagawa ng hajj ni ‘umrah sapagkat dumating lamang siya dahil sa isang pangangailangan gaya ng pagdalaw sa kamag-anak o pagbisita sa isang may-sakit o pangangalakal, hindi siya naglayon na magsagawa ng hajj ni ‘umrah. [Ngunit kapag] matapos niyon ay minabuti niyang magsagawa ng hajj o minabuti niyang magsagawa ng ‘umrah, siya ay magsasagawa ng ihrám para sa hajj sa kinaroroonan niya, sa loob man ng Makkah o sa paligid ng Makkah. Kapag naman nagnais siyang magsagawa ng ‘umrah, siya ay pupunta sa labas ng Haram sa Nayon ng Tan‘ím o Ju‘ránah o sa iba pang nayon. Kapag nagnais magsagawa ng ‘umrah, ang Sunnah, bagkus ang isinasatungkulin, ay ang pumunta sa labas ng Makkah gaya ng iniutos ng Propeta (SAS) kay ‘Á’ishah — noong ninais nitong magsagawa ng ‘umrah — na pumunta sa Tan‘ím. Inutusan niya si ‘Abdurrahmán, ang kapatid nito, na ilabas ito sa Haram at dalhin sa labas ng Haram: sa Tan‘ím o sa ibang lugar. Ito ang isinasatungkulin para sa nagnais na magsagawa ng ‘umrah. Subalit sa nagnais naman na magsagawa ng hajj, siya ay bibigkas ng talbiyah sa kinaroroonan niya [sa Makkah]: maging iyon man ay sa loob ng Haram o sa labas nito, gaya ng naunang nabanggit na.

**9.** Isa po bang kundisyon para sa pagsasagawa ng ihrám na magdasal muna ng dalawang rak‘ah o hindi?

**Sagot:** Hindi isang kundisyon iyon. Nagkaiba lamang ang paninindigan ng mga maalam sa Islam hinggil sa pagiging kanais-nais nito. Naniniwala ang maraming maalam sa Islam sa pagiging kanais-nais ng dalawang rak‘ah na saláh. Magsasagawa ng wudú’ at magdadasal ng dalawang rak‘ah at pagkatapos ay bibigkas ng talbiyah. Ipinampatunay nila rito na ang Sugo (SAS) ay nagsagawa ng ihrám pag-

---

wagan Mo, o Allah, bilang pagtugon sa panawagan Mo. Bilang pagtugon sa panawagan Mo, Diyos ng katotohanan, bilang pagtugon sa panawagan Mo.

katapos magdasal: nagdasal siya ng dhuhr at pagkatapos ay nagsagawa ng ihrám para sa hajj ng pamamaalam [niya]. Sinabi niya (SAS): ***May dumating sa akin na isang mula sa aking Panginoon at nagsabi siya: "Magdasal ka sa pinagpalang lambak na ito at sabihin mo: 'Umaratan fî hajj."***[101] Ito ang nagpapatunay na isinasabatas ang magdasal ng dalawang rak'ah. Ito ang paniniwala ng maraming maalam.

Ang sabi naman ng mga iba: "Walang batayang teksto dito sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***May dumating sa akin na isang mula sa Panginoon ko at nagsabi siya: "Magdasal ka sa pinagpalang lambak na ito"*** ay may posibilidad na ang tinutukoy ay ang saláh na fard sa limang saláh [na fard] at hindi batayang teksto sa dalawang rak'ah na saláh ng ihrám at ang pagkakasagawa niya ng ihrám matapos magsagawa ng saláh na fard ay hindi nagpapatunay sa pagkaisinasabatas ng dalawang rak'ah na laan para sa ihrám. Ito ay nagpapatunay lamang na kapag nagsagawa siya ng ihrám para sa 'umrah o hajj pagkatapos ng saláh, ito ay pinakamainam kapag madaling gawin iyon.

**10.** Ano po ang patakaran kaugnay sa isang nakaramdam ng paglabas ng madhy o mga patak ng ihi habang nasa sandali ng ihrám at gayon din sa pagpunta niya [sa masjid] upang magsagawa ng saláh?

**Sagot:** Ang isinasatungkulin para sa isang mananampalataya kapag nalaman niya ito ay ang magsagawa ng wudú' kung ang oras ay oras ng saláh at linisin ang sarili mula sa ihi at linisin ang sarili mula sa madhy. Ang kailangang gawin kaugnay sa madhy ay hugasan ang buong ari. Ang kaugnay sa ihi ay hugasan ang dulo ng ari na inabot ng ihi. Pagkatapos ay magsasagawa ng wudú' para sa saláh kung oras ng saláh; kung hindi naman oras ng saláh ay wala namang masama na ipagpaliban iyon hanggang sa sumapit ang oras ng saláh. Subalit ito dapat ay hindi dahil sa mga panlilito ng Demonyo. Bagkus ay dahil sa tiyak [na pagkadama]. Kapag ito ay dahil lamang sa mga panlilito ng Demonyo, nararapat na ipagwalang-bahala niya ito at hindi pansinin upang hindi siya dapuan ng mga panlilito sapagkat ang tao ay maaaring dapuan ng anumang panlilito. Aakalain niya na may lumabas sa kanya gayong wala namang lumabas na anuman sa kanya. Samakatuwid, hindi nararapat na sanayin niya ang sarili niya na magpasailalim sa mga panlilito. Bagkus ay nararapat na isaisang-tabi niya ito, balewalain ito, at ipagwalang-bahala ito upang hindi siya dapuan nito. Kapag natatakot siya sa panlilito na iyon ay wiwisikan niya ng tubig ang paligid ng ari niya kapag natapos na siyang magsagawa ng wudú' niya upang maalis ang maaaring dumapo sa kanya na mga panlilito sa kundisyon na [ang pinangangambahan niyang lumabas na] ito ay likido, nang sa gayon ay maligtas siya sa kasamaan ng panlilitong ito.

---

[101] 'Umrah sa hajj.

**11.** Ipinahihintulot bang palitan ang kasuutan para sa ihrám para labhan ito?

**Sagot:** Walang masama na labhan ang mga kasuutan para sa ihrám at wala ring masama na palitan ito at gumamit ng bagong mga kasuutan o nilabhan.

**12.** Ano po ang hatol kaugnay sa paglalagay ng pabango sa [kasuutan ng] ihrám bago ipinahayag ang níyah at binigkas ang talbiyah?

**Sagot:** Hindi dapat maglagay ng pabango sa ridá' at izár. Ang Sunnah lamang ay ang pabanguhin ang [bahagi ng] katawan gaya ng ulo niya, balbas niya, kilikili niya at mga tulad nito. Ang mga kasuutan [para sa ihrám] ay hindi pinababanguhan bago [isagawa] ang ihrám batay sa sinabi ng Sugo (SAS): ***Hindi magsusuot ng anumang kasuutan na nasaling ng asapran***[102] ***o wars.***[103]" Samakatuwid ang Sunnah ay ang magpabango siya sa katawan lamang; ang mga kasuutan para sa ihrám ay hindi niya papabanguhan at kapag pinabanguhan niya ito hindi niya ito isusuot hanggang hindi niya ito nalalabhan.

**13.** Ano po ang patakaran kaugnay sa isang taong nasa Miná bago sumapit ang araw ng Tarwiyah, papasok po ba siya [sa Makkah] at magsasagawa ng ihrám sa Makkah o magsasagawa ng ihrám sa Miná.

**Sagot:** Ang nananatili sa Miná ay isinasabatas sa kanya na magsagawa ng ihrám sa Miná at papuri kay Allah, hindi na kailangang pumasok sa Makkah, manapay bibigkasin niya ang talbiyah para sa Hajj sa kinaroroonan niya kapag dumating na ang sandali nito.

**14.** Ang mutamatti' ay mayroon bang oras para sa kanya upang sa sandaling iyon [lamang] magsagawa ng tamattu'? Maaari ba siyang magsagawa ng ihrám para sa hajj bago sumapit ang araw ng Tarwiyah.

**Sagot:** Oo. Ang ihrám para sa mutamatti' ay may takdang panahon: ang buwan ng Shawwál, Dhulqa'dah at ang unang sampung araw ng Dhulhijjah. Ang mga ito ang buwan ng hajj. Samakatuwid, hindi siya maaaring magsagawa ng ihrám para sa tamattu' bago sumapit ang Shawwál ni pagkatapos ng gabi ng 'Ídul'ad'há. Subalit ang pinakamainam ay ang magsagawa siya ng 'umrah lamang at pagkatapos niyon ay magsagawa siya ng ihrám para sa hajj lamang. Ito ang kumpletong tamattu'. Kung magsagawa man siya ng ihrám para sa kapwa 'umrah at hajj, tatawagin siyang mutamatti' at tatawaging qárin. Sa dalawang kalagayan (tamattu' at qirán) ay kailangang mag-alay ng alay na tinatawag na alay para sa tamattu'; isang hayop ay sapat na para maging hady o ikapitong bahagi ng isang kamelyo o ikapitong bahagi ng isang baka [para sa isang tao]. Batay ito sa sinabi ni Allah (2:196): **ang sinumang**

[102] Isang uri ng pangkulay na nagtataglay ng mabangong amoy.
[103] Isang uri ng tina.

**magsasagawa ng ‘umrah na pinsusundan ng hajj ay** ***mag-alay ng*** **anumang makakayanang handog.** Subalit kung hindi niya makakayang mag-alay, mag-aayuno siya ng sampung araw: tatlong araw sa panahon ng hajj at pitong araw kapag nakauwi na siya sa kanyang tirahan. Ang panahon [ng ihrám] ay hindi tinakdaan, gaya ng naunang nabanggit. Kaya kung nagsagawa ng ihrám para sa ‘umrah sa unang bahagi ng Shawwál at [pagkatapos ng ‘umrah ay] nagsagawa ng tahallul, ang panahon sa pagitan ng ‘umrah at ihrám para sa hajj sa ikawalong araw ng Dhulhijjah ay magiging mahaba. Ang pinakamainam ay ang magsagawa ng ihrám para sa hajj sa ikawalong araw ng Dhulhijjah gaya ng pagsasagawa ng ihrám ng mga Kasamahan ng Propeta (SAS) sa araw na iyon alinsunod sa utos ng Propeta (SAS). Inutusan niya sila na magsagawa ng tahallul sa ihrám nila [matapos na magsagawa ng ‘umrah] yayamang dumating sila bilang mga Mufrid at ang iba naman sa kanila ay dumating bilang mga qárin. Inutusan sila ng Propeta (SAS) na magsagawa sila ng tahallul [pagkatapos ng ‘umrah], maliban doon sa mga may dalang hady. Kaya naman nagsagawa sila ng tawáf at sa‘y, nagpagupit ng buhok at nagsagawa ng tahallul at sila ay naging mga Mutamatti‘ dahil doon. Nang dumating na ang araw ng Tarwiyah: ang ikawalong araw [ng Dhulhijjah], inatasan niya sila na magsagawa ng ihrám para sa hajj sa mga tahanan nila — at ito ang pinakamainam. Kung nagsagawa ng ihrám para sa hajj bago ang araw na iyon sa unang araw ng Dhulhijjah o higit na maaga pa roon, makasasapat na iyon sa kanya at magiging tanggap. Subalit ang pinakamainam ay ang isagawa niya ang ihrám para sa hajj sa ikawalong araw [ng Dhulhijjah], gaya ng ginawa ng mga Kasamahan ng Propeta (SAS) alinsunod sa utos niya.

**15.** Ano ang hatol sa isang nakalampas sa Míqát nang hindi nakapagsagawa ng ihrám para sa hajj o ‘umrah o para sa iba pang pakay?

**Sagot:** Ang sinumang lumampas sa Míqát upang magsagawa sana ng hajj o ‘umrah ngunit hindi nakapagsagawa ng ihrám, obligado siyang bumalik at magsagawa ng ihrám sa Míqát para sa hajj o ‘umrah dahil ang Sugo ni Allah (SAS) ay nag-utos niyon. Sinabi niya: ***Magsasagawa ng ihrám ang mga taga-Madínah sa Dhulhulayfah, magsasagawa ng ihrám ang mga taga-Shám*[104] *sa alJuhfah, magsasagawa ng ihrám ang mga taga-Najd sa Qarn, at magsasagawa ng ihrám ang mga taga-Yemen sa Yalamlam.*** Ganito ang nasasaad sa Hadíth na Sahíh. Nagsabi naman si Ibnu ‘Abbás (RA): “Ginawa ng Propeta (SAS) na Míqát para sa taga-Madínah ang Dhulhulayfah, para sa taga-Shám ang alJuhfah, para sa taga-Najd ang Qarn, at para sa taga-Yemen ang Yalamlam. Ang mga [Míqát na] ito ay para sa kanila at para sa mga pumunta sa mga [pook na] iyon, na hindi mga tagaroon, na nagnais na magsagawa ng hajj at ‘umrah.” Kapag ang sadya niya ay ang magsagawa ng hajj o ‘umrah,

[104] Syria, Palestine, Lebanon, at Jordan sa ngayon.

obligado siyang magsagawa ng ihrám sa Míqát na madadaanan niya. Kung siya ay buhat sa daan galing sa Madínah, magsasagawa siya ng ihrám sa Dhulhulayfah; kung siya ay buhat sa daan galing sa Shám o Egipto o Morocco, magsasagawa siya ng ihrám sa alJuhfah na nasa bayan ng Rábigh sa ngayon; kung siya ay buhat sa daan galing sa Yemen, magsasagawa siya ng ihrám sa Yalamlam; kung siya ay buhat sa daan galing sa Najd (Buraidah at Riyadh) o Taíf, magsasagawa siya ng ihrám sa Wádí Qarn na tinatawag din na Qarn at asSayl sa ngayon, at tinatawag naman ng ibang tao na Wádí Muhrim. Magsasagawa ng ihrám doon para sa hajj o ‘umrah o para sa kapwa hajj at ‘umrah. Ang pinakamainam kapag nasa mga buwan ng hajj na magsagawa ng ihrám para sa ‘umrah. Magsasagawa ng tawáf para sa ‘umrah, magsasagawa ng sa‘y, magpapagupit ng buhok at magsasagawa ng tahallul. Pagkatapos niyon ay magsagawa ng ihrám para sa hajj sa panahon nito. Kung dumaan siya rito sa hindi mga buwan ng hajj gaya ng buwan ng Ramádan o Sha‘bán, magsasagawa ng ‘umrah lamang. Ito ang itinatagublin. Subalit kung dumating siya [sa Míqát] para sa iba pang pakay: hindi niya nais na magsagawa ng hajj ni ‘umrah, dumating lamang siya sa Makkah upang magtinda o bumili o dumalaw sa ilan sa mga kamag-anak niya o mga kaibigan niya o para sa iba pang pakay na hindi para sa hajj ni ‘umrah, wala siyang tungkuling magsagawa ng ihrám. ayon sa tamang pahayag. Maaari siyang pumasok na hindi nagsagawa ng ihrám. Ito ang matimbang sa pahayag ng mga maalam. Ngunit ang pinakamainam ay ang magsagawa ng ihrám para sa ‘umrah upang samantalahin ang pagkakataon [na magsagawa ng ‘umrah].

**16.** Kapag nangamba ang Muhrim na baka hindi niya magawang magampanan ang hajj niya o ang ‘umrah niya dahil sa karamdaman o ligalig, ano ang gagawin niya?

**Sagot:** Kapag nagsagawa siya ng ihrám, pagkatapos na pagkatapos na magpahayag ng níyah para sa ihrám ay magsasabi siya ng **Fa’in habasaní hábisun famahallí haythu habastaní.**[105] Kung may pinangangambahan siyang anumang makahahadlang gaya ng karamdaman, ang Sunnah ay magsagawa ng ishtirát batay sa napatunayang sanaysay mula sa Propeta (SAS) na siya ay nag-utos kay Dibá‘ah Bintu azZubayr Ibni ‘Abdulmuttalib na magsagawa niyon noong dumaing ito sa kanya na ito ay maysakit.

**17.** Pinhihintulutan ba ang babae na magsagawa ng ihrám na suot ang kahit anong damit na naisin niya?

**Sagot:** Oo, maisasagawa siya ng ihrám na suot ang anumang naisin niya. Walang itinakdang mga kasuutan para sa kanya, gaya ng pag-aakalang ng ilang tao. Subalit ang pinakamainam ay isagawa niya ang ihrám na nakasuot ng mga damit na hindi maganda at hindi nakatatawag ng pansin sapagkat makikihalubilo siya sa mga tao.

[105] Kaya kung hahadlangan ako ng isang hadlang, ang pagsasagawaan ng tahallul ko ay kung saan Mo ako hinadlangan.

Kaya nga karapat-dapat na ang kanyang mga kasuutan ay hindi nakatatawag ng pansin at hindi maganda, bagkus ay pangkaraniwan at walang pang-akit. Kung magsagawa man siya ng ihrám na nakasuot ng mga maganda damit, tanggap pa rin ang ihrám niya subalit hindi niya ginawa ang pinakamainam.

Para sa lalaki naman, ang pinakamainam ay ang magsagawa siya ng ihrám na nakasuot ng dalawang puting kasuutan: ang izár (tapis) at ang ridá' (balabal). Kung magsagawa man siya ng ihrám na hindi puti ang suot ay wala rin namang masama. Napatunayan sa isang sanaysay mula sa Propeta (SAS) na siya nagsagawa ng tawáf na nakasuot ng berdeng kasuutan.

**18.** Kailan magsasagawa ng ihrám ang isang dumating na sakay ng eroplano?

**Sagot:** Ang isang dumating na sakay ng eroplano o ng barko ay magsasagawa ng ihrám kapag nakatapat sa Míqát gaya ng nasa lupa. Kapag natapat na sa Míqát ay magsasagawa ng ihrám sa himpapawid o sa dagat o sa loob ng maikling panahon bago sumapit dito upang makapaglaan [ng panahon] dahil sa bilis ng eroplano at bilis ng barko o bapor.

**19.** Ang sinumang ang tirahan niya ay nasa pagitan ng mga Míqát at Makkah ay saan po siya magsasagawa ng ihrám?

**Sagot:** Ang sinumang nakatira sa pagitan ng mga Míqát at Makkah ay magsasagawa ng ihrám niya sa kinaroroonan niya, gaya ng mga taga-Ummussilm at mga taga-Bahrah na nagsasagawa ng ihrám sa lugar niya at gaya ng mga taga-Jeddah na nagsasagawa ng ihrám sa lungsod nila. Batay ito sa sinabi ng Sugo (SAS) sa Hadíth na isinalaysay ni Ibnu 'Abbás: ***Ang sinumang nasa pagitan niyon — nasa pagitan ng mga Míqát at Makkah — ang pagsasagawaan ng ihrám niya ay kung saan siya lumabas.*** Sa ibang pagkakasalaysay: ***…ang pagsasagawaan ng ihrám niya ay sa kanyang tirahan pati na ang mga taga-Makkah ay nagsasagawa ng ihrám sa Makkah.***

**20.** Sa aling lugar magsasagawa ng ihrám ang isang nagsasagawa ng hajj sa araw ng Tarwiyah?

**Sagot:** Magsasagawa siya ng ihrám sa tinutuluyan niya gaya ng pagsagawa ng ihrám ng mga Kasamahan ng Propeta (SAS) sa mga tinutuluyan nila sa Abtah noong Hajj ng Pamamaalam alinsunod sa atas ng Propeta (SAS). Gayon din ang sinumang nasa loob ng Makkah, magsasagawa siya ng ihrám sa tinutuluyan niya batay sa Hadíth na isinalaysay ni Ibnu 'Abbás na nagsabi ang Sugo (SAS): ***Ang sinumang nasa pagitan niyon — nasa pagitan ng mga Míqát at Makkah — ang pagsasagawaan ng ihrám niya ay sa tinutuluyan niya pati na ang mga taga-Makkah ay nagsasagawa ng ihrám sa Makkah.*** Isinalaysay nina Imám alBukhárí at Imám Muslim.

**21.** Ano po ang hatol kaugnay sa isang naglayon na magsagawa ng hajj, na dumating mula sa ibang bayan at lumapag ang sinasakyang eroplano sa paliparan ng Jeddah ngunit hindi pa siya nakapagsagawa ng ihrám kaya nagsagawa siya ng ihrám sa Jeddah? Ano ngayon ang tungkulin niyang gawin?

**Sagot:** Kapag lumapag ang eroplano sa Jeddah at siya ay galing sa Shám o Egipto, siya ay magsasagawa ng ihrám sa Rábigh. Pupunta siya sa Rábigh sakay ng kotse o anumang sasakyan at magsasagawa ng ihrám sa Rábigh at hindi magsasagawa ng ihrám sa Jeddah. Ganoon din naman kung nanggaling sa Najd at hindi nakapagsagawa ng ihrám hanggang sa nang lumapag sa Jeddah, pupunta siya sa asSayl, ang Wádí Qarn. Magsasagawa siya ng ihrám doon. Kapag nagsagawa ng ihrám sa Jeddah at hindi pumunta [sa Míqát], kailangang mag-alay siya ng isang tupa na naaangkop na ialay na kakatayin ito sa Makkah at ipapamimigay sa mga mahirap ng Makkah — o [maaari ring] ikapitong bahagi ng kamelyo o ikapitong bahagi ng baka[106] — gaya ng naunang nabanggit na, bilang kabayaran sa kakulangan ng hajj niya o ‘umrah.

**22.** Ano ang hatol kaugnay sa isang nagsagawa ng hajj na ifrád at noong pagdating niya sa Makkah ay binago niya ang hajj niya upang maging tamattu‘: nagsagawa siya ng ‘umrah at pagkatapos ay nagsagawa ng tahallul doon? Ano ang kailangan niyang gawin? Kailan siya magsasagawa ng  para sa hajj? Saan niya isasagawa ito?

**Sagot:** Ito ang pinakamainam kapag dumating ang Muhrim na magsasagawa ng hajj o kapwa hajj at ‘umrah. Ang pinakamainam ay gawin niya ang ‘umrah, na siyang ipinag-utos ng Propeta (SAS) sa kanyang mga Kasamahan noong dumating sila [sa Makkah] na ang ilan sa kanila ay Qárin at ang iba naman sa kanila ay Mufrid at wala silang dalang hady. Ipinag-utos niya sa kanila na gawin iyon na ‘umrah. Kaya nagsagawa sila ng tawáf, nagsagawa ng sa‘y, nagpagupit ng buhok, at nagsagawa ng tahallul, maliban doon sa may dalang hady sapagkat siya ay mananatili sa kanyang ihrám hanggang sa [maaari nang] magsagawa siya ng tahallul para sa hajj at ‘umrah kung siya ay Qárin o para sa hajj kung siya ay Muhrim para sa hajj [na tamattu‘] sa araw ng ‘Ídul’ad'há.

Ang ibig sabihin nito: ang dumating sa Makkah sa ihrám na para sa hajj lamang (ifrád) o para sa kapwa hajj at ‘umrah (Qirán) at walang dalang hady, ang Sunnah ay baguhin niya ang kanyang ihrám [na ifrád o Qirán] para maging ‘umrah [ng tamattu‘]. Nagsasagawa siya ng tawáf, magsasagawa ng sa‘y, magpapagupit ng buhok at magsasagawa ng tahallul. Pagkatapos niyon ay magsasagawa ng ihrám para sa hajj sa oras nito at siya ay magiging isang Mutamatti‘ at kailangang mag-alay siya ng hady para sa hamattu‘.

---

[106] Ibig sabihin: ang pitong tao ay bibili ng isang kamelyo o isang baka upang maging alay nila.

**23.** Ano ang hatol sa isang naglayon magsagawa ng hajj bilang Mutamatti‘ at matapos dumating sa Míqát ay binago niya ang kanyang pasya at nagpahayag ng níyah ng hajj bilang Mufrid? Kailangan ba niyang mag-alay ng hady?

**Sagot:** Ito ay nagkakaiba. Kung naglayon siya bago dumating sa Míqát na maging isang Mutamatti‘ ngunit matapos na dumating siya sa Míqát ay binago niya ang níyah niya at nagsagawa ng ihrám para sa hajj lamang, ito ay walang masama sa kanya at hindi na kailangan ang fidyah. Subalit kung nagpahayag siya ng níyah na mag-sagawa ng kapwa hajj at ‘umrah (qirán) sa Míqát o bago dumating sa Míqát at pag-katapos ay ninais niyang gawin iyon na hajj [na lamang], hindi niya dapat gawin iyon. Ngunit walang pagbabawal na gawin niya iyon na ‘umrah subalit huwag niyang gawin iyon na hajj. Ang qirán ay hindi binababago upang maging hajj [na ifrád] subalit [maaaring] baguhin upang maging ‘umrah sapagkat iyon ay lalong magaan para sa isang Mananampalataya at sapagkat iyon ang ipinag-utos ng Propeta (SAS) sa kanyang mga Kasamahan. Kaya kapag nagsagawa siya ng ihrám para sa kapwa hajj at ‘umrah sa Míqát at pagkatapos ay nagnais siyang gawin iyon na isang hajj na ifrad, hindi niya maaaring gawin iyon subalit maaari niyang gawin iyon na isang ‘umrah, na siyang pinakamainam para sa kanya. Magsasagawa siya ng tawáf, mag-sasagawa ng sa‘y, magpapagupit ng buhok at magsasagawa ng tahallul. Magpapa-hayag ng níyah para sa hajj pagkatapos niyon at siya ay magiging isang Mutamatti‘.

**24.** Ano ang hatol kaugnay sa isang nagsagawa ng ihrám para sa hajj at ‘umrah at matapos na dumating siya sa Makkah ay nawala ang panggastos niya at hindi niya nakayang magbigay ng fidyah at binago niya ang níyah niya upang maging hajj na ifrád, matatanggap kaya iyon? Kapag ang hajj na isasagawa ay para sa ibang tao na humiling sa kanya na tamattu‘ [ang isagawa], ano ang gagawin niya?

**Sagot:** Hindi niya dapat gawin iyon kahit pa nawala ang panggastos niya. Kapag hindi niya nakayang mag-alay, mag-aayuno siya ng sampung araw — papuri kay Allah — tatlong araw sa panahon ng hajj at pitong araw kapag nakabalik na sa tira-han niya. Mananatili siya sa kanyang [hajj na] tamattu‘ at tungkulin niyang gampanan ang kahilingan: magsasagawa siya ng ihrám para sa ‘umrah, magsasagawa ng tawáf, magsasagawa ng sa‘y, magpapagupit at magsagawa ng tahallul. Pagkatapos ay mag-papahayag ng níyah para sa hajj at mag-aalay ng hady. Kung hindi niya makayang mag-alay ay mag-aayuno siya ng sampung araw: tatlong araw sa panahon ng hajj bago sumapit ang araw ng ‘Arafah at sampung araw kapag nakauwi na siya sa tira-han niya sapagkat ang pinakamainam ay hindi siya nag-aayuno sa araw ng ‘Arafah, bilang pagtulad sa Propeta (SAS) sapagkat siya ay nanatili sa ‘Arafah na hindi nag-aayuno.

**25.** Ano ang hatol sa isang nagsagawa ng ihrám para sa hajj at ‘umrah bilang isang Qárin at pagkatapos ng ‘umrah ay nagsagawa siya ng tahallul, maituturing ba siya na isa nang Mutamatti‘.

**Sagot:** Oo. Kapag nagsagawa siya ng ihrám para sa hajj at ‘umrah bilang isang Qárin at pagkatapos ay nagsagawa ng tawáf, nagsagawa ng sa‘y, nagpagupit ng buhok at ginawa niya ito na ‘umrah, tatawagin siyang Mutamatti‘ at kailangang mag-alay siya ng hady.

**26.** Ano ang hatol kaugnay sa isang nagsagawa ng hajj gayong siya ay hindi nagsasagawa ng saláh, dahil sinasadyang hindi magsagawa o dahil sa pagwawalang-bahala? Makasasapat na ba iyon para sa kanya bilang hajj na hinihiling ng Islam?

**Sagot:** Ang sinumang magsagawa ng hajj gayong siya ay hindi nagsasagawa ng saláh at kung ang hindi pagsasagawa ay dahil sa pagkakaila na tungkuling magsagawa niyon, naging Káfir na siya ayon sa nagkakaisang hatol ng Islam, at hindi tanggap ang hajj niya. Kung tinalikdan naman niya ang pagsasagawa ng saláh dahil sa pagwawalang-bahala at pagbabalewala, hinggil dito ay mayroong pagkakaiba ang pahayag ng mga maalam sa Islam. Mayroon sa kanilang naniniwalang tanggap ang hajj niya at mayroon din naman sa kanilang naniniwalang hindi tanggap ang kanyang hajj. Ang tama ay hindi rin matatanggap ang hajj niya batay sa sinabi ng Propeta (SAS): ***Ang kasunduan sa pagitan natin at nila ay ang saláh. Ang sino mang tumalikod dito ay naging Káfir na.*** at batay rin sa sinabi niya (SAS): ***Ang nasa pagitan ng isang lalaki [na Muslim] at ng Kawalang-pananampalataya at Shirk ay pagtalikod sa saláh.*** Ito ay sumasaklaw sa mga tumanggi na tungkuling magsagawa ng saláh at sumasaklaw rin sa mga tumalikod sa pagsagagawa dahil sa pagbabalewala. Si Allah ang Tagapag-akay.

**27.** Ano po ang hatol sa paggamit ng babae ng gamot na pampigil sa regla sa panahon ng pagsasagawa ng hajj?

**Sagot:** Walang masama doon sapagkat iyon ay may kapakinabangan at kabutihang naidudulot, nang sa gayon ay makapagsagawa siya ng tawáf kasabay ng mga tao at ng sa gayon ay hindi magambala ang kanyang mga kasama.

**28.** Kapag niregla ang isang babae o dinatnan ng nifás matapos na magsagawa ng ihrám niya, tama po ba para sa kanya na magsagawa ng tawáf? O ano po ang gagawin niya? Kailangan pa ba niyang magsagawa ng Tawáf alWadá‘?

**Sagot:** Kapag dinatnan siya ng nifás o regla sa panahon ng pagdating niya para magsagawa ng ‘umrah, hihinto siya sa pagsasagawa niyon hangga’t hindi siya naging táhir (tumigil ang regla o nifás). Kapag naging táhir na siya ay magsasagawa siya ng tawáf, magsasagawa ng sa‘y at magpapaputol ng buhok at natapos na ang ‘umrah

niya. Kapag nangyari ito pagkatapos ng ‘umrah o bago siya nakapagsagawa ng ihrám para sa hajj sa ikawalong araw [ng Dhulhijjah], gagawin niya ang mga gawain sa hajj tulad ng wuqúf (pananatili sa ‘Arafah at Muzdalifah), pagsasagawa ng ramy, talbiyah at dhikr. Kapag naging táhir ay magsasagawa siya ng sa‘y para sa hajj niya — papuri kay Allah. Kung dinatnan siya ng regla matapos magsagawa ng tawáf at sa‘y ngunit bago magsagawa ng Tawáf alWadá‘, maaalis na sa ang tungkulin niya magsagawa ng Tawáf alWadá‘ sapagkat ang may regla at ang may nifás ay hindi obligadong magsagawa ng Tawáf alWadá‘.

**29.** Ang dalawang rak‘ah na saláh sa likod ng Maqám Ibráhím ay kailangan po bang isagawa pagkatapos ng bawat tawáf? Ano naman po ang hatol sa nakalimot na magsagawa niyon?

**Sagot:** Hindi kinakailangan [ang dalawang rak‘ah] sa likod ng Maqám Ibráhím. Sapat nang isagawa ang dalawang Rak‘ah saan mang bahagi ng alMasjid alHarám. At ang sinumang makalimot niyon ay wala siyang pagkakasala sapagkat iyon ay Sunnah at hindi wájib.

**30.** Ano ang hatol sa nagpaliban sa pagsasagawa ng Tawáf al’Ifádah hanggang sa umabot sa [panahon ng] Tawáf alWadá‘ at ginawa ang mga ito na isang tawáf na may layuning ito ay para sa Tawáf al’Ifádah at Tawáf alWadá na pinagsama‘? Ipinahihintulot bang isagawa sa gabi ang Tawáf al’Ifádah?

**Sagot:** Walang masama doon kapag magsasagawa ng tawáf kapag nakatakda nang maglakbay matapos gawin ang mga gawain para sa Hajj sapagkat ang pagsasagawa niya ng tawáf para sa Tawáf al’Ifádah ay sapat na rin para sa Tawáf alWadá‘, naglayon man siya na pagsamahin [sa isang tawáf] ang pagsasagawa ng Tawáf alWadá‘ at Tawáf al’Ifádah o hindi naglayon. Ang ibig sabihin na ang Tawáf al’Ifádah lamang ay sapat na rin para sa Tawáf al’Wadá‘ ay kapag lalabas na [sa Makkah]. Kung maglalayong kapwa isasagawa ang dalawa ay wala ring masama doon. Ipinahihintulot na isagawa ang Tawáf al’Ifádah at ang Tawáf alWidá‘ sa gabi man o sa araw.

**31.** Ano ang patakaran kapag nang nagsagawa na ng iqámah sa saláh ang isang nagsasagawa ng hajj o ‘umrah ay hindi pa natapos sa pagsasagawa ng tawáf o sa‘y?

**Sagot:** Magdadasal siya kasabay ng mga tao at pagkatapos ay kukumpletuhin niya ang tawáf niya at sa‘y niya magmula sa kung saan siya huminto.

**32.** Kailangan ba ang tahárah kapag magsasagawa ng tawáf at sa‘y?

**Sagot:** Kailangan ang tahárah sa tawáf lamang. Sa sa‘y naman, ang pinakamainam ay ang may tahárah; ngunit kung magsasagawa man ng sa‘y nang walang tahárah, tanggap na rin iyon.

**33.** Ang Tawáf alWadá‘ ba ay kailangang isagawa sa ‘umrah? Ipinahihintulot ba na bumili ng anuman sa Makkah matapos magsagawa ng Tawáf alWadá‘ para sa hajj o ‘umrah?

**Sagot:** Ang Tawáf alWadá‘ ay hindi kailangang isagawa sa ‘umrah subalit ang pagsasagawa nito ay mainam. Kaya kung lumisan na hindi nagsasagawa ng Tawáf alWadá‘ ay walang masama. Subalit ito ay kailangang isagawa batay sa sinabi ng Propeta (SAS): ***Huwag ngang lilisan ang sinuman sa inyo malibang ang huling sandali niya ay hindi sa Bahay [ni Allah].*** Ito ay talumpati niya sa mga nagsasagawa ng hajj.

Maaari niyang bilhin pagkatapos magsagawa ng Tawáf alWadá‘ ang lahat ng mga kakailanganin niya at kahit pa nga mamimili siya ng anumang ipangangalakal niya hanggat ang panahon [ng pamimili] ay maiksi at hindi magtatagal. Subalit kung magtatagal ang panahon [ng pamimili], uulitin niya ang tawáf. Kung hindi naman talaga matagal hindi na rin talaga kailangang ulitin iyon.

**34.** Ipinahihintulot po ba na mauna ang pagsasagawa ng sa‘y kaysa sa tawáf, sa hajj man o sa ‘umrah?

**Sagot:** Ang Sunnah ay ang tawáf muna [ang isagawa] at ang ‘umrah naman pagkatapos niyon. Kung nagsagawa muna ng sa‘y bago nagsagawa ng tawáf dahil sa kawalang-kaalaman, walang masama doon. Napatunayan ang isang sanaysay tungkol sa Propeta (SAS) na siya ay tinanong ng isang lalaki na nagsabi: “Nagsagawa ako ng Sa‘y bago ako nagsagawa ng tawáf.” Nagsabi siya: ***Walang masama.*** Nagpapatunay iyan na kung unahin man ang sa‘y ay tanggap pa rin, subalit ang Sunnah ay magsagawa muna ng tawáf at pagkatapos ay magsagawa ng sa‘y. Ito ang Sunnah sa kapwa hajj at ‘umrah.

**35.** Ano po ang pamamaran ng pagsasagawa ng sa‘y? Sa aling bahagi po magsisimula ang magsasagawa ng sa‘y? Ilan po ang bilang ng shawt[107] nito?

**Sagot:** Magsisimula sa Safá at magtatapos sa Marwah. Ang bilang ng shawt ay pito: ang una sa mga ito ay sisimulan sa Safá at ang panghuli sa mga ito ay magwawakas sa Marwah. Babanggitin (bibigkas ng mga dhikr) si Allah, magluluwalhati sa

[107] Isang pagpunta mula sa Safá patungong Marwah o mula sa Marwah patungong Safá.

Kanya at mananalangin sa Kanya. Uulit-ulitin nang tatlong ulit sa Safá at Marwah ang dhikr, ang panalangin at ang takbír, habang nakataas ang mga [nakabukang] kamay samantalang nakaharap sa Qiblah dahil ginawa iyon ng Propeta (SAS).

**36.** Alin po ang pinakamainam: ang magpaahit [ng lahat ng buhok] o ang magpa-gupit [ng buhok] matapos na isagawa ang gawain ng ‘umrah o hajj?

**Sagot:** Ang pinakamainam ay ang magpaahit ng buhok sa kapwa ‘umrah at sa hajj sapagkat ang Sugo (SAS) ay tatlong beses na nanalangin ng kapatawaran at awa para sa mga nagpaahit ng buhok at isang beses para sa mga nagpagupit kaya naman ang pinakamainam ay ang magpaahit. Subalit kapag ang [panahon ng pagsasagawa ng] ‘umrah ay malapit sa [panahong ng pagsasagawa ng] hajj, ang pinakamainam para sa ‘umrah ay ang pagpapagupit upang makapagtira [ng buhok] para sa pagpa-paahit sa hajj sapagkat ang hajj ay higit na ganap kaysa sa ‘umrah kaya naman ang higit na ganap ay para sa higit na ganap. Subalit kung ang [panahon ng pagsasa-gawa ng] ‘umrah ay malayo pa sa [panahon ng pagsasagawa ng] hajj, halimbawa ay sa buwan ng Shawwál, at maaari pang humaba ang buhok sa ulo, magpapaahit upang matamo ang kalamangan ng pagpapaahit. Hindi matatanggap na paiiksian ang ilang bahagi [lamang] ng ulo ni ipaahit ang ilang bahagi [lamang] nito ayon sa pinakatumpak na pahayag ng mga maalam sa Islam, datapuwat ang kailangang gawin ay ang ipaahit ang buong ulo o paputulan ang lahat ng buhok. Ang pinakamainam pa ay ang magsimula sa kanang bahagi ng ulo kapag magpapaahit o magpapagupit.

**37.** Kailan po pupunta sa ‘Arafah ang isang nagsasagawa ng hajj? Kailan po siya lilisan doon?

**Sagot:** Isinasabatas na pumunta roon matapos na lumubog ang araw at sa [pagsisi-mula ng] araw ng ‘Arafah[108] na siyang ikasiyam na araw [ng Dhulhijjah]. Magda-rasal siya roon ng pinagsama (jam‘) at pinaikling (qasr) saláh sa dhuhr at ‘asr sa oras ng dhuhr sa isang adhán at dalawang iqámah, bilang pagtulad sa Propeta (SAS) at sa mga Kasamahan niya (RA). Mananatili roon hanggang sa lumubog ang araw. Sasamantalahin ang oras sa pagsambit ng dhikr, panalangin, pagbigkas ng Qur’án, at pagbigkas ng talbiyah hanggang sa lumubog ang Araw. Isinasabatas na dalasan ang pagsabi ng **lá iláha illalláhu wahdahu lá sharíka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír**; **subhánalláh**; **alhamdu lilláh**; **lá iláha illalláh**; **lá hawla wa lá qúwata illá billáh**. Itataas ang kamay habang nananala-ngin, magpupuri kay Allah at mananalangin para kay Propeta Muhammad (SAS) bago manalangin, at haharap sa Qiblah.

[108] Sa kalendaryo ng Islam, ang panibagong araw ay nagsisimula sa paglubog ng araw at hindi sa hatinggabi.

Ang buong ‘Arafah ay pinagsasagawaan ng wuqúf (pananatili sa ‘Arafah). Kapag lumubog na ang araw, isinasabatas sa mga nagsasagawa ng hajj na lumisan na nang panatag at mahinahon papunta sa Muzdalifah kasabay ng madalas ng pagbanggit ng talbiyah. Kapag dumating na sa Muzdalifah ay magdadasal ng saláh para sa maghrib at ‘ishá’ sa isang adhán at dalawang iqámah: ang maghrib ay tatlong rak‘ah at ang ay ‘ishá’ dalawang rak‘ah.

**38.** Ano po ang hatol sa pananatili at pagpapagabi (mabít) sa Muzdalifah at gaano kahaba iyon. Kailan po magsisimulang umaalis doon ang nagsasagawa ng hajj.

**Sagot:** Ang pagpapagabi (mabít) sa Muzdalifah ay kailangang isagawa, ayon sa tamang pahayag [ng mga maalam sa Islam]. Ang ilan sa kanila ay nagsasabi pa na iyon ay isang saligan (rukn) [ng hajj]. Ang sabi naman ng iba pa [iyon] ay kanais-nais isagawa. Ang tama sa mga pahayag ng mga maalam sa Islam ay ito ay kailangang isagawa. Ang sinumang hindi nagsagawa nito ay kailangang mag-alay ng fidyah. Ang Sunnah ay na lilisan lamang dito pagkatapos ng saláh sa fajr at kapag nababanaag na ang liwanag ng araw. Magdadasal siya roon ng saláh sa fajr at kapag nababanaag na ang liwanag ng araw ay pupunta na sa Miná habang binibigkas ang talbiyah. Ang Sunnah ay na bumigkas ng dhikr kay Allah pagkatapos ng saláh at manalangin. Kapag nababanaag na ang liwanag ng araw ay saka magtungo sa Miná habang bumibigkas ng talbiyah.

Ipinahihintulot sa mga may mahinang pangangatawan na babae, lalaki, at matanda na lumisan sa Muzdalifah pagkatapos ng hatinggabi. Ipinahintulot iyon ng Propeta (SAS) sa kanila. Para naman sa mga may malakas na pangangatawan, ang Sunnah para sa kanila ay na manatili sila [sa Muzdalifah] upang makapagdasal sila roon ng saláh sa fajr at upang makabigkas sila ng maraming dhikr kay Allah pagkatapos ng saláh. Pagkatapos niyon ay lilisan sila bago sumikat ang araw. Sunnah na iangat ang mga kamay [na nakabukas] habang nananalangin sa Muzdalifah nang nakaharap sa Qiblah, gaya ng ginawa sa ‘Arafah. Ang buong Muzdalifah ay pinagsasagawaan ng mabít (pagpapagabi).

**39.** Ano po ang hatol sa mabít sa labas ng Miná sa mga araw ng tashríq: sadyaang pananatili o dahil sa walang makitang lugar doon? Kailan po sisimulan ng nagsasagawa ng hajj ang paglisan sa Miná?

**Sagot:** Ang mabít (pagpapagabi) sa Miná ay kailangang isagawa, ayon sa tamang katuruan, sa gabi ng ikalabing-isa at ikalabindalawa ng Dhulhijjah. Ito ang minagaling ng mga maalam sa Islam para sa mga lalaki at babaing nagsasagawa ng hajj. Kung hindi sila nakakita ng lugar doon, wala na silang tungkulin [na magpagabi roon] at wala silang anumang pananagutan. Subalit ang sinumang hindi nagpagabi roon nang walang dahilan ay kailangang mag-alay ng fidyah. Sisimulan ng nagsasa-

gawa ng hajj ang paglisan sa Miná kapag nagsagawa ng ramy sa mga Jamarah sa ikalabindalawang araw [ng Dhulhijjah] pagkatapos ng katanghaliang tapat. May kapahintulutang tumigil sa Miná. Kung aantalain [ang paglisan] upang makapag-sagawa ng ramy sa mga Jamarah pagkatapos ng katanghaliang tapat ng ikalabin-tatlong araw, iyon ay lalong mainam.

**40.** Ano po ang pinakamainam para sa nagsasagawa ng hajj sa mga gawain sa Yawm anNahr? Ipinahihintulot po ba ang pagpapauna at ang pag-aantala.

**Sagot:** Ang Sunnah sa Yawm anNahr ay ang magsagawa ng ramy sa mga Jamarah: magsasagawa ng ramy sa Jamarah al'Aqabah na siyang pinakamalapit sa Makkah. Babatuhin ito ng pitong maliit na bato: bawat bato ay isa-isang ibabato habang nagsasasabi ng Alláhu Akbar sa bawat pagbato. Pagkatapos ay kakatayin [o ipaka-katay] niya ang kanyang hady kung mayroon siyang hady. Pagkatapos ay ipaaahit niya ang buhok niya o ipagugupit. Ang pagpapaahit ay ang siyang pinakamainam. Pagkatapos ay magsasagawa siya ng tawáf at sa'y kung may sa'y na kailangang isagawa. Ito ang pinakamainam, tulad ng ginawa ng Propeta (SAS) sapagkat nag-sagawa siya ng ramy at pagkatapos ay nag-alay (nagkatay) siya at pagkatapos ay nagpaahit at pagkatapos ay nagpunta siya sa Makkah at nagsagawa ng tawáf. Ang pagkakasunod-sunod na ito ay siyang pinakamainam: ang ramy at pagkatapos ay ang pag-aalay ng hady at pagkatapos ay ang pagpapaahit o pagpapagupit at pagka-tapos ay ang tawáf at ang sa'y kung may sa'y na kailangang isagawa. Kung uuna-hin ang ilan sa mga ito sa iba sa mga ito ay walang masama. Kung nag-alay muna bago nagsagawa ng ramy o nagsagawa ng tawáf bago nagsagawa ng ramy o nag-paahit bago nagsagawa ng ramy o nagpaahit bago nagkatay ng hady, ang lahat ng ito ay walang masama. Ang Propeta (SAS) ay tinanong hinggil sa nagpauna at nag-pahuli at sinabi niya na: ***Walang masama; walang masama.***

**41.** Ano po ang hatol hinggil sa pagpapahalili sa pagsaagawa ng ramy para sa may-sakit, babae, at bata?

**Sagot:** Walang masama sa paghahalili para sa maysakit, mahinang babae gaya ng buntis, mataba at may mahinang pangangatawan na hindi makakayang magsagawa ng ramy, subalit ang babaeng may malakas na pangangatawan ay siya na ang mag-sasagawa ng ramy para sa sarili niya. Ang sinumang hindi magawa ang ramy sa araw pagkatapos ng katanghaliang tapat ay isasagawa iyon sa gabi. Ang sinumang hindi magawa iyon sa araw ng 'Ídul'ad'há ay magsasagawa ng ramy sa bisperas ng ika-11 ng Dhulhijjah sa halip na sa mismong araw ng 'Ídul'ad'há. Ang sinumang hindi magawa iyon sa ika-11 ng Dhulhijjah ay magsasagawa ng ramy sa bisperas ng ika-12 ng Dhulhijjah sa halip na sa mismong araw ng ika-11 ng Dhulhijjah. Ang sino mang hindi magawa iyon sa araw ng ika-12 ng Dhulhijjah o nakaligtaan niyang

isagawa ang ramy pagkatapos ng katanghaliang tapat ay magsasagawa ng ramy sa bisperas ng ika-13 ng Dhulhijjah sa halip na sa mismong araw ng ika-12 ng Dhulhijjah. Magwawakas ang pagsasagawa ng ramy pagsikat ng madaling-araw.

Sa araw ay hindi magsasagawa ng ramy kung hindi pagkatapos ng katanghaliang tapat sa mga araw ng tashríq.

**42.** Pinahihintulutan po ba na magsagawa ng ramy sa Tatlong Jamarah sa gabi ng mga araw ng tashríq ang sinumang walang dahilan? Pinahihintulutan ba ang isang lumisan sa Muzdalifah kasama ng mga babae at mga mahina ang pangangatawan sa gabi ng pag-aalay ng hady pagkalipas ng hatinggabi na magsagawa ng ramy sa ‘Aqabah o hindi?

**Sagot:** Ipinahihintulot na magsagawa ng ramy matapos na lumubog ang araw, ayon sa tamang katuruan. Subalit ang Sunnah ay na magsagawa ng ramy pagkatapos ng katanghaliang tapat [hanggang sa] bago lumubog ang araw. Ito ang pinakamainam kung madaling gawin at kung hindi madaling gawin ay maaari siyang magsagawa ng ramy pagkatapos ng paglubog ng araw, ayon sa tamang katuruan.

Ang isang lumisan [sa Muzdalifah] kasama ng mga babae at mga mahihina ang pangangatawan, ang patakarang nauukol sa kanya ay ang patakarang nauukol sa kanila; ang sinumang lumisan kasama ng mga may malakas na pangangatawan na mga Mahram, mga tsuper, at iba pang mga malalakas ang pangangatawan, ang patakarang nauukol sa kanya ay ang patakarang nauukol sa kanila. Matatanggap din sa kanya na magsagawa siya ng ramy sa huling bahagi ng gabi kasama ng mga babae.

**43.** Kailan po sisimulan ng nagsasagawa ng hajj ang pagsasagawa ng ramy sa mga Jamarah? Papaano po ang pamamaraan ng pagsasagawa ng ramy? Ano ang bilang ng mga bato? Sa alin sa mga Jamarah sisimulan ang pagsasagawa ng ramy? Kailan po matatapos?

**Sagot:** Isasagawa ang ramy sa una sa mga Jamarah sa araw ng ‘Ídul’ad'há. Ito ang Jamarah na pinakamalapit sa Makkah at tinatawag na Jamarah al‘Aqabah. Isasagawa ito sa araw ng ‘Ídul’ad'há. Kung isasagawa niya ito pagkatapos ng hatinggabi ng bisperas ng ‘Ídul’ad'há, makasasapat na iyon sa kanya subalit ang pinakamainam ay isagawa niya ang ramy sa pagitan ng umaga at tanghali. Magpapatuloy ito hanggang sa lumubog ang araw. Kung hindi naisagawa ito ay isasagawa ito matapos lumubog ang araw sa gabi sa halip na sa araw ng ‘Ídul’ad'há. Ibabato ang mga bato nang isa-isa habang nagsasabi ng Alláhu Akbar sa bawat pagbato. Sa mga araw ng tashríq ay isasagawa ang ramy pagkatapos ng katanghaliang tapat. Isasagawa ang ramy sa Unang Jamarah na malapit sa Masjid ng Khíf, sa pamamagitan ng pitong maliit na bato at magsasabi ng Alláhu Akbar sa bawat pagbato. Pagkatapos niyon ay sa Kalagitnaang Jamarah sa pamamagitan ng pitong maliit na bato. Pagkatapos

niyon ay sa Huling Jamarah sa pamamagitan ng pitong maliit na bato. [Gagawin ito] sa ika-11 at ika-12, at ganoon din sa ika-13 ng Dhulhijjah para sa sinumang hindi nagmamadaling umalis. Ang sunnah ay na tatayo matapos ang Una at ang Ikalawang Jamarah. Matapos isagawa ang [ramy sa] Unang Jamarah ay tatayo na nakaharap sa Qiblah ipinupuwesto ang Jamarah sa gawing kaliwa niya, at mananalangin siya nang matagal sa Panginoon. Matapos isagawa ang [ramy sa] Ikalawang Jamarah ay tatayo siya na nakaharap sa Qiblah at ipinupuwesto ang Jamarah sa gawing kanan niya, at mananalangin siya siya nang matagal sa Panginoon niya. [Gagawin ito] sa ika-11 at ika-12, at ganoon din sa ika-13 ng Dhulhijjah para sa sinumang hindi nagmamadaling umalis. Ang Huling Jamarah na pinakamalapit sa Makkah, isasagawa rito ang ramy ngunit hindi na siya tatayo sa tabi nito sapagkat ang Sugo (SAS) ay nagsagawa ng ramy dito ngunit hindi siya tumayo sa tabi nito.

**44.** Ano po ang hatol sa nagkaroon ng pagdududa na ang ilan sa mga bato ay hindi bumagsak sa sahuran?

**Sagot:** Ang sinumang magduda ay kailangang kumpletuhin niya. Kukuha siya sa mga bato na dala niya na buhat sa lupa ng Miná at kukumpletuhin niya sa pamamagitan ng mga ito [ang pinagdudahan niyang hindi bumagsak].

**45.** Pinahihintulutan ba ang nagsasagawa ng hajj na magsagawa ng ramy sa pamamagitan ng mga batong nasa palibot ng Jamarah?

**Sagot:** Pinahihintulutan siya na gawin iyon sapagkat hindi niya naisagawa ang ramy sa pamamagitan nito (batong nasa palibot ng Jamarah). Ang mga [bato naman na] nasa sahuran, ay hindi gagamit ng isa man sa mga ito sa pagsasagawa ng ramy.[109]

[109] Ang tagapagsalin ng aklat na ito ay walang pananagutan sa fatwá ng mga akda.